Lights Off

by SentirOph


Lights Off
KAYLEIGH RAESH ZERNANDES &
QIONNE VALENTINE HILLARIS
SUNSTROLL
TURN OFF THE LIGHTS SO
I CAN OWN YOU TONIGHT.
I DON'T CARE WHO THE FVCK YO
ARE IN FRONT OF THE MEDIA.
JUST WANT YOU ALONE TONIGH
ON MY BED.

Table of Contents

1. Prologue
2. Chapter 1
3. Chapter 2
4. Chapter 3
5. Chapter 4
6. Chapter 5
7. Chapter 6
8. Chapter 7
9. Chapter 8
10. Chapter 9
11. Chapter 10
12. Chapter 11
13. Chapter 12
14. Chapter 13
15. Chapter 14
16. Chapter 15
17. Chapter 16
18. Chapter 17
19. Chapter 18
20. Chapter 19
21. Chapter 20
22. Chapter 21
23. Chapter 22
24. Chapter 23
25. Chapter 24
26. Chapter 25
27. Chapter 26
28. Chapter 27
29. Chapter 28
30. Chapter 29

31. Chapter 30
32. Chapter 31
33. Chapter 32
34. Chapter 33
35. Chapter 34
36. Chapter 35
37. LIGHTS OFF

Prologue

Eyes glowing like a lone star amidst the night starry sky pierce into mine. She was staring back at me with an immense amount of emotion before she shook her head.

I keep steady and unmoving because I never thought that she would be here. . .that she will come to the most unexpected situation.

"You're making me stupid, Kara." She started.

I bit my lower lip and averaged my gazes to the other side but her. The extreme aura of her eyes is giving me discomfort and fear of losing her anytime now.

Her voice, stern, as if she's talking about something concerning her profession.

Her appeal right now is reflecting her aura every time she's inside her properties.

She's a successful businesswoman who has never been more respected than before.

She had a reputation to be taken care of yet she risk it all just for me.

I never thought of having an affair with someone like her. She is too way out of my league but destiny's cruelty is given to me.

I don't deserve her.

But God's know-how much I tried to be deserving of her love. I tried my best to be someone who can be proud of when the times come and we don't have to hide it anymore.

Because I know that I don't have any match to those people who are more likely to be linked to her.

I am not the standard.

"V-Val," I utter her name as I shook my head to her and bit my lower lip hard.

"What now, Kara? You'll tell me that society is against us again and bullshits?" Her voice is stern and calm as ever but it is making me more afraid of the fact that I will lose her after this.

She'd gone enough because her eyes tell it all. Those anger that she keeps on hiding from me because she knows that I will tremble in fear.

"You don't have any plan of telling the public who I am to you, aren't you?" She chuckled without any humor.

"You will receive a lot of bashing, Val. Your company, your reputation, it will be all at stake---"

"I don't care." She cut me off after she smiles bitterly at me. "I just want to own my rights that have been given to another damn moron that you know I am jealous of!"

I take a few steps more to reach her and when I successfully did, I wipe her tears away.

"You're so unfair, Kara." She mumbled before holding my hand and removing it away from her gorgeous face.

"I can't do it, Val. I still can't." I said under my breath earning a sarcastic laugh from her.

"When will you be ready? Huh? When I am no longer yours and you are to me? When we already broke up---" she cut herself midway as her lips parted in awe. She shook her head away as if she was dropping the topic that was building inside her head.

"N-no. . .I won't break up with you." She sternly stated while her eyes are filled with determination. "Hurt me all you want but I won't let you go even if you plead me to."

"But everything you build up will crash down because of what we had, Val. You know that. Your family won't like me because---"

"Because you think you don't fit those damn illusionary standards?! Damn it, Kara. You are my standard!"

Her lips tremble even more and before I even know it, she's now holding my face with gentleness.

"Stop looking down at yourself when I am looking up to you higher than a queen." She mumbled as she brush my tears away using her lips. "I won't risk everything if you're not worth it, Kara."

"But I can't do the same to you," I mumbled weakly. "Let's just give up, Val. You don't deserve this. . .at isa pa, pagod na rin ako."

She shook her head in disbelief as she look at me with betrayal.

"Why does it seems so easy to you to let me go when I can't even stand the fact of ours, parting ways."

She sobs a little hard as she palms her face because of her tears falling nonstop.

I bit the inside of my cheeks to stop myself from running towards where she is.

As much as I want to comfort her, I can't.

"Why can't you see how much I value your existence in my life more than anything else? . . . I am also tired, Kara, but I never give you up. I was so tired of accepting all those criticisms just to be with you but I never give you up because I know how much I love you." Her tears fell to her soft rosy cheeks while her lips are trembling.

"But why can't you trust me? Why can't you trust the love I have for you if ever the public knew that we are in a relationship? I can take all of their bullshits but I can't take of you, walking away from my life."

I was about to reach her hand when she slap mine away. She takes three steps backward as she lifted her hand and stop me from moving.

Her eyes lost their shine as if it was our first time meeting each other. It was glimmering in intense pressure and frustration with a hint of sadness and desperation.

"What do you want me to do?" I weakly utter as my eyes clouded with tears while staring back at her.

"I don't want you to do it just because I said it. I want you to do it because that's what I deserve. . .because of what you've promised me." Her walls break down as she smiled vulnerably.

"Ipaglaban mo naman ako."

A smile drew at my lips as I shook my head.

"The lights are still on, Valentine."

When the lights are off, that's the only time we had to own each other as if we own the world.

Because ever since lights are alive, it is stopping me to do my things to live.

It's too manipulative. . .and destructive.

~~~~////~~~~
A/N: I adjusted the chapters but I didn't change a thing. Like before, I'll publish an update whenever I had the time to do so. A lot of typographical error and grammatically incorrect ahead. I hope you understand. Thank you so much <3!!

@Kyuuutieminguin as promise.
~~~~

Chapter 1

Kara's POV

"Let's call it a day, everyone! Pack up na." Isang malakas na anunsyo ng isa sa staff namin ngayon sa set.

My manager immediately handed me a towel after I stand up and remove my hands off of my partner.

"Kara." Migo, my co-freelance model, called my name in a low tone.

I turned my gazes on him only to see how he lowkey flexed his well-built body.

Bahagyang napangiwi ako sakan'yang ginawa dahil sa totoo lang, yuck.

I'm not into boys and I'm not into girls instead.

I'm into snakes.

Gapangan kami gano'n.

Chariz! Hindi ako ahas. Mas magaling ako manglingkis do'n.

"Yes?" Nakangiting tanong ko kahit na medyo binabash ko s'ya sa utak ko. Mabait naman kasi 'yan kahit medyo mahangin pero ako hindi.

Hindi ako mabait, nanampal ako ng walang dahilan.

"I wanna ask if you're free tonight? It's my birthday and I want to invite you." Alanganing ngumiti ito sa akin na ikinangisi ko.

"Then?"

"Pwede ka ba mamaya? Okay lang naman kung may gagawin ka kasi sino ba naman ako para samahan mo mag-celebrate. Dapat talaga ipinunas nalang ako sa kumot---"

"Hayop ka, Migo." Putol ko sakan'ya bago mag-umpisang maglakad pabalik sa dressing room ko dahil medyo nilalamig na ako.

Nasa beach kasi kami ngayon para ishoot ang isang swimwear collection. Walang hiyang 'yan, February palang pero summer na agad. Pero mas ayos na rin atleast may trabaho ako.

"Pero ano nga? Sama ka mamaya?" Pangungulit n'ya matapos harangan ang pinto ng akmang bubuksan ko ito.

I rolled my eyes on him before folding my arms across my chest.

"Saan ba gaganapin?"

His eyes twinkle for a moment bago ito parang tangang ngumiti. "Sa kabilang resort lang. Beach party na may konting landian at walwal."

Tumango-tango ako sakan'yang sinabi bago ngumiti ng mapang-asar. Tinapik-tapik ko pa ang balikat niya saka matamang iwinawagayway ang kamay ko.

"Sige, next life." Saad ko saka siya itinulak paalis sa may pinto dahil napakalaki niyang sagabal.

Nang makapasok ako sa loob ng dressing room ay agad akong nagpalit ng casual clothes dahil masyadong malamig ngayon. It's nearly 5 pm at dahil nga malapit kami sa tabing-dagat ay ang lakas ng hangin.

"Hoy--"

"Tarantado, anong ginagawa mo d'yan?!" Hindi makapaniwalang tanong ko kay Migo habang nakahawak sa may dibdib ko dahil nang makalabas ako sa dressing room ay siya agad ang bumungad sa akin dahil nakaupo ito sa tapat ng pintuan na parang isang palaka.

Jusko, hayop ang lalakeng 'to.

"Sama kana, please? Palagi mo nalang akong tinatanggihan. Wala na ba talagang natitirang kahit isang katiting na awa d'yan sa puso mo? Minahal mo rin naman ako." Pagdadrama niya na ikinairap ko.

Migo sadboi era.

Ang sarap sungalngalin sa ngalangala. Ayaw ko sa feeling broken na sadboi dahil mga mukha namang tanga.

Hindi ko nga alam kung bakit puro nalang sad boy ang nanliligaw sa'kin---except Migo. Hindi 'yan literal na sadboi, umaarte lang 'yan dahil alam niyang nabubwisit ako sa gano'n.

Basta 'yong mga manliligaw ko puro sad boy 'yon. May isa pa ngang magpapakamatay daw kapag hindi ko sinagot tapos nalaman ko kinabukasan na nasa morgue na dahil binaril noong tatay nang isang sinabihan n'ya no'n.

Tatanga-tanga kasi. Ang lakas sumigaw sa bahay noong isang nililigawan n'ya eh general pala ng PNP ang tatay nang babae.

Pinaglamayan tuloy s'ya kinabukasan.

Akala ko nga ikinulong 'yong pumatay kaso hindi pala dahil may dala palang granada si lalakeng tanga noong nagwala sa harap noong bahay nila. Ang sabi daw doon sa nililigawan n'ya ay kung hindi s'ya sasagutin, magpapakamatay nalang daw s'ya kasama sila para next life magkatuluyan na raw silang dalawa.

Hayop na lalake 'yon ginawang career ang pagiging tanga.

"Hoy Kara pupunta ka, ha! Ipapasundo kita sa best friend mo kapag hindi ka nagpakita mamaya." Pagbabanta pa ni Migo saka n'ya ako inakbayan.

Shota n'yan ang best friend ko at magkaibigan na rin kami before. Siguro senior high school days?

"Oo na! Send me the exact address, matutulog muna ako." Malditang tinanggal ko ang pagkakaakbay n'ya sa akin at diretsong pumasok sa elevator. Nakita ko pa ang pagkaway niya sa akin bago sumara ang elevator na ikinairap ko lang.

Hindi ko pa nakakalimutan ang bente pesos ko na inutang n'ya last month na hanggang ngayon ay hindi n'ya pa binabayaran.

Nagtatanim ako ng sama ng loob kaya walang pwedeng kumontra sa'kin. Buhay ko 'to kaya gumawa kayo ng inyo.

Alam n'yo kasi kapag nagtanim kayo ng sama ng loob kapag lumago 'yon magiging sumpa na hanggang sa maiisip niyo na ritwalan 'yong taong nagbigay sa'yo no'n.

Kapag hindi madaan sa ritwal, ibenta mo na ang kaluluwa. Yayaman ka do'n.

"Kara, ipapadala nalang daw sa bank account mo ang talent fee mo ngayon." Agad na bungad ng manager ko na nakaabang sa labas ng suite ko.

I nodded my head as I heaved a deep sigh.

"Aabot naman siguro 'yon bago ang due nang bayaran ng tuition ko, mamsh?" Paninigurado ko dahil kailangan kong magbayad agad.

May utang pa nga akong 35k last sem dahil kinapos ako sa pera. Nagkasakit kasi ang kapatid ko kaya kailangan ko muna s'yang ipagamot.

Kung hindi ko lang napakiusapan 'yong dean namin ay baka kung saan na ako pulutin ngayon. I need to finish my studies dahil ito nalang ang nakikita kong paraan para ipagmalaki naman ako ni Mama.

"Siguro aabot naman, Kara. Konting hintay lang." My manager gave me a sympathetic smile before bidding his goodbye.

Walang gana na pumasok ako sa suite ko at humiga sa kama. I'm a freelance model and also a student assistant but still, my salary isn't enough to sustain mine and my sister's needs.

Nag-aaral din s'ya kaya kailangan ko ring intindihin ang gastusin namin araw araw.

Walanghiya naman kasi ang mga tatay namin, eh. Ang galing gumawa ng mga bata tapos tatakbo nalang bigla palayo.

Eat and run ang peg.

I wet my lips before removing all my clothes and jump into my bed. Nagbalot lang ako ng comforter sa katawan saka ipinikit ang aking mga mata.

I need to sleep.

Lalandi pa ako mamaya.

...

Inaantok na nakapahalumbaba ako sa may table habang nakasimangot na nakatingin sa live band na ngayon ay kumakanta.

At the middle, couples and lovers are dancing in sync with the melody of the music.

"Kanina ka pa nakasimangot, Kara. Parang ayaw mong kasama kami, ah." Rinig kong saad ni Doo, kapatid ng jowa ni Migo.

"Tumahimik ka, Dooey. Masasampal kita." Mataray na asik ko saka inisang lagok ang coke na nasa table.

Hindi ko alam kung sasama ba ang loob ko dahil sa walang hiyang Migo na 'yon. Ang akala ko ay ililibre n'ya kami rito dahil nga birthday n'ya raw eh kaso huli na nang matandaan ko na May pa nga pala ang birthday n'ya.

Please, halos sabunutan ko s'ya nang makarating ako rito dahil pumunta lang pala kami rito para sa free cake mula sa isang open air seaside restaurant dahil nga magkukunwari s'ya na birthday n'ya.

Nakakahiya kanina noong ikinukwento nila kaya buti nalang late ako.

Tapos pagdating ko pa ang maabutan ko ay puro coke sa table. Walang kahit na isang alak, teh. Puro softdrinks lahat at isang plato ng nachos ang nasa table namin tapos labag pa sa loob ni Migo na bilhin 'yon.

Hindi kami mayamang magkakaibigan. Aside sa lahat kami ay working student, kuripot din kaming lahat.

Sa pambayad nga sa isang candy nagtuturuan kami kung sino ang magbabayad sa aming lima.

We're five in our group dahil magjowa si Migo at si Scoby tapos si Doo at Heather.

Kita n'yo na, ako lang ang single sa aming lima kaya minsan nakakabwisit sumama sa gala dahil minsan kakain kami sa labas tapos makikita ko nalang na nagsusubuan na ang mga lintek.

Like hell? Respeto naman sa single.

"Scoby!" Saway ko sa best friend ko na bigla na lamang hinampas ang aking kamay ng akmang kukuha ako ng nachos.

"Allergy ka sa cheese, gaga." Pananaway niya bago ito ilayo sa akin ang pagkain.

I rolled my eyes on her saka inilapag ang bote ng coke sa lamesa. Bahagyang sumandal ako sa aking upuan at inayos ang neckline ng suot kong dress.

Todo aura pa ako kanina kasi akala ko ililibre talaga kami ni Migo tapos maabutan ko silang ganito.

Sayang ang contact lense ko, bhie.

"Request tayo ng kanta." Pang-eengganyo ni Heather, jowa ni Doo.

Pero hindi ko sure kung magjowa ba talaga sila, ha? Ang harot kasi nila sa isa't isa pero hindi ko talaga alam kung sila ba talaga dahil sa pagkakaalam ko, may crush na iba si Dooey.

"Syur tapos ang irequest n'yo ay happy birthday para naman kunwari birthday ko talaga."

Pairap na iniiwas ko ang aking tingin kay Migo na mukhang proud na proud pa sa kalokohan n'ya eh isang slice lang naman ng cake ang ibinigay sakan'ya noong restaurant.

Tig-iisang kagat lang kami tapos magtatalo-talo pa kapag mas malaki 'yong isa.

"May pang-tip ba kayo?" Scoby asked after a few minutes.

Scoby and Dooey. Magkapatid silang dalawa. Mas matanda lang si Scoby ng isang taon dahil magka-age kami and base from their name alam n'yo naman siguro kung saan kinuha ang name nilang dalawa?

Scooby-Dooby-Doo, Where Are You?

"Wala." Diretsong sagot ni Doo.

"Kapag may pang-tip na kayo, saka kayo magrequest. Kakapal ng mukha n'yo." Marahang natawa ako sa sinabi ni Scob bago magpaalam sakanila.

I left our table after getting my clutch bag. Medyo nahihirapan pa akong maglakad dahil naka-heels ako tapos nasa buhanginan kami.

"Uhm, Kuya? Excuse me." I walked towards the waiter I saw na agad namang bumaling sa akin.

"Yes po, ma'am?" Nakangiting tanong n'ya. Mabining ibinalik ko ang ngiti na iginawad n'ya sa akin bago itanong kung nasaan ang daan papuntang cr.

"Ah, diretso po muna kayo tapos liko kayo sa kanan. Kapag po lumiko kayo wala kayong makikitang pinto kaya balik ulit kayo sa dinaanan n'yo kanina tapos kumaliwa naman po kayo. Makikita n'yo naman do'n ang smoking area at dahil hindi naman 'yon ang hinahanap n'yo, balik ulit kayo dito tapos lakad kayo ng konti saka kayo pumuntang hilagang-silangan dahil andoon ang cr."

Laglag ang pangang tiningnan ko s'ya bago ituro ang langit na hindi kalaunan ay tiningnan n'ya rin.

"Kita mo ba 'yan, Kuya?" Tanong ko na tinanguan n'ya habang may isang ngiti sa labi. "Hindi ka pwede d'yan. Alam mo kung saan ka nararapat?"

Malawak ang ngiti na niyakap n'ya ang kan'yang sarili bago magsway-sway sa harapan ko.

"Saan?"

"Sa kabaong na may led lights na rainbow. Doon, doon ka bagay tutal mukha kang bangkay." Isang matalim na irap ang ibinigay ko sakan'ya bago tumalikod pero bago pa man ako makalayo ay lumingon ulit ako sakan'ya.

"Thank you nga pala, Kuya! Sana hindi mo pa makasama si Lord." Buhat sa aking sinabi ay narinig ko ang malulutong na tawa niya.

Hindi ko na siya pinansin pa at mag-isang hinanap ang comfort room dahil ihing-ihi na ako.

Letse naman kasi si Kuya, eh. Kung s'ya maraming oras para manggulo ng buhay ng iba, ako hindi. Ihing-ihi na ako tapos parang umatras noong nakausap ko s'ya.

"I told you to stop sending me flowers!" Isang nanggigigil na boses ang nagpahinto sa akin sa paglalakad.

Dahan-dahang umatras ako at nilingon ang isang room kung saan medyo nakaawang ang pinto.

I can hear a stern voice from the inside that is really attractive to listen at.

Ang hot ng boses.

Medyo deep na husky pero feminine.

Gets n'yo ba? Kung hindi ay wala akong pakialam dahil hindi ko rin gets.

Huwag n'yo ng intindihin, mamamatay din naman kaya dapat ang buhay ay ineenjoy mo lang.

"Ghad, I don't like flowers! . . . Stop pissing me off because I might bury you alive so I can send all the flower you sent to me to your damn funeral."

My throats form like a wave when I almost open the door due of shock because my phone suddenly rang.

Being an illogical of me, I ran faster than I should without minding my feet and legs.

Mas okay nang tumakbo kaysa makita noong babae kanina na hindi ko man lang nasilayan dahil hindi naman ako sumilip sa loob, nakinig lang ako.

Pramis!

Hindi ko nga nakita na naka-halter neck tube top s'ya na color white at medyo daring.

Malalim na huminga ako at sumandal sa sink---gagi, paano ako nakarating sa cr?!

Nevertheless, ipinagsawalang bahala ko na lamang ito at pinunasan ang aking pawis sa noo. I get my handkerchief from my clutch bag---where the hell is my bag?!

Agad akong nagtiimbagang at umihi muna bago muling lumabas ng cr. I tried remembering where I came from before I accidentally went to the comfort room.

Pero letse, sadyang tanga ako sa direction.

Sabihin mo sa akin na kumaliwa ako at may posibilidad na sa kanan ako dadaan.

Gano'n talaga kapag maganda hindi ibinibigay ni Lord lahat. Maganda na nga ako tapos magaling pa sa direction edi na sa'kin na lahat. Wala ng thrill kapag gano'n.

"Looking for this?" A stern voice shove my thoughts away as I looked up and glance at my side where the voice is coming from.

A woman standing in 5 feet and 9 inches looks so tall while leaning over to the wall. She's wearing those backless white daring halter neck top partnered with a black bootcut jeans and a YSL leather belt. Her stiletto is Saint Laurent black&gold patent opyum 110 heels that never get out of style.

I gulped when I notice that she's too hot to be real in the middle of the night.

She's oozing with sex appeal.

Goodness.

I checked her out and I feel so damn lucky to had the chance to do so.

Ang ganda n'ya.

"Miss," tawag n'ya na ikinalingon kong muli pataas para tingnan ang kan'yang mga mata.

Her eyes, looking so gorgeous, is an emerald one.

One of a million.

"Hey, Miss. Can't you just get this things of yours because I need to go now---"

I lowered my head as a smile form on my lips. Bahagya pa akong natawa habang umiiling.

Nababakla ako sakan'ya.

"What's funny?" Giit niya at bago pa ako makapag-angat ng tingin ay hindi ko na namalayan ang paglapit niya kasabay nang pagtama ng aking likod sa malamig na pader.

She stood tall hovering on top of me while her eyes are piercing into mine.

I give her a smile.

"Nothing's funny. . . It's just that you look so hot, *Mommy.*"

Chapter 2

Kara's POV

"Nothing's funny. . . It's just that you look so hot, Mommy."

Her eyes squinted for a while before she take a few steps back and sophisticatedly arch her eyebrow.

I looked up to her because she's taller than me as I flash a playful smile that even made her forehead furrow.

"Mommy? Do I look like I bore a child already?" She asked with her low-tone sterning voice.

I tilt my head to the side as the side of my lips turned up, even more, flashing a cool smirk.

"No," I said as I place my hand at the side of my neck and charmingly look at her. "But you look like someone who can give me a child."

She silently hissed and rolled her eyes on me before crossing her arms across her chest.

My eyes automatically followed what she did and I can't help but secretly bit my lower lip.

Goodness, hindi nakakainggit ang hinaharap n'ya, nakakabakla.

It's not that big but it's not that small either. It is firm.

At dahil nga fitted sakan'ya ang top na suot ay halatang halata ang kurba ng kan'yang katawan. Even her light abs, it is visible.

Tangina, ang manyak ko ata sa part na kanina ko pa s'ya tinitigan.

"Here's your bag." Walang pakundangan na iniabot n'ya sa'kin ang bag ko saka tumalikod. I thought she's going to leave already but she looked back on me and arch her brow. "And miss? Checking someone out is rude as well as listening to their conversation with anybody else. You had invade my privacy."

Akmang magsasalita pa ako ng tuluyan na siyang tumalikod at umalis na.

I stick my tongue at the side of my cheeks before grimacing.

Hindi ko man lang nakuha ang pangalan n'ya.

Nang tuluyan siyang mawala sa aking paningin ay luminga-linga ako dahil hindi ko alam kung saan ang daan pabalik.

I tried walking around but I don't know where the hell am I going to go back to where my friends are.

Sinubukan kong puntahan ang dinaanan kanina ni Mommy, well I don't know what's her name kaya ayan nalang muna ang itatawag ko sakan'ya, pero nakarating na ako sa dulo at lahat ay wala pa rin.

Tanging isang elevator lamang ang andoon tapos wala na, it's already the dead end.

Jusko, ano ba namang resort 'to? Hindi ko alam kung tanga lang ba talaga ako o masyado talaga 'tong malaki para maligaw ako.

"Hoy, kumareng bangkiling!" From afar, I've heard a voice that is somehow familiar to me.

Nang lumingon ako roon ay nakita ko na naman si Kuyang waiter mula kanina na dahilan kung bakit ako naligaw.

Kung itinuro n'ya lang sana ang daan papuntang cr ng walang kagaguhang dagdag edi sana nasa table na ulit namin ako kasama ang aking mga kaibigan pero hindi, eh. Mas nilito n'ya lang ulit ang utak ko.

Pero ayos na rin kahit gano'n dahil nakita ko si hottie mommy of mine.

Kapag nakita ko talaga ulit 'yon sasabihin kong ako ang dapat n'yang pakasalan. Sa ganda kong 'to at sa mukha n'yang mala-dyosa ay bagay kami.

Ang maganda ay nababagay lang sa maganda.

Amen.

You guys might be wondering why am I acting like this aside from the fact that I look like a straight gal but yeah. . .I think Dooey is correct noong sinabi n'ya na we are all biot.

Sexuality has never been an issue for me. I like whom I like and I love whom I love. Wala naman akong nakikitang mali doon dahil una sa lahat, first of all, at dapat nating tandaan palagi na wala talaga akong sasabihin. Pinahaba ko lang.

Sino ba naman kasi ang ayaw sa mahaba?

Ako, syempre!

Ayoko nga sa footlong, eh. Lalo na kapag may cheese dahil nga allergic ako d'yan.

Pero honestly speaking, I am not bisexual or what. I admit naman na may mga girl crush ako pero walang seryoso do'n. Mostly kasi ay puro famous model kaya kung magiging successful model ako ay baka maging happy crush ko sila.

Ang gaganda kaya ng mga model. Ang sarap nilang iuwi sa bahay tapos dapat bukas hindi na sila makakalakad.

Kasi ano, diba, pagdating n'yo sa bahay papalakarin mo s'ya na parang rumarampa kaya pag-alis n'ya dapat pahirapan ng igalaw ang mga paa.

That's the motivation for life!

Ang will ko para mabuhay ay magpayaman at maging malapit sa mga crush kong model dahil kakaibiganin ko sila. *Bow*.

They deserve a friend like me.

"Hoy, ate ghorl, pansinin mo naman ako. Nasapian kana ba at ngiti ka ng ngiti d'yan?" Napukaw ang aking atensyon ng may biglang yumugyog sa aking balikat kaya wala sa sariling napatingin ako sakan'ya

matapos kong hawakan ang aking mga labi dahil ngumingiti raw ako.

When I've got the chance to touch my lips, I'm really smiling. Agad kong tinanggal ang ngiti sa mga labi ko saka tinaasan ng kilay si Kuyang waiter na maarteng tinaasan din ako ng kilay.

Mas maarte pa ang kilay n'ya sa'kin knowing na ang kapal ng sakan'ya.

"Tara na sa labas. Mukha kang naligaw na paslit dito." Maingat na hinawakan n'ya ang aking siko at iginiya palabas matapos niyang buksan ang isang sliding glass panel na hindi ko alam na pintuan pala.

"Ang layo naman ng naabot mo, teh. Sabi ko nasa halagang-silangan lang ang cr eh nasa north kana ngayon ng resort." Maarteng hinawi nito ang kan'yang buhok saka ako tiningnan. "Bakit ka nakasimangot? Anong ginawa sa'yo ni Tyong?"

Awtomatikong kumunot ang aking noo sa tanong niya at saka ibinaling ang tingin sa dinadaanan dahil baka madapa ako.

"Sinong Tyong?"

"Yung babaeng kausap mo kanina. Si Tyong 'yon." Mahinang sagot niya matapos kong maramdaman ang pagdampi ng malamig na hangin sa balat ko dahil nakalabas na kami ng hotel kung saan ako naligaw.

Ngayon ko lang narealize na hotel na pala 'yon dahil masyadong occupied 'yong isip ko sa daan palabas at doon kay Mommy na Tyong pala ang pangalan.

Ang gandang babae tapos Tyong ang name. Magandang idagdag ang apelyido ko sakan'ya para gumanda naman ang pangalan n'ya.

What do you think?

"Tyong pala ang name n'ya." Pagtango ko saka marahang tumigil sa paglalakad dahil may dumaan sa harapan ko.

"Oo. Ang bantot 'no?" I can't help but look at him na ngayon ay nakangisi.

Hindi na pang-waiter ang outfit n'ya dahil naka-beige turn down dollar casual short sleeve polo na s'ya at simpleng board short.

Okay naman ang outfit n'ya, eh. Bagay sakan'ya pero the fact that he's wearing a Hermes necklace, no, no.

It can't be na waiter talaga ang taong 'to.

"Don't look at me like that. Hindi kita type." Tila nahihintakutang usal niya saka ako marahang tinabig sa braso. "Crush mo 'ko 'no? Huwag ka ng mahiyang umamin, alam ko naman."

"Kapal ng mukha. Bakla ka nga, eh."

"Ikaw din naman, ah! Kita ko nga kanina kung paano mo tiningnan si Tyong mula ulo mukha kang paa." Bored na tinitigan ko siya bago umismid.

"Tantadong bakla." Puna ko saka nauna sa paglalakad pero hindi pa ako nakakalayo ng bigla n'ya akong hinila papunta sa kabilang direction.

"Dito kasi ang daan. Yung totoo, kailangan ko na bang ibigay sa'yo ang map ni Boots?" Mataray na aniya na ikinairap kong muli.

"Bakla ka ba?"

Wala sa sariling tumigil siya sa paglalakad kaya napatigil din ako. He looks at me, a bit offended, before flipping his imaginary long hair.

"Really? You're asking me that question when it is clearly visible that I am more gorjaz than you. Like as in gorgeous. May pearl ka lang, d'yan ka lang lumamang." Maarteng pahayag n'ya na may kasama pang pag-snap ng mga daliri n'ya. "Malamang, bhie, bakla ako. Ang lakas nga ng gaydar ko sa'yo, eh. Alam kong bakla ka rin."

I snorted and rolled my eyes. "Hindi ako bakla!"

"Biot lang kay Tyong."

Hindi na ako umiimik pa at nagpatuloy nalang sa paglalakad. Girl crush ko lang naman si Mommy Tyong, as in.

Palagi nalang akong ganito. Magkakacrush ako sa kung sino pero hindi man lang tatagal ng isang araw. Minsan nga hindi naabot ng isang oras dahil nakakalimutan ko na agad ang mga mukha nila.

I can easily be attracted to someone's physical appearance but never been attached to someone's soul. Kaya nga alam ko na delikado ako dahil lahat ng crush ko ay ibinabase ko lang sa itsura nila at hindi sa ugali.

Ayoko naman kasing pumasok a relationship kaya hindi ko rin hinahayaan na ma-attach ako ng sobra.

Dreams above anything else.

Pero kung kay Mommy Tyong? She above me.

Chariz!

"Hoy, bangkiling, ano nga palang pangalan mo?" Tanong niya makalipas ang ilang minutong katahimikan.

Malapit na kami sa open area kanina kung saan may live band kaya lang nahihirapan kaming dumaan dahil medyo dumami na ang tao.

Hindi na rin soft music ang tugtog, pang-wild na.

Marami ang nagsasayawan at nakaharang sa daan kaya naman todo iwas ako dahil nakakahiya namang madali sila at maistorbo. Kasalanan ko pang naputol ang harutan nila kapag nangyari 'yon.

"Kara. Ikaw? What's your name?" Pagbabalik ko ng tanong sakan'ya habang iniisip kung bakit bangkiling ang tawag n'ya sa'kin.

"Ako? My name is Aphrodite, the most gorgeous of them all." Tila proud na proud na aniya na ikinangiwi ko.

Oo gwapo s'ya pero ang maganda? Jusko, ang laki n'yang paminta.

"Ano nga kasi?" Pagpupumilit ko na ikinasimangot niya.

"Jackus."

My eyes almost widen after hearing his name.

Ang pogi ng name n'ya.

"Parang jak*l----ahmpucha!" His eyes were wide as an owl as he put his hand at my mouth to stop me from talking.

May ibang napapalingon sa aming direksyon pero agad ding napapaiwas tuwing nakikita nila kung sino ang kasama ko.

Teka, sino ba s'ya?!

"Ambaho ng kamay mo! Kakatapos mo lang ba magjako----"

"Kara, shut up!" Mahinang tumawa ako matapos marinig ang frustration sa boses niya.

Biglang naging lalake ang boses ni bakla.

I stop laughing my ass out when his name suddenly flashes on my mind and finally notice why his face is kinda familiar.

"Lewis." A stern voice from our behind called making my lips parted.

Jackus Houston Lewis, the famous fashion designer and one of the famous trainor in modelling.

S'ya 'yon?!

Minura-mura ko lang s'ya tapos may balak pa sana akong idogshow ang baklang 'to tapos maaalala ko na gusto ko nga palang maging isa sa trainee niya sa future para sa modelling career ko.

I am close to ran out of breath when suddenly, I noticed someone's presence at my back.

"Tyong, anong ginagawa mo rito? Akala ko aalis kana ngayon papuntang Budapest?" Tanong ni Sir Jackus.

I mentally frowze when it sounds a bit off. Nakakailang igalang ngayon ang baklang 'to matapos naming mag-asaran kanina.

"I cancelled it. I need to attend an urgent meeting tomorrow." Her voice lingers on me as I looked at her.

Her emerald eyes were glistening with a serious facade, flashing an I-don't-care look to everyone that's now looking at her.

"But you need to close an important deal, Tyong."

Seryosong tiningnan ni Mommy Tyong ang baklang nasa tabi ko bago ako mabilis na sinulyapan. Mukhang nagtataka pa s'ya kung bakit kasama ko si Sir Jackus.

"Who are you?" She asked while looking at me.

"Your baby." Wala sa sariling tugon ko.

Her eyebrows met for a second but the solemn emotions on her face quickly returned.

"It's you again." Malalim na saad n'ya bago ipinilig ang ulo sa direksyon ni Sir Jackus. "I'll go ahead to the bar. Tell my pilot to cancel all my flights for the next few days."

Matapos nitong magsalita ay walang lingong umalis ito sa harapan namin. Habol tingin pa ako sakan'ya hanggang sa halos mabuwal ako sa aking kinatatayuan dahil sa hampas ni Sir Jackus.

Tangina, may lahing gorilla ba s'ya?

"Ano ba?!" Pasinghal na asik ko matapos tumayo ng maayos.

Nanlalaki ang mga mata at malawak ang ngiti na itinuro n'ya ako na aking ikinangiwi.

Mukha s'yang tanga.

"Anong mukha 'yan---"

"Ghurlash!! Naalala ka n'ya!" He exclaimed as he almost jump in happiness and shock. "What did you do to Tyong? Hinalikan mo ba? Isinubsob mo? Anong ginawa mo?"

Mataray na tinitigan ko muna siya bago umiling. "Wala akong ginawa sakan'ya, 'no! Tsaka kakakita lang namin kanina kaya malamang maaalala n'ya pa ako." Ismid ko bago marahang hilahin ang braso n'ya dahil pinagtitinginan na kaming dalawa.

I pulled him out of the crowded area and tried to look for my friends. Nang mamataan ko sila ay nakatayo na ang mga ito at parang hinahanap ako.

"Sir Jackus, ahm, uuna na muna ako. Ando'n na ang mga kaibigan ko, oh." Itinuro ko sakan'ya ang aking mga kaibigan ko na ikinatingin niya.

He slowly nod his head and patted my head.

"Sure but please, bangkiling. Drop the Sir and those formalities. Just call me at my name. . .and, ow!" Mahinang pumalakpak siya at may binunot sa kan'yang bulsa. "Here's my business card nga pala. I'm hoping to see you tomorrow if you're free at my office in any time you want to come. I'll wait for you."

Bahagya kong tiningnan ang iniabot niyang business card.

It is a gold on burgundy business card that really look elegant. It includes the company name and his name.

"Anong gagawin ko po do'n?" Tanong ko sakan'ya matapos marealize ang kan'yang sinabi.

"Correct me if I'm wrong but you're a model, right?"

I nodded my head as a response.

"Good. I want to offer you a deal."

"What kind of deal?" Just by hearing my question, he smirk mischievously and look at me with those playful stares.

"Deal that might change your life. . .so yeah? Come if you want to know it and drop my invitation if you don't." Tinapik lamang nito ang aking balikat bago nagsimulang humakbang. "Babush! Kakausapin ko pa si Tyong."

Marahang sinundan ko siya ng tingin bago napagpasyahang ibulsa ang ibinigay n'ya at saka naglakad palapit sa mga kaibigan ko.

Kailangan ko ng trabaho.

Para sa future namin ng Mommy Tyong ko.

....

"Kara, mahal na mahal kita! Ako nalang kasi. Handa akong mamatay para sa'yo."

"Ay wow dinaig mo pa si Andres Bonifacio." Sarkastikong ani ko saka inirapan ang isa sa manliligaw ko na hindi ko alam ang pangalan.

"Kara naman." Tila nahihiyang kinamot niya ang kan'yang kilay na ikinangiwi ko.

Hindi s'ya cute.

Mukha s'yang bangag na hinahabol ng pulis kasi adik.

"Umalis ka nga muna d'yan. Kailangan ko nang umalis, eh. Kung gusto mong mamatay para sa'kin, edi sana all." Nagtitimping saad ko dahil kanina pa s'ya sunod nang sunod sa akin.

Kung kailan nagmamadali ako para makaalis sa school saka naman s'ya sumulpot. Pupunta pa kasi ako kay Jackus dahil naisip ko na opportunity din naman ang io-offer n'ya kaya tatanggapin ko na.

Huwag lang talaga pagbebenta ng katawan dahil baka masampal ko s'ya. Mahirap ako pero hindi ko ibebenta ang katawan ko 'no.

My body is exclusively ready for the person I will love.

"Eto na, aalis na. Pero tanggapin mo muna 'tong chocolates----"

"I don't like chocolates. Thanks but better to keep it. Babye!" Agad akong tumakbo paalis nang makita kong may tumigil na jeep.

Matapos makapagbayad ay agad kong tiningnan ang aking sarili sa camera ng phone ko dahil nakakahiya namang pupunta ako sa office ni bakla ng mukhang dugyot.

While fixing myself, I can't help to think about buying a car. Kahit 'yong mura lang.

Hassle kasi sa trabaho, eh. Minsan kapag may mga offer ay hindi ko matanggap dahil minsan masyadong malayo at ako pa ang gagastos ng pamasahe. Hindi lahat ng nago-offer ay libre lahat ng kailangan mo as their model. May iba talaga na sobrang tipid.

Actually, may ipon naman ako sa bank account ko pero hindi ko masyadong magalaw 'yon. Minsan ko lang magastos 'yon kapag gipit na gipit na ako pero hangga't may raket ay hindi ko pinapakealaman. Ang ginagastos ko madalas ay ang kinikita ko sa pagiging student assistant.

It is hard, I admit. Being a working student and the family's bread winner is such a big responsibility now. Sobrang laki ng pressure na natatanggap ko lalo na sa sarili ko.

I'm always pressuring myself and that is one of my toxic traits.

"Para po!" May kalakasang sigaw ko dahilan para tumigil ang aking sinasakyan.

I instantly went out and check myself for the last time saka ako pumasok sa building.

Kung hindi ako nagkakamali ay ito ang unang branch ng company ni bakla sa Pilipinas. Nasa New York kasi ang pinaka-base n'ya.

"Ma'am, good afternoon. Pangalan po?" Nakangiting tanong ni manong guard.

I give him a sweet smile. "Kara Zernandes po, Kuya."

Tumango-tango ito at may kung anong isinulat bago ako papasukin sa loob.

My eyes roam at the place. It is a bit homey but the intimidation is more appealing. Nakakailang.

Agad akong nagtungo sa receptionist at itinanong kung saang floor si Jackus dahil hindi ko naman alam kung nasaan siya. Medyo nagulat pa nga ako dahil mukhang inaasahan talaga nila ang pagdating ko.

Nang makapasok ako sa elevator at pinindot ang 11th floor where Jackus is, I closed my eyes and lean over.

Medyo inaantok pa ako dahil anong oras na kami umuwi kagabi nina Scoby. Siguro 2 am na 'yon kasi bumyahe pa kami. Nalimutan kasi naming lahat na may pasok nga pala ngayon kaya pa-chill-chill pa kami.

7 am pa naman ang start ng klase ko kanina kaya bangag na bangag ako. Buti nalang maganda ako kaya hanggang ngayon ay may mundo.

Bahagyang napamulat ako ng mga mata nang maramdaman kong may nakatingin sa akin eh sa pagkakaalam ko naman ay mag-isa lang akong pumasok sa elevator-----yawang shit.

"M-mommy Tyong." I said, stuttering.

Her cat green emerald eyes pierce into mine.

"Pardon?"

I wet my lips and gulp as I saw how she furrowed her brows because of what I've used to call her.

"Uhm, ma'am?" Nakangiwing saad ko na seryoso lamang niyang ikinahalukipkip.

Isang tingin pa ang ibinigay niya sa akin bago muling humarap sa nakasaradong pinto.

"Miss." Tawag ko sakan'ya. Nilingon n'ya lamang ako gamit ang reflection namin sa elevator at parang wala s'yang balak magsalita kaya ako nalang ang gumawa. "Natatandaan mo ba 'ko?"

Confusion started to gather at her face before shaking her head. "No?"

I dramatically gasped and look at her with disbelief.

"Grabe naman. Hindi mo man lang ako natatandaan eh kagabi lang halos magmakaawa ka sa'kin na isa pa kasi masarap ako---" automatikong napatigil ako sa pagsasalita nang unti-unting humarap ito sa akin.

Her lips is in a grim line, showing that she is not up for anything.

"Be quiet. I don't like noisy people surrounding me." Matamang usal niya bago lumabas ng elevator nang magbukas ito.

I checked what floor are we at agad din akong napalabas nang mapagtanto na nasa 11th na pala.

"Hello, Ma'am Kara." Bati nang sa tingin ko ay secretary ni bakla nang makarating ako sa pwesto niya. Bumati rin naman ako pabalik sakan'ya kasi syempre mabait ako at may left manners with good construction. "Hintayin po muna natin ang signal ni Sir Jackus kapag pwede na kayong pumasok. Nasa loob po kasi si Miss Qionne."

Tumango-tango ako at saka umupo sa upuang itinuro niya.

Who's Qionne?

Si Tyong ba? Magkatunog naman kasi ang pangalan nila.

Tsaka isa pa, hindi ko na makita rito si Mommy Tyong kaya baka s'ya nga ang sinasabi ni ateng secretary.

Maya maya pa ay muling lumapit sa akin iyong babae at saka itinuro ang isang oak wooden door.

"Pasok na raw po kayo, ma'am." She guided me towards it and she even open the door for me.

Nakangiting nagpasalamat ako sakan'ya as I walked towards the office.

Jackus and the girl who looks so sophisticatedly gorgeous is prettily sitting at the couch. Magkakrus ang mga binti ni Tyong at halatang wala siyang pakialam sakan'yang paligid dahil prenteng tinitingnan n'ya lang ang kan'yang mga kuko.

Bakit gano'n? Ayon lang naman ang ginagawa n'ya pero ang hot n'ya, sobra?

Unfair.

Gusto ko nalang maging sofa para upuan din n'ya.

"Kara, thank God you came." Jackus happily utter as he went to me and kiss my cheeks. "Sabi ko na nga ba hindi mo matitiis ang ganda ko."

"Mama mo ganda."

"*Valaj*. *(Balahura.)*" Barumbadong asik niya bago ako igiya sa katapat na upuan ni Tyong. "May gusto ka ba?" Alok n'ya na inilingan ko lang. "Ayaw mo ng juice? Coffee?"

Muli akong umuling sakan'ya at umayos ng upo dahil matamang nakatingin na sa akin si Tyong.

Hayop talaga bakit kasi Tyong ang pangalan n'ya? Ang ganda n'yang babae pero parang tyonggo ang name.

"Water? Ayaw mo pa rin?" Pagpupumilit ni bakla na masama ang tinging inilingan ko. "Si Tyong nalang kaya?"

Akmang iiling ulit ako nang agad kong narealize ang sinabi niya.

Masama ang tinging ipinukol ko sakan'ya na ikinatawa lamang niya kasabay nang pag-upo sa isa pang couch.

"Qionne, won't you introduce yourself to that lovely lady?" Makaraa'y tanong niya sa babaeng palipat-lipat ang tingin sa aming dalawa.

She might be wondering kung bakit ganito kami mag-usap ni Jackus.

"Why would I?"

Strike two.

Lihim akong napairap sa sinabi ni Tyong dahil ang taray ng pagkakasambit niya. It seems like she doesn't have any interest on doing it.

Rinig ko ang mahihinang pagtawa ni Jackus rason para pukulan ko s'ya ng masasamang tingin pero mas lalo lamang siyang tumawa.

"Ang taray mo masyado, beh. Kaya wala kang asawa, eh." Hindi ko alam kung bakit ako ang kinabahan sa sinabi ni bakla dahil nakita ko ang unti-unting pagkunot ng noo ni Tyong.

"I don't need a man nor anyone." Matigas na ani ni Tyong saka ako binalingan ng tingin. "Therefore, stop right there and don't you dare recommend this little girl to me. I don't need her, too."

Akmang aalis na ito nang harangan ko ang dadaanan niya dapat. She lowered her head and meet my gazes but I just stared back with the same intensity she's giving.

"How can you say that you don't need me? Hindi mo pa nga ako nat'try makasama."

Nakakaapak naman kasi sa ego ang sinabi niya. Hindi ko alam kung anong recommend-recommend ang pinag-uusapan nila ni Jackus pero 'yong sinabi n'ya directly sa'kin na hindi n'ya ako kailangan, medyo ouch.

Sa ganda kong 'to tatanggihan n'ya lang? No way, midway, at ang straight lang ay highway.

No one can resist my charm.

Ang tatanggi sasampalin ko.

"I don't need you to be with me just to justify that I also don't need to have you in my life." Her words are tough and it's like she's emphasizing every little things that is coming out from it.

Isang malanding ngisi ang namuo sa labi ko bago humakbang palapit sakan'ya at walang pasabing ikinawit ang aking mga braso sakan'yang batok.

"Get out, Jackus." She said, not breaking our eye contact.

"Huh? Bakit ako lalabas? Office ko kaya 'to tsaka manonood pa ako kung paano kayo maglalandian----"

"I said, out. Get the hell out of here."

Hindi ko na narinig pa ang sinabi ni Jackus dahil agad itong naglakad palabas habang pabulong-bulong.

"Close the door properly, Lewis." Pahabol pa niya bago ko narinig ang pagsarado ng pinto.

Our eyes never leave each other even if she had a little conversation with Jackus.

"So? Titingnan mo nalang ba 'ko? Pwede mo naman akong halikan para may option ka pang iba." Nakangiting litanya ko pero agad akong napapitlag ng marahang itinulak n'ya ako kaya napahakbang ako and before I even know it, my back is already pressed on one of the cabinet here.

She, gorgeously hot towering me, lower her head and pierce her cat eyes into mine.

She remain silent until I saw that she's no longer flashing any kind of emotion.

What an austere woman with rigid walls built around her.

My eyes squinted as I started massaging her nape. Sandaling naging mapungay ang aking mga mata bago muling nanumbalik ang isang malambot na ngiti sa labi ko.

"What's your name, *darling*?" I asked with feminity and a little bit of seduction.

"You already heard Jackus saying it. Are you just stupid or what?" Harsh na aniya na mahina kong ikinatawa.

I bit my lower lip while our eyes are still lock in one another until my left hand went down to her arm, gently brushing my index finger against it.

"Say it," I daringly utter, my voice's soft and hoarse. "Say it or I'll kiss those sweet plump lips of yours."

My eyes traveled down at her lips which I know is covered with a sweet mint lip balm.

"And you think I'll be afraid to those stupid---*shit*." Agad itong umiwas ng tingin nang tumingkayad ako at inilapit ang aking mukha sakan'ya.

She's just two inches taller than me kaya abot ko pa rin siya.

"Don't try me because I swear, I'm gonna ravish that lips if you won't say your name." My hands that is place her on her nape earlier went down to her waist and pulled her close to me.

"Qionne." She mumbled lowly.

The side of my lips turn up as I place my lips near her ear.

"I want it full."

She hissed and was about to push me away when I change our position. Siya ang isinandal ko sa sinasandalan ko kanina saka ako kumapit sa may balikat n'ya.

"Qionne, what? Ayaw mo lang ba talagang sabihin ang apelyido mo o gusto mo lang idagdag ko ang surname ko sa'yo para naman magkaroon ka---"

"Shut up, child! Goddamn shits with these kids nowadays."

Ay wow, bata?

Hoy gagi kaya ko na ngang gumawa ng bata, eh. Kung meron lang akong Prince Cedie edi sana naglalaro na kaming dalawa ng horse back riding.

"Alam mo," tumigil lang ako saglit sa pagsasalita ay agad na ako nitong pinadhan ng masasamang tingin.

"Qionne Valentine Hillaris." She casually stated.

Bahagyang kumunot ang aking noo bago siya nagtatakang tiningnan.

"Ha?" I stupidly asked.

She rolled her eyes on me as she pushes me away. She started walking a little away from me for she walk towards the couch. "That's my name."

My lips formed an 'o' before a smile escape from it.

"What a good name."

"I know."

"Can I be the one to have your name and add the mrs. in it?" Hindi makapaniwalang tinitigan niya ako bago umiling.

"I'm straight." She formally muttered that made me chuckle.

Unti unti akong lumapit sakan'yang likod at niyakap ang bewang niya.

I placed my lips against her ear and tightened my embrace at her soft curves.

"Straight ka lang. Malandi ako."

Chapter 3

Kara's POV

The silence is too overwhelming.

Ang tanging naririnig ko lang ay ang mahinang tugtog mula sa stereo at maliban doon ay wala na.

Hindi ko nga rinig ang ingay mula sa labas pwera nalang kung may bubusinang sasakyan.

Hayop kasi si Jackus, eh.

Ipinagtulakan n'ya ako paalis nang akmang aalis na si Tyong kanina. Ang sabi n'ya ay si Qionne na raw ang bahalang magsabi ng deal dahil siya naman daw ang may kailangan sa'kin.

"Uhm," I started as I cleared my throat. "Hello?" I awkwardly said to get her attention.

Seryosong nilingon n'ya ako at tinitigan dahil nakatigil naman ang sasakyan n'ya dahil sa traffic.

"What?"

Mahinang tumikhim lang ako at kinagat ang aking pang-ibabang labi.

Kung hindi lang talaga maganda ang babaeng 'to ay ang sarap n'yang ihagis sa Jupiter dahil sobrang attitude na n'ya.

Konting tawag, iritado agad.

Parang ako. Konting lingon n'ya lang, luhod agad.

"Ano nga po palang offer ang sinasabi ni J-jackus?" Pagtatanong ko at bahagya pang nautal nang sambitin ko ang pangalan ni bakla.

Bigla kasing tumaas ang kilay niya at nanunubok na tinitigan ako.

"You call him on his name?" She asked that made me nod. "Are you perhaps is his trainee or anything related to his job?"

Umiling-iling ako sa sinabi niya at inayos ang upo ko dahil bumaba ang mga mata n'ya sa ayos ng pagkakaupo ko.

Masarap kaya umupo sa passenger seat na parang barako. Mas comfy kapag gano'n. Walang pakialaman. Choice ko 'to, bahala kayo.

"Kagabi lang po kami nagkakilala ni Jackus. Akala ko kasi waiter s'ya sa resort." Nagkibit-balikat ako at saka siya bigyan ng isang ngiti.

I don't know why she's looking intently at my face but I just let her.

Baka kasi ina-admire n'ya lang ang ganda ko.

"He own that."

"Ha?"

She formally stare at me before looking back at the road. "Nevermind."

Kunot ang noo na tiningnan ko siya pero hindi na s'ya muling tumingin sa gawi ko hanggang sa namalayan ko nalang na nasa isang parking lot na kami.

"My driver will take you home." She stated before removing her seatbelt.

She was about to get her bag at the backseat when I caught her hand and intertwine it with mine. Isang matamis na ngiti ang ibinigay ko sakan'ya pero diretso lamang ang tingin niya sa aking mga mata.

"Let go."

"Ayoko." Pagmamatigas ko na may konting pang-aasar.

Simpleng tiningnan n'ya lamang ang kamay naming magkasiklop saka siya muling bumalik sa pagkakaupo ng maayos.

"Aalis kana?" I asked. She nod without looking at my side. "Paano ako? Palagi mo nalang akong iniiwan. Isn't it really worth even a single shot? Palagi ka nalang umaalis, ah. Hindi mo man lang ba iniisip ang mararamdaman ko at ng mga anak natin?!"

Naguguluhang lumingon ito sa akin na tila nakakita s'ya ng baliw. Halos matawa pa ako sa naging reaksyon niya because her forehead's furrowing while her lips are pressed against one another.

"You need a proper medication, kiddo." She stated before pulling her hand out of my grip.

"Maka-kiddo ka sa'kin akala mo naman ang bata bata ko pa, ah! Mag-21 na kaya ako." Ismid ko pero tanging isang tingin lamang ang kan'yang iginawad pabalik.

"I don't care about your age."

"Because you only care about me and our future. How sweet." Isang maharot na ngisi ang ibinigay ko sakan'ya pero neutral pa rin ang ayos ng kan'yang mukha.

Ang tigas masyado.

Naisip ko tuloy 'yong hard fvck sa internet.

Charot.

Tanginang utak 'to kung ano ano nalang ang naiisip.

"Who are you again?" Her brows met in unison after she finally got the chance to get her bag.

She place it on her lap kaya hindi matanggal ang mata ko roon.

Kanina gusto kong maging sofa pero ngayon bag na.

"Missy----"

"I wanna be a bag." Lutang na usal ko saka marahang kinagat ang pang-ibabang labi.

Ayoko na.

Sunod sunod na gay panic na ang nararamdaman ko kapag nasa paligid ko s'ya.

"A bag? Why?" I heard her ask.

"Mm, I wanna be place on your lap, too."

Mahinang suminghap siya pero hindi man lang nagsalita.

Hindi ba s'ya nausuhan ng cooperation?

"Tyong---"

"Qionne." Pagtatama niya na lihim kong ikinangiti.

Ang ganda ng pangalan pero 'yong nickname n'ya ewan ko nalang.

My eyes went up to meet her stares. She's extremely looking at my orbs and it looks like she doesn't have any plan removing it.

I gulped.

Looking at her eyes feels like looking at one's enchantment. It feels like looking at the green wonderful nature. . . it's overwhelming but it can easily capture someone's heart.

"Staring is rude." Pambabasag niya sa katahimikang namamayani sa aming dalawa.

Agad akong napamulagat at umayos ng upo saka ipinilig ang aking ulo sa bintanang nasa gilid ko.

Pakshet naman. Crush ko na s'ya?

Mali 'yon, eh. Nakakawala ng pagka-astig 'yon. Dapat ako ang crush n'ya.

"Staring is rude but if you're the one who will be reason of me, being rude and mannerless, then I'm good to go. Palitan ko pa si Satanas." I willingly utter with a sly grin plastered on my lips.

"I don't like rude people. I want someone who had good manners."

"Taas naman ng standard mo. Hindi ba pwedeng ganda lang?" May halong sarkastikong ani ko habang nakapikit.

Gusto lang pala n'ya ng may good manners edi ako na 'yon.

Hindi naman sa pagmamayabang pero maganda ang ugali ko. Huwag lang kitang makitang humihinga ay sasampalin na agad kita.

"It's my right." Depensa niya.

I opened my eyes and looked at her again that's now looking in front.

Iyong totoo, hindi n'ya ba alam ang sarcasm?

"Mm, it's your right to own me because I am the standard." Confident na litanya ko habang malawak na nakangiti.

"Standard your ass. I don't even like you."

Peyn.

Masyadong madumi ang lumalabas sa bibig n'ya. Kailangan ko na atang linisin.

"Ang sama mo naman sa part na hindi mo 'ko gusto. Gusto kita, oh!"

She boringly bore her eyes on me as she raised one of her eyebrows. "I am not responsible for returning those feelings of yours. You like me, I know. . .but as what I've said, I am under no obligation to like you back."

Ang sakit n'ya naman sa bangs.

Hindi ko naman sinabi na icrushback n'ya ako, eh. Alam ko naman kasing hindi rin tatagal 'tong pagkacrush ko sakan'ya kasi first of all, wala akong balak magjowa.

Ayoko ng jowa! Masyado akong busy para makipag-away sa malilliit na bagay. Mago-overthink pa ako tapos magseselos eh puro naman katangahan 'yon.

Charr! Wala lang talaga akong type maging boyfriend.

Or girlfriend?

Mukhang magiging certified biot na ako dahil kay Qionne.

"Okay lang naman kahit hindi mo ako crush at wala akong chance sa'yo," I met her eyes and flash a wide smile.

"At least may chance ka sa'kin."

She unbelievably shook her head and start opening the door at her side.

"You should go home now."

"I'm already home. . .with you." Maharot na pagkakasaad ko matapos kong lumabas sa sasakyan n'ya dahil literal na iniwan n'ya talaga akong mag-isa do'n.

Taray ng home ko, oh, iniwan ako.

Simpleng tiningnan n'ya lamang ako bago sumandal sa may hood ng sasakyan n'ya.

"I don't even know you yet here you are, persisting that I am your home." Malamig ang boses na nagsalita siya pero nanatili ang ngiti sa mga labi ko.

Hellcat Qionne is hot mommy.

Just kidding na medyo facts.

"Gusto mo lang pala malaman ang pangalan ko edi sana sinabi mo na agad kanina." Nakangiting naglakad ako palapit sakan'ya at agad na inilagay ang aking mga kamay sa gilid niya.

"You're a stranger." She said with a stern voice as she stand up properly with her hands crossing at her chest.

"I am not a stranger, Miss Hillaris. Not because we only meet each other last night doesn't mean you will drop the idea of you and me, marrying each other."

Bahagyang tumaas ang gilid ng labi ko nang makita ang pagtaas-baba ng mga balikat n'ya na para bang kinokontrol niya ang kan'yang sarili.

I pushed myself more into her before looking up and wiggle my brows to her.

While we're busy staring at each other orbs, her eyes suddenly squinted and flash a disapproving look.

She even shook her head and look at me puzzled.

Uh? Anong nangyayari sakan'ya?

"What's your name?" Nagtatangis ang bagang na ulit niya.

I gulped for a while after seeing how hot she is.

Deserve n'yang mahalin, sambahin, luhuran, hubaran---ay bastos.

"Q-qionne." Utal na bigkas ko sa pangalan niya matapos niyang tumungo at pagtapatin ang mukha naming dalawa.

Her reddish pink lips formed a grim line as it shows how serious she is.

"Don't let me repeat myself, young lady. I might do something you can't handle."

Mammeh.

Buhat sakan'yang sinabi ay agad namula ang aking mukha. Ano ba! Madumi ang utak ko kaya konting salita lang ay siguradong may ibang ibig sabihin sa'kin.

Mabait ako pero 'yong utak ko hindi.

Pwedeng nginingitian kita pero sa isip ko sangkaterbang lait na ang natanggap mo.

Plastic ako.

Charr!

Dapat may good manners ako at magandang pag-iisip bukod sa magandang mukha.

And I, thank you.

"Miss," her voice lingers on my system again as I see how her eyes darkened.

I sighed and held her shoulders to had some support because I can feel my knees getting weak due to her intense eyes.

"Kara Zernandes." I utter as I bit my lower lip and flash a charming grin.

"Kayleigh Raesh Zernandes, your future baby girl." I added as I giggle in playfulness.

Walang emosyon ang mababakas sakan'yang magandang mukha nang lumayo siya ng kaunti sa akin at tumitig sa kawalan.

"Hoy, Tyong---"

"Don't address me to that name. We're not close."

I nod my head lightly to let her know that I'm agreeing.

"True! We're not close because we're openly made for each other." Pasimpleng batid ko na ikinairap niya.

I chuckled and was about to walk near her when she tilt her head lightly to the side.

"Open my ass." Mahinang saad nito saka humalukipkip.

"Mmm! Open your legs for me."

Automatikong tumaas ang kan'yang tingin sa akin at makahalugan akong tiningnan.

A cynical type of grin slowly glistened on her lips. Her eyes were filled with blank emotion yet she's flashing a grin out of nothing.

She looks so complicated to understand.

"Honey," she murmured in between her lips after looking down on me. "I won't open my legs as wide as I can if I don't have any plan on marrying you."

I chuckled softly with seduction in it.

Mapanganib ngunit mapang-akit na ngiti ang namuo sa aking labi habang mariing nakikipagsabayan ng titigan sakan'yang mga mata.

My hands move on its own as I just notice that it is now sliding towards her soft arms.

"Try me, then."

The grin on her lips vanished instantly after hearing what I've said. It was replaced by a cold aura and heavy atmosphere surrounding her.

"Love is a waste of time and loving you is a suicide." Her lips move elegantly while making everyword

she said clear and emphasize. "So, no. I won't try to love you."

Agad ko siyang pinadalhan ng mga masasamang tingin pero talagang ang tatag ng walls n'ya dahil mukhang hindi s'ya naaapektuhan.

Konti nalang. Alam kong konti nalang babaluktot din 'to tapos s'ya na ang hahabol sa hot na si ako.

"Nakakasakit kana talaga! Kanina sabi mo hindi mo ako kailangan sa buhay mo tapos ngayon ayaw mo naman akong kahit subukuan lang mahalin---" before I even finish my own statement, she cut me off midway by placing her index finger to my lips.

"You're too loud." Malalim ang boses na pagrereklamo niya.

"Wala pa tayo sa kama tapos naiingayan kana agad. Paano pa kaya kapag gumagalaw kana sa ibabaw ko?"

She crinkled her eyes for a second before pressing her lips in silence. Isang malalim na buntong hininga ang kan'yang ginawa bago umatras at pukulan ako ng mga walang buhay na tingin.

Maganda ang mata n'ya kasi nakaka-in love pero sa paraan ng pagtingin n'ya? Mamamatay ka sa magkahalong kilig at takot.

Ang hirap n'yang basahin dahil isa sa rason ay ang first of all and I thank you.

Bakit pa ako mag-eexplain eh hindi n'yo rin naman ako papakinggan? Mapapagod lang ako para sa wala.

"I don't know if you're just liberated or just---"

"Into you? Of course, I'm so much into you." Putol ko sakan'ya na sinuklian n'ya lamang ng isang matalim na irap.

Ang taray n'ya masyado kaya kailangan n'ya ako sa buhay n'ya.

"I don't know anymore. You're too tiring to talk to. Just go home." Nakasimangot na asik n'ya saka nag-umpisang humakbang palayo.

Pero dahil pinanganak akong normal, hinabol ko s'ya.

Walang mali sa paghahabol basta si Qionne ang hahabulin ko.

"Wait, mamaya ka umalis. Hindi pa natin napag-uusapan ang offer mo sa'kin." Pigil ko sakan'ya bago pa man siya makalayo sa akin.

She immediately remove my right hand that is place to one of her arms off of her. Matamang tinitigan n'ya lang ako saka pumikit.

Nang magmulat ito ng mga mata, her eyes revealed a darker shade of emerald.

Her eyes were like a lost gemstones that were rarer than a diamond.

"My driver will take you home and will take you to my office tomorrow. I'll ask someone to prepare the

contract."

Tumango-tango ako at pinagkrus ang aking mga braso. My eyes didn't leave hers until I felt myself smiling out of the blue.

Her forehead creases even more that made my smile widen.

"Ang ganda mo pala." I muttered as a matter of fact. She remained silent and unmoving until I flash a cute smile that made her lips move a bit. "Lalo ka sigurong gaganda kapag naging asawa kita."

"I don't like to get involve to your life."

I chuckled.

"Then be my love life." Kumpyansang asik ko na ikinailing lamang niya.

"Go home now. I'm not interested to your generation's way of flirting just to get somebody." She then said, cleary getting rid of me.

But nah-ah.

Ipinanganak ako para may silbi naman ang sperm ng tatay kong ulupong na hindi ko alam kung nasaan na.

"But I'm interested to you." Nakangiting litanya ko na ikinabagsak ng balikat niya.

Sa hilatya ng kan'yang mukha ay halatang nagtitimpi nalang s'ya sa'kin.

"Go and mind your study. Stop spitting shits here. You'll get nothing from me."

Nag-umpisang magsalubong ang mga kilay ko sakan'yang sinabi. Double meaning 'yon, I swear.

"Wala akong gustong makuha mula sa'yo." Seryosong tugon ko na sarkastikong ikinangisi niya.

Parang nang-iinsulto gano'n.

"Really?"

I looked up to think a bit pero agad akong napatampal sa sarili ko dahil imahe n'ya lang ang aking naisip.

Hayop na 'yan laganap na ang sangkabaklaan sa sistema ko.

"Mmm, wala akong gustong makuha mula sa'yo kasi ikaw ang gusto ko." Straightforward na utas ko na inilingan n'ya lamang.

Sa ipinapakita n'yang kilos ngayon ay halatang mataas ang trust issue n'ya.

"Yeah, whatever." Pagsuko niya na maliit kong ikinangiti.

Walang nananalo laban kay Kara.

Kahit si Pacquiao pa ang iharap n'yo sa'kin ay lalaban ako dahil bumabangon ako para ienjoy ang buhay.

Gets n'yo ba? Kung hindi ay okay lang dahil una palang ay alam kong hindi tayo magkaka-intindihan. Kung 'yong pusa nga hinabol ng daga tapos noong nagprito ako ng hotdog naging tocino noong nasunog.

"Qionne," tawag ko na ikinahinto niya sa paglalakad.

She's few steps away from me and I did nothing but to stare at her back.

"What is it again?" Bored na tanong nito ng hindi man lang nag-abalang lumingon.

Ayaw n'ya sa rude na tao pero rude din naman s'ya. Ako talaga ang dapat para sakan'ya eh para naman mahawaan ko s'ya ng magandang asal.

"The Valentine's day is coming." I uttered, just enough for the both of us to hear.

My eyes suddenly became soft after seeing how she look at me through her shoulder. She give me a serious look with intense emotions in it.

But what really caught my attention is how her lips form a bitter smile.

"So? I don't give a shit." Malamig na saad n'ya.

"But you are Valentine." Tugon ko na ikinailing lamang niya.

"I'm tired being one."

I tilt my head to the side and give her a heart warming smile.

"You maybe are but just to let you know that if ever you get tired being one," I paused and lick my lower lip. "You can always be my Valentine."

Chapter 4

Kara's POV

"Ma'am, pasok po kayo."

Nakangiting nagpasalamat ako sa lalakeng nagbukas ng pintuan ng sasakyan para sa akin.

S'ya 'yong naghatid sa'kin kahapon sa may kanto ng bahay namin pagkatapos akong iwan ni Qionne mag-isa.

Ewan ko ba do'n. Kinilig ata ng sobra noong sinabi kong *'You can always be my Valentine.'* kasi matamang tinitigan n'ya lang ako saka naglakad paalis.

Diba? Napakawalang modo no'n.

Ayaw sa rude pero rude din naman s'ya.

Walang hustisya!

Ritwalan ko s'ya, eh.

Charot.

Alam kong walang connect pero ang mahalaga ay marunong kang magbasa.

"Good morning, Kuya!" Masayang bati ko sakan'ya nang simulan niyang paandarin ang kotse.

Kitang-kita ko nga ang mga tsismosang kapitbahay namin na mga walang magawa sa buhay kung hindi ang pag-usapan ang buhay ko. Mga nakaabang sila sa usual tambayan nila na tindahan ni Aling Tambunting habang nakasunod ang tingin dito sa sasakyan na sumundo sa akin.

Sa mga mukha palang ng mga 'yan alam ko na ang pag-uusapan nila.

Mga hayop na 'yon sinabihan akong pokpok eh hindi nga ako marunong humalik.

Pukpukin ko pa ang mga ulo nila ng baseball bat. Mga walang magawa sa buhay ang sasarap sampalin. Pasalamat nalang talaga sila na hindi lumalabas si Mama sa bahay kaya hindi n'ya 'yon alam dahil kung oo? Baka matagal na silang nakahimlay.

Hindi kami gano'n kaclose ni Mama pero nagkakasundo kami sa panglalait sa iba. Kung foul ang bunganga ko, technical foul ang kay Mama.

Magmumura palang 'yon depress kana agad.

"Good morning po, Ma'am Kara." Bati pabalik ni Kuya na ikinangiti ko rin.

Buti pa 'tong driver ni Qionne marunong ngumiti eh s'ya ngingiti nalang para pang isinumpa ang mundo. Alam n'yo 'yong ngiti n'ya kahapon? Para s'yang nang-iinsulto na labag sa loob.

Mas mahirap pa s'yang intindihin sa minor subject ko na mga feeling major.

Kaya single ang isang prof namin do'n, eh. Napakataray tapos ang hirap pakiusapan. Sasabihin no'n na ang due ay Friday pero Wednesday palang kukunin na ang mga activities namin tapos kapag walang maipasa automatic na zero.

Diba? Parang tanga lang. Dati ba s'yang adik?

"Anong name mo Kuya?"

"Edward po."

"Kapangalan mo po 'yong hot vampire sa Twilight. May pangil ka rin ba?" He chuckled and shook his head.

"Nako Maam wala po ako n'yan. Baka si Ma'am Qionne pa po ang magputol ng pangil ko kung mayroon man." Natatawang aniya na ikinangiwi ko.

"Kuya sadya po bang mataray 'yong amo mo? Parang galit sa mundo, eh." I said, trying to open a topic which is Qionne of course.

Alam kong magkakasama kami in the future para sa offer n'ya, eh. Kailangan may alam din ako sa babaeng 'yon.

Nakakahiya naman kung wala akong kaalam-alam sa magiging boss ko.

Nang muli kong balingan ng tingin si Kuya Edward ay may hindi maintindihang ngiwi na nakaukit sa labi ko.

He even glance at me through the rearview mirror bago muling magpatulot sa pagd'drive.

"Mabait po si Ma'am Qionne. Tahimik lang po talaga s'ya at medyo mataray pero sobrang bait po ng taong 'yon." His lips form a proud smile habang nakatutok sa pagmamaneho.

"May boyfriend po ba 'yon, Kuya?" Pangungulit ko pa pero nagkibit-balikat lamang ito.

"Hindi ko po alam, Ma'am. Ayaw po kasi ni Ma'am na pinapakialaman ang personal life n'ya. Masyado pong professional ang taong 'yon."

Tumango-tango ako pero kalaunan ay sumimangot din.

Mukhang delikado ako kapag naging boss ko si Qionne. Napakakulit ko pa naman at ang daldal pa.

"Paano po kapag pinakialaman s'ya, Kuya?"

He cleared his throat for a while before shyly grin. "Tatanggalin ka po agad sa trabaho. Strict po si Ma'am sa rules kaya lahat po may kontrata."

My lips lightly parted in awe.

Hindi ba uso sa babaeng 'yon ang second chance?!

Akmang magsasalita pa ako para magtanong ulit ay s'ya namang pagtigil ng sasakyan. He fastly get out of the car and open the door for me.

"Thank you po." Pagpapasalamat ko na malugod n'yang tinugunan.

"Anytime po, Ma'am. . .nga po pala bilin ni Miss Qionne na pumasok nalang daw po kayo sa loob. Ando'n na raw po s'ya." Muling nagpasalamat lang ako sakan'ya bago nag-umpisang maglakad papasok sa malaki na building na 'to.

Hindi na ako hinarang noong guard dahil nakita ko pang ngumiti ito sa akin. Nakita n'ya siguro si Kuya Edward kanina.

Nang makarating ako sa mga receptionist ay agad naman silang nagsalita.

In fairness, ang attentive ng mga employee rito. Lahat naka-smile tapos ang light lang ng atmosphere. Welcoming gano'n.

Samantalang 'yong boss nila ang bigat bigat ng atmosphere na nakapaligid sakan'ya. Ang hirap kausapin kasi hindi marunong makipagbiruan.

"Good morning, Miss Kara. I am Tiana. You can come inside at any minute you want." The secretary, I guess, utter in a friendly manner.

Mukha talaga s'yang secretary ni Qionne sure ako do'n kasi nakita ko 'yong nakalagay na executive secretary's desk.

Nakangiting tumango ako sakan'ya at nagpasalamat saka nagtungo sa harap ng pinto na itinuro n'ya kanina.

Hindi ko alam kung ilang buntong hininga ang pinakawalan ko hanggang sa naisipan kong kumatok. Minutes after ay narinig ko ang pag-unlock ng pinto pero walang nagbukas.

I was about to look back at Miss Tiana when I heard her usual heavy tone voice.

"Come inside, Miss Zernandes."

My eyes slightly widen for a while because of that *come inside*.

Wala akong Prince Cedie na ipapasok sakan'ya.

Chariz.

Imbis na mag-isip pa ako ng kung ano-ano ay pumasok na lamang ako. I was in awe for a short span of time upon seeing how elegant her office is.

It is a combination of macaroon cream, silver charm, and aesthetic gold. There are also a touch of brown that made it more elegant to look at.

Shelves are commonly made out of glass and the floor to ceiling windows with a good classic-modern partitions. Even her circular chandelier ceiling is aesthetically pleasing.

"Take a seat if you're done looking around." Her voice echoed with a hint of sarcasm.

Nakasimangot na binalingan ko siya ng tingin pero abala lamang ito sa pagbabasa sa hawak n'yang papers.

"Good morning." I greeted but she just nod her head without looking at me.

I've decided to sit at the chair in front of her table at agad kong napansin ang acrylic desk nameplate n'ya.

Qionne Valentine Mikhailov-Hillaris
Chief Executive Officer

Ang yaman, teh.

Crush ko na sana s'ya kaso masyadong mayaman. Hindi naman n'ya kasalanan na mayaman s'ya pero ekis talaga.

'Yong last na ka-talking stage ko mayaman din. Sa Berlin pa nga s'ya nag-vacation kaso hindi na bumalik. Alam kong ig'ghost n'ya ako noong huli naming pag-uusap kaya inunahan ko na s'ya.

Immature na kung immature bahala kayo d'yan.

Narinig ko kaya 'yong usapan nila ng tropa n'ya na pinagpustahan nila ako. Kapag daw napasagot n'ya ako at ighost ay panalo s'ya pero kapag hindi naman ay ibibigay n'ya sakanila ang kan'yang sasakyan.

Eh mga tarantado pala sila kaya inunahan ko na s'ya mang-ghost noong tinanong n'ya ako kung pwede ba akong maging girlfriend.

Like, dzuh?! Kadiri kaya. Hindi ko nga alam kung bakit naging ka-talking stage ko 'yon.

Kaya ayaw ko na ulit sa mayaman. Feeling ko paglalaruan lang din nila ako. It's not the first time, though. Iyong unang ka-mu ko ay mayaman din pero niloko lang din ako.

Buti nalang hindi naging kami tsaka hindi ako gaanong na-attach sakan'ya.

"Miss Zernandes."

"Ay Tyong ang sarap ko!" Agad akong napamulagat sa aking kinapupuan ng biglang tumaas ang tono niya kaya napasigaw ako.

My eyes widen as I held my lips.

"What?" She asked, a bit confuse.

Marahang kinagat ako ang aking pang-ibabang labi bago umiling-iling.

Kasalanan n'ya rin naman, eh. Kung hindi s'ya sumigaw edi sana hindi ko nasabi 'yon.

"If you're not interested in this job, you can freely take your leave." Seryosong saad nito kasabay nang paglapag nito ng mga dokumento sa lamesa niya.

Her eyes bore into mine as she clamp her jaw.

"Hindi naman sa gano'n, Qionne. Nag-iisip kasi ako tapos bigla kang sumigaw kaya nagulat ako. Clearly, it's not my fault kasi in the first place ikaw ang sumigaw at hindi ako." Dahil sa aking dahilan ay mas lalong kumunot ang kan'yang noo.

She even fold her arms at her desk as she look at me with deadpan eyes. "Are you saying that it's my fault?"

Tumango-tango ako habang matamang nakatitig sa mga daliri n'ya.

Ang haba.

"You're unbelievable." She mumbled under her breath as she massage her forehead.

Mahinang tumawa ako bago ituon ang aking siko sa lamesa saka humalumbaba. I give her a cute smile na ikinaismid n'ya pero hindi rin naman nagtagal ay huminga ito ng malalim at sinamaan ako ng tingin.

"Stop smiling."

"Ayoko." Mas lalo kong nilawakan ang aking ngiti na mas ikinaigting ng kan'yang panga.

Seconds after at hindi pa rin naalis ang ngiti sa labi ko ay umiling na lamang siya at kinuha ang isang folder sa gilid. Iniusog nito palapit sa akin ang ilang documents saka ako tinanguan na para bang sinasabi n'ya na buksan ko.

Marahang tumungo ako at tiningnan ang iniabot niya.

It's a contract.

"I want you to be my personal assistant. I know it's far from your nature because Jackus had said that you are also a model and as for that manner, you can still do it as long as it won't affect your job with me. But if I were you, don't accept other offers because I can lend you some. You can still work as a freelance model but, . . .for my opinion, if you just want to consider it, let Jackus' company to give it to you. You will not just work for me but also with Jackus as one of his aspiring model." Mahabang litanya nito na mariin kong pinapakinggan.

I think mas better naman 'yong sinabi n'ya dahil nakakapagod ring maghanap ng mga racket. Hindi kasi lahat ng offer lalapit sa'yo. Minsan kailangan talagang hanapin.

"If you have any concerns or anything you want to change in the contract, don't hesitate to ask."

Tumango-tango ako sakan'ya bago muling ipagpatuloy ang pagbabasa.

There are several rules but three caught my attention.

•*Don't invade my privacy. It include things that you shouldn't interfere when we are together.*

•*Let me do what I want. We should always know our places.*

And the last one caught me off guard because I just found myself staring at her.

•*We're not close and will never be but know how to respect me and I will do the same. Always be professional. I hate dramas.*

Muli kong ibinalik ang aking atensyon sa pagbabasa at akmang pipirma na ako nang mahagip ng aking mata ang given salary.

Ampotangina.

20,000 a week and another payment if you should go with me in terms you shouldn't and out of our contract. Every thing you do for me will be paid.

Iyong 20,000 na offer n'ya ilang shoot ko na 'yon for specific product.

"What? Any problem?" Inosenteng tanong niya nang mapagtanto niyang kanina pa ako nakatingin. "Is the salary isn't enough? How much---"

"That's too much, Qionne."

Her eyebrows unfurrowed but it instantly met after a few second.

"It's just enough." She said in monotone but I just hissed and shook my head.

"One week is only compose of seven days. Ang laki mo naman magpasweldo." I exclaimed but she just shrugged her shoulder and calmly lean on her swivel chair.

"Your work isn't that easy. There are times that you will be up all night and days that you can't even check yourself if you still look good. I don't pay high and give unjustified works." She stated as she look at me and heaved a cold character. "Work is work. I don't like that you will ever include personal things in it because it will surely be affected."

Ilang minuto kaming magkatitigan sa mga mata ng isa't isa hanggang sa nakita ko ang pagdaloy ng ilang emosyon sakan'ya.

I've decided to smile at her and just drop the topic dahil mukhang wala talaga s'yang balak baguhin 'yon.

"Nga pala, may kulang sa rules mo."

Her brows met in unison.

"What is it?" She seriously asked.

I giggle. "Wala 'yong '*don't fall in love with me*' something gano'n. 'Di ba sikat 'yong ganoon tapos parehas silang mahuhulog kaya ang ending magiging sila----"

"I don't like drama. If you'll fall, then go. You can fall in love with me but don't expect me to do the same. I am not up to those kind of stupid rules." She hissed and meet my stares. "Just guard your heart though. I don't like someone who will like me first than I do."

Imbis na ma-offend sa sinabi niya ay mahinang tumawa lang ako.

"Edi ikaw ang unang ma-fall sa'ting dalawa. Hindi naman mahirap 'yon, eh. Alam ko ngang mahal mo na 'ko ngayon."

She immediately averted her gazes and shut her eyes tightly.

Mukhang napipikon na s'ya.

"Tyong---"

"Qionne." She corrected again. "Jackus is the only one who can call me on that stupid name." Labas sa ilong na sambit n'ya saka tumayo at nagtungo sa isang area.

Automatikong sinundan ko s'ya ng tingin dahil ngayon ko lang napansin ang suot n'ya.

Hindi ko na sasabihin kasi baka pagnasahan n'yo rin s'ya. Bawal 'yon. Mga bastos kayo.

Ang mga babae ay dapat iginagalang lalo na kung Qionne Valentine ang pangalan.

"Won't you leave and attend your class?"

Bahagyang napapitlag ako sa biglaang pagsasalita niya pero ipinagsawalang-bahala ko na lamang ito at nagpatuloy sa pagtitig sakan'ya.

Mabilis akong magulat. Huwag mo lang akong abangan sa madilim sa lugar at gulatin ay pwedeng mamatay na agad ako.

"I don't have morning class as of now. Mamaya pang 1 at 3 ang umpisa." Isang sulyap lamang ang kan'yang ibinigay sa akin bago tumango.

She's busy pouring a glass of wine in her glass until she gets back at her chair and face me.

"Hindi mo man lang ako aalukin n'yan? Ang bait mo namang boss." Panggugulo ko sakan'ya dahil hindi man lang ako inalok.

Hindi naman sa gusto kong uminom dahil una sa lahat ay may class pa ako mamaya. Ayoko na ulit pumasok na lasing 'no.

Isa pa, hindi ako masyadong mahilig sa alak. Umiinom lang kasi ako kapag birthday ng isang kaibigan ko at kapag libre syempre.

"You're still a kid. Alcohols aren't advisable to give." Agad akong napasimangot sa kan'yang sinabi saka malditang umirap.

"Ang saya mo talagang ka-bonding 'no? 'Yong totoo, marunong ka bang makipagbiruan?" This time, she's the one to rolled her eyes and take a sip to her drink.

"My life is not a joke."

"Wala akong sinabi na joke ang buhay mo. Walang hiya naman, Qionne. Ang lungkot ng buhay mo pwede bang pasayahin ko?" Pagpapasimple ko na mataman n'yang inilingan.

"I told you, I am straight." Rebut na naman n'ya.

"And I also told you that you're just straight and I am a flirt. Aanhin mo ang pagka-straight mo kung hahawaan kita ng kabaklaan?"

Jusko, konti nalang idodogshow ko na ang babaeng 'to. Nakakaubos s'ya ng dugo kausapin.

"You're gay?" Hindi ko alam kung sarcastic ba 'yan o talagang it's unintentional to ask.

Mahinang pumalatak ako bago tumayo at saka itinuon ang mga kamay ko sa lamesa n'ya.

She immediately looked up and stare back at my eyes. I flashes a sweet grin at her before shooking my head.

"I'm not gay. I'm just yours."

She hissed.

"Yeah, confirmed."

"That I'm yours?"

"That you got a flirty ass." Malditang inirapan n'ya ako saka inisang lagok ang alak na nasa baso n'ya.

I can't help but stare at how she lick her lips after drinking those liquors. Even how her throat form like a wave after she drink it, it's so sexy of her.

I didn't notice that I've been looking at her the whole time because I just found myself getting lost in her cat emerald eyes.

What a view.

"You're drooling, Miss Zernandes." She stated after removing some paperworks above her table and put it aside.

Ang akala ko ay kukuha s'ya ng mga bagong papeles dahil ang daming nakatambak sa table n'ya pero ang siste ang kinuha ay alak.

Ang gandang babae pero ang lakas mag-inom kahit umaga.

"Can't help it. You're too pleasing to look at, Miss Hillaris." Nakangiting litanya ko pero hindi man lang ako nilingon.

Grabe. Napaka-straight naman ata n'ya.

"Straight ka lang ba talaga o hindi ako marunong lumandi? Which of the two?" Parang tangang tanong ko na muli niyang ikinalingon sa akin.

This time, her left eyebrow is arching but she immediately averted her eyes to the glass she's holding and play with it.

"Both."

"Ay, gagi, tangina. Foul ka do'n, ah!" Singhal ko.

Her eyes flickered in darkness for a while before she put down the glass and stand up. She also leaned on the table kaya naman magkalapit na naman ang mukha naming dalawa.

"Why are you cursing at me? I told you, I don't like rude people." Malalim ngunit paos na bigkas niya.

I smirk. "You don't like them because you love yourself. You're also rude. Masyado mo naman atang mahal ang sarili mo, Qionne. Selflove yarn?" Pang-aasar ko pero walang kahit na anong emosyon ang mababatid sakan'yang mukha.

"Selflove is a must." She utter out of the blue.

"Indeed pero mas maganda kung isasama mo 'ko."

"Then that's bullshit." Diretsong aniya na ikinairap ko.

Ampota talaga. Sumusobra na ang babaeng 'to.

"Wala ba talagang awa 'yang bibig mo? Tangina, Qionne---"

"I told you not to curse and stop being rude----"

"Oh, edi tangina with respect! Hallelujah, mabuhay ka." Sarkastikong wika ko habang magkalapit ang mukha naming dalawa.

Halos mag-isang linya ang mga kilay n'ya and her lips, it is extremely press.

Bahagyang nag-igting ang kan'yang panga nang magsalubong ang mga mata naming dalawa.

"Don't try me, Zernandes." Madiing wika n'ya na ikinangisi ko.

"What if I want to *try* you?" I lick my lower lip and glance at hers. She doesn't have any lipstick because it can easily distinguish as a natural one. "Or how about, let's try each other? We'll do a best shot, Qionne."

"I. Don't. Like. You."

I chuckled and held her nape to bring her face closer to mine. I even tilt my head to had a better access and angle of her gorgeous face.

Our nose touches and I can feel her softness against mine.

"Kiss me and try to say that again." I said using my bedroom voice.

Her eyes remains emotionless until I smile that made my eyes a one of a kind crescent moon. Her orbs gets darker as it flickered in vast majority of my knowledge when it comes to distinguishing someone's emotion.

She was about to move her lips to utter a word when suddenly, we heard a loud scream followed by a fallen object.

"Oh my God, may bold!!!!"

Mabilis na naitulak ko palayo si Qionne matapos marinig ang matinis na boses. My heart beat accelerated as I looked at where the voice came from.

A woman who looks so shock stared back at me. Behind her is Jackus who also look surprise. Bahagya pang nakaawang ang labi nilang dalawa at 'yong babae naman ay hindi makapaniwalang nakaturo ang hintuturo sa direksyon namin ni Qionne.

I looked at the floor para sana tingnan iyong nahulog at hindi ko mapigilang hindi mapangiwi nang makitang iPhone 'yon.

It's not just one but four.

Wala pang box ang mga 'to at puro nakalabas na. Sa tingin ko naman ay hindi 'yon basag pero inilaglag lang talaga nila?

"What the hell are you two doing here?" Qionne's voice lingered as I glance at her side.

Mahahalata pa ang pagtataka sa kan'yang mukha nang tumayo siya at lumapit sa mga bagong dating.

She kissed both of their cheeks but I remain still and just look at the three of 'em.

"I thought you're enjoying Mexico for your whole vacation. What's with the sudden visit, Eli?" For the first time, I heard Qionne's tone soften a bit.

It's not that noticable because her stern voice remains but the little softness it brings? I am sure that it did.

Who's that woman?

"I've decided to surprise you sana para ayain pumuntang Japan but I was the one who got surprised here." Sagot noong babae pero sa akin siya nakatingin.

Her eyes stayed on my being like she was trying to know who I am.

We were battling through our eyes until Qionne cleared her throat. Bahagya pa n'yang inakbayan ang babae na ikinataas ng kilay ko.

Ang kapal ng mukha. Hindi man lang nahiya sa'kin na magiging girlfriend n'ya.

Hindi ko talaga papatabihin sa'kin 'tong si Qionne mamaya kapag tutulog na kami. Sa sofa ko s'ya papatulugin tutal mukha s'yang tanga na nakaakbay sa ibang babae.

Pumangit s'ya bigla ng ilang decimal point.

"Oh, that's Kara." Jackus interfere at bahagyang tinapik ang balikat ni Qionne na wala atang balak ipakilala ako.

Abala lang s'ya sa pag-akbay sa babaeng 'yon na parang nanghuhusga kung tumingin.

Akala mo naman ang ganda.

Oo, maganda s'ya pero dzuh?! Mas maganda pa rin ako d'yan. Hindi ako papayag na id'down ko ang sarili ko.

Self-support.

If no one is supporting you then support yourself. If there's no someone to be there for you then be that someone else.

Hindi naman kasi laging may tao na sasamahan ka. Minsan mas mabuti na rin na mag-isa ka lang because in the end of the day, it will always be you and yourself alone.

Naks! Seryoso 'yon.

Kailangan ko lang pala magselos sa letseng mga hindot na nasa harap ko para makapagbigay ng words of wisdom.

Walanghiya kasi 'tong si Qionne, eh. Napakawalang modo! Kapag talaga 'to nanligaw sa'kin hindi ko sasagutin.

Eto ngang hindi n'ya pa ako gusto nambababae na agad sa harapan ko. Paano pa kapag naglaway na 'yan sa'kin?

"Kara?" Nagtatanong na ani noong babae.

Jackus and Qionne nodded in unison before the latter motioned me to come close.

I rolled my eyes on her saka tumabi ng tayo kay Jackus. He lightly nudge me with a teasing smirk but I just snort and casually look at the other two.

"Kara Zernandes." Pagpapakilala ko saka marahang iniabot ang aking kamay dahil kahit naman nabubwisit ako sa mukha ni Qionne na nagbabanta ay may manners pa rin ako.

The girl glance at Qionne first before accepting my hand. She flash a bitch face and nod her head.

"Haeliy." Simpleng pakilala nito saka binalingan ang katabi niya na hindi matanggal ang mata sa akin.

I clamp my jaw and lightly pinch Jackus dahil kanina n'ya pa ako pasimpleng sinisiko na halatang nang-aasar.

"Ano ba?" Mahinang singhal ko sakan'ya nang hilahin n'ya ako papunta sa couch ng hindi nagpapaalam doon sa dalawa.

Aalma palang sana si Qionne noon nang hilahin din s'ya ni Haeliy papunta sa table n'ya.

Ang pangit nila.

"Selos ka naman agad d'yan." Natatawang puna ni Jackus saka pabirong nginisian ako. "Masarap bang humalik si Tyong?"

My brows furrowed at his question before tilting my head to the side to meet his gazes.

"Pinagsasasabi mo d'yan? Baklang 'to."

Maarteng pinagkrus nito ang kan'yang mga binti saka nagsimulang magpaypay. Akala mo talaga ang init eh ang lamig lamig dito sa office ni Qionne.

"Naghahalikan kaya kayo kanina noong pumasok kami. . ." Mas lalong kumunot ang aking noo sakan'yang sinabi dahil imposible naman 'yon. Kung hindi sila dumating ay baka pa. "So, what now? Masarap bang humalik ang babaeng 'yon---"

"We didn't kiss!"

Wala sa sariling nagkatinginan kami ni Qionne nang sabay kaming nagsalita accidentally. Her eyebrows

are extremely furrowed as her eyes are gleaming with intense annoyance.

"Woah, kailangan sabay?" Natatawang puna ni Jackus na pinukulan namin ng masamang tingin.

I even kick his feet that made him complain.

Bwisit talaga ang baklang 'to, eh.

"Then what's with the position earlier?" I am not sure but I think I heard Haeliy's tone out of playfulness.

Seryoso ang mukha n'ya pero may mapang-asar na gumuguhit sa mga mata n'ya.

"Shut up, Haeliy." Istriktong suway ng isa na ngayon ay masama ang tingin sa akin na para bang sinasabi n'ya na kasalanan ko.

Nanisi pa si kumag.

"Why would I shut my mouth, Valentine? That was the first time I saw you kissing and the fact that it is a girl---"

"I said shut up!" Her voice raised as she clench her jaw and warningly look at the woman beside her.

Haeliy rolled her eyes as she shook her head and walk towards our direction.

Tumigil ito sa aking harapan at matamang tinitigan ang aking mga mata.

"Did you kiss?" Baliwalang tanong n'ya na ikinasinghal muli ni Qionne. "Shut the fvck up, Qionne Valentine! Isusumbong kita kay Mama at Daddy kapag hindi ka tumahimik d'yan."

"I am not a damn kid, Haeliy. Don't tell me what to do!" This time ay halos mahulog ako sa aking upuan nang marinig ang tila isang kulog na boses ni Qionne.

Her voice is dangerous and you will never distinguish any hint of emotion in it. It doesn't sound bossy---it sounds like a rule that is need to obey. . .it was like chastising without doing anything.

"Calm down, Qionne." Pagsingit ni Jackus sa usapan na ikinairap noong isa. "Masyado kang high blood. Daig mo pa ang magm'menopause na."

"You don't care." Malditang tugon noong isa saka matamang tumalikod sa aming lahat para harapin ang malawak na city sa likod n'ya.

I heard Jackus small chuckles and Haeliy's sighs.

Nang balingan kong muli itong babae na kasama namin na may gawa kung bakit pikon na pikon si Qionne ay nakapikit ito at malalim na humihinga.

Sarap sanang sampalin nito kaso baka ako ang tumilapon kapag nakita ako ni Tyong dahil mukhang close sila kahit ang taray n'ya dito sa dalawa.

"Kara, right?" Agad na tanong nito nang kumalma s'ya. Marahang tumango lang ako bago ko nakita ang isang maliit na ngiti sa labi n'ya. "I am Haeliy Hillaris. Qionne's younger sister."

Halos manlaki ang aking mga mata nang marinig ko ang sinabi niya.

Putangina?!!

Mga gagi kayo bakit n'yo s'ya sinabihang pangit kanina eh ang ganda ganda nito. Mukha ngang isa s'ya sa mga myth goddesses.

Masyado kayong laitera. Dapat talaga sinasampal kayo kakabash n'yo sa iba.

"Ah---hi?" Awkward na ngumiti ako sakan'ya bago tumayo ng maayos. "Nice to meet you." Dagdag ko na ikinangiti n'ya lalo.

Ang ganda ng babaeng 'to. S'ya 'yong tipong hindi pwedeng sampalin kasi baka magkapasa ang pisnge na mas rosy pa sa rose.

Dapat s'ya ay inaalagaan ng matiwasay para gumanda ang ating buhay.

"Are you sure you didn't kiss?" Agarang tanong niya na mabilis kong inilingan.

Isa pa lang ang nahahalikan ko and I swear not to kiss someone else again na hindi ko jowa.

Putangina kasi noong mga makukulit na junior high school student na napakagugulo. Nagtutulakan sila no'n sa cafeteria eh nakapila ako kaya nang naghaharutan sila ay naitulak ako noong isa tapos saktong may dumaan at lumingon sa direction ko kaya nagtama 'yong labi naming dalawa.

Grabe 'yong hiya ko that time kaya hindi ko na napansin kung sino s'ya dahil nawala ako sa sarili. Lasing kaya ako that time kasi broken no'n si Migo at Scoby kaya nag-ayang uminom.

Edi syempre alas-seis nag-iinuman na kami tapos eight o'clock yung first subject naming lahat dahil senior high school palang kami no'n. Graduating kami that time and lahat naman nasa legal age na.

Literal na bangag kaming lahat tapos late na noong narealize namin na wala ring kwenta 'yong inuman kasi isipin mo magkasamang nag-inom 'yong magjowa na parehas broken sa isa't isa edi parang tanga lang? Walang kwenta 'yong break up nila dahil noong nalasing ay nag-comeback agad.

Sayang lang 'yong ibinili ko ng limang pisong lollipop para hindi ko masyadong malasahan 'yong gin.

"Bhie, ano na? Hanggang anong oras ka matutulala d'yan? Muntanga ka." Hindi ko mapigilang kumisap-kisap nang marinig ang tinig ni Jackus.

I glared at him but he just shrugged and sat down beside me. Nang hanapin ng aking mga mata kung nasaan na si Haeliy ay nakita ko itong nakangiti at tila pinapaamo si Qionne na nakasimangot at may suot na airpods.

Napakasuplada talaga ng babaeng 'yon. Akala mo naman sobrang ganda eh totoo naman.

Kung makikita n'yo lang si Qionne ay literal na matutulala rin kayo.

Hot mommy kahit walang anak.

"I'll get these." Monotone na asik ni Qionne saka itinaas ang iPhone 13 Pro na Sierra Blue.

Marahang tumango si Haeliy at itinuro ang mga natitirang cellphone sa harapan nilang dalawa. "How about the others?"

"Give it away."

Baliwalang asik ni Tyong saka niya inabala ang sarili sa hawak hawak n'yang phone.

Bahagyang kumunot ang aking noo dahil parang wala lang sakan'ya kung ipamigay ang ibang phones. Like what the hell? Tatlo pa kaya 'yon.

I heard Jackus stifling some laugh beside me kaya nagtatakang nilingon ko siya pero sa akin naman siya nakatingin.

"Don't look at her like she's doing something unbelievable. Normal 'yan kay Qionne kapag trip n'yang magwaldas ng pera n'ya." Mahinang saad nito at para bang ayaw n'yang marinig ito ng iba naming kasama.

I grimace.

Iba talaga ang trip ng mga mayayaman.

"Magwawaldas ng pera para naman may magawa sa buhay?" Nakangising tanong ko pero tumawa lamang ito.

"iPhone palang ang pinabili n'ya kaya barya lang 'yan. Saka kana mag-react ng sobra dahil bumibili 'yan ng resorts, rest house or maybe mansion kapag bored s'ya."

My lips parted for a while before shooking my head in disbelief.

Wala akong masabi.

Basta malandi ako na medyo bakla kay Qionne, tapos.

"Kara, sa'yo nalang 'to." Parehas kaming napatingin ni Jackus kay Haeliy na bigla na lamang lumapit at inilapag sa harap ko ang mga phones na hawak niya. "I don't know anymore kung kanino ko ibibigay 'yang mga 'yan. Kakautos ko lang sa secretary ko na ipadala ang ibang iPad na ipinamigay ni Qionne sa ilang students noong isang araw. Nakakahiya na ulit mag-utos."

"Ha? Anong gagawin ko dito?"

"I dunno. It's your choice either you will sell it or just give it to others. Ikaw na ang bahala nai-stress na ako sa boss mo." She gently remove some strands of her hair out of her face.

I cleared my throat after seeing how beautiful she is.

Ang ganda naman pero mas maganda si Mommy Qionne na masama na naman ang tingin sa direksyon namin habang pinaglalaruan ang phone n'ya na parang fidget spinner.

Ano bang problema n'ya? Daig n'ya pa ang buhat ang mundo dahil sa mukha n'yang 'yon.

Mukha laging mananapak.

Okay lang kung ako ang sasapakin n'ya basta sa kama kami babagsak parehas.

"Let's go out? Lunch na." Pag-aaya ni Jackus saka tumayo at s'ya naman ang umakbay kay Haeliy ngayon.

Pansin kong hindi gaano katangkad si Haeliy compare kay Qionne pero maganda naman ang tindig n'ya. Para nga s'yang model, eh.

"Qionne's treat---"

"No." Agad na putol ni Tyong sa kapatid n'ya matapos nitong tumayo na my dalang mga papeles.

"Grabe naman, Tyong. Ang yaman yaman mo pero once in a blue moon ka lang manlibre." Pagrereklamo ni bakla habang nakasimangot at nagm'make face.

I chuckled.

Gwapo s'ya pero sa ngayon ay mukha s'yang batang nasaktan kasi tinulian.

"I always treat you in every country you ever wanted, therefore, shut your nosy mouth now, Jackus."

Jackus snorted.

"Kailan ka ba mauusuhan ng sarcasm at tripback, ha, Qionne? Hindi kana natuto makipagbiruan." Singhal ni Jackus saka ako tinanguan kaya tumayo ako.

Akmang lalapitan ko na sila ni Haeliy na halatang pinagtitripan si Qionne ng may biglang humila sa damit ko na aking ikinatigil.

"Stay." She mouthed.

Nakatulalang sinundan ko s'ya ng tingin nang magpunta siya sa direksyon ng kapatid n'ya at ni Jackus saka sinabihan na mauna na silang umalis.

Tangina. Stay daw.

Kailangan n'ya na ata ako sa buhay n'ya.

Alam ko naman.

"You didn't sign the contract." She started after the two leave the both of us alone.

Prenteng iniabot niya sa akin ang mga kontrata at isang ballpen na hindi ko agad kinuha.

"Won't you get this? I'm getting tired holding these damn papers, Zernandes." She grumble but I just chuckled and held her hand as I intertwine it with mine after getting the papers away from her.

"Nangangalay ka lang palang dalhin ang mga papel na 'yon kaya ako nalang ang hahawak sa kamay mo." Malawak ang ngiting saad ko na ikinairap n'ya lang.

She stayed close next to me habang nakayuko ako at pinipirmahan ang kontratang nakapatong sa desk n'ya.

Hindi n'ya mailayo ang kamay n'ya sa'kin dahil ang higpit ng pagkakahawak ko.

Masyado kasi akong mabait para hawakan ang kamay n'ya at hindi ito hayaang mangalay.

Stan me. I am the right person for Qionne.

"Ayarn! Boss na kita." Proud na saad ko pero mataman n'ya lamang akong tinitigan at umiling.

"Bakit ganyan ka tumingin?" Nagtatakang tanong ko dahil hindi n'ya matanggal ang mga mata n'ya sa akin.

Suddenly, she cleared her throat and look away.

"My hand."

Wala sa sariling itinaas ko ang kamay naming magkasiklop. "Yours?" Tanong ko na tinanguan n'ya.

"Mine." She stated.

Sa hindi malamang dahilan ay bigla ko na lamang naramdaman ang pamumula ng aking mga pisnge.

She said that single word while looking at my eyes and vice versa. Hindi ko alam but it brings tickled and satisfaction on me.

Putanginang kabaklaan 'to, heto na naman s'ya. Tuwing nagkakasama kaming dalawa ni Qionne na kami lang ay feeling ko lumalala na ako.

Parang minsan gusto ko nalang halikan ang babaeng 'to pero dahil mas mataas pa ang pride ko sa Burj Khalifa ay hindi ko 'yon gagawin.

Swear, s'ya ang unang hahalik sa'kin kahit ako ang may crush sakan'ya.

Sabi ko naman kasi sainyo, I like whom I like and I will love the person I will to love. Kahit maging balyena pa 'tong si Tyong ay g pa rin. Wala akong magagawa do'n kung crush ko s'ya kasi in the first place hindi ko naman pinilit ang sarili ko.

Aanhin ko

[Content truncated due to length]

Chapter 5

Kara's POV

"ISA KANG MALAKING RED FLAG, HILLARIS!!! WALANG HIYA KA! ISINUSUMPA KITA! HINDI KA TALAGA MAGKAKA-ASAWA KUNG HINDI KAYLEIGH RAESH ZERNANDES ANG PANGALAN!!" Malakas na sigaw ko habang masama ang tinging ipinupukol sakan'ya.

Kakatapos lang kasi naming kumain at nasa sasakyan n'ya na ulit kami. Ewan ko kung saan ako dadalhin nito. Bahala s'ya sa buhay n'ya.

Matapos n'ya akong itulak kanina malapit sa kanal? Akala n'ya ba mapapatawad ko s'ya?

Syempre naman yes pero kiss muna.

Pagkalabas kasi namin sa mall ay ang confident ko pang maglakad. Akalain mong nauuna pa ako sakan'ya kasi kausap n'ya si Haeliy sa phone tapos bigla na lang n'ya akong itinulak sa gilid eh may kanal do'n.

Like putangina with manners 'di ba?

Alam kong malandi ako sakan'ya pero sakan'ya ko gustong ma-fall at hindi sa kanal.

"Lower down your voice." Saway niya habang mahigpit ang pagkakahawak sa steering wheel.

"Bakit ako tatahimik? Muntik na akong mamatay kanina---"

"That's why I pulled you at my side. You were too preoccupied not to see that speeding car coming into your direction! I just didn't expect that there is a canal there. Jeez, am I clear now for what I've done?"

Pairap na humalukipkip ako at sumimangot.

Hindi ko napansin na mababangga pala ako kanina kasi iniisip ko 'yong sinabi n'ya na dalhin ko ang mga anak n'ya.

As in. Pagkatapos n'yang sabihin 'yon ay basta n'ya nalang akong iniwan at pumasok sa isang restaurant. Hindi na rin ako nakapag-salita after that dahil iniisip ko kung ilang anak ba ang gusto n'ya.

Tingin ko hanggang three lang ang kaya ko.

Kara for three points and then bam! Pasok kay Qionne.

"Kara----"

"Huwag kang maingay d'yan. Isa kang walking red flag." Putol ko bago nakahalumbabang lumingon sa bintana.

"Does being a red flag remove my rights to express and speak for myself?" Inosenteng tanong niya na mahina kong ikinapalatak.

"Ewan ko sa'yo. Ang hirap mo minsang kausapin. Halikan nalang kaya kita?" Hindi tumitinging batid ko.

"Tch. Who's the red flag now?" She murmured na mabilis kong ikinalingon. Nang mapansin n'ya atang nakatingin ako sakan'ya ay mabilis itong sumulyap sa akin at tinaasan ng kilay. "I didn't utter even a single name."

"So hindi mo sinasabing ako ang red flag sa'ting dalawa?"

She shook her head.

"Sort of."

Tumango ako.

"Eh bakit ipinapamukha mo na ako---"

"Shut up, Zernandes. Swear if you won't shut your mouth, I will drop you here alone." Pikong aniya at napansin ko ang pagdilim ng kan'yang mukha.

Dapat talaga natatakot ako sa aura n'ya pero nakakaakit kasi. Idagdag pa na ang hot n'ya magdrive lalo na siguro kung ako ang id'drive n'yan.

"Stop the car." Seryosong saad ko habang nakatingin sa bintana.

"Huh?"

"I said stop the car!----hoy gagi bakit mo nga inihinto?" Agad na bawi ko nang ihinto nga n'ya sa tabi ang sasakyan.

Salubong ang kilay na tiningnan n'ya ako bago idinukmo ang ulo sa may manibela. "You told me to stop."

I hissed.

"At inihinto mo nga? Ang dali mo namang kausap." Masamang nakipagtitigan ako sakan'ya before I held the car's interior door handle.

"Where are you going?" Malditang tanong niya nang makita n'yang binubuksan ko ang pintuan pero nakalock.

"Sa labas." I tried opening the door again but it is locked. "Unlock the door, Qionne. Lalabas ako."

She sit down properly before unlocking it. Tinaasan n'ya pa ako ng kilay na para bang hinihintay n'ya talaga akong lumabas.

"What are you waiting for? Get out."

My lips parted as I pointed the unlocked door. "Seryoso ka? Magt'ten pm na tapos iiwan mo ako rito?"

"You wish for it, Kara." Malalim na bumuntong hininga ito habang walang emosyon ang mga matang nakatingin sa akin. "Now go out."

Isang matalim na irap ang ibinigay ko sakan'ya at akmang bubuksan ko na ang pintuan ng mabilis na pinaharurot niya ang sasakyan.

"Hey, what the fvck----Qionne!!" Sigaw ko dahil nilampasan n'ya lang ang ilang red lights.

Ampota ayaw kong matulog sa police station.

"Akala ko ba---shit, dahan dahan! First time ko 'to kaya be gentle."

She quickly glance at me before shooking her head and continue driving with a high speed.

"Kapag talaga nabangga tayo Qionne ibabaon kita sa kama ko!" Pagrereklamo ko pa pero tila bingi naman 'tong kasama ko dahil gano'n pa rin kabilis ang pagpapatakbo n'ya.

Nasusuka na ako.

"Can I vomit in your car?" Paalam ko na ikinalaki ng kan'yang mga mata.

She instantly shook her head.

"Hell no, Zernandes." Mariing tanggi niya pero naduduwal na talaga ako at nahihilo.

Walang hiya naman kasi kasalanan n'ya 'to, eh. Mabilis akong mahilo at magulat. Hindi ko na kasalanan 'yon.

"Hold on, Kara. Fvck. Don't try to puke here----oh, gosh." Hindi na ako nakapag-react pa sa mga sinabi niya dahil agad akong naduwal.

Hindi ako mabilis malasing pero ayaw ko kapag mabilis ang pagpapatakbo sa sasakyan. Pakialam ko kung Lamborghini ang sasakyan n'ya? Nasusuka ako at kasalanan n'ya 'yon.

"Shit." She cussed as she stop the car in front of wherever we are.

Unti-unting lumapit ito sa akin matapos tanggalin ang seatbelt n'ya. I just lower down my head and grimace after realizing that I'm not feeling good anymore.

Bahagya akong pumitlag nang maramdaman ko nalang ang paghagod niya sa aking likod at ang mahihina n'yang pagmumura.

Pati mura n'ya english. I wonder kung nagsasalita ba 'to ng tagalog dahil hindi ko pa s'ya naririnig gumamit no'n.

"I don't have a water." She mumbled while continuously rubbing my back.

Maya maya pa ay naramdaman ko ang paglabas niya sa sasakyan habang nakatungo pa rin ako at hindi nag-aabalang mag-angat ng tingin.

Nakakahiya naman salubungin ang mata n'ya pagkatapos kong sumuka diba? Ang dugyot pero alam ko namang maganda pa rin ako.

"Qionne, what have you done?!" Ani ng kung sino matapos kong marinig ang pagbukas ng pinto sa gilid ko.

"I don't know, Haeliy." Problemadong sagot noong isa at mababanaag ang frustration sa boses n'ya. "Is she still conscious?"

"Yeah."

I squinted my eyes and gently massage my forehead dahil hilong-hilo pa rin ako sa pinaggagawa ni Tyong.

Feeling ko talaga s'ya ang papatay sa'kin.

"Kara, hey." Pansin ni Haeliy sa akin kaya namumungay ang matang binalingan ko siya. "Can you walk?"

Marahang tumango lamang ako at lumabas ng sasakyan. Hindi pa ako tuluyang nakakababa ay halos madapa ako dahil sa biglang pag-ikot ng aking paligid.

Umiikot 'yong fountain.

Magic.

"Look what you've done, Qionne. Take her to your room. Tatawagan ko 'yong family doctor natin." Mariing saad ni Haeliy bago ko narinig ang papalayong yabag niya.

I wet my lower lips and tried taking a step forward pero agad akong nagitla ng may mga brasong pumulupot sa bewang ko. Her sweet mint scent invade my nostrils as I felt her skin giving intense electrifying effects on me.

Tila wala sa sariling nakapikit ako magmula nang maramdaman ko ang pag-angat ko mula sa sahig.

"Where are you taking me?" Paos na untag ko pero tanging isang malalim na hininga lamang ang nakuha ko mula sakan'ya.

I slightly opened my eyes and her strict hefty facade welcome me. Matamang nakatitig ito sa harapan habang buhat buhat ako pero mahahalata ang pagkagat niya sa kan'yang pang-ibabang labi.

I gulped.

Ang gandang babae nito.

I didn't notice that my lips already form a sly grin not until I notice how my heart beats irregularly.

It's too fast.

I breathe heavily and slowly place my hand in it until I notice the soft mattress against my back. She carefully laid me and put the comforter the same level as my waist band.

"Qionne." I softly mumbled as I open my eyes and meet hers. I give her a smile but she just look at me and went back to my side.

Prenteng umupo siya sa aking gilid at mariing tinitigan ako.

"Have I gone too far?" She asked but looks like she's asking herself.

Nakangiting nakatitig lamang ako sakan'ya hanggang sa nakita kong maliit na tumaas ang gilid ng labi niya. I really thought that she's smiling but no, it's just a plain coincidence that the side of her lips turned

up.

Matamang magkatitigan lamang kaming dalawa hanggang sa lumapit ito sa akin at inayos ang ilang hibla ng aking buhok.

"I'm sorry." She mumbled. "I know it's my fault but it's yours too. It's not just mine, Kara."

Mahinang natawa ako bago s'ya pabirong inirapan.

"Nags'sorry ka ba talaga o naninisi? Nag-duo pa talaga tayo sa kasalanan mo."

She lowly hissed.

"If you're not hard-headed---"

"Edi kasalanan na natin. Nagbibiro lang naman ako kasi akala ko hindi mo talaga ihihinto." I pout my lips and look away.

Mali talaga ang mga napapanood at nabasa ko, eh. Bakit do'n hindi inihinto tapos kay Qionne ini-unlock pa ang pinto.

Ampotang 'yan.

"Kara," she called that caught my attention. "How are you feeling?"

I sighed.

"Mm, I'm fine. Umayos ka nga d'yan. Mukhang mahihimatay kana." Pabirong saad ko dahil namumutla na ata s'ya sa tabi ko.

She was about to move her lips when suddenly, the door open revealing Haeliy and a guy which I think is already at his early fifties.

"Miss Hillaris." Bati noong lalakeng bagong dating na tinanguan lang ni Qionne.

Hindi ba s'ya marunong bumati pabalik? Puro tango lang s'ya. Ayaw ata sa verbalization ng babaeng 'to.

"Kindly check her, please. She almost fainted earlier." Nakakunot ang noo na batid ni Haeliy saka sinamaan ng tingin ang kapatid n'ya. "I'll just excuse my *sister's* presence here."

Bahagyang ngumiwi ako nang makita ang pagpapalitan nila ng masasamang tingin.

What's with these siblings?

"Sure." Pagpayag naman nitong doktor na may kung anong ginagawa.

Nang makalabas iyong dalawa ay agad na ngumiti sa aking ang lalakeng kasama ko.

He talks about several things but the only thing that caught my attention is the statement he said that my blood pressure increase dahil sa ginawa ni Qionne.

Sabi na delikado talaga ang buhay ko sa babaeng 'yon. Maganda lang talaga s'ya but she will be the death of me.

At last ay binigyan n'ya lang ako ng ilang reseta ng gamot na kailangan kong inumin na tinanguan ko lang.

Tahimik na nakatulala ako sa pader ng kwarto kung nasaan ako.

Kipkip ang kumot sa aking dibdib, bahagyang sumandal ako sa headboard at kinagat ang pang-ibabang labi.

Malalim ang iniisip na tumungo ako pero agad din akong napatunghay nang marinig ko ang pagbukas-sara noong pinto.

Qionne entered the room with a comforter and pillow on hands. Nakasimangot na umupo ito sa gilid ko at inilagay sa aking tabi ang nga dala n'ya.

"What are you doing?" Takang tanong ko nang humiga siya at itinaklob ang unan sakan'yang mukha.

"Trying to sleep?" Patanong ding tanong niya.

"I mean---ano, bakit dito?"

She sighed and turn around to face me. She gently tap her side---lowkey telling me to lay down properly.

Nang makahiga ako ay humarap din ako sakan'ya na ngayon ay nakatuon ang isang siko sa kama at doon siya nakaunan. Her eyes pierce into mine as she blink multiple times and bit her lower lip.

"Haeliy ordered me to sleep here with you. I don't even know why I needed to." Kalmado ngunit iritadong usal niya saka pabalang na umirap.

Wow, parang labag talaga sa loob n'ya na tabihan ako 'no?

"Edi do'n kana sa room mo. As if namang gusto rin kitang katabi." Malditang tugon ko saka siya tinalikuran pero hindi pa ako tuluyang nakakatagilid para talikuran siya ay agad n'yang hinawakan ang kaliwang balikat ko at muling hinila pababa kaya napahiga na naman ako.

Ampotang babae naman, oh.

Wala ako sa mood makipaglandian sakan'ya kaya 'wag s'yang magbigay ng mixed signals at baka masampal ko pa s'ya.

Ang kalandian ko ay may pinipiling oras.

"You need to change your clothes." She utter softly.

Nang sulyapan ko s'ya ay naka-silk geometric g print pj's set na ito.

Pati pang-tulog n'ya designer brand.

"Where's the clothes?" Taas kilay na tanong ko and as if on cue, someone knocked on the door and

eventually open it.

Nakangiting pumasok si Haeliy pero agad din siyang napatigil nang makita ang kapatid n'ya na nakasimangot at masama ang tingin sakan'ya.

She pointed Qionne.

"Kailan mo pa nagustuhang magsuot ng pajama tuwing tutulog ka?" Hindi makapaniwalang tanong n'ya at bahagyang napapangiti.

She went near me and place a nightwear set on top of the bed.

"Since you bragged yourself at my wardrobe earlier and told me to sleep here." Inis na untag ni Tyong saka inirapan ang kapatid n'ya.

Haeliy on the other hand just shrugged and look at me with a smile. "Here's your clothes nga pala. If ayaw mo sa mga 'yan, just ask Qionne to call me para madalhan ulit kita ng damit."

Tumango ako at nakangiting nagpasalamat.

I noticed that she's not that fluent in speaking at tagalog. Medyo slang pa s'ya.

"Magpapalit lang ako." Paalam ko kay Qionne na tahimik na tumango lang matapos umalis ni Haeliy sa kwartong 'to.

Isa lang ang nakita kong pinto dito aside from the main door palabas ng kwarto at ang isang glass wall papunta namang balcony.

Nang makapasok ako sa cr ay agad kong tiningnan ang mga damit. There's a pair of normal pajama at mayroon ding katulad noong kay Qionne.

Pansin kong puro designer brand 'to. Like what the fvck? Hindi ba sila marunong gumamit ng hindi gano'n?

I just take a quick shower and blow dry my hair after that. Nang makapagbihis ako at makapag-toothbrush ay agad akong lumabas ng cr pero hindi pa ako nakakaapak palabas ay narinig ko na agad ang iritadong boses ni Qionne.

"Damn you to the fvcking hell you freaking guy! Stop disturbing the hell out of me. I'm so tired of your bullshit." Mariing saad niya habang nakakuyon ang kamao.

Ilang segundo siyang natahimik bago ko nakita ang pagdilim ng kan'yang mukha.

"I already have a date so you better keep your distance. I don't like you and I will never be!"

She slowly look at my side that got me taken aback because she didn't notice my presence at the first and second minute.

She closed her eyes and heaved a deep breath. Panandaliang kumalma siya bago ako tanguan at tinapik ang kabilang side niya.

"Then back out. I don't need some stupid ass in my company." Nayayamot na aniya saka pinatay ang

tawag at basta na lamang inihagis sa nightstand ang cellphone n'ya.

I jump to the bed and reach her creasing forehead. Bahagyang minasahe ko ito habang nakangiti.

"Palagi ka nalang nakasimangot." I stated na lalo niyang ikinakunot ng noo. "Try to smile, Qionne. It fits you."

"I don't feel like smiling as of now."

I chuckled and continue to ease her knotted forehead na unti unti ring nawala.

"Sino ba 'yong kausap mo at parang manununtok kana?" I asked but she just shrugged.

"Remember one of the rule. You can't invade my personal life." She casually mentioned that stop me from moving.

Bahagyang tinitigan ko ang kan'yang mga mata but there's only dullness and longing in it while she's looking at the other side of the room.

What's with the emotion?

Akmang hihiga na akong muli para matulog na dahil wala naman akong makukuhang sagot mula sakan'ya. Ipapamukha n'ya lang ang mga rules na gawa-gawa lamang ng mga illuminati.

Aanhin ko ang pagsunod sa mga rules na 'yan kung pwede namang baliin 'di ba? You only live once. Kung gusto mong pumatay, gawin mo.

Charot!

Naging masama pa akong impluwensya nito eh ang bait bait ko since birth. Sperm palang ako ay sumasamba na ako.

"One of my stubborn suitor." Maang niya na ikinatingin kong muli sakan'yang direksyon.

Her eyes were reflecting a lost soul underneath the mist of living.

Why does it seems so hard to enter her life? It is like she already closed all her doors and you will easily say that just by looking in her eyes.

A cat emerald green eyes that were reflecting the beauty of nature. Those orbs that always seems penetrating to your soul and judging every part of your being. It's intimidating and such but I will not deny the fact that her eyes brings comfort, softness, and solace.

What a great instrument to give comfort and consolation in time of distress.

Her eyes were earthly emerald but having her beside me is heavenly.

"What's his name?" Tanong ko.

She lowered her head. "Noah."

Tumango-tango ako.

"Okay."

Bahagyang tumalikod na ako sakan'ya at humiga dahil halata namang ayaw n'yang pag-usapan ang bagay na 'yon kaya hindi ko na pipilitin.

Makulit at madaldal lang ako at isama na rin natin ang pagiging malandi pero ayoko namang mamilit ng tao. If they don't want to tell their story? Then be it.

I'll just wait until they are ready to share it right in front of me.

"Kara," rinig kong tawag niya.

I hummed without opening my eyes.

"Am I really a red flag?" Parang batang tanong nito na ikinangisi ko.

I am not looking at her but the tone she used is enough for me to say that she looks adorable right now.

"No." Saad ko.

Hindi ko pa naman siya nakikita as a red flag. Sa totoo lang, I don't like labelling someone as a red flag dahil iba iba naman tayo ng pananaw.

Si Qionne pa nga lang ang harap-harapang sinasabihan ko n'yan but I know that I don't mean it. I know too that she know that I am not serious as well earlier while spitting those words out of my mouth.

Halata naman kasi sakan'ya na hindi s'ya naniniwala sa'kin kanina noong sinabihan ko s'ya pero ngayon na nagtatanong s'ya? She seems serious about it.

"But a lot of rumors said that I am." She mumbled, almost didn't reach my ears.

I sleepily open my eyes and held her arm para humiga na rin s'ya dahil hanggang ngayon ay nakaupo pa rin ito sa kama.

Bahagyang tinitigan n'ya muna ako bago humiga. She faced me and scan my features which I do the same.

She looks like a grace from heaven.

"Rumors lang naman 'yon."

"Noah said it himself." She stated right away na ikinasalubong ng aking mga kilay.

"Naniwala ka naman?" She bit her lower lip and look away. "Baka red flag ka sakan'ya pero sa'kin hindi. Iba iba naman ata ang pakikitungo mo sa'min."

She breathe deeply as she bit her lower lip harder na ikinatulala ko.

Mas lalong namula ang mga labi niya na ikinatuyo ng aking lalamunan.

How can someone be this sexy and gorgeous just by biting and licking her lower lip?

Unfair na talaga.

"But what if I am a red flag? Will you continue to be with me?" Panghahamon niya na ikinabalik ko sa katinuan pero hindi pa rin naaalis ang tingin ko sa labi niya.

"Mmm." I agreed.

I wet my lips and gulp.

"Maganda naman sa mata ang color red kaya syempre papayag ako." I smirk and held her cheeks.

Bahagyang tumaas ang gilid ng labi niya pero agad din itong nawala.

Her hand slowly roam around my pajama as she held the collar of my top. Bahagyang napapitlag ako nang magtama ang balat naming dalawa.

Our eyes are battling in sync with the tune of our own melody. I swallow a huge lump in my throat but it didn't help because I was startled to the fact that she's buttoning my top.

"You should keep it close. It's one of your private area." She reminded while our eyes are still intact with each other.

Ang ganda talaga.

"I f-forgot to ano---oo nakalimutan ko lang." I scratched my cheeks but I can't help but to bite my lower lip.

Goodness. Nababakla na naman ako.

"Q-qionne." I said, stuttering.

"Hm?" She hummed.

I shutly closed my eyes and hardly clamp my jaw.

"Red flag kalang naman if ever, eh. Handa naman akong maging flag pole."

I was just closing my eyes while feeling the loud heartbeat of mine when I suddenly hear her soft chuckles.

I opened my eyes in awe.

"Y-you chuckled." Parang tangang saad ko pero balik na naman sa pagiging neutral ang mukha niya.

Ni hindi ko man lang naabutan na tumatawa siya.

She lightly nodded.

"You just made me laugh, Kara."

I smiled.

Achievement unlocked.

Sa susunod hindi nalang tawa ang gagawin n'ya kapag kasama ako.

....

Antok na antok na suminghap ako matapos marinig ang sunod sunod na pagkatok sa pintuan.

"Hmm, Tyong." Tawag ko sa aking katabi na ngayon ay hindi ko alam kung gising na ba.

I heard her groans and raucous complains.

"Open the door." Mahinang utos ko habang pilit isinisiksik ang aking ulo sa unan.

Inaantok pa ako.

"Qionne." Tawag ko pa pero wala na akong nakuhang sagot mula sakan'ya.

I grumble as I slowly open my eyes. Medyo blurry pa noong una dahil sa liwanag pero nang makapag-adjust ay agad namilog ang aking mga mata.

Oh my wawawiwaw.

Ang agang dessert.

"Open the door, Zernandes." She mumbled under her breath but I just gulp and watch her lightly toned stomach.

Ang puti talaga ng taong 'to.

Bahagyang tumaas ang kan'yang suot nang gumalaw siya at tumihaya ng higa. Mas lalong nanuyo ang aking lalamunan ng umabot sa kalahati ng kan'yang tyan ang dulo ng damit niya.

Hindi gaanong mahahalata ang abs n'ya dahil hindi naman gano'n ka-toned pero punyemas na yawang tarantado, anim s'ya bhie.

Wala sa sariling napahawak ako sa aking labi gamit ang kanang kamay ko dahil agang-aga pero inaatake na agad ako ng kademonyohan.

Can't help it tho. Nakakapaglaway ang babaeng 'to.

"Kara." Pag-uulit n'ya sa pangalan ko kaya aksidenteng nakagat ko ang aking hintuturo habang malawak na nakangiti.

Pailing-iling na tumayo ako at nagtungo sa pintuan dahil baka mabigwasan ako ni Qionne kapag hindi ako umalis do'n.

Ang aga aga pero halos sambahin ko na naman s'ya. It's just that her body is the epitome of sexiness.

It's a temptation.

Pansin ko rin kanina na may mga nunal s'ya sa may pusod at dahil nga maputi siya ay kitang-kita ito.

Ang hot ni Mommy.

"Good morning." Bangag na bati ko pabalik kay Haeliy dahil nakangiting mukha niya ang sumalubong sa akin pagkabukas ko ng pinto.

Her smile gets wider. "Si Qionne asaan?" I pointed my back kaya bahagyang sumilip siya saka tumango. "Pakigising nalang tapos baba na kayo after. The breakfast is ready at may meeting pa 'yan mamaya."

I nodded my head and wait for her to leave bago ko muling isarado ang pinto saka nagtungo sa tapat ng kama.

Qionne is sleeping peacefully----looking like an innocent baby. Her long eyelashes is the first thing I noticed because her eyes are still shut.

Kapansin-pansin naman kasi talaga ang mata ni Qionne. It is hypnotizing and can be consider as a predator hungrily looking for her prey.

Her lips twitch for a second before she pulled the comforter up and put it above her head.

Parang isang bata na nakatalukbong siya habang yakap-yakap ang isang unan. Bahagyang tumaas ang gilid ng labi ko bago nagtungo sa cr para mag-ayos muna ng sarili.

Mamaya ko na s'ya gigisingin dahil mukhang antok na antok pa siya.

Matapos kong gawin ang morning ritual ko ay agad akong bumalik kung nasaan siya pero tulog pa rin. It's already quarter to 8 am pero ang lalim pa rin ng tulog niya.

I went near her and pulled the comforter away from her saka ko siya dinaganan. Mahinang natawa ako sa sunod sunod na daing niya habang nakahiga ako sakan'yang ibabaw.

"Wakey-wakey-Mommy!" Masiglang saad ko habang nakatuon ang dalawang kamay sa magkabilang gilid niya.

I sat at her stomach and start tracing her face but I immediately bite my lower lip ng unti-unting magbukas ang kan'yang mga mata.

Her eyes stays on mine. Her emerald green eyes were bright as of now compare to the usual eyes I've seen.

"Qionne." Tawag ko pero kumisap-kisap lamang siya.

"Ka---"

"Guys, kakain na!!!" Malakas na sigaw ng kung sino mula sa labas na pumutol sa dapat sasabihin ni Tyong.

I throw my head at the side of the door at akmang aalis na sa pagkakapatong kay Qionne nang maramdaman ko ang pag-angat ng aking katawan at marahang ibinaba niya ako sa kama.

She effortlessly put me down at the bed as she stood up straight and massage her forehead.

Bahagyang lumingon siya sa salamin at banayad na pinasadahan ng mga daliri niya ang kan'yang

buhok. Ilang beses n'ya pa itong inulit bago ako lingunin.

"You can go first to the dining area. I'll just go to my room."

Ilang segundo ko muna siyang tinitigan bago tumango at naglakad patungo sa pintuan. I can feel her presence behind me and she's also the one who open the door.

Pasimpleng iminuwestra niya ang pinto kaya nakaismid na lumabas ako. Agad bumungad sa akin ang mahabang corridor kaya nagtatakang nilingon ko siya na nasa aking likod.

"Turn left and you'll find the stairs. Go down then turn right and then trail the direction where the glass panel is. After that, find the pool at the backyard because we are spending our breakfast near it." Detalyadong pagpapaliwanag niya na ikinangiwi ko lang.

Ang lawak lawak naman kasi ng bahay nila, eh. Ang hina ko kaya sa direction kaya hindi imposibleng maligaw na naman ako.

"Hihintayin nalang kita."

Matamang tinitigan n'ya lang ako bago umiling at nauna nang maglakad.

She then open another door pero it's far different from the rest. It is a black modern geometric and minimalist design.

Nang buksan n'ya ito ay agad bumungad ang isang maaliwalas na opisina. It is way too far from her office at her company because this one----this one feels like home.

I know this is meant to be a workplace but the ambience is perfect. The other side of it compose of which I think is for the visitor pleasantly expensive-looking but it will never make you feel small. It is just enough to satisfy your eyes.

"You can stay here for the meantime. I will just fix myself." Paalam niya bago magtungo sa isang pintuan at diretsong lumisan dito.

I think this is a part of her bedroom and not just a plain office.

Ilang minuto lang din akong nakatayo at nakasandal sa may pader habang nag-iintay sakan'ya. Hindi ko nga alam kung bakit hindi ako nag-abalang umupo eh ang dami-daming upuan dito.

I glance at the digital clock and it's only five minutes simula noong iniwan ako rito ni Qionne. Nagdaan pa ang tatlong minuto bago siya muling lumabas sa pintong pinasukan n'ya kanina.

Nakapang-bahay pa rin siya pero ang fresh pa rin n'yang tingnan. Ang unfair. Bakit ako kapag nakapang-bahay tapos loose shirt mukhang labandera na kakatapos lang magsampay ng damit?

"Let's go?" Aya n'ya matapos ilock ang pinto. I just shrugged at hindi na pinansin ang ginawa niya saka lumabas.

"You took a bath." She stated to herself while we're walking down the stairs.

"Huh? Syempre naman. Ikaw ba hindi naligo?" Takang tanong ko na inilingan lang n'ya.

Hindi pa s'ya naligo sa lagay n'yang 'yan?

Mas fresh ba s'ya sa virgin.

Charot.

"I just did a quick wash up because I think you didn't take a bath as well."

"Ganyan ba kadugyot ang tingin mo sa'kin? Gagi bakit naman hindi ako maliligo?" Natatawang pahayag ko pero sumimangot lamang siya at hinila ako sa kabilang direction nang akmang kakanan ako---kanan ba 'yon o kaliwa?

"I just thought so and I don't want someone to wait for me longer than what I expected." Mahinang batid niya saka tumikhim.

Ang laki masyado ng bahay nila. Hindi naman ako gutom pero tangina naman parang mamamatay ako sa fatigue if ever na gutom na gutom ako tapos napakalayo ng kusina.

"Ah so kaya hindi ka naligo kasi ayaw mong maghintay ako?" Simpleng tango lamang ang kan'yang itinugon na aking ikinangisi. "Edi mamaya ka pa liligo?"

She nodded again.

"Pagkatapos mong maligo saka kalang papasok sa trabaho?"

Tumango ulit siya.

"Edi pwedeng sumabay akong maligo sa'yo kasi papasok ako sa school?" She was about to nod her head for the nth time when realization hits her.

Nagtatakang tiningnan n'ya ako bago umiling at hindi makapaniwalang suminghal.

"Goodness. I don't want to be with you in the bathroom."

"Edi sa pool tayo maligo."

"No."

"Sa ilog?"

"Nah."

"Sa cr ng kwarto ko?"

She stopped walking as she face me with her usual stoic face. Isama pa ang walang emosyon n'yang mga mata at nakatiim na mga bagang.

Gigil yarn?

"Why would you invite me in your private comfort room, Zernandes?" She asked in monotone but I just grin and tap her cheeks.

"Mabait kasi ako. Aayain ba kitang maligo kasama ako kung hindi ako mabait at nagtitipid sa tubig?" Nakangiting litanya ko pero iniiwas n'ya lamang ang kan'yang mukha sa akin at inis na tinitigan ako.

"I can pay for my water bills." Diretsong aniya saka ako tinalikuran at nagpatuloy sa paglalakad.

"Mayaman ka nga tapos hindi ka naman naliligo pagkagising----" I cut myself midway as I bit the inside of my cheeks and press my hands together. "---kaya bilang matalinong ako, I had a suggestion for you."

My eyes twinkle that made her glance at me.

"Spill."

"Sasamahan nalang kita sa banyo at babantayan para naman may taga-sabon ka." I wiggle my brows but she just look at me with no emotion at all. "G ba?"

"G." She agreed that bring smile on me---"In your dreams."

Laglag ang pangang iniwan n'ya akong mag-isa at lumapit sa kapatid n'ya na abala sa pagbabasa ng kung ano. She kissed Haeliy's cheeks the moment she reach her and take her seat after that.

Nakangusong lumapit ako sakanila bago batiin si Eli na nakangiti.

Bwisit na 'yan.

Paasa ang hayop.

Umasa na ako, eh. Akala ko part ng pagiging assistant n'ya ang pagsama ko sakan'ya sa banyo.

"Kara." Agad kong inayos ang aking mukha at tumigil sa pagkakalabi nang marinig ko ang tinig ni Haeliy na tinatawag ako.

"Yes?"

"Free ka ba the day after tomorrow?" Sandaling nag-isip ako bago tumango.

Weekend 'yon kaya wala ako masyadong gagawin. Depende nalang kung may ipapagawa si Qionne.

"Good! I wanna invite you sana na magmodel sa bagong ilalabas na collection sa clothing line ng friend ko. She's asking for a model and I wanna recommend you sana." Nakangiting paanyaya niya na tatanguan ko na sana nang sumingit naman si Qionne the great na ang sarap supalpalin ng mukha.

Kanina pa ako nabubwisit sa mukha n'yan. Naglilihi na ata ako sa anak naming dalawa.

Just kidding!

Si Tyong kasi nang-aagaw ng hotdog.

Lima 'yong nakahain sa lamesa tapos noong una hindi ko pa type kainin kasi busy ako sa toast bread ko. Hindi ko nga namalayan kanina na paubos na pala kasi ayon ang kinain nang kinain ni Qionne.

Noong kukuha na sana ako kanina ay bigla n'yang kinuha 'yong isang natitira tapos nang-aasar na tiningnan pa ako.

Ampotang babae adik sa hotdog.

Hindi nga sana ako kakain no'n kasi ayaw ko sa cheesedog pero hindi naman gano'n ang flavor.

"Who's your friend, Eli?" Malalim ang boses na tanong ni Qionne matapos uminom ng kape.

I rolled my eyes and focus on my food.

Akmang isusubo ko na ang bacon na nasa plato ko nang mamataan ko ang bahagyang pagkagat ni Qionne sa dulo ng tinidor niya.

Okay, okay, kalma.

May bago na naman akong pangarap.

Gusto ko nalang maging tinidor para dilaan din n'ya.

Walang charot charot kasi matapang ako.

"Jia." Simpleng sagot noong isa na ikinasama ng timpla ni Tyong.

Mabilis na pinunasan n'ya ang gilid ng kan'yang labi bago umiling. "No."

"Anong no? You're not Kara to decide."

"And so?" Mataray na itinuon ni Qionne ang kan'yang siko sa glass table at matamang tinitigan ang kapatid n'ya. "We have to do something on that day, Eli."

"Can't I ask for her presence in the morning? It's an opportunity for her. Don't be too selfish." Haeliy exclaimed but I almost throw my utensils away after the woman in front of me slam the table using her bare hands.

Nagtatangis ang bagang na tumayo ito bago huminga ng malalim, trying to compose and calm herself but her eyes were speaking for her. It is glowing in anger but I think she's really good at handling her own self because she can still get a grip.

"You heard my answer, Haeliy. It's a no."

Nakatangang isinubo ko ang isang slice ng pancake habang pinapanood sila pero halos mabulunan ako nang balingan ako ng tingin ni Tyong.

Ampota bakit parang damay ako?

"What's your problem this time? Para naman 'yon kay Kara and not for you. Kakaumpisa n'ya palang magtrabaho para sa'yo but here you are, blocking all the remaining opportunity for her." Matamang tinitigan ni Eli ang kapatid niya habang prenteng umiinom lang ako ng juice.

Masarap pala ang grape flavor? Hindi ako mahilig dito eh.

"Don't push me to my limits, Haeliy." Pinal na pahayag ni Qionne bago ito umatras at tumalikod.

"Then stop being a manipulative ass you are, Valentine!"

I thought she's going to walk away as what she always do pero agad kong nakita ang pagkuyom ng kan'yang mga kamay matapos marinig ang sinabi ni Eli.

Oh, ghad.

This is war.

Marahang pinunasan ko ang aking mga labi at umayos ng upo para mapanood silang dalawa.

Hindi ako makikialam d'yan 'no. Away magkapatid ata 'yan. Hindi naman nila ako kapatid kasi asawa ako ni Qionne.

Choss.

"Shut up, Haeliy." Nanlilisik na asik ni Qionne habang pinipigilan ang sariling makagawa ng kung ano dahil base pa lamang sa pagkuyom ng kan'yang mga kamay ay halatang nagtitimpi na talaga s'ya.

"What now? You're being irrational again and at the end of the day you will question why people keep on leaving you when the reason is clearly out."

Chapter 6

Kara's POV

Nakatulalang tinititigan ko si Tyong na ngayon ay inaayos ang blazer niya.

Dahil mabait ako, ish'share ko muna ang suot n'ya ngayon dahil ngayon ko lang s'ya nakitang naka-office attire na hindi dress or something like that.

She's currently wearing an envelope 1976 bahamas moss green oversized wool-crepe blazer, green t-shirt inside partnered with hedone high rise stove pipe jeans, a salvatore ferragamo belt and to complete her look, she wore a Ralph Lauren suede boots.

In short, smoking hot.

She's not showing skin that much but the way she stand and bring herself to the crowd, ghad, it's enough to get the crowd attention.

Everyone that sees her surely wants her.

"You're drooling."

"I'm proud." Nakangiting saad ko habang nakahalumbaba sa glass table n'ya.

Kakalabas n'ya lang sa kwarto n'ya dahil papasok na raw s'ya sa opisina. Balak ko ngang sumama nalang sa office n'ya tapos after lunch nalang ako pupunta sa university.

Malapit lang ang bahay namin do'n kaya doon nalang ako magpapalit ng damit.

"Hotdog lang ang kinain mo kanina." I stated before I get up and walk towards her that's having a hard time fixing her hair.

Nakalugay lang naman ang buhok n'ya pero maya't maya n'yang sinusuklay gamit ang mga daliri n'ya.

"Ano bang mali d'yan sa buhok mo?" Natatawang tanong ko saka inalis ang kan'yang kamay sa pagkakahawak dito at ibinaba.

I place some strand of her hair in front to come up with a new style. It looks like a curtain bangs saka ako tumingkayad para itali ang buhok n'ya. It results into a loose low ponytail. A li'l bit messy but not so messy because she looks so good with that style.

"Yan! Ang ganda mo d'yan." Malawak ang ngiting papuri ko at inayos pa ang ilang strand ng buhok n'ya pero agad akong napatigil nang mapansing nakatitig lamang siya sa akin.

I gulped.

Her eyes are mesmerizing and it is glowing in longing and confusion but it immediately faded when I hold her cheeks.

"What's wrong? Nai-inlove kana ba sa'kin?" Biro ko pero umirap lamang siya at inilayo ang kan'yang mukha.

She turn around and get her bag before glancing at me. "Let's go."

"Sa office?"

She nodded. "Yes."

Prenteng nakasunod lang ako sakan'ya habang iginagala ang aking mga mata. Ngayon ko lang talaga napagmasdan ang bahay na 'to kasi masyado akong preoccupied kanina.

"Who's that?" Tanong ko habang itinuturo ang isang painting na makikita habang pababa ng hagdan.

She stopped walking as she take a glance at me. Prenteng humawak ako sa handrail at inilibot ang aking mga mata sa painting.

It was dark.

A little girl standing in the middle----facing the lake----looks so lost while her hands are at her back, holding a long stem rose with thick thorns that cause her wounds to bleed.

The place was clouded with the shadows of the large trees branches, making the place more gloomy and almost surrounded by obscurity.

Her clothes torn apart. Her legs were bleeding. Her hair was messy. . .and her hands dripping with blood.

It's perfectly fine but creepy.

Too dark and phenomenal but astonishingly full of mystery.

"That's an art, Kara. What do you mean who's that?" I heard my companion ask but I can't take my eyes off of this masterpiece.

It's like a big part of someone's life---art is a big part of life tho.

In every chaos, there's always been an art resulting a beautiful disaster.

"Who painted this?" Tanong ko lang ulit at hindi ko mapigilang hindi kumurap-kurap at saka marahang inabot ang maliit na nakasulat sa baba.

'?? ?????????, ??? ?????????. . .????? ?? ??????????, ??? ???????.'

Tangina anong klaseng alien language 'to?

"Ael." I mumbled after touching the only thing I understand at the bottom.

Ael who?

I am too lost to the beauty of this masterpiece and I haven't notice that she already drag me down the stairs.

"Hoy, dahan dahan lang! Hindi mo ba alam ang phrase na be gentle?" Palatak ko sakan'ya na patuloy lamang sa paghila sa akin palabas ng bahay n'ya.

"Why gentle if you can be rough?" She asked as a matter of fact na ikinatigil naming pareho.

Napaisip ako doon, ah.

Hindi man halata pero nag-iisip din ako.

Matamang nakatitig lamang siya sa akin nang kumurba ang isang malanding ngiti sa labi ko. I gently tap her cheeks and planted a soft kiss on it.

She seems shock at my sudden movement but she remained compose.

I smirk.

"Rough ang nais pero why not? Basta dapat savage at goal na, homerun pa."

I chuckled and shook my head kasabay nang paglalakad ko paalis sa kinatatayuan naming dalawa kanina. Nasa harap naman na kami ng maindoor at may isang nakaparadang sasakyan na ang naghihintay doon.

Pansin kong walang ibang kasama si Qionne sa bahay kung hindi ako. No maids nor body guards. I wonder why.

So kung umalis din ako kanina noong iniwan s'ya ni Haeliy wala s'yang ibang makakasama?

Technically, automatically with a high probability, the answer is yes.

Asan ba ang magulang nito?

Hindi ko na itatanong kung nasaan ang asawa n'ya dahil andito naman na ako. Parang tanga naman kung itatanong ko kung nasaan ang sarili ko.

"Hello Kuya Edward!" Masiglang bati ko doon sa driver ni Tyong na nakangiting sumalubong sa akin nang makalapit ako sa sasakyan.

"Andyan po pala kayo, Ma'am Kara."

"Hindi, Kuya. Patay na katawan ko na 'tong nakikita mo." Mapagbirong saad ko pero ngumiti lamang siya at binuksan ang pinto. "Ay nga po pala."

I turned my face on him again and flash a kind smile. "Kara nalang itawag n'yo sa'kin, Kuya. Hindi n'yo naman po ako boss."

Tumango-tango ito at inalalayan ako papasok sa SUV. Hindi ko nga alam sa karamihan sa mga mayayaman kung bakit kailangan pa silang alalayan eh papasok lang naman sila sa sasakyan.

Ilang segundo lang ang nakakaraan ay agad sumarado ang pinto kasabay nang pagkalat ng pabango niya.

That sweet mint scent that never fails to amaze my senses everytime I inhale it.

"Miss Qionne sa office po ba?" Magalang na tanong ni Kuya Edward.

Sa tono palang n'ya ay halatang iginagalang n'ya talaga si Qionne.

"Yes." Simpleng tugon noong isa na ikinalingon ko.

As usual ay wala na naman siyang pakialam sa mundo at abala lang sa phone n'ya. Hindi ko nga alam kung anong ginagawa n'ya dahil masyado s'yang malayo sa akin. Mukha bang may nakakahawa akong sakit?

"Hoy, dito ka nga." Tawag ko pero umiling lamang siya. "Tyong---"

"It's Qionne, Kara."

I grinned.

"Val, dito ka." I tapped the space beside me but she just look at me plainly before shooking her head.

"Val, huh." She mumbled under her breath as she tightened her grip on her poor cellphone.

Ang akala ko ay uusod na siya palapit sa akin pero mas nagsumiksik lamang s'ya sa gilid.

Ampota parang ako pa ang boss sa aming dalawa.

"Val."

"Yeah?" Bored na tugon n'ya.

"Nagugutom ako. Pakain nga." Bangag na saad ko pero halos tumilapon ako sa una nang prumeno bigla si Kuya Edward.

Kung hindi lang nahawakan ni Qionne ang gilid ng damit ko ay baka may bangas na ako.

"Careful." She utter with her stern voice before I sit properly again.

Upong pang-dalagang Pilipina muna bago magkabangas.

"Edward." Isang beses pa lamang sinasabi ni Qionne ang pangalan ni Kuya ay agad na itong namutla. "Be careful next time." She added but the threat is visible on her tone.

"Sorry po Ma'am. Nabigla lang po." The guy apologized na aking ikinangiwi.

"Kuya, okay ka lang po ba?" Pagtatanong ko na tinanguan lang n'ya. Muli niyang ipinagpatuloy ang pagd'drive habang tahimik lang ako sa isang gilid.

Kasalanan 'to ng guardian devil ko. Kung ano ano nalang ang ibinubulong sa'kin.

Busy kasi 'yong guardian angel ko dahil na-late s'ya ng gising kanina kaya baka mamaya pa ako bumait.

"Your language, Kara." I've heard her say. "Always think before you speak. You might get into trouble because of that."

I nod my head and pouted. "Sorry."

Marunong naman akong mag-sorry pero minsan lang. Siguro mga once a month lang. Kapag kasi once a year baka isumpa na ako ng mga inaaway ko dahil humihinga sila sa harapan ko.

"What do you want to eat?" She asked after she heaved a deep breath.

Nakatungo lang ako at pinaglalaruan ang aking mga kamay pero tila pumalakpak ang aking mga tenga nang marinig ko ang kan'yang sinabi.

Tinatanong pa ba 'yon? Syempre s'ya ang gusto kong kainin.

Pero next life nalang siguro. Gutom na talaga ako.

"I want something spicy."

"Order for yourself then." Saad n'ya makalaon na ikinalabi ko.

Napakapaasa rin talaga minsan ng taong 'to. Minsan akala mo bumabait na s'ya pero biglang baba na naman ng hopes kapag nambara na.

"Ikaw nalang ang oorder'n ko, pwede?" I grinned after awhile as I lean my body not too close to hers.

She give me her famous deadpan eyes before rolling it.

"I'm not spicy."

"I'll spice your body in fire."

"Shut up." Agad na putol niya bago tumikhim at humalukipkip. "Don't smile, Zernandes!" Pansin na naman n'ya sa akin nang ngumiti ako ng malawak.

I chuckled at her sudden statement before I teasingly held my cheeks and press it together.

"My smile is my asset." I utter as I wink at her. She unbelievably shook her head and notably sigh.

"That's the reason why you look like a druglord."

My lips parted as my jaw slightly drop.

Amputangina?!!

"Hoy walang hiya ka---hoy, Valentino Dimagiba bumalik ka dito!!!" Malakas na sigaw ko ng agad na lumabas siya pagkatapos ihinto ni Kuya Edward ang sasakyan sa harap ng main entrance ng kan'yang kumpanya.

Ni hindi na nga n'ya inantay na pagbuksan s'ya ng pinto.

I clenched my jaw.

Walanghiya talagang Qionne 'yon. Sa ganda kong 'to sasabihan lang ako na mukhang drug lord? Ni hindi ko nga alam kung anong connection noon sa asset.

Sobrang nakakunot ang aking noo at nagtatangis ang bagang na nilingon ko ang taong naririnig kong

nagpipigil ng tawa. Agad akong napahinga ng malalim nang maalala na hindi nga lang pala kami ni Qionne ang nasa sasakyan kanina.

Eto nga at pigil na pigil ni Kuya Edward ang mga tawa n'ya na mas lalo kong ikinasimangot.

"Sige na Kuya. Itawa mo na 'yan at baka kabagan ka pa. Kasalanan ko pa 'yon." Masama ang timplang batid ko na tuluyan niyang ikinatawa.

It just took a few seconds bago ako nito tingnan na tila ba naa-amaze s'ya.

"Bakit po?" I can't help but ask.

He just shrugged and look at me thru the rearview mirror. "Hindi lang po ako makapaniwala na pangalan lang ni Ma'am Qionne ang tawag n'yo sakan'ya."

My forehead knotted.

"Huh? Ano po ba dapat?"

Isang simpleng ngiti lamang ang kan'yang ibinigay sa akin at saka umiling.

"Ayaw po kasi ni Ma'am na tinatawag lang s'ya sa pangalan n'ya. Kaya nga po halos lahat ng empleyado n'ya puro may Ma'am o Miss kapag tinatawag s'ya. Si Sir Jackus at Miss Eli lang po ang naririnig kong tumawag sakan'ya sa pangalan tapos ikaw." Tumango-tango ako at akmang magsasalita na nang mag-ring naman bigla ang phone ko.

Eto 'yong phone na bigay ni Val tapos number n'ya lang ang naka-save.

"Ano?" Agad na tanong ko pagkasagot ko ng tawag bago sumenyas kay Kuya Edward na 'wag na akong pagbuksan ng pinto.

"Where are you?" She asked with her stern voice.

Marahang isinara ko muna ang pinto bago nagtungo sa main entrance.

"Coming, Mommy---"

"Ma'am, excuse me lang po pero bawal po 'yong suot n'yo sa loob." Panghaharang sa akin noong guard.

Hindi ito 'yong guard the last time na nagpunta ako rito.

Bahagyang tiningnan ko muna ang aking suot.

T-shirt 'to ni Val, ah?

Ito 'yong ibinigay n'yang damit sa akin noong humiram ako kasi nagpalit pa ulit ako bago kami umalis.

Loose white shirt and a biker short partner with a sneaker and a sock. Bawal pala 'yon dito?

"Manong kasama ko naman po si Va---Miss Hillaris pala." I mentally cursed myself when I'm about to call her on her name.

Nagtatakang tiningnan lang naman ako ni manong at luminga-linga pa. Huli na nang mapagtanto kong hinahanap n'ya si Qionne eh nauna na sa loob 'yon.

Ampota.

"Wala naman po si Miss---"

"Let her in." A stern feminine yet husky tone cut him off. She's now standing with all her glory with a few steps away from me while boringly looking at her hand.

"Miss Hillaris." Bati ng mga empleyadong dumadaan na tinatanguan n'ya lamang.

'Yong isang simpleng tango n'ya good for ten people na.

"Add her name in my visitor list." Mababa ang boses na utos niya na ikinaaligaga noong mga guard sa harap ko.

Akmang magsasalita pa ako para pakalmahin sila dahil mukhang mahihimatay na ang iba dahil sa presensya ni Qionne ng may bigla namang humila sa aking braso.

"Let's go. I still have a meeting." She claimed just enough for the both of us to hear.

"Pero hindi pa nila alam ang pangalan ko."

She then give me a plain look. "They'll find it on their own. Don't worry about that."

Kaliwa't kanang bati ang natatanggap n'ya pero iyong tango n'ya talagang ang expensive. Paano pa kaya ang ngiti nitong babaeng 'to?

"Sino 'yon?" Bulong ko sakan'ya at pasimpleng itinuro ang isang babae na masama ang tingin sa amin---sa akin pala.

"That's Angel."

Oh.

"Pake ko?"

Mga nagbabantang tingin ang ipinukol nito sa akin ng tuluyan kaming makapasok sa elevator. I just chuckle and averted my gazes on the other side.

Angel ang pangalan pero mukhang demonyo.

"Gusto ka n'ya?" Kapag kuwa'y tanong ko na ikinatingin n'ya lang sa akin.

"I don't know and I don't care." Amazona'ng sagot nito saka pinagkrus ang mga braso sa dibdib.

"Ano bang klaseng Angel 'yon? Mabait?"

I admit, maganda 'yong Angel na sinasabi n'ya na nakatingin sa amin kanina. Halos kasabayan kasi dapat namin s'ya sa elevator kaso nang taasan s'ya ng kilay ni Qionne ay agad itong umirap at tumalikod.

"Satan."

My eyes widened at her response. "Hoy, backstabber ka!" Hindi ko alam kung matatawa ba ako sa isinagot n'ya o hindi dahil halatang wala s'yang pakialam doon sa babae kanina.

"Backstabber? Me? She's not even my friend." She rolled her eyes on me as she gorgeously clamp her jaw.

I giggle and just admire her beauty.

Ganda talaga.

"Bakit s'ya andito sa company mo?"

"She's a daughter of one of the stockholders." Simpleng sagot niya saka naunang maglakad. Nang mapansin n'ya atang nasa likuran n'ya lang ako ay binagalan n'ya kaya naabutan ko pa.

She's wearing a boots with heels now kaya lumaki ang gap ng height naming dalawa.

"Hindi mo man lang ba s'ya nabet'n?" I intriguingly ask once again after I greet her secretary.

She plainly shook her head and rest her back at her swivel chair the moment she reach it.

"I'm straight."

Nanunubok na ngumiti ako na mas ikinasimangot n'ya. Tingin palang n'ya ay halata ng ayaw n'yang ituloy ko ang aking naiisip.

But sharing is caring plus the fact na maalaga talaga ako kaya, "angels are from the heaven but I can take you there if you will let me." Proud na bigkas ko na malakas n'yang ikinapalatak sa alien language n'ya.

I cutely giggle and reach for her cheeks to feel her warmth against my palms.

"You pervert!" Singhal niya habang namumula amg mukha. Mas lalo akong natawa at nakuntento na lamang umupo sa harap ng table n'ya dahil puro iwas ang kan'yang ginagawa sa tangkang panggigigil ko sa mga pisnge nya. "Stop giving me that smile, Kara!" Angil na naman niya pero humalumbaba lamang ako.

"Ang dami ko namang kaagaw sa'yo." I utter out of the blue. "Pakasalan mo nalang ako ngayon. Hindi naman ako tatanggi, eh." I cutely pouted with matching beautiful eyes but she just snorted and gather some folder above her table.

"Do I look like I swing that way?"

I shook my head.

"Nope. You just look like you want me to be part of your every day." Nangingiting wika ko na ikinairap lang n'ya.

Ang tigas talaga.

Daig n'ya pa ang frozen hotdogs na ang sarap ibato sa mga magjowa sa kanto.

"Stop, Kara." She rebuke.

"Pero honestly, gusto ka talaga noong Angel na 'yon."

Isang malalim na hininga ang kan'yang pinakawalan saka hinilot ang kan'yang sintido.

Stress na naman s'ya sa'kin.

"What if she really do?"

"Edi wow. Sana mabuhay kayo ng magkasama tapos kung matutulog man kayo ng magkatabi syempre ako dapat sa gitna kasi malaki naman ang kama mo. Bawal mag-sayang ng space kaya doon ako." May halong kamaldatihan na bigkas ko na bahagyang ikinataas ng gilid ng kan'yang labi.

Amuse na naman siya.

Ginagawa talaga akong clown nitong taong 'to, I swear.

"Why do you care? You really like me?" She asked, a bit challenging.

I arch my left brow. "Crush kita mamatay man ang mga nagkakagusto sa'yo na kampon ng diablo."

Buhat sa aking sinabi ay tuluyan kong nakita ang pag-angat ng isang side ng labi niya----revealing a sexy smirk.

I gulp.

Ang ngisi ni Qionne ay nakawawala ng hininga kaya magkakape nalang ako sa sarili kong burol. Pakipaalala nalang na dapat Starbucks ang mga drinks ng ibang bisita tapos Red Ribbon at Goldilocks ang mga tinapay.

Kapag hindi 'yon natupad isa-isa kayong susunod sa'king lahat.

"It's just a plain crush. That'll fade away soon." Mahinahong bigkas niya ilang minuto ang nagdaan.

Wala na rin ang ngisi sakan'yang labi pero nanatili akong nakasimangot. "Paano mo nasabi? What if ikaw pala ang sisira sa buhay ko kasi iiwan mo 'ko kapag nafall ako ng tuluyan sa'yo---"

"That's why I'm telling you that I am straight, right? I am not up for any romantic relationship or anything regarding that matter. You're too young. Maybe you're just exploring." Nagkibit-balikat lamang siya at para bang siguradong-sigurado pa sa kan'yang mga sinasabi.

I flash my straight face before shooking my head. "I'm not that young. Magt'twenty one na nga ako 'di ba?"

"But compare to my age? You're still young, Zernandes." Mabilis na tugon niya saka nag-umpisang tumayo at tingnan ako ng mataman.

Nagpamewang pa siya bago lingunin ang isang clock.

"I still had a meeting to attend in ten minutes."

"With Angel?" Plantyadong saad ko dahil aminin ko man o hindi, gusto kong ingudngod ang mukha nitong si Qionne doon sa babaeng Angel na 'yon na mukhang ipinadala sa Earth dahil hindi s'ya pwede sa langit.

"Yes." Tumango-tango siya. "Any problem with that?"

"Wala! Aalis na ako. Kailangan ko pang pumasok sa school." Labas sa ilong na paalam ko bago tumayo pero nang makatalikod ako ay saka ko lang narinig ang mahihinang tawa n'ya.

'Wag kang lilingon, Kara. Ampota, marupok ka sa taong maganda ang ngiti.

Tuluyang manganganib ang buhay ko kapag nahulog ako ng tuluyan dito kay Valentine. For sure 'yan.

"What if you see me flirting with her?" I heard her ask na ikinairap ko sa kawalan.

"Edi congrats natuto ka nang mag-flirtback." Sarkastikong wika ko ng hindi pa rin lumilingon. "Pero sana 'wag ka nang magpakita sa'kin kapag humarot ka sa iba. Parang awa mo na Hillaris, ayaw kong masaktan ang kamay ko sa pagsampal sa'yo."

"What? Why me?!" She asked, a bit sounds like exaggerating.

Mahinang pumalatak ako saka siya mataray na hinarap.

"Syempre crush kita kaya magseselos ako pero siguro hindi ko naman kayo aanuhing dalawa ng kalandian mo. Crush lang naman kita kaya wala akong karapatan kaya enjoy your life. Lumandi ka sana sa iba ng hindi namamatay." I rolled my eyes at my last statement but she just take a few step forward until she's hovering over me.

I saw how she heaved a small grin.

"Thank God I'm straight." She mumbled with a hint of relief but when I tried mimicking it, she immediately throw death glares.

"Pero kung babaliko ka talaga sa'kin at ginawa mo 'kong girlfriend? Ihanda mo 'yang mukha mo kapag nakita kitang lumandi sa iba." I give her a sweet yet killing smile that got her taken aback.

Marahan kong hinaplos ang braso niya pataas sakan'yang balikat hanggang sa ipulupot ko ang aking mga braso sa batok niya.

"Dahil kapag ako may nakitang lumalandi sa'yo? Hindi ako mag-aabalang batuhin 'yon ng tinapay. Anong katangahan 'yon 'di ba? Binato na n'ya ako ng bato sa panghaharot sa'yo kaya babatuhin ko 'yon ng rebulto. Tangina bakit tinapay ang ibabato ko eh ang lambot lambot no'n? Walang hustisya kapag gano'n kaya ihanda mo rin yang mukha mo dahil babangasan talaga kita." Barumbadong asik ko habang may ngiti sa labi.

I saw how her throat moves when I slide my fingers at her neck and gently holding it.

More on choking but not really choking.

Bahala kayo umintindi. Umiinit ang ulo ko sa pinag-uusapan namin ni Val.

Pasalamat s'ya ulo ko ang umiinit at hindi katawan.

"That's hard will you be if you'll be someone's girlfriend?" Inosenteng tanong n'ya pero umiling lamang ako at bahagyang tumingala sakan'ya.

"No, baby. That's how hard will I be if you will make me yours." I hoarsely mumbled while staring intently at her luscious lips. "So don't swing this way because once I make you mine," I give her my killer smile that made her eyes soften for a second. "I will never let you go."

She gulp multiple times before I notice how her eyes became darker than the usual.

"I am your boss." She stated na ikinatawa ko lang.

"Not in our situation earlier." I teased that just made her roll her precious eyes.

Isang mapang-asar na ngiti ang ibinigay ko sakan'ya bago ayusin ang t-shirt niya saka siya marahang hinila pababa para magtapat ang mukha naming dalawa.

"I maybe your personal assistant but if you will be my girl, I'll be the boss one."

Kampantent nakangiti lamang ako habang hinaharot harot siya but my world almost stop spinning after I saw how she half-smiled.

Whattheholyfvckingfvck?

I can do the dishes.

I can do the laundry.

I can be her baby.

"Val," bulong ko sa pangalan niya habang namumungay ang mga mata.

"Be your own boss." She started as I stiffened after feeling how her arm wrapped on my tiny waist.

Bahagyang itinapat nito ang kan'yang bibig malapit sa aking tenga.

"But not in my bed."

I gasp and tightened my grip at her nape.

Goodness.

I'm dying now.

Chapter 7

Kara's POV

Masayang kumakain ako ng spicy flavored fries habang naglalakad papunta sa bahay namin.

Hindi ko na pinapansin ang mga chismosa na nakasunod sa'kin dahil sanay na ako sa mga 'yan. Kung makatingin akala mo talaga may ambag sa buhay ko.

Umalis na rin kasi agad ako sa company ni Val noong nagpunta s'ya sa meeting n'ya kasi ano namang gagawin ko do'n 'diba? Nagtext nalang ako sakan'ya na mauuna na ako pero nang lalabas na sana ako ay agad akong hinarang noong secretary n'ya tapos iniabot 'tong paper bag na puro pagkain.

Hindi ko talaga alam kung matutuwa ba ako kay Qionne o hindi dahil napakamasunurin n'ya rin. Ang sabi ko kanina gusto ko ng spicy food pero hindi ko sinabing sili!

Walang hiyang 'yong may lamang isang plastic na sili iyong paper bag tapos lahat ng pagkain maanghang. Kahit nga itong hawak kong juice ay maanghang.

Buti nalang may awa pa 'yon kahit papaano dahil may isang bottled water na kasama.

Mabait si Tyong pero 'yong pagiging mabait n'ya nakakamatay.

Hindi mo kasi minsan alam kung genuine pa s'ya o sarcastic sa mga pinaggagagawa n'ya sa buhay.

Ewan ko do'n sa babaeng 'yon. Ang mahalaga busog ako.

"Ate!"

"Oh?" Simpleng tugon ko sa aking kapatid na sumalubong sa akin pagkapasok ko sa bahay.

I gave her my remaining foods at marahang ngumiti. "Wala kang pasok?"

She slightly nod her head and cutely smile.

"Meron po pero hindi na muna ako pumasok."

My eyes squinted.

"Why? Ubos na ba ang baon mo? Dapat pumasok ka nalang tapos ako na ang magdadala sa school ng allowance mo para may pang-gastos ka." Sunod-sunod na ani ko pero umiling-iling lamang siya at hinigit ako paupo sa luma naming sofa.

"Hindi naman sa gano'n, Ate. Kailangan ko kasing bantayan si Mama. Nilalagnat s'ya, eh." I cleared my throat and take a glance at my mother's room na sarado ang pinto.

"Uminom na ba s'ya ng gamot?" Mahinang tanong ko na kan'yang tinanguan. "Bakit hindi ka tumawag sa'kin kagabi?"

Sayang-saya pa ako kasama si Val kagabi at hinaharot-harot s'ya tapos may sakit na pala ang nanay ko.

Ampotang buhay naman, oh. Siguro crush talaga ako ni Satanas kaya sunod-sunod ang nangyayari sa'kin. Papansin lang 'yon.

My sister gulp before sipping on my spicy citrus juice pero agad siyang napaubo ng malasahan ito.

Tumatawang inabutan ko siya ng tubig at saka muling sumandal sa sofa.

Nakasimangot na tinitigan n'ya ako pero mapang-asar na iginalaw ko lamang ang aking mga kilay.

"So ano? Bakit nga hindi mo ako tinawagan?" Tanong ko ulit.

"Eh kasi naman Ate sabi ni Mama 'wag daw kitang abalahin. Sabi pa n'ya papaluin n'ya raw ako kapag tinawagan kita." Parang musmos na batang pagsusumbong n'ya.

I chuckled.

"As if naman papaluin ka ni Mama, Laine." Nakangiting litanya ko pero sumimangot lamang siya at nagpatuloy sa pagkain.

Kahit hindi kami close ni Mama ay hindi n'ya ako pinalo. Sadyang tahimik at strict lang s'ya pero hindi n'ya kami napagbuhatan ni Laine ng kamay.

Mamamatay ka lang talaga sa talas ng bibig no'n. Mahihiya ang machine gun kapag nag-umpisa 'yong rumatrat.

Para s'yang shotgun na ang bala ay granada. Isang stike palang patay kana.

"Ate,"

I gently look at my sister.

Lumaki ako at ang kapatid ko na walang tatay. Magkaiba kami ng ama dahil mahahalata naman agad sa unang tingin.

Laine had this natural local beauty. Morena, hindi gaano katangkaran, at Pilipinang-Pilipina ang ganda n'ya.

She's charismatic. Kahit medyo pandak ang babaeng 'to habulin din ng mga lalake.

Minsan nga iniisip ko na ang unfair ng mundo. Bakit iyong mga manliligaw n'ya hindi sadboi na kinulang sa utak tapos iyong akin kulang nalang pasukan ng turnilyo ang mga ulo para naman gumana ang mga utak nila. Hayop na 'yan wala talagang fairness.

Unequal justice and rights should be taken care of the government---charot lang. Naalala ko lang ang nabasa kong notes ni Migo about that particular issue.

"Saan ka galing kagabi?" Wala sa sariling nabilaukan ako sa biglang pagsulpot ni Mama sa aking likod kaya hindi na naituloy ni Lai ang sasabihin n'ya.

Kipkip ang aking dibdib, nakasimangot na hinarap ko ang aking ina.

"Ma naman! Daig mo pa ang mga manliligaw ni Ate sa kabilang street na bigla bigla nalang sumusulpot.

Dati ka bang ghoster?" Paratang ng kapatid ko matapos akong abutan ng tubig.

My mother just look at me straight to the eyes before arching her brow.

Ganda rin talaga ng Mama ko. Olats lang talaga sa lalake at sa lablayp.

"Kayleigh." Tawag niya.

I bit my lower lip.

Uhm, sasabihin ko bang galing ako kay Qionne? Pero strict si Mama. Baka akalain nitong mag-aasawa na agad ako kasi ngayon lang ako nakitulog sa ibang bahay pwera nalang sa bahay ng aking mga kaibigan.

What to do? What to do?!!!

Wala akong sariling desisyon sa buhay pero kaya kong umoo kapag tinanong ako ni Val na pakasalan s'ya.

Pero gagsti hindi ito ang oras sa kalandian!!

Dear my guardian angel, amen.

"Kayl---"

"Sa bahay ng boss ko lang, Ma. Ginabi kasi ako sa t-trabaho, oo. Trabaho nga." Tumango-tango pa ako habang pilit itinatago ang aking kaba.

Takot talaga ako kay Mama 'no kahit na medyo nakuha ko ang katarayan nito ang bilis ko pa ring tumiklop sakan'ya. Isang tawag nga lang n'yan sa pangalan ko tatakbo na agad ako sa tindahan para bumili ng color blue na bawang.

"Boss?" Her voice stern echoed as fold her arms across her chest. "Anong trabaho mo?"

I gulped.

Inosente ako pero tangina talaga mamatay ako sa kaba sa mga tanungan ng nanay ko. Bihira nga lang kasi kami mag-usap dahil lagi akong may trabaho tapos kapag nasa bahay naman ako ay usually nasa kwarto lang s'ya at nagpapahinga.

Isa sa dahilan kung bakit ako ang bread winner ay dahil may sakit s'ya. Gusto pa nga n'yan magtrabaho kaso mas matigas ang ulo ko sakan'ya kaya ayan, sumunod s'ya sa sarili n'yang anak.

"Personal assistant lang po, Ma."

"Nino?"

"Ni Qionne----wait lang po." I picked my phone from my pocket and answer the call.

"Hello~" bungad ko pagkasagot.

Alam kong si Qionne 'to dahil s'ya lang talaga ang nasa contact list ko.

"Ma'am Kara pinapatanong po ni Miss Hillaris kung nakauwi na raw po ba kayo."

To my dismay, it was Tiana.

Nakasimangot na tumayo ako at sumenyas nalang sa pamilya ko na papasok muna ako sa aking kwarto. They just nodded in unison pero 'yong tingin ng nanay ko halatang kailangan ko pang maghanda ng speech para mamaya.

"Ah, oo. Nakauwi na po ako. S'ya ba? Tapos na ang meeting?" Sunod-sunod na tanong ko nang makapasok ako sa aking kwarto.

"Opo, Ma'am. Actually po kakatapos lang pero nag-lunch out po sina Miss Qionne kasama si Miss Angel."

My eyes widen.

Sanaols.

Masunog sana ang steak nila.

Just kidding.

"Ah, sige. Thank you po." Hindi rin naman nagtagal ay nagpaalam na siya dahil lunch n'ya na rin daw.

I looked up to the ceiling of my room saka bahagyang kinagat ang pang-ibabang labi.

May halo rin kaya 'yong Angel na 'yon? Kung wala ay ako na ang magbibigay sakan'ya pero dapat babalik na s'ya sa langit.

Ang angel na katulad n'ya ay nararapat manatili sa heaven kaya bilang mabait na ako, ibabalik ko na s'ya do'n.

I scratched my brows.

Tinatamad akong pumasok.

Feeling ko malulugaw na naman ang utak ko mamaya kasi magkakaroon ng university ball para sa nalalapit na Valentine's day kaya magkakalat na naman ang mga sadboi sa paligid ko. Pero as if namang papayag akong sumama sakanila sa ball 'no. Never pa akong naka-attend do'n. Isa pa ay may lakad kami ni Val.

Hindi ko trip umattend sa mga school party dahil nakakapagod tingnan ang mga jowang naglalampungan sa paligid ko. Ayaw ko namang makigaya kasi trip ko lang.

Malandi ako pero hindi sa lahat.

"Pasok." Casual na saad ko habang nakatayo at nakaharap sa wardrobe ko.

Iniwan ko nga pala 'yong hoodie na binili ni Qionne sa bahay nila. Malinis naman 'yon kaya nilagay at isinabit ko nalang sa cr na ginamit ko kanina.

Ang mahal kaya no'n at isa pa ayaw kong may masabi s'ya. Hindi rin kasi ako masyadong tumatanggap

ng gamit mula sa iba lalo na kapag mamahalin. Spoil me with foods and not with material things.

Hindi ako materialistic. Kahit bilhan mo ako ng bahay at lupa hindi ako mahuhulog sa'yo.

"Kayleigh." Agad akong napaharap sa tumawag sa akin at nakita ang aking nanay na nakahalukipkip sa may kama ko.

"Yes po?" Oh 'di ba ang bait ko sa mama ko? Ganyan talaga kapag mabuting anak.

Choss.

"Anong sinasabi mong trabaho at sinong boss mo?"

I grimace before gathering my uniform for today. "Personal assistant lang po, Ma. Tsaka babae po 'yong boss ko don't worry."

Her eyebrows met.

"Ano naman kung babae? Pwede mo pa rin 'yan maging karelasyon. Baka mamaya malalaman ko buntis kana." Agad na nanlaki ang aking mga mata at umiling-iling sakan'ya.

"Lah, parang ano si Mama. Bakit naman ako mabubuntis eh wala namang sperm si Qionne? Ang sungit sungit nga po no'n tapos hindi marunong ngumiti. I mean ngumingiti po s'ya pero may sama pa rin ng loob kaya paano po ako mabubuntis kung hindi nga n'ya ako gusto?" Dire-diretsong pahayag ko na ikinailing lamang niya.

"Wala akong ibang sinabi Kayleigh pero kung saan saan na naman nakaabot 'yang mga iniisip mo." She rolled her eyes on me saka tumayo at naglakad palapit sa pinto. "Mag-ingat ka sa mga pinapasok mong trabaho, ha?"

I secretly smile as I lightly nod my head. "Oo naman po, Ma."

Hindi lumilingong tumango ito. She's facing the door, ready to leave in any minute now.

"Good. . .maghanda kana sa pagpasok mo. Baka malate ka pa." Matapos n'yang sabihin 'yon ay lumabas na siya ng aking kwarto.

Napailing na lamang ako sa kawalan at napatitig sa aking sarili sa salamin. Marahang hinawakan ko ang isang bahagi ng leeg ko bago bumuntong hininga at pumasok sa banyo.

Sa isang araw ay hindi bumababa sa tatlo ang ligo ko. Bali naliligo na agad ako pagkagising ko tapos bago pumasok sa university and last naman ay bago matulog.

"Ate?!" Sigaw ng kapatid ko mula sa labas na ikinatigil ko sa pags'shampoo.

Ampota sayang 'yong Dove.

"Ano?!" Sigaw ko pabalik matapos patayin 'yong gripo.

Oh, diba? Nakagripo palang kami kaya hindi pa ako pwedeng mabroken. Hindi pa ako makakaiyak habang nasa ilalim ng shower.

"Bilisan mo maligo. Nakikipag-away na si Mama!" Buhat sakan'yang sinabi ay agad akong nagbuhos at tinapos ang paliligo ko.

Yawaers.

Nangd'dogshow na naman ba 'yong nanay ko?!

"Asan?" Tanong ko sa aking sarili habang hinahanap 'yong bra ko. "Ampota 'wag na nga." Pagsuko ko saka nagsuot ng damit at kumuha nalang ng jacket sa isa pang cabinet.

Mukhang mapupunta na naman kami sa barangay ngayong araw.

"Mas puta ka pa pala sa putangina! Anong karapatan mong sabihang pokpok ang anak ko?! Hindi porque palamunin lang 'yong anak mo sisirain mo na si Kara. Ang tanga mo naman! Paganahin mo rin kasi 'yang utak mo hindi puro 'yang walang kwentang bibig mo lang na puro katarantaduhan lang naman ang inilalabas. Pangit na chismosang 'to."

Automatikong napatigil ako sa may hamba ng pintuan namin matapos marinig ang pinagsasasabi ni Mama na nakapamewang pa habang kaharap ang mga chismosang kapitbahay naman.

Jusko naman.

"Hoy Alie tigilan mo 'ko, ha. Hindi mo ko kilala." Pagbabanta pa noong isang babae na ikinairap ko.

My mother scoff at huli na nang marealize ko na may mga tanod nang andito. "Hoy ka ring hindot ka. Anong hindi kilala ang pinagsasasabi mo? Bakit naman kita kikilalanin? Sa pangit mong 'yan? 'Wag kang assuming kaya ipinagpapalit ka ng asawa mo sa iba dahil d'yan sa basurang ugali mo."

I heard my sister's chuckles na ngayon ay nakaupo sa isang monoblock at ichinicheer pa si Mama kaya nakicheer nalang din ako.

#supportive

Siguro naman halata na kung kanino ako nagmana? Jusko, nag-uumpisa palang 'yang si Mama. Bakit ba naman kasi ang tatanga ng mga tao dito? Kay Mama pa talaga nila ipinarinig ang chismis nila na pokpok daw ako.

Mas virgin pa ako sa Virgin islands.

"Hoy Lai awatin mo si Mama." Pansin ko sa aking kapatid na parang proud na proud pa.

She shook her head. "Deserve nila 'yan sa mga pinagsasabi nila sa'yo, Ate."

I scowled and was about to go near my mother nang tumunog naman ang phone ko. Nang tingnan ko naman ay si Qionne lang ang tumatawag kaya hindi ko na muna sinagot.

Bahala muna s'ya d'yan. Si Mama muna.

"Ma." Tawag ko sa atensyon niya pero hindi man lang s'ya tumingin sa akin.

"Kung sino ka mang babae ka, ang tanda tanda mo na pero napakabobo mo pa rin. Lumaki ka bang hindi nag-iisip? 'Yang utak mo mas maliit pa sa butas ng karayom. Hindi na ako magtataka kung bakit

ang pangit mong kausap dahil pangit ka rin naman." Hindi ko alam kung makikitawa pa rin ba ako sa kapatid ko dahil sa mga sinasabi ni Mama o ano dahil jusko naman, yawaers, baka tumaas ang bp ng nanay ko.

"Ma tama na po." Awat ko sakan'ya na tuluyan niyang ikinalingon sa akin.

She just pshawed and looked back at those speechless ladies. Tahimik nga kasing tao si Mama kaya siguro hindi nila inaasahan na ganito ang tabas ng dila n'ya.

Partida hindi pa 'yan namumula sa galit.

Ang akala ko ay titigil na siya pero napasapo nalang ako sa aking noo ng magsalita s'ya ulit.

"Kapag nalaman ko kung ano-ano na naman ang sinasabi n'yo sa anak ko, sasakabilang buhay talaga kayong mga walang magawa sa buhay. Mga hayop!" Huling sigaw niya bago nag-walkout at malakas na isinarado ang pinto ng bahay namin.

I rolled my eyes in awe as I frustratedly look at the others. "Oh, ano?!" Singhal ko bago sila nagsiiwas ng tingin at isa-isang umalis.

Masama ang timplang tinitigan ko ang aking kapatid na iiling-iling sa gilid bago ako ngitian at sumunod kay Mama.

Muling tumunog ang cellphone ko na bigay ni Qionne kaya walang nagawa na sinagot ko ito.

She's still my boss. I need to stay professional kahit gusto kong sabunutan ang mga chismosang 'yon. Kapag talaga may nangyari na naman kay Mama, ewan ko nalang.

"Zernandes." She utter.

I walked towards our house and gently rest my back against the wall next to our door. "Yes?" Matamlay na sagot ko.

She went silent for awhile before I heard something from the other line. Mukhang may kausap siyang iba.

"No. I won't come with you so leave me alone." Mataray na bigkas niya at ilang segundo pa akong naghintay bago ko narinig ang kan'yang pagbuntong hininga.

"Uhm, why did you call? May ipapagawa ka ba?"

She lowly clacked. *"Yes. After your class kindly go back to my office. We need to talk about something."*

I heaved a deep breath to calm my nerves bago ako tumango-tango kahit wala naman siya sa aking harapan.

"Sige. Punta nalang ako d'yan mamaya." Simpleng tugon ko na ikinatahimik n'ya lang ulit.

Akala ko nga pinatay n'ya na ang tawag dahil sobrang tahimik pero nang tingnan ko naman ay on-going pa rin.

"Qionne?" Tawag ko pero hindi s'ya umimik.

Ano na namang nangyari sa babaeng 'to?

I was about to speak again but she cleared her throat. *"Uh, yeah sure."*

I just hummed as a response.

"Sige mamaya nalang. Kailangan ko pang pumasok." I said, lowkey dismissing our conversation.

"Yeah sure." Tanging tugon n'ya ulit katulad ng sinabi niya kanina.

Ibababa ko na sana ang tawag nang marinig ko na naman ang boses n'ya.

"You can come at my office even with your classes on. I'll be the one to explain with the dean about it." She stated before ending the call.

Huh?

Anong sinasabi n'ya?

Study first kaya ako. Oo may trabaho ako sakan'ya pero nakalagay naman sa contract na my study will come first pa rin. Magbibigay lang daw s'ya ng trabaho pagkatapos ng klase ko at kapag wala.

So anong hinithit ngayon ni Val at iyon ang sinabi n'ya?

"Laine asaan si Mama?" Bungad ko sa aking kapatid na prenteng nagc'cellphone sa sala.

She pointed my mother's room. "Asa room n'ya, Ate. Nagpapahupa ng gigil sa mga chismosang 'yon. Huwag daw muna natin s'yang iistorbohin."

Hindi na ako nagsalita pa at tanging tango na lamang ang aking isinagot sakan'ya. Muli akong pumasok sa aking kwarto at nagbihis ng uniform ko.

Sensitive ako pagdating sa pamilya ko. If there's something I always put and will never be gone on my priority list, it will always be my family. Fvck my education. Sina Mama ang mas mahalaga sa'kin.

Mabilis tumaas ang bp ni Mama. Bawal s'yang mastress pero yawa naman ako pa ata ang utang tatanda dahil sa pakikipagbardagulan n'ya sa iba. Feeling ko mas mauuna pa akong humimlay dahil ako ang namumutla minsan kapag nakikita kong nanggigigil na s'ya sa kausap n'ya.

"Laine, ito oh." I put my remaining cash in front of my sister. "Panggastos n'yo ni Mama. Baka gabihin ako ng uwi mamaya, eh. Mauna nalang kayong kumain tsaka ilock mo na rin ang mga pinto."

Tumango-tango siya at binigyan ako ng isang malumanay na ngiti.

"Wag masyadong magpagod, Ate. Uso rin ang pagbibigay ng time sa sarili." Paalala n'ya na ikinangiti ko lang.

Wala akong oras para do'n.

"Sige na. Mauuna na ako. Pakisabi nalang kay Mama." Paalam ko bago tuluyang lumisan sa lugar namin.

Dumaan pa ako sa isang ATM machine para makapag-withdraw dahil wala na talaga akong cash na hawak.

I even checked my balance at napailing nalang nang makitang kakapusin na naman ata ako.

Bahala na muna. Susweldo naman ako sa trabaho ko kay Val kaya maayos ko pa naman ata ang budget ko.

"Kara! Sabay kana sa'kin." Gulantang na nilingon ko ang isang Tesla na tumigil sa gilid ko.

Nang tingnan ko ito ay agad nagsalubong ang aking kilay dahil mukha ni baklang Jackus ang nakita ko.

Akala ko ba nasa ibang bansa 'to?

"Bakit andito ka? Diba dapat out of the country ka ngayon?" Tanong ko pagkapasok sa sasakyan n'ya dahil ang dami nang bumubusina sa likod.

He snorted.

"Kakauwi ko lang, bhie. Bukas pa ako ng umaga pupunta sa Las Vegas tapos baka next month na ako makakauwi. Galing akong Korea." He explained before maneuvering the car.

"Pasalubong ko where?" I teases na ikinataas ng kilay n'ya.

"Kapal ng mukha. May patago ka?" Pagmamaldita na naman n'ya na hindi naman ikinaganda. "Nasa compartment pa ang pasalubong ko sa'yo. Siguro kay Tyong mo nalang kuhanin tutal sa office n'ya naman ako didiretso mamaya pagkahatid ko sa'yo."

Tumango-tango ako at habang nakangisi. Hindi ako naniniwalang may pasalubong talaga ang baklang 'to.

"Anong ginawa mo sa Korea, mamsh?"

"Nagbakasyon."

"Taray. Hindi man lang ako sinama." He give me a devilish grin before shaking his head.

"Si Qionne ang gumastos para sa bakasyon ko 'no. And oh, she didn't told you na kailangan ka n'yang isama sa Budapest next week for her business conference?" Inosenteng tanong n'ya na inilingan ko lang.

"Bakit kailangang kasama ako?"

"Ghorl, hindi pwedeng mag-isa lang ang Hillaris na 'yon kaya samahan mo na. Libreng bakasyon na rin para iwas stress. Mukha ka ng bangkay kanina habang naglalakad." Pamumuna n'ya pero umirap lamang ako at mahinang pumalatak.

"May pasok ako next week, Jackus." Litanya ko na ikinangisi n'ya.

"Magagawa na 'yan ng paraan. Maniwala ka kay Tyong." Hirit n'ya pa bago iparada ang sasakyan sa isang parking lot ilang dipa ang layo mula sa main gate ng university na pinapasukan ko.

"Babye! Thank you sa paghatid kahit na ang bagal mo magmaneho." I mocked before closing the door at nagtungo na papasok sa gate.

Hindi pa ako tuluyang nakakalayo mula nang pumasok ako sa gate ay sunod-sunod na lalake na ang humaharang sa'kin.

Lecheng mga bulldog na 'to. Ayaw na naman akong paraanin.

"Kara--"

"Oo alam kong mamamatay ka para sa'kin pero ayaw kong maglibing ng sadboi. Advance condolence nalang." Pagsusuplada ko bago luminga-linga.

I'm hoping to see any of my friend and luckily, I saw Heather that's now flirting with somebody else.

"Hoy, Kaylee!" She excitedly squeak upong seeing me.

"Kayleigh 'yon Heather." Pagtatama ko na ikinangiwi lang n'ya.

Kung ako mahina sa direction eto naman mahina sa pangalan. Ni hindi nga nito kabisado ang pangalan naming magkakaibigan. Basta raw magkakatunog ay okay na.

Tangahan lang.

"Kita mo si Doo?" I asked but she just shrug.

"No. Malay ko kung asaan 'yon."

"Hindi mo ba jowa 'yon?" Tanong ko ulit na ikinahagalpak na naman n'ya sa tawa.

I shake my head in awe after catching some students attention.

"Ghad. Hindi ko bet si Dooey, Kara. Best friend ko lang 'yon 'no. Tsaka single kaya ako. Pangharang lang namin ni Doo sa ibang tao 'yong jowa acting namin." She giggle and wrap her arms around mine.

"But you like girls?" I asked and she nodded.

"Girls are hotter than boys."

Legit na biot.

"Hindi ka ba aattend sa ball para sa Valentine's day?" Pagtatanong n'ya ulit na inilingan ko lang.

"As usual." She mumbled bago kumaway sa kung saan. "Kilala mo ba 'yon?"

Umiling ako bilang sagot sa tanong n'ya matapos tingnan ang isang side na may isang matangkad na lalakeng kinakawayan s'ya.

"Hindi."

She looked at me with confusion. "Gagi bakit hindi mo kilala? Boyfriend 'yan ng kaibigan ko na pinsan nina Doo."

Tila nag-lag ang aking utak sa sinabi niya at napangiwi nalang.

Jusko.

Lutang.

Si Heather kasi ang pinakamaraming kilala sa aming magkakaibigan. As in. Kahit saan kami magpunta ay may kilala siya o may nakakakilala sakan'ya.

"Bahala kana nga d'yan. Makapang-asawa ka sana ng pamangkin ng jowa ng tito mo at sabi ng mama mo tita nalang daw ang tawag ko sakan'ya." Magulong saad ko saka kumaway at lumiko para pumasok sa building ng class ko.

Heto na naman.

Makikita ko na naman ang mga professor ko na ipinaglihi sa sama ng loob.

Wish me luck.

Papakasalan ko pa 'yong crush ko.

....

Qvhil State Empire

Ilang beses na akong nakabalik dito sa kumpanya ni Qionne pero ngayon ko lang nalaman ang pangalan. Kung hindi ko pa nabasa kanina sa taas ng receptionist area ay hindi ko pa malalaman.

Ngayon nga ay papunta na ako sa office ni Val pero papikit-pikit pa ako. Medyo tumitibok 'yong ugat ko sa ulo dahil sa mga walang hiyang test kanina.

Matagal pa ang finals pero leche, iginigisa na agad nila kami.

Nang makarating na ako sa floor niya ay wala na akong makitang tao. Wala na rin ang secretary niya na si Miss Tiana sa usual desk.

The light is dim. Tanging iyong mga ilaw lamang sa gilid ng ceilings ang bukas pero hindi nakakatakot. In fact, it is so pleasant to look at.

The ambience is just good enough to calm my system.

Abala pa ako sa pagtitig sa paligid ng bigla na lamang akong napatalon sa gulat dahil sa biglang paglabas ni Tyong sa office n'ya.

She's not wearing her blazer but she still slay her outfit.

I give her a smile.

"Good evening, Val."

It's nearly 7 pm dahil natraffic ako kanina. Hindi ko naman kasalanan 'yon dahil unang-una, ewan ko rin.

"You're late." She muttered as she rest her back at the doorjamb.

I slowly walked towards her --- still not breaking the contact building through our eyes --- until I stop within her reach.

"Don't look at me like that. Mukhang pinapantasya mo 'ko." Pang-aasar ko sakan'ya dahil hindi matanggal ang kan'yang mata sa aking pisnge.

Mahinang nagreklamo ito sa ibang lengwahe bago inilang hakbang ang pagitan naming dalawa and before I even know it, marahan na n'yang pinupunasan ang pisnge ko.

"You look like a lost kid. Where did you get those grease?" She asked a bit annoyed.

Nasasanay na ako sa pagiging maldita n'ya. Ang sungit sungit lagi akala mo ang laki ng kasalanan ng mundo sakan'ya.

Hindi ako nagsalita at hinuli lamang ang kan'yang kamay saka idinikit sa aking pisnge. I give her a soft smile before I bit my lower lip.

"You're so gorgeous." I mumbled under my breath that made her stop from moving. "So damn gorgeous to take my sanity away just by giving me a simple glance."

Tanging isang tingin lamang ang ibinibigay niya sa akin at hindi ko maintindihan ang mata n'ya.

I'm too lost to find the answer through her cat emerald eyes.

"You're a simp."

I giggle and nodded my head.

"Too simp for you, Val." Nakangiting pahayag ko pero umirap lamang siya at binawa ang kamay. She turn her back on me at pumasok na ulit sakan'yang opisina.

Nangingiting sumunod ako at basta na lamang inilapag ang aking bag sa couch saka ko s'ya dinamba ng yakap mula sa likod.

Ramdam ko ang paninigas ng kan'yang katawan pero mas hinigpitan ko lamang ang yakap sakan'ya.

"Spare me a minute." I mumbled against her nape.

I am wearing a heels kaya medyo naglapit ang height namin pero mas matangkad pa rin s'ya.

Her body is tense. I can feel it against mine.

"Zernandes." Tawag n'ya pero idinukmo ko lamang ang aking mukha sa pagitan ng kan'yang leeg at balikat.

Nakalabing ipinatong ko ang aking baba sa balikat niya at mas niyakap s'ya muka sa likod. We're now facing the city through her floor to ceiling glass window.

The sky is getting darker now. The moon is already up as well as the star but one thing caught my attention. . . it's a shooting star.

"Hoy magwish ka!" Yugyog ko sakan'ya na bahagyang nagulat pero hindi naman s'ya nagsalita.

"That's so stupid, Kara."

I pouted. "Hindi kaya! Sige na, wish kana."

"You can have it. I don't need to wish anymore." Mahinang bulong n'ya at nang nilingon ko siya ay seryoso lamang itong nakatingin sa labas.

Her body is still stiff and straight habang nakayakap ako sakan'ya.

Straight talaga.

I closed my eyes and take a wish.

Ilang segundo ko lamang itong ginawa at nang magmulat ako ay ang mga mata n'ya ang sumalubong sa akin.

"What's your wish?" She asked.

I just grin and put my chin at her shoulder again. "Mm, I wished for your happiness."

Her face contorted for a minute before she shook her head and look at me in disbelief.

"Nah. That's nonsense."

This time, ako naman ang napasimangot habang nakatitig sa kawalan.

"Wishing for you to be happy isn't a nonsense." Pambabara ko. "I wanna see you to be happy. Laughing out loud and smiling genuinely while not minding anything out there. Gusto kong makita kang sumaya because you deserve it."

Matamang magkatitigan lamang kaming dalawa habang nakatungo s'ya at nakatingala naman ako. Unti-unting siyang humarap sa akin bago marahang tumawa ng walang kalaman-laman.

Parang tanga 'to.

"Not everyone deserves to be happy, Kara." She mumbled but I just shook my head and cupped her soft cheeks.

Isang malambot na ngiti ang ibinigay ko sakan'ya pero tila wala talagang epekto.

"Everyone deserve to be happy, Val. Beyond everyone's sins and mistakes, still, they deserve to feel happy and loved."

Matamang tinitigan nito ang aking mga mata pero malawak na ngumiti lang ako that made my eyes a crescent moon shape.

"My life is a chaos." She utter like it's a matter of fact.

"If there's life when there's love, I believe that there's also happiness in a chaotic art." I gently touch her cheeks and sweetly caressed it.

"And you are an art, Val. You're a masterpiece of your own." I tilt my head to the side and admire her visual.

She seems so ethereal to exist. Her face is too sinful that it will make you feel that you don't deserve seeing it. It's a god-like features.

Or maybe more than a god in terms of her physical attribute.

"What did you eat? You're not that stubborn as before." Pambabasag niya at unti-unting inalis ang aking mga kamay sakan'yang pisnge.

Aalma pa lamang sana ako nang itaas niya ang kan'yang pointing finger at tila nagbibigay paalala.

"Your time is up, Zernandes."

I sneer.

Muli na siyang tumalikod sa akin at naglakad palayo. Nakasunod lang naman ang mga mata ko sakan'ya hanggang sa muling dumako ang aking tingin sa malawak na city sa labas.

"What will be your wish to the shooting star if ever, Valentine?" Tanong ko ng hindi siya binabalingan ng tingin.

I heard nothing but silent.

Hindi na ako umaasang sasagot s'ya dahil mukhang hindi naman s'ya naniniwala sa gano'n.

But when she did, my world started shaking and I can feel my mind collapsing in intense sentiment she brings.

"My wish. . .is for your wish to come true."

....

"Ayokong magka-jowa ng hindi ko naa-achieve 'yong dreams ko for myself and for my family."

Nakangiting tumingala ako matapos sagutin ang tanong ni Val. Kalmadong pinagmasdan ko ang kalangitan habang hinihintay ang sunod na sasabihin n'ya.

Tinanong n'ya kasi ako kanina kung nagkajowa na raw ako --- scratch it. Pinilit ko pala s'yang tanungin ako dahil sobrang tahimik n'ya simula noong nakarating kami dito sa rooftop ng company n'ya.

It's not the usual rooftop to be honest. Parang may garden dito tapos ang warm ng atmosphere. Idagdag pa na may glass barrier kaya kahit umuulan ay okay lang dahil hindi naman pumapasok dito.

Ang talino nang nag-design in all fairness. May pa-bar area pa and other snacks kaya ang sarap magchill dito lalo na at kitang-kita ang city.

I know na pwedeng ibaba ang glass barrier dahil nakita ko kanina iyong control buttons bago pa man kami makapasok dito. Hindi naman kasi umuulan noong nagpunta kami pero habang nakaupo at dinadaldal ko s'ya ay unti-unting pumatak ang ilang butil ng ulan tapos automatic na nag-open ng barrier.

Cool as a cucumber.

"Family and self-growth among anything else?" She mumbled as she threw her hands backward and look at the sky as well.

Tumango ako.

"Mm! Pwede naman kasi akong magkajowa kapag nakatapos ako ng pag-aaral at nakapagtrabaho. Sa ngayon, focus muna sa dreams. Saka na amg lovelife."

I give her a sly smile but she just look at me seriously and went back staring at the moon.

Masyadong tahimik ang taong 'to. Parang kung hindi magbubukas ng topic ang kausap n'ya ay hindi talaga s'ya magsasalita.

"Ikaw? Nagkajowa kana?" Tanong ko pero umiling lamang ito at hindi nag-abalang tingnan ako.

Attitude 'yan kaya ako nalang ang maga-adjust.

Hiyang-hiya ang pride ko sa ego ng babaeng 'to.

"Jowa?" She shook her head in disbelief and hug herself.

"Nilalamig ka?" Tanong ko pa ulit pero nagsawalang-kibo lamang siya.

I grinned.

"Gusto mo yakapin kita?" Pang-aasar ko pero sinamaan n'ya lang ako ng tingin at inihagis sa direksyon ko ang blazer n'ya na nasa tagiliran lang n'ya kanina.

Nagtatakang kinuha ko ito at tiningnan. I give her a confused look but she's just staring to nowhere.

Ano bang iniisip n'ya?

Bahagyang umusog ako palapit sakan'ya at ipinatong sakan'yang balikat ang blazer. I giver her a lopsided smile when she glance at me and just continue to cover her cold body using the clothe she threw a few seconds ago.

"Wag kang magreklamo, Val. Hahampasin kita." Pagbabanta ko ng akmang magsasalita ito.

Sa huli ay sinamaan n'ya lang ulit ako ng tingin bago pairap na iniiwas ang kan'yang mga mata mula sa akin.

Nakayakap sa mga tuhod na tinitigan ko siya pero tila wala itong epekto. Nagpatuloy lang kasi s'ya sa pagwawalang-malisya habang nakatitig sa harapan.

Ang lungkot ng mga mata n'ya.

"Baby, I'd give up anything to travel inside your mind
Baby, I fall in love again come every summertime"

I sang softly that caught her attention but she instantly averted it to the other side. Noong umpisa ay

nagh'hum lamang ako pero bida bida ako kaya kinanta ko na.

Unti-unting sumandal ako sakan'yang balikat at humarap din sa unahan namin at nakapikit na ngumiti.

Ano bang gayuma ang ginamit sa'kin ni Tyong? Baklang-bakla na ako kapag nasa paligid ko s'ya.

"My daddy taught me to choose 'em wisely, but you don't have to try
'Cause, baby, I fall in love every summertime" I added but this time, it sounds like a hush with another accompaniment of the rushing rain drops.

Moment of silent came through but I just savor it while leaning on her shoulder. The atmosphere and the view of the lightning and thunder roaring across the sky made the place a bit horrifying but at the same time, it is one of a kind.

Hindi ako takot sa kulog at kidlat. Ang ganda kayang panoorin no'n lalo na sa mga fantasy or any genre regarding that.

It's a beautiful scenery that's worth to admire.

"Qionne,"

"You don't know how to sing." She commented na ikinasimangot ko.

Grabe talaga ang bibig nito. Walang preno sa kung anong gusto n'yang sabihin.

"I know." I mumbled. "Pero kakanta pa rin ako 'no. Bahala nang masira 'yang eardrums mo. Gusto mo pati buhay mo sirain ko pa." Barumbadong pagsasatinig ko at kahit na hindi ko s'ya tingnan ay alam kong nakataas na ang isang kilay nito.

Chapter 8

A/N:I don't know why I imagined Qionne's voice on that song. Deep yet huskyyy! Btw, if you just want, kindly play it when they already had their own moment. Ciao!

Kara's POV

Wala sa timplang tinungga ko ang champagne na nasa aking baso habang pinapanood ang mga tao sa dancefloor.

Ewan ko ba kung anong nangyayari. Wala naman akong pakialam sa sinasabi noong host.

Basta nakikipagsayaw ang Hillaris na 'yon sa isang lalake na matangkad, mukhang mayaman, gwapo, nakakasar ang ngiti, mukhang aso na may lahing kapre, maganda ang tayo, at higit sa lahat, mukhang pinagpalang lubos.

Ayoko maging bitter pero yawa naman, bakit mukhang bagay silang dalawa? Everytime their eyes met, agad nagliliwanag ang mukha noong lalake na akala mo may bumbilya sa mata.

Sa susunod bahay n'ya ang magliliwanag.

Kakarating lang namin ni Haeliy pero parang gusto ko na ulit umuwi. Parang kanina lang kausap ko pa si Eli pero nagpaalam s'yang magc-cr daw muna.

Naiwan tuloy ako dito sa table namin. Ampota mukha akong loner dito at pilit iniiwasan ang mga mata ni Qionne na nakasunod lang sa'kin kanina.

"Hi."

"Hello." Pekeng ngumiti ako sa isang poging lalake na lumapit sa akin.

He give me this notorious playboy vibe which I gladly return with my natural charm.

Hindi pwedeng si Qionne lang ang may kasayaw. Ano s'ya sinuswerte? Aminado akong crush ko s'ya pero hindi ako magpapakatanga dito kakatangyod sakanilang dalawa noong lalakeng hindi na s'ya binitawan sa bewang.

I femininely take a sip to my champagne as a smirk curve in my lips when I caught Valentine staring at me.

I wet my lips.

Maglaway s'yang hinayupak s'ya.

Imbis na titigan pa si Val ay humarap na lamang ako dito sa lalakeng nakatayo sa aking tabi. He give me a warming smile and offer his hand. "I'm Vito Olegares, beautiful. You are?"

Mas nilawakan ko ang aking pagkakangiti dahil ramdam ko ang tingin ni Qionne sa direksyon namin.

"Kara Zernandes." Pakilala ko pabalik matapos tanggapin ang kamay n'ya but I didn't expect that he will bow and kiss my knuckles.

Oh, typical move ng mga lalakeng pa-gentleman sa umpisa.

"You're alone?"

I mentally rolled my eyes. "I was. You're here already so?" I shrugged and just focus on his eyes.

Mahilig ako tumitig sa mata ng mga tao. Ang gaganda kaya.

But this guy eyes is different. It is also green like Qionne's but his are pale one. It is not that attractive for me if it'll compare to my boss.

Val's eyes will make you feel extremely alive once it stays on you.

"I see." Tumango-tango ang lalakeng aking kasama at matamis na ngumiti. "Can I ask you to dance with me?"

Sandaling natahimik ako bago tumango. Why not, hindi ba? Sayaw lang naman at hindi hubaran.

He gently held my hand and guide the both of us to the dancefloor and I can't help but mentally curse when he stop near where Qionne is.

Ano ba naman! Wala ng buhay ang mga tingin n'ya sa'kin. Pero as if naman nai-intimidate ako.

Pakialam ko sakan'ya.

RESIST.

As in all caps no erase---shet, bakit ba ang ganda n'ya lalo ngayon? Her evening sparkling black gown is topping all of the most captivated things in here.

She's currently wearing a black sequined sleeveless dress with a deep neckline and a high split. Her left leg is freely showing everytime she move. The shiny things in her dress add more aura to her because it seems like a lone star on her style.

Idagdag pa na nakatali sa messy bun ang buhok n'ya kaya kitang-kita ang neck, collarbone, and nape n'ya.

Patayin n'yo nalang ako.

"Hey, Kara?" Muling nabalik ang aking atensyon sa aking kasayaw na kung makatitig ay wagas.

I just arch my brow.

Kung sa tingin n'ya ay mahuhulog ako sa ganyang tingin, no thanks. Baliko lang ako kay Tyong pero ayaw ko talaga minsan sa lalake.

Man hater na kung man hater pero karamihan talaga sa mga 'to ang sarap sampalin at hambalusin sa balon.

"You keep on staring at Qionne Hillaris and Noah Feriego. Is there something wrong?" Marahang umiling lamang ako at iniiwas na ang tingin doon sa dalawa.

I just remained silent and focus on Vito that keep on telling me story that is really funny.

Ang lakas ng sense of humor n'ya.

Pero diba sinabi n'yang Noah daw? Edi ayan 'yong manliligaw ni Qionne na kinaiinisan n'ya lagi tapos ngayon hindi sila mapaghiwalay?

Are they gagoing me?

"But really, can I invite you to Revel one of these days? I'm hundred percent sure that you'll enjoy it." Nakangiting napapailing na lamang ako sa offer n'ya.

He's pertaining to Revel at the Palace sa BGC. Doon daw kasi lagi s'ya tumatambay and he asked if I already went there pero sabi ko hindi pa. Mahal kaya do'n tsaka masyado akong busy noon para magwalwal kung saan.

"I'm not really sure, Vito. But maybe soon? My sched is really tight right now." I declined but he just smile and understandingly nod his head.

"I understand. I know your social media naman. Kukulitin talaga kita kapag hindi ka sumama."

He already give me his socmeds pero hindi ko masyadong tanda kaya para sure ay ibinigay ko nalang din ang sa'kin. Bahala na s'ya kung may balak ba talaga s'yang mag-dm kasi ako wala.

"That Hillaris keeps on staring at the two of us. Does she know you?" My lips parted for a while but I immediately shrugged my shoulder.

"Bakit ako? Baka naman sa'yo s'ya nakatingin." Pagpapatay-malisya ko pa dahil kanina ko pa binabaliwala ang tingin ni Qionne tapos ipapaalala n'ya pa.

Hindi ako natatakot sa tingin no'n dahil mas natatakot pa ako sa katotohanan na rurupok agad ako once na magkausap na naman kaming dalawa.

Soft-hearted ako 'no kahit hindi halata. Mabilis akong mapaamo kahit na sobrang nagtatampo ako. Huwag lang talaga akong gagalitin kasi isusumpa kita habang nabubuhay ako.

Sinong may sabing uso ang forgive and forget sa'kin? Ulol. Mamamatay ako na may sama ng loob sa iba.

My attention went back to the man I'm dancing with when he suddenly laugh. I arch my brow at him but he just shook his head and guide me to turn around.

Nang muli akong humarap sakan'ya ay agad nahagip ng aking mga mata si Val na nakasimangot at masama ang tingin sa lalakeng kausap niya.

"Qionne doesn't know me, Kara. Kahit na ilang beses na kaming nagkasama sa mga meeting, she never mind to remember who I am."

I knitted my forehead and intently look at him. Sa gwapo ng lalakeng 'to hindi kilala ni Tyong? Sa bagay, mukha naman talaga 'yong walang pakialam sa iba.

"Baka naman kasi hindi ka nagpapakilala----ampota." Mahinang napamura ako nang pag-ikot ko habang

nagsasayaw kami ay saktong may humila sa aking kamay at malakas na hinigit.

Hindi ko na tuloy naituloy ang sasabihin ko kay Vito dahil dito sa babaeng----anong ginagawa dito ni Qionne?!!

"What?!" She irritatedly utter as she clenched her jaw and held my waist. "Stop staring, Zernandes."

Imbis na sumunod ay matalim na tinitigan ko lamang siya at inirapan. I don't know how she handle to put my hands at her shoulder and we're now dancing in sync.

Ang bilis naman ata n'ya?

Sandaling hinanap ng aking mga mata ang kasayaw n'ya kanina pero agad tumalim ang aking tingin sa lalakeng nakatingin din sa aming gawi.

I gave him death glares but he just furrow his eyebrows and cross his arms.

Noah.

Noah's ark pero s'ya ang hayop.

Charot.

Nang alisin ko ang mata ko sakan'ya ay bahagyang tumungo ako at inayos ang aking buhok. Hindi ko talaga tinitingnan si Qionne kahit na s'ya ang kaharap ko ngayon.

I can feel a lot of stares coming from the others but she seems to don't mind it at all kaya ipinagsawalang-bahala ko nalang din.

Wala silang ambag sa buhay ko kaya bahala sila.

I was about to look for Vito when I suddenly grasp at Val's shoulder because she literally held my waist closer.

Hihimatayin ako sa taong 'to.

"Don't look at him." She mumbled without looking at me.

Pairap na binalingan ko s'ya ng tingin pero walang emosyon na tinitigan n'ya lamang ako. She even clamp her jaw when I smirk widely and bit my lower lip.

"Zernandes!" She hissed a bit louder when I tilt my head to look at the other side to look for Vito but she was too fast that I didn't even get to see her hand coming to my right cheek to stop me from gazing around.

What the heck?!

"I warned you." Saad n'ya pa na para bang kasalanan ko pa.

Ipinagsawalang-bahala ko na lamang siya at malditang inalis ang kan'yang kamay.

Matigas ang ulo ko kaya mag-adjust s'ya. Hindi ko naman 'to syota para itolerate ang toyo kaya

sasabayan ko nalang.

Ghinost mo 'ko ng ilang araw, ha. Magsalita ka mag-isa ngayon.

"Chush' sobach'ya. *(Bullshit.)*" Mahinang aniya na ikinakunot ng aking noo.

"Ano?! Minumura mo ba 'ko?" Mataray na tanong ko pero nagtitimping tumingala lamang siya at bumuntong hininga.

Akala mo talaga magjowa kami kung mamroblema s'ya.

Yikes.

"Gosh, Kara. I'm not. That's my usual expression." Stress na batid n'ya pero inirapan ko lang s'ya at umiwas ng tingin.

Ayoko s'yang tingnan sa mata kasi for sure rurupok na naman ako tapos haharutin ko na naman s'ya.

Ayoko no'n.

Nabubwisit pa rin ako sakan'ya kahit wala akong karapatan.

"I told you not to look at him. Stop pushing me to my limits!" Gigil na bigkas na naman n'ya na ikinangisi ko.

Ang tanga din pala nito minsan. Hindi ko naman titingnan si Vito kasi sa pwesto ako ni Haeliy titingin na may kasama ng ibang tao.

Sadyang assuming lang din 'tong si Qionne. Akala mo naman ipagpapalit.

Charot.

Wala ngang kami, eh.

But to tease her more, I grinned widely and look at the other side again pero hindi na natuloy dahil naramdaman ko nalang ang paghawak n'ya sa aking palapulsuhan at maingat na hinigit sa kung saan.

Everytime we walked pass through the crowd, a lot of greetings from the other guest welcome her but she just ignore it all and furiously continue to walk.

"Qionne!" Pagpalag ko nang marealize na ang layo na namin mula sa hall.

We're now in front of a small bridge heading to the gazebo. There is also an infinity edge pool with peaceful lighting.

Ang ganda.

N'ya.

Charot.

Sabi kasing resist muna. Ang rurupok n'yo naman.

"Parang tanga Hillaris. Bakit ka namghihila? Inaano kita?" Tiimbagang na saad ko pero tahimik lamang siya na sumandal sa may pole at pinagkrus ang mga braso.

Tapos ngayon hindi s'ya magsasalita? Ginagago talaga ako ng babaeng 'to.

"Qionne---"

"A minute of silence will do, Kara. Let me rest my mind." She mumbled with exhaustion in her voice.

She seems so tired.

Kawawa naman ang baby.

Charot. Tandang-tanda na nitong taong 'to tapos bebaby-baby'hin ko lang? Nah. Tama 'yon.

Just kidding. Hindi ko ata keri 'yon. Alam kong isip bata pa rin ako most of the time lalo na kapag comfortable ako sa isang tao.

I sighed deeply and wait for her to speak. I think I need to calm my nerves too because I can still myself quivering.

Bakit ba kasi ang dami-daming pwedeng makita pagpasok namin ni Eli ng venue ay iyong pagsasayaw n'ya pa kasama ang iba?

I know I shouldn't feel this way but damn. Binabaliw n'ya 'ko.

Kaya ayaw ko ring magseryoso sa isang tao, eh. Alam ko kasing dito ako mauubos. It can be the death of me either because literally speaking, I am so weak when it comes to the people I love.

And now, I fear the fact that there's a probability that I will fell in love to the woman that's still stuck in her ex. She's still holding on to their memory and I don't ---- I don't want to be her temporary happiness because I am sure that there is still a high possibility that her ex will come back.

Wala akong laban do'n.

Ayoko ng panakip butas lang kaya mas tatanggapin ko nalang na straight talaga s'ya kesa ganito.

She's giving me hopes.

Taragis na Hillaris 'to. Ang sarap tirisin.

"Who is he?" She started but I just looked at the pool and sigh.

"Vito."

"Surname?"

My forehead creases as I pierce my eyes into hers. "Why do you wanna know?" Agarang tanong ko pero umirap lang s'ya at nag-umpisang maglakad patungo sa gazebo kaya sumunod ako.

When we reach it, she silently look at her foot and lower her head but my eyes didn't leave her being.

Dzuh?! Nag-aantay pa kaya ako ng sagot n'ya.

"I---" bahagyang nag-angat siya ng tingin bago umuling at tila kinokontrol ang sarili. "Nevermind."

Malalalim ang hiningang tinalikuran ko s'ya at humarap sa malawak na pool. Itinukod ko pa ang aking mga braso sa may hawakan at saka payapang tiningnan ang mga ilaw na tila naglalaro sa swimming pool.

Bahagyang umangat ang aking tingin dahil marahang sumisilip ang repleksyon ng buwan sa tubig sa pool.

The moon is not full.

Quarter moon.

"The moon is exquisitely beautiful but it's not full." I mumbled as I felt her stand beside me.

Gentle winds are touching my bare skin but I just enjoy the moment and smile a little.

"There is no exquisite beauty without some strangeness in proportion."

I turned my eyes on her but she's just looking in front---lowkey admiring our surroundings.

The lines she said, I swear, I already read it somewhere else. It's somehow familiar to me. Hindi ko lang alam kung saan ko nabasa.

"That's a quote from who?" Pagtatanong ko sakan'ya.

A curve form on her lips for a quick span of time but it eventually faded. "A quote from Edgar Allan Poe."

I nodded my head.

That's why it's familiar. Nakabasa na ako ng ilang piece na nagawa n'ya and noong junior highschool ako ay into poetry talaga ako.

Hindi lang halata pero pinagkakitaan ko talaga 'yon. When I was in junior high, I make poems for other couples tapos babayaran nila. Iyong iba para sa mga jowa nila tapos 'yong iba ay para sa mga crush gano'n.

Pero iniwan ko rin 'yon noong naging senior highschool ako kasi nakakabwisit iyong mga customer ko. Nagpapagawa tapos sa'kin ibibigay edi parang tanga lang. Ayoko ng gano'n. Bahala sila sa buhay nila parang ako nalang ang nagpakilig sa sarili ko.

"Kara," I heard her utter my name that made my ears to jerk up.

"Uhm?" I softly respond.

She seems hesitant for a second before she heaved a sigh. "Nothing."

Matalim na inirapan ko s'ya at akmang aalis na dahil kanina pa talaga ako naiinis sa taong 'to nang hawakan n'ya ang aking siko at hinila pabalik.

I give her a warning look.

Ayaw kong umabot sa puntong tuluyan akong mapikon dahil baka masampal ko talaga s'ya. I'm getting a bit violent kapag nagagalit ako kaya kung pwede lang ilayo ang sarili kong kamay sa'kin ay ginawa ko na dahil kung kani-kanino lumilipad kapag napipikon ako.

"Isa pa talaga, Qionne. Tatamaan ka na talaga sa'kin." Pagbabanta ko pero seryosong tiningnan n'ya lang ako at umiling.

She then suddenly held my hands and put it around her nape. I was too stunned for a minute or two and I just realized that she's already moving her body in a gentle way.

Her eyes are close and her lips are press together. Her throat is even making a sexy wave everytime it moves. Then her smooth alluring neck and those collarbones, yawa. Wala na atang pag-asa na bumalik ako sa straight na daan dahil sakan'ya.

Partida wala pa 'yang ginagawa.

"Sing, Kara." She mumbled like a hush that it doesn't almost reach my ears.

Bahagyang umangat ang aking tingin sa kan'yang mga mata na unti-unti niyang iminulat.

Those pair of cat emerald green eyes that never failed to get me inside her trance welcome mine and give me goosebumps.

Ang ganda n'ya.

"Hindi nga ako magaling kumanta, Qionne. Nakikipag-gaguhan ka ba?" Pagrereklamo ko at parang batang pumadyak pero tahimik na tiningnan n'ya lang ang aking mukha bago gabayan ang aking ulo papunta sa expose shoulder n'ya.

Her sweet mint scent invade my nostrils right away that made me gulp plus the fact that my forehead is against her shoulder.

It's electrifying me.

"I don't care if you're good with it or not. Just sing, Zernandes."

I sighed and started to close to gap between the two of us.

Wala na, marupok na ulit.

"How about you're the one to sing, boss--"

"Don't call me on that term." Agad na putol n'ya.

I grinned. "Okay, Miss Hillaris."

"Yuck."

May kalakasang tumawa ako sa naging tugon n'ya ngunit agad akong napatigil nang maramdamang humigpit ang pagkakahawak niya sa aking bewang.

"Q-qionne." I said stuttering.

She hummed. "It's Val."

I lowkey smile against her shoulder as I tightened my grip at her nape. "Bakit ayaw mo ss Miss Hillaris? Parang hindi ka sanay na ayon ang tawag sa'yo ng lahat, ah." Pang-aasar ko pa para mapagtakpam ang init na unti-unting kumakalat sa aking mukha.

Taragis kasing babae 'to. Ginayuma n'ya ata talaga ako.

Hindi nagana sa'kin ang ritwal kaya kailangang ilevel up.

"You don't sound like you're respecting me even if we're in work. C'mon, you don't look someone who will show some reverence on me." Medyo may kahabang litanya nito na mahina kong ikinatawa.

Mukha ba talaga akong walang galang?

Syempre naman yes.

Aminado ako 'no. Guilty pa nga sa salang pagkakagusto sa babaeng 'to.

Choss.

"Grabehan 'yan? May galang kaya ako!" I insist but she just snort.

Maarteng suminghal ito. "You may be had to others but not on me."

"Edi wow. Opo, yes po. Iginagalang kita pero dapat ikaw ang lumuhod sating dalawa."

I looked up to meet her mesmerizing eyes but it was a wrong move because she's already looking at me. Halos magdikit ang labi naming dalawa kung hindi lang s'ya umiwas ng tingin.

Sus. Sayang.

Better luck next time.

"Why would I kneel for you?" She asked with confusion.

I cutely shrugged and tilt my head to make wonders to her beauty. "Kasi ako si Kara."

"And I am Qionne?"

I chuckled at her innocence as I cleared my throat to prepare for my concert.

"Eherm, eherm." Pag-acting ko na kan'yang ikinangiwi.

Napaka talaga ng babaeng 'to. Akala mo hindi umaktong nagselos kanina.

"Kakanta na 'ko. Ready kana?" Nakangising tanong ko na ikinataas lang ng kilay n'ya.

Hindi na s'ya nagsalita kaya nag-umpisa na akong magvocalize. Wala ako sa tono kumanta pero itong taong 'to akala mo ang galing galing ko. May pa-request request pa.

"Go." She muttered.

"I'll put my legs around you, sweetie
Hold me in between, mommy" Pigil ang tawang kanta ko.

I flashed an innocent yet seductive grin while we're looking at each other eyes.
Her forehead creases as she look at me fantastically that made my smile wider.

"Kara, the lyrics---"

Hindi ko na s'ya hinayaang matapos nang tumingala ako at pinaglapit ang aming mga ilong.

"Squeeze me oh-so-tight
Own me the way you want to"

Hindi ko na napigilang bumulanghit ng tawa nang makita ang pamumula ng kan'yang mga pisnge habang masama ang tingin na ipinupukol sa akin.

I bit my lower lip and wiggle my eyebrows but she just snort and look away.

"Ayos ba ang own version ko sa kanta?" I mocked but I stiffened when she started to hum and pull me closer.

[Kindly play the multimedia above if you want to<3!]

Her eyes pierce to mine na ikinatutop ng aking labi. It feels like invading my soul sa paraan palang ng pagtitig niya sa akin.

She continue to hummed.

Hindi ko mapigilang matulala sa itsura niya lalo na ng bahagyang tumaas ang sulok ng kan'yang labi.

"Put your head on my shoulder
Hold me in your arms, Kara
Squeeze me oh-so-tight
Show me that you love me too"

My lips parted as I heard her singing voice. Even my jaw, it almost drop after she sang it with her usual deep yet hoarse voice.

Oh my God.

I looked at her with admiration in my eyes while our body are moving on its own. I am too lost to the tune she's making with her own voice as the pills to take all my wills away.

Valentine.

How mysterious and wonderful is she?

"Put your lips next to mine, dear
Won't you tell me story, Kayleigh?
Just a swift goodnight, maybe

You and I will start a vow"

Mabining ngiti ang namuo sa aking labi nang mapag-alamang unti-unti n'yang binabago ang liriko ng kanta.

Nang harapin ko ang salamin ay agad kong napansin ang namamaga kong mga mata dahil sa pag-iyak ko kanina. Ilang minuto pa kaming magkayakap kanina ni Tyong hanggang sa buhatin n'ya ako at dinala sa tapat ng banyo.

Wala tuloy akong nagawa kung hindi maligo dahil nanlalagkit na rin ako.

After finishing my rituals, I went out of the bathroom and look for my boss that's now busy drinking wine while crossing her legs. She's elegantly sitting at the veranda and looks like she's in a deep thought.

I brush my hair and walk towards her.

Agad akong napalunok nang marealize ko na tanging bathrobe lamang ang suot n'ya. Hindi ko alam kung may suot ba s'ya sa loob dahil ang kapal masyado ng robe na gamit n'ya.

Tatanggalin ko 'yan mamaya para masigurado ko kung may damit nga ba.

I smirk.

Sigurista ata 'to.

"Done crying?" I heard her asked in a low tone nang makaupo ako sa tabi n'ya.

"Mm!" I agreed. "Ang ganda ng boses mo 'no? Ako rin maganda umungol---ayan parang tanga kasi." I eagerly handed her a napkin because she almost choke the wine she was drinking.

"Your words, Kara. That's too vulgar."

Nakangiting sumandal ako sa balikat n'ya. "You don't like people who don't think before they speak?"

"Yes." She answered right away.

"Alam mo bago ako magsalita nagkakaroon ng millions of calculation ang utak ko bago magcome-up sa isang sentence. Because I believe that I, a woman of my own, should love by Qionne Hillaris and I thank you." I confidently mutter but she just tighten her grip at the wine glass.

Ang dali masyadong mapikon ng taong 'to.

"That's absurd, Kayleigh."

I chuckled and close my eyes because here is my heart again, beating as fast as she can upon hearing her say my first name.

Si Mama lang ang palaging tumatawag sa'kin n'yan. Mostly kasi talaga ay Kara dahil sa combination ng name ko na madudugtungan pa ng surname ni Qionne.

What a life.

"Hindi nga? Anong gusto mo sa isang tao?" Pangungulit ko pa dahil masyado ng visible ang amoy ng alak sakan'ya. Kanina pa kaya 'to nag-iinom kaya nililibang ko sa kadaldalan ko ngayon. Kapag kasi nagsasalita ako ay napapatigil s'ya at hindi na nagsasalin pa sa baso. Ang alam ko pa naman ay may agenda s'ya bukas according to her secretary na sinesendan din ako ng schedules n'ya. Sabi raw kasi ni Haeliy ay ibigay kaya ibinigay nga sa'kin.

Masyadong masunurin.

Deserve n'ya ng jowa.

Deserve n'ya si Kuya Edward.

Charizz.

Hindi pwedeng si Qionne ang deserve n'ya dahil ako ang deserve ng babaeng 'to. Wala ng iba. Periodt. Ang aangal mamamatay.

Akala n'yo, ha. Kabit na kaya ako ni Satanas.

Char! Taragis na 'yon hindi ko pa rin nakakalimutan ang mga kamalasang ibinigay n'ya sa'kin simula pagkabata. Kapag talaga namatay ako ay papalitan ko na s'ya tapos gagawin ko syang tao na hindi kailanman magkakajowa kasi babastedin s'ya ng lahat.

"I want someone who is not as talkative as you." Pag-irap n'ya na ikinairap ko rin.

I secretly pouted my lips as I hug myself out of coldness.

"Haeliy will come over tomorrow." She said in a deep voice out of the blue.

Tumango ako.

"Do you want to promote her brand?" I saw how she closed her eyes and heaved a deep breath as she muttered those words.

"Anong brand?"

Syempre sisiguraduhin ko muna. Hindi ako tumatanggap ng offer kapag hindi ako comfortable lalo na kapag may kinalaman na sa damit. I advertised some swimwear but it's not that revealing.

"You'll be the front cover of her upcoming magazine. It'll be a breaking point for you, tho. It will help a lot in building your career." She explained that made me silent for awhile.

"Ano ba ang business ni Haeliy?"

"BYT."

Isang kataga lamang ang kan'yang sinabi pero halos malaglag ang aking panga. It is one of the influential fashion and lifestyle magazine in the world. One of the biggest competitors of VOGUE.

"Seryoso ka?" Naniniguradong tanong ko dahil masyado agad mataas 'yon para sa'kin.

She lightly nod her head and finally close the bottle of wine. Tumayo na rin s'ya at inayos ang robe na suot n'ya.

Hindi ba s'ya nilalamig? Halos mangatog na ang tuhod ko sa lamig pero s'ya parang wala lang.

Kung sabagay, hindi nga s'ya nangingilo kapag kinakagat n'ya ang ice cream.

"It's Haeliy's decision. She wants you in her business."

"Eh?" I teased as I closed the door of the balcony. Agad s'yang sumampa sa kama n'ya kaya umupo na rin ako sa akin. "Ikaw ba? When will you want me in your life?"

"Never."

"Never mind, I'll find someone like yooOooUuuu~" Malakas na kanta ko na malakas n'yang ikinapalatak.

I wiggle my eyebrows at her as I put the thick comforter all over my body.

Hindi talaga ako makakatulog ng walang kumot or anything na itataklob ko sa katawan ko.

"Stop imagining scenes that will never happen, Kara." Pag-irap n'ya na ikinangiti ko.

Sus.

Hobby kong mag-imagine ng mga scene na imposibleng mangyari 'no. Hindi ko man s'ya makukuha, at least sa imagination ko nagkapamilya kaming dalawa.

I'm so wise.

"Anong oras na?" I asked out of the blue.

When I glance at her side, nakahiga na s'ya at prenteng nakapikit.

"I am not a clock."

"Fair enough. You don't have a cock---"

"Kayleigh." She called in a warning tone na mahina kong ikinatawa.

Bahagyang kumilos siya at humarap sa direksyon ko. Agad namilog ang aking mga mata nang mapansin na tanging nighties lamang ang suot n'ya ngayon at ang robe na gamit n'ya kanina ay nakasabit lang sa gilid.

Dear my guardian angel, I am ready to reach the heaven.

I'm so bless.

Ang ganda ng collarbone n'ya. Then her flawless neck that is so tempting. Idagdag pa ang makapal na kilay n'ya at 'yong kulay green na mga mata.

Favorite siguro ni Lord 'tong babaeng 'to. Masyado s'yang bless. Pwede ko na s'yang maging blessing.

Choss.

I am not wishing to have her or to make her mine either dahil malabo talagang mangyari 'yon. Isa pa, hindi ako gano'n. I won't force someone to like me back because that is not their responsibility.

Ang gusto ko lang talaga ay makasama s'ya. I wanna see her smile, hear her laughs, and be with her through everything.

I am not asking for anything in return. Gusto ko lang makitang sumaya s'ya.

Because honestly, Qionne deserve that. Hindi pa kami sobrang magkakilala pero nasisiguro kong masyadong marami ang pinagdaanan nito sa buhay.

Why would a person be that hard on herself that she can't even smile? Parang kalkulado lahat ng kilos n'ya. She's too protective on herself to the point that she don't want anyone to come close.

I can still feel the wide gap between the two of us. Every time I take a step forward, she's taking four steps back.

I closed my eyes and heaved a deep breath.

Isip-bata ako pero kapag na-attach talaga ako sa isang tao ay iiyakan ko talaga. I am childish, I know. Too immature for my age ika nga nila but when it comes to Val's case, feeling ko iiyak talaga ako kapag bigla nalang 'tong umalis ulit.

I am so curious about her and I know that this curiosity can be the reason of my struggles. Hindi lang sa'kin dahil paniguradong madadamay ang pamilya ko.

But nevertheless, andito na ako 'di ba? Bakit pa ako aalis kung pwede ko namang ipagpatuloy nalang.

I like her a lot and this can grow into something more but I won't do anything to stop or prevent it.

It is what it is.

Kapag nasaktan ako edi himlay nalang agad. At least nakasama ko s'ya 'di ba? Atleast at some point of my life I tried how to admire someone the way I want it.

I will definitely love her the way I want to be loved.

Naks, ganito ang self-comfort.

Pagpapakatanga.

"Val," I called but she just hum. "Who is Ael?"

Nanatiling nakapikit ang aking mga mata hanggang sa narinig ko ang pagtikhim niya. "My ex."

"What did he do to you?"

"Loved me I guess."

"Mahal mo pa ba?" Marahil sa naging tanong ko ay nabigla siya dahil bigla s'yang natahimik.

My heart is beating loud and I fear that she might hear it even if we're meter apart.

Her silence say it all.

Mahal n'ya pa.

I bit the inside of my cheeks.

"If you still love him---"

"I don't want him back." She cut me off as I heard her little movements but I just remained steady on my position. "I will never want him back."

"Why?"

"I told you, he once left me. I won't let him do that twice."

I cleared my throat. "But what if he comes back? What if he is the only thing that can make you happy again?"

Unti-unti kong binuksan ang aking mga mata but her cold eyes welcomes mine. This is the first time I see how her orbs glisten with coldness and regrets.

"I will never rely my happiness on someone else. I choose this path. Don't bother to meddle in my life."

....

"Kara!!" Masayang bati ni Haeliy nang makapasok kami ni Qionne sa studio.

Sinundo kami kanina ng secretary ni Haeliy sa suite at habang nasa byahe ay ineexplain n'ya sa'kin ang magiging trabaho ko.

Hindi raw dito idaraos ang final photoshoot dahil marami raw location ang paggaganapan. Ang sabi pa n'ya ay lima raw kami but if I will accept the offer, I'll be the cover as for Haeliy's decision.

"Hi." Nakangiting bati ko kay Eli na agad humalik sa aking pisnge.

She is smiling widely but when her eyes landed to her sister, agad na kumunot ang kan'yang noo. "You didn't sleep?"

I glance at Qionne that's staying at my side. Kanina pa s'ya walang imik and not bothering to say even a single word.

Hindi ko naman s'ya gaanong kinukulit ngayon dahil una sa lahat, nagmamadali kami magprepare

kanina tapos noong nasa byahe ay kausap ko ang secretary ni Eli.

Marunong din kaya ako maging professional hindi lang talaga halata kasi maharot ako sakan'ya.

"Kara?" Someone asked and my eyes widen after seeing my squad.

What the hell are they all doing here?

I excused myself to those siblings na tumango lang at pumasok sa isang kwarto. I went to my friends that is looking at me suspiciously.

"Bakit andito kayo?"

"Bakit kasama mo si Ms. Qionne Hillaris?" Takang tanong ni Heather.

I squinted my eyes as I saw how she eyed me intently.

Huwag n'yang sabihing trip n'ya si Qionne at sasampalin ko talaga s'ya.

"May problema ka kung kasama ko s'ya?" Malditang tanong ko at saka tinapik ang kamay ni Dooey na akmang pipisilin ang pisnge ko.

I heard the other laughs.

"Kaya naman pala hindi mahagilap at macontact kagabi, may kasama naman palang shawty." Scoby teased but I just rolled my eyes on her.

Shawty my ass. Ni hindi ko nga matawag na shawty si Val kasi grabeng pagpupuri ang ginagawa ko do'n tapos il'label lang nila sa pangkantong tawag sa maganda?

Ulol.

"Ano bang ginagawa n'yo dito?" I asked instead but I have a hunch na sila 'yong tinutukoy kanina na makakasama ko raw.

Saktong lima pa naman kami but in fairness, this will be the first ever project na magsasama-sama kaming lahat. Noon kasi ay hindi kami kumpleto. Iba iba rin kami ng gig.

"Miss Haeliy offered us a job kaya syempre tinanggap namin. Ang laki nga noong offer, eh." Dooey answered with a grin.

Buti pumayag ang isang 'to? Nagm'model din naman ang 'yan kahit na basagulera s'ya pero mas trip n'yang tumambay sa bar na pinagtatrabahuhan n'ya at kumanta.

Akalain mo, vocalist s'ya ng banda. Sila lang ni Migo ang marunong magaling sa amin, eh.

Kung hindi lang talaga bumuhol sa leeg ko ang kwintas na bigay sa'kin ni Mama noong bata ako edi sana maganda ang boses ko. Naapektuhan no'n ang vocal chords ko kaya nagtunog gutom na pusa ako kapag kumakanta.

"Pero Kara," I looked at Migo na grabe kung makapulupot sa girlfriend n'ya. "Bakit nga kasama mo si Miss Qionne Hillaris?"

"Jowa n'ya." Heather playfully utter na ikinalingon ng isang makeup artist sa direksyon namin.

I secretly kicked Heather's leg.

Bunganga talaga nito puro katangahan ang laman.

"Boss ko 'yon."

"Ah, hindi mo s'ya sugar mommy? Ikaw ha, kaya pala ayaw mo sa sadboi ang gusto naman pala ay sadgirl---aray ko putanginang kamay 'yan, Zernandes!" Mahinang singhal ni Scoby ng may kalakasang binatukan ko s'ya kaya tumama ang kan'yang ulo kay Migo.

'Yan, magyakapan pa kayong mga malalandi!

Kung saan saan nalang talaga naghaharutan palibhasa parehas busy sa acads at trabaho.

"Wag nga kayong maingay apat, sasampalin ko kayo." Banta ko sakanila na ikinasipol ni Migo.

"Kaya mo?" Doo challenged kaya tumayo ako at hinarap s'ya. She automatically place her hands around my waist na hindi ko na ikinagulat pa dahil s'ya talaga ang pinakatouchy sa aming lima.

I folded my sleeves and ready my palm when suddenly, everyone became quiet.

I glance at the women who just got out of the room they entered earlier. Matamang nakatitig sa aking direksyon si Val hanggang sa bumaba ang kan'yang tingin kay Doo na hanggang ngayon ay nakayakap sa bewang ko.

I saw how Qionne's eyes became darker before she clenched her jaw and take heavy steps until she reach the door. May kalakasang isinarado n'ya ito na ikinangiwi ko dahil paniguradong mas bad mood 'yon ngayon.

Jusko naman.

Paano ko na naman makakausap 'yon mamaya? Kailangan ko na naman saniban ng matinding kalandian at kakulitan para lang maharap s'ya.

"Everyone," Haeliy called everyone's attention but I saw how she looked at my side and shake her head in disbelief. "Gather please. Let's have a quick discussion first."

Kusang tinanggal ni Dooey ang kamay n'ya sa akin at prenteng tumayo. They gather and listen at Haeliy's instructions pero nanatili akong nakatayo at tahimik na nakikinig lang.

The way she speaks directly to the point with such formality and professionalism reminds me of her sister. Ganyang-ganyan makipag-usap minsan si Qionne lalo na kapag wala s'ya sa mood.

When she finally told everyone that it is time to start the preparation, agad na nagsipulasan ang mga tao. Akmang kikilos na rin ako upang sumama doon sa isang makeup artist na tinatawag ako nang hawakan naman ni Eli ang aking braso at pinasunod sakan'ya.

"I guess, you accept the offer?" She asked as a matter of fact na tinanguan naming lima. We're now in a private room na pinasukan nila kanina ni Val. "Great! For now, let's do some shots muna para maipakita sa board ang potential."

"Therefore it's still not sure that we will be the one to get this over with?" Casual na saad ni Heather na ikinataas ng kilay ko.

Bakit mukhang crush n'ya si Haeliy?

Kahit na sociable kasi ang babaeng 'yan at halos lahat ay kilala hindi s'ya 'yong tipong magtatanong ng diretso gaya ng ginagawa n'ya ngayon. Commonly ay ginagawa n'ya lang 'to to caught someone's attention.

"No. Trust me, this project is on you. I just need to clarify everything to the board before the contract signing so please," Eli's eyes roam around at isang mabining ngiti ang namuo sa labi n'ya nang magtama ang aming mga mata. "Give your best on this one. I had your back."

We all agreed sa sinabi n'ya dahil alam naman namin na hindi pa talaga kami professional models. It's hard to get this kind of opportunity dahil once in a lifetime lang ang ganito kaya pumayag na kaming lahat. Tsaka kami naman ang magkakasama kaya hindi na gaanong malaki ang adjustments na gagawin.

"Kara, can I have a word to you?"

I plainly stare at Eli that stop me from leaving the room. Nagtatakang tiningnan ko s'ya pero ngumiti lamang ito na automatiko kong ikinatango.

Swear, may sumpa talaga ang ngiti nilang dalawa ni Qionne.

"You look bothered." Puna ko sakan'ya dahil kung kanina ay professional s'yang tingnan, ngayon naman ay mukha s'yang nanay na namomroblema sa anak n'ya. "Anong pag-uusapan natin, Ma'am?"

She grimace. "Don't call me Ma'am or anything. Eli nalang."

Tumango-tango ako tanda ng pagsang-ayon.

"So anong pag-uusapan---"

"Do you like my sister?"

Eh?

Totropahin.

I stupidly look at her but she just stared back at me with seriousness and intensity in her eyes.

Wala man lang sugarcoat? Diretso agad? Wala man lang silang kagentle-gentlesness sa katawang magkapatid. Gusto lagi nambibigla.

"Kara." Tawag n'ya pa na ikinakurap ko.

"Oo." Diretsong sagot ko na ikinatikom ng kan'yang mga labi.

She closed her eyes for a while as I saw how her knuckles form into a fist. Matamang nagsalubong ang kan'yang kilay bago s'ya umiling-iling.

What's the point of lying kung mahahalata naman talagang gusto ko si Qionne? Hindi ako torpe 'no.

"She's not ready."

"I know." I shrugged. "Wala naman akong balak jowain ang kapatid mo."

A genuine smile drew on her lips as she reach for me hands and gently hold it. "I am not against it or anything if ever, Kara. Ang sa'kin lang, it will break you. Baka hindi mo kayanin."

My eyebrows flickered as I heard her tone full of worries.

"She still love Kuya Ael." Simpleng saad n'ya na ikinangiti ko.

Alam ko na 'yon syempre. Halata naman kay Val pero 'wag ko lang talagang makita o makilala ang Ael na 'yon at ako ang magtatanggal sa pisnge n'ya.

Like what the fvck? How can he take to leave that woman? Madalas lang talagang rude si Qionne pero atleast hindi ka gugutumin dahil lagi s'yang nagpapakain.

Taragis naman bakit gano'n ang choice of words ko? I mean ano kasi 'di ba lagi s'yang nanlilibre? Kaya ayon hindi ka talaga magugutom.

"May pag-asa pa bang bumalik 'yon?" I asked, pertaining to the man she's talking about.

Kasi 'di ba palaging gano'n nalang ang nangyayari. Kapag nagkaka-inlove'n na biglang dadating 'yong ex tapos makikieksena. Ang common. Ayaw ko no'n.

Hindi ba pwedeng ngayon na s'ya bumalik hangga't hindi pa ako niluluhuran ni Qionne para naman hindi masyadong ouchy-dokey folks? Kapag sa susunod pa s'ya bumalik ay siguradong magwawala na ako.

Parang ang cliché kapag dumating 'yong Ael na 'yon out of nowhere then Qionne is starting to have feelings for me. Ayokong maguluhan s'ya 'no tapos sigurado pa akong mas mataas talaga ang possibility na bumalik s'ya doon sa sperm na 'yon.

I am not a love for convenience na choice lang kapag no choice na.

Baka hindi lang sampal ang magawa ko if ever. Baka kahit mamatay ako ay h'hunting'n ko talaga silang lahat.

I heard Haeliy's scoff.

Taragis na 'yan. Nakalimutan kong kausap ko nga pala s'ya. Yung utak ko kasi kung saan na naman napapadpad. Sabi ko kanina pwedeng hindi n'ya ako magustuhan pero ang sakit no'n masyado.

Sa astig kong 'to hindi n'ya man lang pagsisilbihan? Hindi pwede 'yon.

Tawagin n'ya muna ang Paw Patrol bago s'ya makatakas sa'kin.

Charizz.

"There's a possibility that *he* will come back pero sigurado naman akong mahihirapan s'ya kunin pabalik si Qionne." Eli caught my attention as she gently lick her lower lip. "Si Kuya Ael ang nang-iwan pero

siguradong mas may trauma 'yon."

"Ha?"

She let out a smile that sends goosebumps on me. "Qionne isn't that soft, Kara. She's unbreakable even if she's in love or do love someone else. Hindi uso ang pagiging marupok sa babaeng 'yon. Kahit na umiyak at lumuhod ka sa harapan n'ya, she will definitely resist and break you even more."

I gulped and shake my head.

Why though?

Hindi naman magiging gano'n si Val kung walang ibang nangyari sakan'ya. She was like a villain that the story is still unheard.

Pero syempre hindi s'ya ang villain dito. Si Noah 'yon na tatanga-tanga. Idagdag pa si Ael na part ng alphabet.

"What has she gone through?" I curiously asked pero umiling lamang ito.

Tingnan mo, magbibigay ng infos tapos hindi kumpleto. She's triggering my Marites' side.

Akmang magsasalita ulit ako ng biglang bumukas ang pintuan at pumasok si Qionne na akala mo ay pumunta rito para lang halikan ako.

Choss.

Mukha s'yang mananapak.

"Why aren't you starting yet? You're wasting time, Haeliy." She coldly stated na ikinairap lang ng kapatid n'ya at saka nagpaalam.

Akmang susunod na ako kay Eli ng harangan naman nitong damuhong Hillaris na 'to ang dadaanan ko para lang samaan ng tingin.

"Oh, ano? Bakit ganyan ka makatingin?" Imbis na sumagot s'ya ay mas tumalim lamang ang kan'yang mga mata. "Tigil mo 'yan. Hahalikan talaga kita."

"I hate you."

I grinned and gently tap her cheeks. "Hate me to death."

She loudly stomped the floor as she frustratedly disheveled her hair.

Parang tanga talaga 'to minsan. Ayaw n'yang nagugulo ang buhok n'ya pero kapag naiinis kulang nalang sabunutan ang sarili.

Kung hindi ba naman adik sa'kin ang babaeng 'to.

"Who is she?"

"Ha?"

"That woman who hug you earlier?"

"Hadouken." Wala sa sariling untag ko na ikinahinga n'ya ng malalim saka tumalikod at mabilis na naglakad palayo.

My lips parted.

Ano na naman bang hinithit ng babaeng 'yon at kulang nalang manira ng pinto? Kanina pa s'ya, ah. Kulang nalang pati mga nakikita n'ya ay ibalibag.

Naiiling na lumabas ako at sumama sa isang makeup artist para ayusan. Quick retouch lang naman dahil may light makeup na rin ako.

They just asked me to choose whatever I like to wear from the wardrobe at napansin ko agad that the clothes are quite revealing.

Nang lumabas ako ay agad bumungad sa akin ang mga aking mga kaibigan na nakikipagtawanan sa ilang staff. Haeliy and Qionne on the other hand is busy talking to the photographer but the moment I walked out, her eyes suddenly landed on mine.

Mataray na iniiwas nito ang tingin sa akin at isinuot ang shades n'ya saka umupo sa gilid at humalukipkip.

I walked towards the backdrop na simpleng inayusan lang nila pero ang lakas masyado ng dating. Pale pink and lavender is the theme and right at the moment, I know that this will tackle spring.

Bakit 'yong akin medyo naiiba compare sakanila? Halos same silang lahat ng color palette pero 'yong akin pati style medyo nah'highlight.

"Let's start?" Nakangiting ani ng photographer na ikinatango namin. She even start a conversation to lighten the atmosphere.

She then ordered us some position that we do so. Pinapwesto n'ya ako sa gitna habang magkaharap naman iyong apat. Nasa kaliwa ko si Doo at Heather habang nasa kanan iyong magjowa.

Hanggang photoshoot ba naman fifth wheel ako?

"Nice. . .perfect. Give me your smile."

I flash a seductive smile for our next shot when my eyes landed on Qionne. The side of her lips move but she manage to hide it before her sister turn her head on her side.

Mas lumawak ang aking ngiti nang tanggalin n'ya ang shades n'ya para lang irapan ako.

"Three minutes break, guys. Pakiayos ng damit ni Heather." Utos noong photographer na ang pangalan daw ay Elsa.

A stylist came to fix Heather's clothes but my eyes were still on Valentine na ngayon ay kung makasimangot akala mo ayaw na sa mundo.

I can't help but giggle and take a step back pero halos mahulog ako sa platform kung hindi lang ako nahigit ni Migo pabalik.

"Boom tanga deserve." Rinig kong usal ni Doo na ikinatawa ni Scoby.

Tangina hindi man lang ako tinulungan.

Initial reaction n'ya ang line na 'yon kapag may nakita s'yang hindi n'ya inaasahan pero imbis na tulungan ay sasabihin n'ya muna 'yan.

Biot na 'to.

"Kara, you okay?" Nagtatakang tanong ni Eli dahil hindi naman s'ya nakatingin sa amin kanina.

Tumango lamang ako.

Buti na lang at kami kami lang ang tao pero grabe naman kung makahalakhak ang mga kupal na kaibigan ko. Tarantadong mga 'to akala mo hindi mga lampa eh si Heather nga nadulas sa harap ng principal tapos sinabing namiss n'ya lang mag-ice skating.

"Sure ka? Walang masakit sa'yo---"

"Make the break half an hour." Her stern voice echoed that stop everyone from their own tracks.

She stand up with full of authority as she glared at Dooey's hand that it gently poking my cheeks.

"Miss Zernandes, change your clothes."

"Qionne." Banta ni Haeliy pero walang emosyong pinagkrus lang ng kapatid n'ya ang mga braso nito.

"I said change it." She ordered again but no one from the stylist move dahil nakakunot ang noo ni Haeliy at umiiling.

"Now."

Chapter 12

Kara's POV

"Ate, akala ko po ba inspired sa spring eh bakit po parang pang-winter 'yang kay Kara?" Nagtatakang tanong ni Scoby sa stylist na kasama ko.

Kahit ako ay nagtataka sa ipinasuot nila sa akin pero wala naman akong nagawa dahil maganda rin naman. They told me that Qionne personally picked this one kaya wala silang nagawa kung hindi sumunod.

"It is still connected to spring, Scoby." Healiy interfere habang nakasimangot sakan'yang tabi ang kapatid.

I quickly wink at her when her eyes landed on mine but she just snort and put her airpods on.

In fairness ang ganda talaga ng taste n'ya sa damit. Knowing that she's the one behind this style, I can't help but look up to her when it comes to fashion.

Kahit nga mga damit n'ya ay dalang-dala n'ya. She's good in styling them na kahit simple lang ang suot niya ay ang ganda pa ring tingnan.

She's just too good to exist.

"Haeliy, take care. I'll go back to my hotel suite now." Paalam n'ya sa kapatid at hindi na nag-antay pa ng tugon nito dahil mabilis s'yang umalis.

Almost all of our eyes were following her until she finally take her leave. Nabalik lang ang aking tingin kay Eli nang tumikhim ito at awkward na ngumiti.

"Let's start, guys. We should finish this before 3." She said a bit loud na ikinatango ng iba.

As usual ay nagsimula na ulit kami pero 'yong isip ko na kay Val. Wala akong kasama mamaya pagbalik sa suite dahil iniwan ako ng mokong na 'yon.

I tried focusing on our shoot hanggang sa matapos na. Nagpadeliver na nga lang din si Eli ng pagkain para sa lunch namin tapos start na ulit.

"Kara, Qionne texted. You can go daw wherever you want. Use this nalang daw." Marahang iniabot nito sa akin ang isang gold card.

My brows furrowed at nagtatakang tiningnan s'ya.

"She told me that you can use that kung may gusto ka raw bilhin. Hindi naman daw mababawas sa sweldo mo so buy everything you want. I suggest na bilhin mo 'yong isang real estate sa kabilang city using that card. It is definitely worth the price." She giggle but seems serious on what she's saying.

Hindi ba kakapasok palang ng sweldo ko sa sarili kong credit card? Ano na namang pakulo 'to ni Qionne?

"Eli, no." Tanggi ko at saka ibinigay pabalik sakan'ya ang card. "I can't accept that. Pakibalik nalang

mamaya sa kapatid mo."

Ayaw kong isipin nila na inaabuso ko na ang pagiging mabait ni Val, 'no. Oo alam kong mayaman sila pero ang ipahiram ang card n'ya sa'kin for free? No way.

Tapos itong kapatid n'ya gusto pang ipabili sa'kin ang isang real estate na parang lollipop lang. Jusko naman, napakamapagbigay naman nila sa pera.

"Hello Haeliy my loves." Biglang sulpot ni Heather sa tabi ni Eli na ikinagulat pa noong isa pero hindi rin pinansin kalaunan. "Ang suplada naman. Halikan kaya kita?"

"Ew. So gross." Haeliy utter before picking her phone up and call someone.

Nanatili akong nakatayo sa harapan nila dahil hinihintay ko nalang ang iba kong kasama na nagbibihis pa. Kanina pa kaya ako nakapagpalit kasi ako ang inuna nila sa solo pictorial kaya nauna talaga akong matapos.

Napagkasunduan pa naman naming lima na gagala kami today kasi bukas ng madaling araw ay uuwi na raw kami. May pasok pa kaming lahat kaya bawal ang patanga-tanga.

"Hello, Qionne? Kara doesn't want to accept your card. What should I do now?" Simpleng inalis ni Eli ang kamay ni Heather na nakapulupot sa balikat niya bago umupo sa aking tabi dahil kanina pa ako nangangalay kakatayo. "Oh, really? I'll give her my cheque book nalang ba? I don't have my cards with me. I only have cash right now."

Parehas kaming nakatanga ni Heather kay Eli na ngayon ay ipinapaabot ang bag n'ya sakan'yang secretary. Kausap n'ya pa rin si Qionne hanggang ngayon pero nagbibilang na s'ya ng pera.

"I only have fourties', Valentine. You know that's not enough kapag nag-shopping. Make it two or five hundred. Magpa-withdraw ka for Kara."

Ha?

Bakit ako?

"Ay taray bakit involve ka teh?" Tanong ni Heather pero nagkibit-balikat lamang ako.

Aanhin ko ba ang pera nila eh hindi nga ako magastos? Mukha bang mags'shopping ako ng more than one hundred thousand kung hindi nga ako makabili ng isang Magnum na ice cream? Ganoon ako katipid sa sarili ko minsan.

Sandali pang magkausap sina Haeliy bago ito huminga ng malalim. "Damn you, Qionne! You better pay me for this." She last said before ending the call.

Namumula ang mga pisngeng lumingon ito sa direksyon ko at pasimpleng inirapan si Heather. The latter just grin and wink at her pero umirap lang ulit si Eli at iniabot ulit ang card sa'kin.

"Just keep it now, Kara. I still want to live." Nanlulumong saad nito at hinawakan ang aking kamay saka ipinatong ang gold card ni Val.

"Bakit ba iniwan ni Qionne? Anong gagamitin n'ya?"

Her lips parted for awhile before shaking her head. "She still have platinum and black card."

She gave me soft stares kaya umiiling na tinanggap ko nalang. Hindi ko naman gagamitin, eh. Tsaka mukhang nagmamakaawa na s'ya sa tingin n'ya sa'kin.

"By the way, I gotta go. May flight pa ako mamaya." Paalam nito as she start fixing her things.

Dumating na rin ang mga kaibigan ko at agad umakbay sa akin si Scoby.

Heather scoff. "Saan ang punta mo, Eli my loves?"

"To my boyfriend." Simpleng sagot ni Haeliy saka humalik sa pisnge ko at tuluyan ng umalis.

Dadaan pa raw s'ya sa kapatid n'ya dahil may hihiramin s'ya. Malay ko kung ano 'yon dahil hindi naman n'ya sinabi.

But she told us na babalik daw s'ya for contract signing. For now daw ay pupunta muna s'ya sa boyfriend n'ya at manonood ng fashion show na inaayos ni Jackus.

"Aww peyn." Doo uttered out of nowhere habang naglalakad kami papuntang Mines View park para intayin ang sunset.

Ewan ko kung magsasakay ba kami dahil gusto ata nilang maglakad ngayon. Hindi naman kasi nakakapagod 'yong shoot kanina kasi ang chill lang ng lahat lalo na ni Eli.

Si Qionne lang talaga ang always hot.

Hot-headed.

Ano na kayang ginagawa no'n ngayon pwera sa pag-iisip sa'kin?

"Heather 'yang mukha mo pang-tanga. Bakit ka nakasimangot?" Puna ni Scoby habang inaayos ang jacket ng boyfriend n'ya.

Walang hiya talagang magjowa 'yan palagi nalang ipinapamukha sa akin na single ako. Buti na nga lang at hindi masyadong sinasaniban ng kalandian si Doo at Heather dahil kung magkataon ay iiwan ko nalang sila dito para hanapin si Qionne.

"Kara," tawag ni Heather sa pangalan ko.

"Oh? Wala akong pera na ipapautang sa'yo pero magkano ba?"

"Tanginang 'to." I chuckled at her remarks as I fixed Qionne's trench coat na suot ko.

Binigay n'ya lang 'to sa'kin kanina bago kami umalis sa suite namin tapos nang tinanong ko kung kanino sabi n'ya ay kan'ya raw iyon.

"Ano nga?"

Heather face contorted. "May jowa ba talaga si Eli?"

Wala sa sariling napatanga ako sakan'ya bago mahinang natawa.

Taragis na 'yan. Kapatid pa ni Qionne ang nais.

"Aba malay ko. Bakit hindi mo tinanong sakan'ya kanina?" I grinned but she just rolled her eyes at marahang tinatapik ang braso ni Doo na akmang hahawakan ang kan'yang braso.

Bahagyang umismid si Heather at lumingon pa sa kabilang side kaya napatingin ako sa leeg n'ya.

What the heck?

I was about to point it out ng mabilis na lumapit sa pwesto ni Heather si Scoby at walang pakundangang hinawi ang mahabang buhok nito.

Tangina.

"Hoy gaga ka bakit may hickey ka? Wala naman 'yan kanina!" Himutok ng best friend ko at malakas na binatukan si Heather.

Tumatawang niyakap ito ni Doo para ilayo sa kapatid n'ya at tila proud na proud pa habang bumubulong dito.

"In fairness fresh 'yong hickey." I commented while grinning. Maging si Migo ay natawa at umiiling-iling na inakbayan ang syota n'ya.

Mga hayop na 'to ako lang ang walang partner dito. Pinagtitinginan kami ng iba naming nadadaanan dahil naghaharutan silang apat at inaasar si Heather about sa hickey habang ako ay pasimpleng tinitingnan ang cellphone na bigay nina Tyong.

I smile when I finally found her contact number.

To Valasubas:
I'm hungry.

I can't help but chuckle at her nickname on my phone. Wala kasi akong maisip na iba kaya ayan nalang.

Hindi uso ang sweet call names sa'kin, eh. Ayoko sa endearment na gawa gawa lang ng kampon ni Barney. Magtatawagan pa ng kung ano ano tapos hindi rin naman magtatagal.

Mas nagtatagal pa kapag *hoy* lang ang tawagan kesa sa mga love-love na 'yan.

A smile crept into my lips when I saw her reply.

From Valasubas:
Then eat.

To Valasubas:
Ayoko. Wala akong kasabay.

By now ay nai-imagine ko na ang nakasimangot na mukha nito habang umiinom ng wine. Adik sa wine ang babaeng 'to, eh.

Gusto ko nalang din maging wine para sipsipin n'ya rin sa wine glass.

Cheret.

Tamang landi lang habang iniisip kung kailan ba babalik ang lalaking nang-iwan sakan'ya para mai-ready ko ang sampal ko sakan'ya.

Hindi ko pa s'ya kilala pero gusto ko na s'yang ibalibag.

To Valasubas:
You have your friends, right? Treat them so you can eat.

I smile like an idiot upon seeing her replies. Kunwari pa talaga 'to, eh. Ayaw na ayaw na nagugutom ako.

Buti nalang masarap akong kumain. Sa susunod isasama ko na s'ya kapag kakain ako tapos s'ya ang main course.

Choss.

Sa ilalim 'to.

"Hoy malandot na babae, sino na naman ang kaharutan mo?" Pukaw ni Dooey sa atensyon ko pero inirapan ko lang s'ya at nireply'n si Qionne.

Sabi ko s'ya ang gusto kong kasabay kumain kasi malanding bakla ako.

"Hayop ka ako nga lang ang hindi maharot sa ating lima. Babaerong 'to." Pakikipagtalo ko kay Dooey at marahang hinila ang dulo ng buhok n'ya.

I made my way towards a vacant table at doon nagpahinga habang nakikinig sa asaran nila Migo. Nakisabay lang ako ng isang shake kay Heather na bibili raw.

Kahapon daw kasi ay dumating ang ex slash manliligaw ni Heather sa Valentine's party tapos naka-Lamborghini.

Mukha lang talagang patanga-tanga 'yang babaeng 'yan pero yayamanin ang mga ex. Sa aming lima ay s'ya ang pinakamaraming ex na mayaman, actually paramihan sila ni Doo. Pero kahit gano'n ay s'ya pa ang nagiging sugar mommy kahit na s'ya ang dukha.

Ayaw n'ya kasi nang nililibre ng iba.

"Lamborghini my ass. Matapos n'ya akong ipagpalit sa sugar daddy n'ya? Ulol." Heather scoffed at saka inilapag ang isang shake sa harapan ko. "Eto na ang shake mo kamahalan. Mamaya magalit pa si Miss Qionne kapag nagutom ka."

I stop sipping on my shake and glared at her. "Oh? Anong meron kay Qionne?"

"Hindi mo ba syota 'yon?" Migo asked out of the blue na mabilis kong ikinailing.

"Gago, hindi. Single ako." Tanggi ko pa.

The girls look at me in awe before smirking playfully. Ngiti palang ng mga 'to alam na agad na may sasabihing katarantaduhan.

"Single mo mukha mo, Zernandes. Tingin mo palang kay Miss Hillaris mukha kana agad maamong pusa." Migo commented pero matalim na umirap lamang ako.

"Ganda rin no'n, eh. Idol ko kaya 'yon." Dooey uttered out of nowhere habang kumakain ng grilled hotdog n'ya.

Ang hilig sa hotdog ng babaeng 'yan pero baliko naman. Literal na hotdog lang ang favorite n'ya at hindi 'yong ano --- 'yong alam n'yo na.

I'm conservative.

Kidding.

"Bakit mo naging idol si Qionne, Dooey-donut?" I asked saka dumukwang at isinubo ang fishball na iniaalok ni Scoby.

I playfully glance at Migo na parang kinawawa dahil akala n'ya s'ya ang papakainin ng jowa n'ya.

Maharot sila parehas pero ako ang unang sinusubuan ng jowa n'ya bago s'ya. Ewan ko. Kahit si Doo ang pinaka-touchy sa aming lima ay kay Scoby talaga ako pinakanas'sweet'n.

She will prioritize you before anything else kapag kasama ka sa priority list n'ya.

Ideal girl ko s'ya pero kay Qionne lang ako kakalampag.

You know, she's my ideal girl but she never became one of my girl crush. Kapag kaibigan lang, kaibigan lang.

Pero kapag boss mo, jowain mo.

Charot.

"Tanga, Kara, hindi mo kilala 'yong 88th Masterplea?" Tila hindi makapaniwalang tanong ni Doo pero umiling lamang ako. "Gago ka ayon 'yong band dati na ikinukwento ko. International band sila then si Qionne Hillaris ang drummer."

Nakatangang pinapakinggan ko ang pinagsasasabi ni Doo about sa band daw dati ni Qionne. Nang hindi ako makatiis ay kinuha ko nalang ang cellphone ko at nagsearch pero walang lumalabas.

"Nanggagago ka ba? Wala naman ah!" Reklamo ko saka s'ya binato ng stick.

I heard the other chuckles dahil sa pagtaas ng boses ko. Aliw na aliw ang mga 'yan kapag nabubwisit ako, eh. Para daw akong bata na hindi napagbigyan sa gusto.

Doo looked at me in disbelief saka sinuklay ang hanggang balikat n'yang buhok. "Tangina naman kasi Kayleigh. Ilang taon na rin silang walang paramdam after their vocalist, Ael Stanley, leave everyone hanging. May humor pa nga na nagbreak daw sila ni Miss Qionne kasi ang huling update ng band nila ay iyong nagpaalam si Haeliy sa lahat after magtrending noong All I Want na cover ng kapatid n'ya."

Halos lahat kami ay nakikinig sakan'ya hanggang sa unti-unting bumabalik sa utak ko 'yong time na adik na adik s'ya sa band na 'yon.

She love music and so do I pero hindi talaga ako active sa social media before. Lately lang ako nahilig dahil masyado akong busy kakatrabaho noon para sa pampagamot ni Mama.

But Ael Stanley, huh.

"Doo, may picture ka ba noong Ael? Patingin ako." Pangungulit ko pero umiling lamang s'ya.

"Wala. Automatic na nadelete lahat noong nagpaalam na 'yong band nila. Even the articles and videos in the internet got deleted. As in lahat ng software copies. Ang sabi ng iba ay binayaran na rin daw ang media kasi ayon na ang last interaction nila."

I bit my lower lip.

Band mates pala sila and wow, kasali pa si Haeliy. I greeted my teeth and close my eyes.

"Wala ka man lang poster noong banda nila, Doo?" I heard Migo asked.

"Wala. Hindi rin naman kasi sila naglabas ng poster and even albums. Katuwaan lang daw talaga 'yong band nila and if may magt'try naman na magbenta ng pictures, may kasong pwedeng isampa. They're too confidential, you know. Lahat din naman kasi sila galing sa mayaman na pamilya." Mahinang sumandal sa balikat ko si Dooey na hinayaan ko lang.

"Sino sino sila?" Tanong ko pa.

She cleared her throat at malalim na nag-isip kung may isip nga ba s'ya.

"Si Miss Qionne ang drummer. Bebe ni Heather ang lead guitarist. Si Noah Feriego ang sa keyboard at si Ael Stanley ang vocalist at rhythm guitarist."

I furrowed my brows. "Bebe ni Heather?"

She nod her head and smile teasingly.

"Si Haeliy Hillaris. Crush 'yon ni Heather simula pa noon hanggang mamatay."

"Hayop ka talaga, Dooey." Mahinang bulong ni Heather saka binatukan ang isa.

I shake my head and mind my own business.

Bahagyang sumandal ako sa upuan at pinakiramdaman ang sarili. There's my heart again, beating rapidly.

"Naging magjowa talaga iyong Ael at si Miss Qionne, Doo?" Tanong ni Scoby sa kapatid n'ya.

Hindi na ako nag-abalang makisali pa dahil nanlalambot talaga ako. Alam kong hindi ako pagod kanina pero ngayon ay gusto ko ng matulog.

I heard Doo's answer.

"Yup. They announced it in front of everyone na nanonood sa isa sa live performance nila sa Monaco. Tsaka before they told everyone about it, marami na ang may alam. Sobra kaya kung harutin ni Ael si Miss Qionne tapos everytime he sang a song, he'll surely dedicate it to his girl. Ideal couple sila, as in."

A lump in my throat suddenly appears pero hindi ko na ito ininda pa at nakinig nalang sakanila.

I can feel my phone vibrating at my hand but I didn't mind it at all. Matamang nakapikit lamang ako at hindi nagtagal ay sumandal na kay Scoby.

"Hey, okay ka lang?" I heard Migo asked me.

Tahimik at nakapikit na tumango ako rito. Narinig ko pa ang pagsuway ni Scoby sa mga kaibigan namin nang akmang kukulitin pa ako ni Doo at Heather.

"Bakit ba lovelife ng iba ang pinag-uusapan natin? Isip nga kayo ng bagong topic." Scoby utter as I felt how she brush my hair.

I secretly smile. My best friend really know me.

I am not really comfortable with the topic earlier. Tangina naman kasi alam kong tanggap ko naman sa sarili ko na gusto ko talaga si Qionne and when I say that, I know that I will get hurt pero pakshet, ayoko na.

Nag-uumpisa palang pero ang sakit na.

I love who I love but I fear the pain it will cause. Takot akong masaktan kaya minsan ay ayoko talagang sumugal.

It will leave me with broken pieces.

Kahit na sabihin ng lahat na parte 'yon kapag nagmamahal ay hindi pa rin tatalab sa'kin 'yon. My case will be different.

I fear love and the pain it will bring because if I'll love someone, I am sure that it will be a hard battle for me.

I am weak.

Because for sure, I will definitely choose myself and my family over that someone else. Hindi ko pa kayang lumaban. Hindi pa pwede.

"Kara, hoy." Bahagyang kumunot ang aking noo nang maramdaman ang pagtapik ng kung sino sa braso ko.

"Gago, ano ba---" I stop hissing at Heather when my eyes followed where they are currently staring at.

She is gracefully getting out of her limited edition 2022 Mustang GT500 brittany blue. She's wearing an LV sunglasses at matamang naglalakad palapit sa direksyon namin.

My eyes were clouded with nothing but seriousness when she reached us. Maging ang mga kasama ko ay natahimik.

She cleared her throat.

"Kayleigh."

Malamlam ang mga matang tinaasan ko s'ya ng kilay pero humalukipkip lang s'ya. I can't see her eyes because she's wearing her shades but I'm sure that she's not staring at me.

"What are you doing here?" Seryosong tanong ko pero pinagsiklop lang n'ya ang kan'yang mga kamay.

I waited for her answer but she didn't utter a single word. Akmang magsasalita ako nang tumayo naman ang aking mga kasama at niligpit ang gamit nila.

"Ang init." Migo stated. "Kulang ang coldness ni Kara kaya alis na tayo. Punta tayong mowwwl na may aircon."

"Gago nasa Baguio ka." Pagsupalpal ni Doo na agad binatukan ni Heather.

Napakaslow talaga minsan.

"Ah, Miss Qionne, una na po kami." Paalam ni Scoby at bago pa man ako makaalma ay nagtatakbo na silang apat paalis.

My eyes followed them and gawk at disbelief.

Akala ko ba gagala kami?!

Mga tarantadong traydor! Iniwan ako dito sa babaeng tahimik na hindi maka-move on sa ex n'ya.

Anong laban ko do'n? Maganda ang boses no'n tapos ako maganda lang.

Kapag nakilala ko talaga ang taong 'yon ay titiladurin ko ang lalamunan n'ya para parehas na kaming sintunadong dalawa.

Akala n'ya, ha. Anong silbi ng pagiging singer n'ya kung sa'kin tatawa si Qionne kapag pumiyok ako?

I'm so wise.

"Stop battling with yourself." I gently felt her hands at my head.

Nakasimangot na tiningala ko s'ya pero seryoso pa rin ito. Her facial expression didn't change so I just turn my back and started walking.

Malapit na rin ang sunset kaya dapat makahanap na kami ng magandang pwesto.

I can feel a lot of stares from the others pero nagpatuloy lang ako sa paglalakad. Malay ko ba kung bakit napaka-head turner ng kasama ko.

Partida nakasuot pa 'yan ng sunglasses habang nakasunod sa akin.

I stopped walking when I suddenly caught a photographer turning his DSLR camera at Qionne's direction. Agad akong humarang sa gilid ni Val at hinawakan s'ya sa braso.

"Why?" She subconsciously asked.

"Someone's taking a picture of you." Simpleng sagot ko pero umiling lamang siya.

"Silly."

The side of her lips jerk up bago ako marahang hinila sa isang sulok. We're now facing the natural beauty of the nature and I am so amaze at the view.

The greens reminds me of her eyes.

Nang lingunin ko siya ay prenteng nakahilig s'ya sa may deck.

Nasa may Mines View Observation Deck na kaming dalawa at kung kanina ay medyo crowded, ngayon naman ay halos umaalis na ang mga tao.

My forehead creases.

Bakit sila umaalis eh malapit na ang sunset?

"I don't like surrounded by the crowd." My companion said as if she's reading what's on my mind.

Malditang tinaasan ko s'ya ng kilay. "So you made them leave?"

Pasimpleng tinanggal nito ang shades na suot n'ya at tinitigan ang aking mga mata.

"Sort of."

"That's rude. Nag-iintay din kaya 'yong iba ng sunset tapos ngayong malapit na papaalisin mo sila? That's too cruel of you, Qionne." I scoffed but she just pressed her lips together and looked away.

Tahimik na naglakad s'ya palayo sa akin at saka humilig doon sa wooden railings.

Pansin kong hindi s'ya nakaharap sa araw na papalubog na. She's facing the other side while closing her eyes and feeling the cold breeze.

"What's wrong with the crowd, Val? You're a public figure." Ani ko.

She's a CEO and a famous influencer gaya na rin nang sinabi kanina ni Dooey. Imposible namang ayaw n'ya sa mataong lugar eh sanay s'ya sa ganoon.

"Crowded places is a plain bullshit, Kara."

"Pero nag-boyfriend ng sikat na vocalist?" Mahinang tanong ko pero mukhang narinig n'ya dahil lumingon ito sa aking direksyon.

"How did you know that?" She asked back out of disbelief pero maliit na ngumiti lamang ako.

"Am I not supposed to know that?" Tanong ko pabalik sakan'ya.

She went silent.

Mabilis na iniiwas ko ang aking tingin sakan'ya at pinanood nalang ang papalubog na araw.

Ael.

That name.

Yeah, that name.

That's the name that is written at the bottom of one of the painting in her house. Iyong nagustuhan kong painting, gawa 'yon ng ex n'ya?

Ah, tangina.

Kalma, kalma. Walang kayo.

Punyawang Satanas 'yan!! Mabaog sana s'ya.

Demonyo.

"I was the drummer and he was the singer." She started as I felt her presence at my back. "I hate the crowd but he once made me realized that it is something worthy to be appreciated. He build a band. . . He build a future but it definitely got stuck at the past."

My smile turned into a sly one as I saw how the sun starts to set in the horizon.

I let her speak.

"He sets my standard so high." I slowly turn around and face her pero isang maliit ngunit mapait na ngiti sa labi n'ya ang bumungad sa akin.

I gulped.

"Do you love the sunset?" Tanong ko pero umiling lamang s'ya.

"I do not."

"But sunsets are beautiful."

"Still no. An ending is too hard to handle when you're not used to it."

"You don't like endings that's why you can't let him go." Diretsong saad ko habang mariing nakatitig sa mga mata n'ya.

She was taken aback for a moment bago ito tuluyang lumapit sa akin.

She put me in between her arms bago unti-unting tumaas ang kaliwang kilay n'ya.

"He loves the sunset."

"I love you, too." I said out of nowhere pero simpleng umiling lang s'ya ay kinagat ang pang-ibabang labi.

Sandali kaming natahimik dalawa hanggang sa humakbang ako papalapit at tinawid ang aming distanya. I wrapped my arms around her waist and place my head where her heart is.

It is beating too loud synchronizing mine.

"No matter how much he loves the sunset, I still can't appreciate it." Bulong n'ya na para bang ayaw na n'yang iparinig sa akin.

Nanatili akong tahimik at mas hinigpitan ang yakap sakan'ya. She's not hugging me back tho. Tanging nakahawak lang s'ya sa magkabilang gilid ko kung saan ako nakasandal.

"Why so silent, Kara?" She asked in her stern voice but I just chuckled to hide the unusual feelings enveloping my body.

Ghad. This is trouble.

Rest in peace, mah heart, mah soul, mah body, and mah beauty.

In short, ako talaga ang para sakan'ya.

Charot.

Kita n'yo na? Ganito ang mangyayari sa'kin kapag lumulutang 'yong utak ko kakaisip kung bakit ganito na ang nararamdaman ko.

Practice palang 'to kasi hindi pa naman nagiging pusa 'yong kuneho na kapag itinanim mo ay magiging rabbit.

"Mm?" I hummed after I felt how her left hand touches one of my side. "What is it?"

"You're warm."

I smiled and snuggle close to her more hanggang sa pumikit ako.

Ang bango ng babaeng 'to.

"If you can't appreciate the sunset with him, I'll let you do it with me." Saad ko matapos ang ilang minutong katahimikan.

She went silent as I felt her heart getting wild inside her chest. Sobrang lakas ng tibok ng puso n'ya at hindi ko alam kung bakit.

Mabilis na tiningala ko s'ya at nakitang namumungay ang kan'yang mga mata. She's staring back at me with those stern impassive gentle emerald eyes as she take a deep breath.

"You wanna know why I hate sunset?" I nodded my head like a kid waiting for her answers.

She smile with a hint of bitterness and longing.

"It is because how matter beautiful the sunset is, it still signifies an ending. . .it still symbolises goodbyes."

"But there are better goodbye---"

"It is still a goodbye, Kayleigh. Regardless of how better or worse it is, that is still a farewell."

I gulped and put my right hand at her cheeks and gently caressed it.

Isang mabining ngiti ang ibinigay ko sakan'ya. "But what if it's a mutual decision?"

Her lips jerked up but she manage to shake her head and hide it right away.

"What's with the mutual decision if you know that you can't still free yourself after that? You both choose to let go of each other; to let go of the memories you once build. . .yet, you know that you won't be happy after that." She closed her eyes as a longing smile form on her lips. "There might be a beauty in farewell but little did you know, while you're enjoying your life, the one you are with before is still suffering of your yesterday."

"Edi hindi na kasalanan 'yon ng ex if ever kasi may closure naman, 'di ba? Move on nalang then keep moving forward. Pinili n'yong maghiwalay kaya panindigan nalang." Pagrarason ko pero umiling lamang siya.

"You chose it but it doesn't mean that's what you want. Sometimes, you only choose the thing that you think is the best for your relationship. When you're in love, it's either you'll become selfless or selfish." Itinaas n'ya ang kan'yang kamay at mahinang pinitik ang noo ko.

I smile at her upon seeing how the dim sky and stars reflect on her eyes.

She suddenly held my forehead and fix some strand of my hair.

"That's why you can't make me appreciate the sunset, Kayleigh." She heaved a deep breath and flash a sad smile. "Sunset is an ending. . .if he already destroy me by simply leaving me," she paused and take a few steps back after removing my arms off of her.

"Val,"

"He already destroyed me for a single farewell. . .and I don't wanna kill myself if I'll let you love me then leave me afterwards. Because that will definitely a suicide, Kara." She stated with a smile bago unti-unting namungay ang kan'yang mga mata.

"Hindi naman ako katulad n'ya." I said as a matter of fact pero umiling lamang s'ya.

"If he shattered me, you will be my suicide."

Chapter 13

Kara's POV

I was busy designing in Scoby's iPad para sa isang subject namin habang nakaupo sa cafeteria.

Break time namin ngayon ni Scoby kaya dito muna kami tumambay dahil na rin andito ang jowa n'ya. Nagsabay-sabay kasi ang breaks namin ngayong sem pero mamaya pa makakasunod si Dooey at Heather.

Busy si Heather sa basketball team n'ya tapos si Doo ay sa Music club. Ewan ko kung anong pinaghahandaan nila basta ang alam ko ay gutom na ako.

Palagi na nga lang akong gutom lately kaya naisip ko baka nabuntis ako ni Qionne---charot!

Walang hiyang 'yon naging multo na naman. After our Baguio trip ay sumunod daw 'yon sa kapatid n'ya at kay Jackus sa ibang bansa. Pinapunta lang ako sa office n'ya ni Miss Tiana para sa passport ko na hindi ko alam kung paano nila na-process agad.

Stress eating lang habang iniisip ko kung bakit ayaw ko sa sadboi pero g kapag sadgirl na si Qionne Valentine.

Pero hindi naman s'ya sadgirl 'di ba? Ayaw nga no'n ng jowa at sa mga tao kaya sige, ako nalang.

Tatanggapin kong maging sadgurl ng bukal sa puso pero dapat sadboi din ang ex n'ya para may valid reason na kapag sinampal ko.

"Hoy, Kayleigh Raesh, tulala kana naman." Pukaw ni Scoby sa atensyon ko matapos nilang ilapag ng jowa n'ya ang mga pagkain.

Minsan talaga gustong gusto ko maging third wheel ng dalawang 'to kasi kahit iniinggit nila ako ay binubusog naman. Noong hindi pa kasi sila legal ay ako lagi ang buntot nila tapos habang kumakain ako ay naglalandian na sila sa unahan ko pero kapag may nakakita sakanila ay agad akong humaharang sa gitna.

Ang bait ko kayang kaibigan noon pero ngayon hindi na kasi ayaw ko ng maging third wheel nila. Ayokong pati sa paggawa ng milagro ay kasama nila ako.

"Hala gago si Miss Qionne ba 'yon?"

My eyes widen.

"Nasaan?" Agad na tanong ko at muntik pang mahulog ang iPad ni Scoby kung hindi ko lang agad nasalo.

I looked around but there's no Qionne.

"Mga tarantadong 'to!" Malakas na singhal ko sa magjowang ngayon ay tumatawa.

Trip na naman nilang mang-asar porque gusto nilang aminin ko na crush ko si Qionne. Hayop kasi talaga si Dooey simula't sapol. Simula nang makabalik kami galing Baguio ay ipinagpipilitan ng crush ko

daw ang babaeng 'yon.

Napakakulit kasi ng lahi n'ya. Hindi ko naman itinatangging gusto ko ang babaeng 'yon pero gustong sa'kin manggaling.

Bumabawi lang 'yon sa ginawa ko sakan'ya noon na hindi ko s'ya tinigilan hangga't hindi n'ya inaamin na crush n'ya ako.

Alam kong crush n'ya ako dati. Sabi pa nga ni Scoby ako raw ang dahilan kung bakit bumaliko ang kapatid n'ya eh hindi nga kami nag-uusap ni Doo dati kasi takot s'ya sa'kin pero crush naman pala ako.

Ako lang 'to.

Pero hindi nagkaroon ng kung ano sa pagitan naming dalawa. As in wala talaga. Nasa straight era pa ako that time ---- naging straight ba talaga ako?

Noon kasi ay bihira talaga akong magkacrush. Siguro dahil na rin focus ako masyado sa pag-aaral at sa mga ginagawa ko para kumita. Para ngang hindi ako nagkacrush ng sobra noong junior high school days, eh.

"Kayleigh---"

"Shut up." Putol ko sa magjowa saka muling itinuon ang atensyon sa iPad.

Bibili na talaga ako ng sarili kong iPad next month. Nag-iipon lang talaga ako kasi nasira 'yong akin noong vacation.

Nang matapos ko ang design na ginagawa ko ay binuksan ko muna ang aking cellphone. Several notifications and messages welcome me pero wala naman do'n ang hinahanap ko.

I sighed and decided to open my Instagram.

@victoriokiel
Hello!
I wanna invite you sana next week if you're free. It's my birthday.
Sa Intramuros ang venue.

Oh, it is Vito from the party noong Valentine's day.

@kayleighraez
Sure. Send me the exact details nalang.

Wala kasi akong gagawin next week kasi magt'take ako ng leave sa trabaho ko kay Qionne. May tinanggap kasi akong project sa isang company para sa isang photoshoot and saktong sa Intramuros din gaganapin 'yon.

Kasama ko naman si Heather so pwede na.

Sandali pa akong nakipag-usap kay Vito hanggang sa nagpaalam na s'ya dahil may spiel daw s'ya ngayon.

Akalain mong artista 'yon. Ni hindi ko nga s'ya kilala dati.

Fair enough, hindi ako mahilig manood ng tv.

"Kara, ang ganda mo---"

"Tarantado!" May kalakasang singhal ko sa isang sadboi na bigla na lamang umupo sa aking tabi.

I sighed and calm myself down.

Mamamatay ako sa panggugulat ng mga sadboi na nagkalat dito sa university. Bigla bigla nalang silang sumusulpot.

"Grabehan 'yan." I heard Migo utter saka sila nagpatuloy sa paglalampungan ng jowa n'ya.

I looked at the boy beside me with my deadpan eyes. "Anong kailangan mo?"

Kilala ko 'to, eh. Anak 'to ng Dean.

"Ikaw. Ikaw ang kailangan ko." Kumpyansang saad n'ya na ikinairap ko lang.

"Kadiri." I disgustingly mumbled. "Pangit mong bumanat. Pangit mo rin."

"Kara." My best friend warned pero humalukipkip lamang ako at pinantayan ang tingin nitong anak ni kalbo.

Kalbo yung Dean na tatay nito, eh. Iyon 'yong grabe kung mag-utos noong student assistant pa ako. Dapat sa Fashion Design lang ako magtatrabaho pero nakaabot ako sa Nursing dahil sakan'ya.

Buti nalang nagresign na ako kasi hindi ko kayang pagsabayin 'yong bigla akong ipapatawag ni Qionne para pumunta sa office n'ya tsaka 'yong hectic sched dito sa university.

"Alam mo Kara,"

"Hindi ko alam at ayaw kong malaman." Malditang saad ko saka inayos ang bag.

"I just wanna ask you to date me---"

I cut him off by standing up.

Aalis nalang ako kaysa makausap ang lalaking 'to. Attitude ako eh bakit ba? Ayoko ng masabihang paasa kapag kinausap ko sila.

Kakatapos lang ng issue ko dito na playgirl daw ako at nagsasabay-sabay ng lalaki eh ayaw ko nga sakanila. Taragis na 'yan ang mga lalaki ay lason sa buhay ko.

Except Migo and Jackus syempre.

Ewan ko kung sinong nagkalat noong issue na pinagsasabay-sabay ko raw 'yong mga lalaki dito sa university. As if namang gagawin ko 'yon eh puro sadboi na tatanga-tanga ang andito.

Bakit ako magpapakatanga sa isang lalaki kung pwede naman akong maging tanga kay Qionne?

I'm so wise.

"Hoy saan ka pupunta?" Tanong ni Migo nang magpaalam ako sakanila.

I just said that I'll go somewhere else. Wala talaga ako sa mood ngayon tapos dadagdag pa iyong lalaki kanina na aayain lang ako ng date tapos tatanungin ako kung pwede ba akong maging girlfriend n'ya.

Kapag hindi ko s'ya sinagot for sure idadawit no'n ang scholarship ko dahil nga Dean ang tatay n'ya.

Punyeta s'ya anong akala n'ya nakalimutan ko na ang ginawa n'ya noon sa'kin? S'ya ang dahilan kung bakit nanganib ang scholarship ko last year dahil binasted ko s'ya.

Walang forget and forgive sa akin. Isinusumpa ko pa rin s'ya.

"Hoy babae, pasaan ka?" Tanong ni Heather nang makasalubong ko s'ya.

She's still wearing her varsity uniform habang inaayos ang buhok n'ya.

Ang ganda rin talaga nito. Alam n'yo 'yong tipong pwede s'yang makipagsabayan sa pormahan ng mga lalaki pero pwede rin sa babae? Gano'n sila ni Doo.

"Sa may first building malapit sa quadrangle. Sama ka?" Aya ko dahil paniguradong susunod din naman 'to sa'kin.

At hindi nga ako nagkamali dahil nang makarating kami sa sinasabi kong lugar ay andoon na si Dooey at may dalang gitara. Maya maya pa ay dumating na rin si Migo at Scoby bitbit ang pagkaing binili nila kanina.

Eh? Nagsisunuran ang mga gaga.

"Kung si Kara ay tanga tumawa ka---"

"Tigilan mo 'ko Dooey. Gagawin talaga kitang donut." Mabilis na putol ko sakan'ya saka sumandal sa may puno.

Para lang kaming nagpi-picnic dito kasi medyo mahaba naman ang break ngayon.

"Ang bad mood mo naman. Iniisip mo na naman ba ang boss mo na pinapantasya ng lahat?" Doo asked with a sly grin pero matalim na inirapan ko lamang s'ya.

"Anong pinapantasya ng lahat? Crush mo si Qionne?"

"Edi sinampal mo 'ko."

"Buti alam mo." Malditang balik ko sakan'ya.

"Pero legit 'to, Kara. Ang dami kayang naghahabol sa boss mo. Search mo sa YouTube at Google 'yong mga nalink sakan'yang mga influencer, business man, at Hollywood star." Pang-eengganyo pa nito pero umiling lamang ako.

Edi mas sinaktan ko lang ang sarili ko kapag gano'n. Bwisit na bwisit na nga ako kay Ael at Noah tapos dadagdagan ko pa sa pangs'stalk sa mga na-link kay Qionne? No way. Dagdag issue lang 'yan sa pago-overthink ko.

I was about to eat one of the cheese stick ng biglang parang tangang ngumiti si Heather.

She continue to stifle her laugh pero maya maya pa ay malakas na tumawa ito.

Ang tanga talaga.

"What?" Tila inosenteng tanong n'ya nang mapansing nakatingin kaming lahat sakan'ya.

"Tawa ka ng tawa. Nanonood ka ba ng bold?" Scoby utter but the latter just grin and show us her phone.

My lips parted.

"Tangina." Dooey muttered in disbelief.

Maging ako ay mahinang napatawa dahil sa nabasang kabalastugan ni Heather.

Taragis talaga 'yon, eh.

Inaaya si Eli na manood ng game n'ya mamaya tapos kung hindi raw sisipot si Haeliy ay aanakan n'ya raw ito pag-uwi.

Alam naman naming lahat na nasa ibang bansa 'yon ngayon. If I'm not mistaken ay nasa Singapore s'ya ngayon dahil kakapost lang n'ya nang story sa Instagram.

Walang hiyang Heather talaga 'to. Ang lakas ng toyo sa utak.

"Panis ka, Fernandez---"

"Zernandes 'yon, tanga." I corrected dahil pamali-mali na naman s'ya ng pangalang tinatawag.

"Edi Zernandes it is. Daig ka! Ganyan kasi dapat. Hindi 'yong sasamahan mo si Miss Qionne sa Baguio tapos pagbalik n'yo ng Manila nowhere to be found na s'ya." Heather teased pero umirap lamang ako.

Ayoko nga. Hindi ko 'yan gagawin 'no.

Bakit ko pa tatakutin si Val na anakan ako eh sinabi na niya noon na dalhin ko ang anak n'ya?

I don't need to propose a single thing to her dahil s'ya naman na ang nag-offer.

"Tama! Baguio as a boss and assistant daw pero hindi na makausap noong nalamang ghinost s'ya ng crush n'ya." Migo second the motion pero hindi ko na sila pinansin pa.

"Masakit bang maghost, Kara? Gawain mo 'yan dati, tangina ka." Malutong na batid ni Scoby pero gaya kanina ay nagsawalang-kibo lamang ako.

Bahala sila d'yan.

Alam ko namang uuwi rin si Val, eh. I don't have any right to demand kaya hihintayin ko nalang.

Mukha lang akong patanga-tanga na medyo true pero tanda ko pa rin ang nasa contract naming dalawa.

Bawal kong pakialaman ang personal decisions n'ya.

Makulit ako pero alam ko rin naman ang limitations ko. She's still my boss and if ghosting me is one of her defense mechanism to be okay then fine.

Alam kong may mali talagang nangyayari kay Val, eh. Parang palagi nalang may bumabagabag sakan'ya.

Oh 'di ba observant din ako kahit napakaharot.

"Hoy nagreply na ang bebe mo." Pukaw ni Scoby kay Heather ng biglang tumunog ang phone nito.

A proud grin form on her lips. "Hindi raw s'ya pupunta."

I flickered my tongue. "Bakit tuwang-tuwa ka pa?" Pagtatanong ko dahil parang mas gusto n'ya pang hindi pupunta si Eli.

"Sinong hindi matutuwa kung mas pinili n'yang anakan ko s'ya? She won't come later therefore when she come back, she can carry our baby."

Umiiling na uminom ako ng tubig sa hydro flask ko. Bahala na si Heather kay Eli kung itutuloy n'ya ang balak n'ya.

"Hindi ba may boyfriend 'yan?" Migo asked but the latter just shrug.

"Boyfriend palang naman."

"Ako ang sasakal sa'yo kapag pumayag kang maging kabit, Heather." Banta ko sakan'ya pero tumawa lamang ito at zinipper ang jacket na suot.

"Makikipagbreak 'yon if ever na meron nga. Trust me. Hindi naman ako papayag na maging kabit lang." Kumpyansang saad nito bago tumayo at kinuha ang bag. "Nga pala, una na ako. May training pa kami. Manood kayo, ha!"

We all nodded in unison. For sure namang may free cut kami mamayang 2 pm dahil ito ata ang first game ng women's basketball team.

They will let us support our varsity team kaya magbibigay ang mga prof ng free cut sa lahat. Sigurado na ako d'yan at kung hindi man matuloy, magc'cutting nalang ako ng kusa.

Moral support para sa malandi kong kaibigan na sinabayan pa ako maging maharot sa isang Hillaris.

"Ay Kara may sasabihin nga pala ako."

Walang ideyang nilingon ko si Heather na biglang bumalik sa pwesto namin kanina.

"Ano?"

She scratch her right eyebrow before tapping my head. "Nasabi nga pala sa'kin ni Eli na kasama n'ya raw ngayon ang bebe mo. Nagsend pa nga ng picture nila."

I can feel my eyes sparkling after hearing what she had said.

"Send mo sa'kin." Utos ko na tinanguan nito.

She immediately send me the photo saka ulit nagpaalam na aalis na.

My eyebrows met as my forehead started to crease.

Pisting yawa.

Qionne is with Noah at magkatabi silang umiinom ng wine habang nakaupo sa lounge chair.

Eh?

Ginagago ata talaga ako no'n. Sabi n'ya ayaw n'ya kay Noah tapos ganito?! Kasama rin nila si Jianne at isa pang matangkad na lalaki na hawak hawak ang bewang ni Eli.

Kalma, Kara. Hihimlay ka kapag nagalit ka. Si Qionne lang 'yan. Boss mo 'yan----taragis na 'yon mag-enjoy sana sila!

Pabagsak na ibinaba ko ang cellphone ko at kinuha ang aking mga gamit.

"Saan kana naman pupunta?" Takang tanong ni Scoby.

Napatigil pa silang tatlo sa kanilang mga ginagawa ng walang pasabing tumayo ako.

"Makikipagdate!"

Walang magpapatalo.

Makikipagdate din ako.

....

"Saan ka galing?" Bungad ni Scoby matapos kong lumabas sa sasakyan ni Vito.

Nagkita kami kanina sa isang restaurant after my morning class. Lunch n'ya kasi and malapit lang pala 'yong location kung saan sila nags'shoot ng bagong movie n'ya.

Actually accident lang kaming nagkita do'n. Papalabas na dapat s'ya pero papasok naman ako. If hindi n'ya pa ako tinawag ay hindi ko s'ya makikilala dahil nakasuot s'ya ng mask at saklob para hindi mahalata ng iba.

Tapos na nga s'yang kumain and dapat aalis na s'ya pero nang malaman n'yang magl'lunch ako ay kumain s'ya ulit. After that ay ipinasyal n'ya pa ako sa set nila at dahil nga walang pasok ang afternoon class ko ay doon nalang ako tumambay.

Hindi ako nakipag-date kung kanino 'no. That's so pathetic if ever. Bakit ako kukuha ng rebound kung nagseselos ako kay Qionne at Noah? Immature ako pero hindi naman sa puntong gagamit ako ng iba.

"Kara----oh," automatikong napatigil sa pagsasalita si Heather nang mapansin ang lalaking nasa tabi ko.

Inaya ko kasi s'ya manood ng game ni Heather pero hindi rin s'ya magtatagal dito kasi may shoot pa s'ya.

In fairness, he's such a good man. Magaan kasama at walang halong bad vibes. Hindi rin sadboi na kinulang sa aruga.

His vibe is kinda similar to Migo.

"Mags'start na?" Tanong ko kay Heather pero tahimik na tumango lang ito.

"Hoy gagi bakit may kasama kang artista? Saan kana naman nagsuot, Kara?" Doo asked in annoyance at hanggang ngayon ay bitbit pa rin ang gitara n'ya.

"Hi! I'm Vito." Pakilala ng kasama ko.

Hinayaan ko muna silang magkakilala bago ko sinagot si Dooey.

"Manliligaw ka ba ni Kara?" Diretsong tanong ni Scoby na ikinatawa ni Vito.

Mapang-asar na tiningnan n'ya ako pero tinaasan ko lamang s'ya ng kilay. "Nope. I'm not yet ready to court someone. Kara and I were just friends."

Proud na tinaasan ko ng kilay ang aking mga kaibigan na pang-asar na lumingon sa gawi ko.

Ngayon lang kasi sila naka-encounter na may sinamahan akong lalaki tapos ipinakilala ko sakanila. Sila lang talaga halos ang kaibigan ko and it is odd for me to introduce Vito pero magaan talaga ang loob ko sakan'ya kaya go lang.

Ilang minuto pa kaming nag-usap usap bago nag-aya sa loob si Heather dahil pinapatawag na sila. Vito checked his car first saka muling isinuot ang mask n'ya dahil kanina pa s'ya pinagtitinginan.

May ilan na ngang nagpapicture na pinaunlakan n'ya naman.

"Taray, naka-limited edition Aston Martin." Doo teases while we're waiting for Vito.

I chuckled.

"Daig ka."

My eyes were too focus on Vito na nagbibigay ng fan service hanggang sa may pumaradang Bugatti sa harapan namin.

The most expensive Bugatti na gustong-gusto ni Heather.

I can see from my peripheral vision how Heather's lips form a smirk as she freely stare at her dream car pero nang bumukas ang pinto ay halos malaglag ang panga n'ya.

I chuckled as well as the others.

Haeliy.

Hindi rin naman natiis.

"It's so hot." Maarteng litanya nito nang makalapit sa amin. She stopped walking in front of Heather and hit her in the arm using her Prada bag. "It's your fault kung bakit may jetlag ako!"

Heather chuckled and teasingly wrap her arms around Eli's waist. May kung ano s'yang sinabi sa babaeng yakap n'ya na ikinapula nito pero agad nabaling ang aking atensyon sa isang sasakyan na humaharurot papunta sa direksyon namin.

"Goodness." I heard Haeliy utter. "Hindi talaga nagpatalo."

A Koenigsegg Jesko Absolut parked right in front of me kasabay nang paglapit ni Vito sa tabi ko.

He is saying something but I can't really comprehend as of the moment because she suddenly go out with those piercing cat emerald green eyes.

She was like walking in a runaway with those supermodel aura and style. She's like a human Chanel as of now and there's nothing with her presence but intelligence and power.

Her eyes landed on mine but I just rolled my eyes and turn my back.

Nauna na akong pumasok sa court at ramdam ko ang pagsunod ni Vito at ng iba. Hindi ko na pinansin pa si Qionne na bagong dating dahil bwisit na bwisit pa rin ako kahit wala akong karapatan.

Tanginang 'yan.

RESIST!

CAPITAL R-E-S-I-S-T-.

"Move away."

Her stern deep hoarse voice echoed as I felt how her arm possessively wrap on my waist.

"Hillaris." Tawag ni Vito pero matamang tinaasan lang s'ya ng kilay ni Qionne. "Rude, huh." Dagdag pa noong isa na pasimpleng ikinangisi ni Haeliy.

"You don't care." Mataray na tugon ni Val saka inilapat ang tingin n'ya sa akin pero mataray na tinaasan ko lang din s'ya ng kilay.

Marupok ako pero hindi sa lahat ng oras.

Ang kalandian at karupukan ko ay may pinipiling oras and I thank you.

"Nice car." Rinig kong papuri ni Vito na akmang lilingunin ko pero mas humigpit lamang ako hawak ng babaeng katabi ko sa aking bewang. "How much?"

I heard her sarcastic chuckles.

"Too cheap to the point that you will never afford."

"Qionne." Banta ko sakan'ya pero nagtatangis ang mga bagang na sinulyapan n'ya lang ako at muling ibinalik kay Vito.

Her eyes were raging in fire and can definitely burn you with its flames.

"Wala ka ng ibang mabili?" Natatawang tanong noong isa at ngayon ay gustong-gusto ko na ring isumpa

si Vito dahil imbis na tigilan n'ya si Val ay mas iniinis n'ya pa.

I was about to stop him from speaking when I heard Valentine's arrogant lines.

"Probably, yes. So be careful, I might also buy your worth."

I pinched her arm at my waist but she seems unaffected because she didn't even flinch.

"Too rude, Qionne. No wonder why Kara dated---"

"Try to continue that and you know what will happen next." Halos manlaki ang aking mga mata ng tanggalin nito ang braso n'ya sa akin at nilapitan si Vito.

She stand up right in front of him and didn't do anything but the danger and darkness of her aura is enough to justify her emotions.

She's mad.

Extremely mad.

"Too scared?" Paghahamon pa ni Vito at pasimpleng kinindatan ako.

I cursed under my breath.

Dapat talaga hindi ko sinabi sakan'ya kanina na crush ko si Qionne!

"No." The latter answer and gently hold the hem of her shirt, revealing a 1911 COLT Government Classic 45 ACP with 24K white gold plated with genuine sapphire stones inlay.

Bakit s'ya may baril?

My eyes widen as I look for her sister pero nakangisi lamang ito habang nakatitig sa kapatid n'ya. Mukhang proud pa s'ya.

Lalapit na sana ako kina Qionne pero matamang itinaas ni Vito ang kamay n'ya at inilingan ako.

Taragis na itlog 'to. Sana hindi ko nalang s'ya sinama dito!

"Why would I be scared if you only have a single piece of shit inside your little head?" Madiing wika ni Val at unti-unting lumalapit kay Vito.

"Aling head? Sa taas o sa baba?"

Tanginang lalaki 'to.

"Oh, you have a dick?" Tila hindi makapaniwalang tanong ni Val. "Too bad, you won't have a child."

"Bakit? Sisirain mo rin ang buhay ko?" Vito's tone change and by now alam kong iba na ang pinag-uusapan nilang dalawa.

I was startled for a second when I saw how he step forward and flash a smirk.

"You'll destroy my life the way you always do to all the people who gets in your way? Am I right, Hillaris?"

"Yes." Confident na saad ni Qionne at mas lalong ipinakita ang baril na nasa tagiliran n'ya. "You're right."

"Val," tawag ko sakan'ya pero hindi man lang ito lumingon.

"So don't try me." She added as she hold Vito's shirt. "Try to be with her again and I'll make sure that you won't last long."

"Is that a threat to make me fear you like what others do?"

Qionne chuckled without any humor.

"You don't have to fear me," she paused. "Your entire family will."

Nang hindi ako makapagpigil ay malakas na hinatak ko s'ya sa braso pero sana hindi ko nalang ginawa dahil walang kahit na anong kinang sa mga mata n'ya.

It is bloodshot and unsympathetic.

It shows monster and nothing but danger.

"I guess you know who I am and what I did back then." Matamang saad n'ya kay Vito pero nakatitig na s'ya sa mga mata ko.

"Qionne, what you did is still lingering in my mind. The trauma you've caused will never be forgotten."

"Don't stay away from Kayleigh and I'll do that again." Val smirked. "And this time, you'll be the one to lose your mind."

Tangina.

Chapter 14

Kara's POV

"GO HEATHER PUTANGINA KA!!" Malakas na sigaw ni Dooey habang pinapakilala ang mga player.

Nasa loob na kami ng court at malapit lang kami sa bleachers dahil nagpareserve si Heather ng seats. Dapat talaga ay sa bleachers kami kaso ayaw ni Haeliy dahil baka raw matamaan s'ya ng bola.

First game hype and the championship will always hits different. Ngayon nga ay punong-puno ang basketball court pero nanggigigil talaga ako sa mga tingin nang tingin sa pwesto namin.

Noong una chill pa ako dahil akala ko si Vito ang pinagtitinginan nila pero nang mapansin kong naka-mask na at saklob 'yong isa ay nasigurado kong si Qionne ang pakay nila. Ang karamihan pa namang nakatingin sakan'ya ay mga cheerleaders at ilang varsity ng football.

Even the faculties!

Punyawaers break it down yow.

"Hoy, hindi ka pa ba aalis?" Mahinang tanong ko kay Vito na enjoy na enjoy manood sa mga players na nagwawarm-up.

Itong taong 'to akala mo walang nangyaring sagutan sakanila ni Val kanina kasi ang chill n'ya ngayon habang nakatuon ang mga kamay sa upuan at nakatingin sa una.

As if namang hindi ko nakita kanina kung paano rumihistro ang takot n'ya sa sinabi ni Val. Mabilis lang n'ya 'yong itinago hanggang sa mag-aya na sa loob si Heather to lessen the tension na rin.

"Bakit mo 'ko pinapaalis? Hindi ko naman kayo pinapakialaman ng Qionne mo." Simpleng tugon n'ya pero may kalakasang hinampas ko lang ang kan'yang hita.

Ito ang dahilan kung bakit kanina pa walang imik si Tyong. Pero kung sabagay hindi ko rin naman s'ya pinapansin kaya fair lang.

Ngayon nga ay nasa gitna nila akong dalawa pero hindi ko talaga pinapansin ang nasa kaliwa ko.

Manigas s'ya.

Bakit ba kasi andito 'to? Oo alam kong hinahanap ko s'ya pero bakit s'ya umuwi ng Pilipinas? Dapat do'n nalang s'ya sa Singapore at uminom ng wine kasama si Noah na mukhang hayop na pinaglihi sa poop.

Yung inis ko sa lalaking 'yon mas mataas pa sa pride ko kaya asa nalang s'ya na titino ako kung magkakausap kaming dalawa.

"Ang init-init tapos naka-jacket ka?" I asked as a matter of fact to Vito that's still wearing his denim jacket.

Mapaglarong lumingon ito sa akin pero alam kong tumagos ang tingin n'ya sa kaliwa ko kung nasaan si Val kasabay nang pag-akbay n'ya.

"Ikaw talaga. Dapat sinabi mo nalang na gusto mo ng jacket ko kasi ibibigay ko naman sa'yo. Tsaka alam kong mainit pero mas hot ka." He teases but I just snort and tried to remove his left arm around my shoulder pero mas binigatan n'ya lamang.

"Vito, alis kasi!" Mahinang reklamo ko pero mas ikinulong n'ya lang ako sa kamay n'ya.

Halos yumakap na s'ya sa balikat ko na pilit kong tinatanggal dahil bukod sa ang daming nakatingin sa amin, ramdam ko na rin ang galit ng nasa kaliwa ko.

Pero bakit s'ya magagalit 'di ba? Doon s'ya sa Noah n'ya punyetang 'yan.

Gumawa rin sila ng barko tapos ako ang papatay sakanila mga punyawa!

I only live once kaya sasampalin ko talaga si Noah kapag nagkaroon ako ng chance.

"Halalalala~" parang tangang saad ng lalaking nakaakbay sa akin at pilit pinipigilan ang aking mga kurot. "Nakatingin na sa side natin si Qionne. Kiss mo 'ko para tumambling na s'ya."

"Hayop ka."

"Oo, *Kayleigh!* I LOVE YOU, TOO!" Malakas na saad nito na ikinalaki ng aking mga mata.

Maraming napalingon sa aming direksyon maging sina Scoby na busy sa paglalampungan sa baba namin.

Taragis ma Olegares 'to, oo. Ang sarap pektusan.

"Qionne!" I heard Haeliy scoffed na ikinatigil ni Vito sa panghaharot n'ya na nakakadiri.

I glance at my left but I only saw Qionne who's clamping her jaw while staring in front. Hindi ko alam kung ano ang ginawa n'ya kay Eli dahil nakasimangot na 'yong isa habang hawak hawak ang braso nito.

She's already wearing Heather's jersey dahil hindi ko rin alam. Basta noong nag-cr s'ya ay pagbalik n'ya iba na ang suot tapos halos isumpa si Heather na malawak ang ngiti.

Ewan ko sakanila. Love life nila 'yan.

"What?" Inosenteng tanong ni Vito nang lumingon si Val sa direksyon naming dalawa.

I thought she's going to say something but what would I expect? Malamang umirap lang s'ya at muling tumingin sa harapan.

Attitude 'yan, eh.

"Umalis kana nga!" Pagtataboy ko sa lalaking tinamaan ng malaking kalandian at ako ngayon ang pinagtitripan.

He chuckled in a manly way.

"Hatid mo 'ko." Bulong n'ya na parang bata kaya napabuntong hininga lang ako at tumango.

May shoot pa kaya s'ya tsaka gusto ko na talagang umalis ang asungot na 'to dahil feeling ko bigla nalang magliliyab ang pwesto namin dahil sa katangahang ginagawa n'ya.

Kanina pa kasi inaasar si Val gamit ako pero as if namang may epekto 'yon doon sa isa na wala namang pakialam.

Nang makatayo kaming dalawa ay parang tangang nag stretching pa ito saka inayos ang cap n'ya.

"Excuse me lang guys. *Cr* lang kami ni Kayleigh bago ako umalis." He excused pero mabilis na hinigit ko na s'ya dahil nakakaputangina na ang mga sinasabi nito.

Nang makalabas kami ay malakas na humalakhak s'ya na parang tanga.

"Tigas din ng crush mo 'no? Hindi talaga nagsasalita kahit nagseselos na." He utter in a playful way but I just cross my arms.

"Kapag 'yon tinoyo isusumpa talaga kita." Banta ko pero umiling lamang s'ya at binuksan na ang kan'yang sasakyan.

"She changed." Mababa ang tonong untag n'ya na ikinakunot ng aking noo.

"What do you mean?"

"Sa'kin nalang 'yon." Pambibitin nito na malakas kong ikinapadyak. Akmang tatalikuran ko na s'ya para makabalik sa loob ng marinig ko na namang magsalita ang kumag.

"I know you're wondering what did she do in the past gaya ng sinabi n'ya kanina."

Matamang sinulyapan ko s'ya at nag-antay ng sunod n'ya pang sasabihin.

I am aching to know what's going on and what's their connection base on their conversation earlier but I didn't ask anything.

Hahayaan ko nalang silang magkwento kung gugustuhin lang nila tsaka past nila 'yon. Hindi ako kasali.

"Qionne Valentine Mikhailov-Hillaris." Banggit n'ya sa pangalan ni Val. A smile formed on his lips before I saw how his eyes glimmered in unknown emotion.

"What's with her?" Walang ganang tanong ko.

"Sikretong malupit."

I glared at him saka s'ya tinaasan ng gitnang daliri. "Hayop ka talaga! Umalis kana nga."

Tumatawang lumisan ang kumag na 'yon pero lutang na pumasok muli ako sa court hanggang sa makarating ako sa pwesto namin kanina. Andoon pa rin silang lahat pero agad na napako ang mata ko sa babaeng walang imik at walang buhay ang mga mata.

Matamang nanonood lang s'ya ng game at tila inosenteng nakatangyod.

"Enjoy?" Bungad n'ya nang makaupo ako sakan'yang tabi.

My brows furrowed.

"Pardon?"

Mahinang tumikhim ito. "You seemed to enjoy his presence. Why didn't you come with him though? Why did you come back?"

"Why would I come with him?" Seryosong tanong ko saka pinagkrus ang aking mga braso sa dibdib.

"He is an Olegares."

"Pake ko?"

Mataman at walang sigla na sinulyapan n'ya ako pero malditang inirapan ko lamang s'ya.

"You like him. Isn't it an enough reason for you to come after him---"

"Why would I come after a man if I can lead my own?" Putol ko sakan'ya saka s'ya sinamaan ng tingin. "I don't need a man, Qionne. Don't start me at baka masampal talaga kita."

"You'll slap me but you can't even lay your fingers on him when he locked you in between his arm?" Sarkastikong wika nito na tuluyan kong ikinahilamos sa aking mukha.

Sinasapian na naman ng soy sauce ang taong 'to. Feeling nagseselos na naman s'ya tapos kapag nagsimula akong umasa biglang mawawala at makikita ko nalang na kasama si Noah.

Ayoko ng pinagmumukha akong tanga pero si Val naman 'to kaya susubukan ko na.

Nasa dulo pa naman ang pagsisisi kaya sa dulo na rin ako iiyak.

"So? Ano naman?"

Hindi makapaniwalang umiling s'ya at tumahimik nalang. Hanggang sa matapos ang game ay hindi na s'ya nagsalita kaya hindi ko na rin s'ya pinansin. Nagsasalita lang ako kapag kinakausap ako ng ibang student at ng mga kaibigan ko na idinamay na si Haeliy sa pagch'cheer kay Heather.

Ganadong-ganado si gaga. Halos buhatin ba naman ang team nila dahil halos lahat ng tira n'ya sa tres ay pasok.

"Nagugutom ako, Ate!!!" Paglalambing ni Dooey sa kapatid n'ya saka lumambitin dito.

"Edi kumain ka." Simpleng sagot ni Scoby. "Bakit ba andito ka sa'kin? Kay Kara ka magpalibre diba may pangako pa 'yang japanese cake sa'yo noong birthday mo?" Dagdag pa nito na mahina kong ikinamura.

Ipinaalala n'ya pa.

Buhat sa sinabi ni Scoby ay agad nagliwanag ang mukha ni Doo at sa akin naman sumabit na parang koala. Halos magka-height lang kami pero kung makalambitin s'ya akala mo napakagaan n'ya.

"Libre mo 'ko---"

"Oh." Mabilis na abot ko sakan'ya ng one hundred na ikinatalon nito sa tuwa.

Mabilis na naglaho ito sa paningin namin at sigurado akong papunta na 'yon sa bilihan ng street foods sa labas ng university.

Kung hindi ko lang talaga nakita ang pagsama ng tingin ni Qionne kay Dooey nang lumambitin 'yon sa akin ay hindi ako maglalabas ng pera. Para kasing papatay na sa tingin si Val kaya binigyan ko nalang si Doo nang lubayan na ako.

"Where's Heather?" Inosenteng tanong ni Eli habang nakaupo kami sa bleachers at inaantay si Heather na makaligo.

Nag-aya kasi silang mag-inom at tutal hapon pa ang class ko bukas ay sasama ako. Ewan ko nalang sa iba pero ang alam ko ay maaga ang pasok ni Doo.

Pero kung sabagay, pumapasok 'yon ng literal na lasing s'ya. Noon nga ay muntik na s'yang matanggalan ng scholarship kasi pumasok s'ya nang lasing tapos sabi ba naman sa prof n'ya ay cheers at inom lang daw ng inom hanggang sa malaman ng asawa na may kabit s'yang manager ng bar kung saan s'ya nagkakaroon ng gig.

Tangina akala namin dala lang ng kalasingan yung sinabi n'ya pero literal na may kabit pala.

"Ayan na pala." Migo stated after we saw Heather walking towards our direction.

Fresh na fresh si gaga, oh. Kung makangiti kay Eli akala mo talaga may sila eh kabit lang naman.

Pero tingin ko wala talagang jowa 'yang si Haeliy. Wala akong proof pero my kutob ako.

Woman's instinct!

Palaging tama si Kara, maniwala ka.

"Eli my loves so sweet~" maharot na saad ni Heather na ikinangiwi ko.

"Tigilan mo 'ko." Agad na pigil ng isa at saka nagtago sa likod ng kapatid n'ya.

Heather giggle. "Mukha kang purple dinosaur."

"What the fvck?" Halos magkasabay na untag noong magkapatid na maliit kong ikinangiti.

Dati talaga hindi ko makita na magkapatid sila lalo na noong una kong na-meet si Eli kasi hindi gaanong halata ang resemblance but now? Napansin kong parehas sila ng shape ng mata.

Ayun lang.

Hindi sila parehas ng color ng mata kasi honey brown ang kay Haeliy and emerald green ang kay Valentine. Sobrang fierce din ni Val tapos si Eli medyo soft pa pero parehas silang feminine.

Pero gagi may daddy vibes talaga minsan si Qionne kapag sobrang seryoso n'ya tapos alam mong wala na sa mood at hindi nakikipagbiruan.

"How dare you to compare me to a purple gay dinosaur? Barney was an Empath demon and a serial murderer!" Malakas na singhal ni Eli na ikinalaglag ng panga ko.

Ano raw?

Kailan pa naging mamamatay tao si Barney? Alam kong weird 'yon kasi ang laki n'yang dinosaur tapos purple pa pero ang maging demonyo at serial killer? Gagi, siguro si Barney ang kailangan kong isummon kapag nahulog ako ng sobra kay Qionne.

Ipapahabol ko kay Barney ang babaeng 'to kasi kung hindi s'ya magiging akin hindi rin s'ya mapapakinabangan ng iba.

Charot.

Toxic n'yo.

Anong pakialam ko kung hindi maging kami eh ayaw ko nga ng jowa! As in ayaw ko. Ayaw ko talaga pero kapag nag-offer si Qionne ay dapat ang buhay ineenjoy mo lang.

Jowain mo s'ya gano'n.

"Paano naging Empath demon si Barney?" Scoby asked out of the blue na ikinatigil nina Heather at Eli.

They're talking about something habang papalabas kami. Commonly ay si Barney ang topic nila pero hindi na ako nakisali pa at nauna nang maglakad para lang 'wag makasabay si Qionne.

Ayokong lumapit do'n kasi marupok ako. Paniguradong isang tawag lang no'n sa pangalan ko ay mag-uumpisa na naman akong kulitin s'ya.

Dooey's singing voice lingered around after we reached the car park. Nakaupo ito ngayon sa hood ng isang BMW SUV habang katabi si Vito na nagsecond voice pa.

Mga puchang gala, oh.

"Kara, sing with me!" Nakangiting paanyaya ni Dooey pero binato ko lang s'ya ng hawak kong water bottle.

Hindi pa 'to lasing pero puro na agad kagaguhan ang ginawa.

They're singing BMW na ikinakatingin ng ibang students na ngayon ay pawala na dahil karamihan ay dismissal na rin. Yung iba naman ay pumasok sa ilang building dahil siguro sa ilang itutuloy na class.

"Migo, Scoby, sabay na kayo sa'min ni Kara." Vito invited saka itinuro ang sasakyan n'ya.

Kanina naka-sport car 'to, ah? Tsaka ano na namang ginagawa ng kumag na 'to dito?

Nang pumayag 'yong magjowa ay pumasok na rin sila sa sasakyan noong isa maging si Dooey na namimigay pa ng japanese cake n'ya.

Kunwari pa 'yon eh kulang pa sakan'ya ang kinakain n'ya ngayon.

"You like BMW's Kara?" Eli asked before I even try to take a step forward where Vito is.

Kasalukuyan nang nakasandal si Eli sa sasakyan n'ya habang nasa may driver side si Heather.

"Uhm, yeah?" Hindi siguradong sagot ko.

Ever since ay BMW talaga ang dream car ko. But lately, I am slowly having interest on sports car dahil na rin kay Qionne na iba iba ata ang sasakyan.

Ang napansin ko lang na sasakyang inulit n'yang gamitin ay iyong Lamborghini Urus n'ya na kadalasang gamit ni Kuya Edward.

Ewan. Bahala s'ya.

"Paano 'yan Qionne eh nasa Russia lahat ng BMW mo?" Haeliy muttered but her sister just pshawed and cross her arms.

"Qionne will definitely buy a BMW car tomorrow or later at night." Pangingialam na naman ni Vito na pasimple kong inirapan.

Mag-uumpisa na naman s'ya.

Qionne grin like a devil.

"Why would I buy a car if I can buy their company?" She asked before looking at my side.

Hindi na nakapagsalita pa si Vito dahil amuse na nakatingin na lamang ito kay Qionne.

"Let's go."

"Ha?" Slow na tanong ko.

Bigla bigla nalang ba namang nanghihila at dadalhin sa harap ng sasakyan n'ya tapos ngayong nagtatanong ako ay ang sama ng tingin.

Ang sayad ng babaeng 'to nagu-umapaw na.

"What? You want to ride that damn BMW?" She asked in monotone when I didn't enter her car. Her voice were calm but I can clearly hear her frustrations.

I grinned. "Why not?"

She frustratedly run her fingers through her hairs as she glance at her sister and motion them to go first. Ang akala ko ay sina Eli lang ang sinabihan n'ya pero ang letseng si Vito ay nakisama at iniwan nalang ako dito.

Hayop talaga 'yon.

"Bakit mo pinaalis?" Maang ko at unti-unting lumalayo sakan'ya dahil parang ano mang oras ay bibigwasan n'ya na ako.

Her face is too dark but still bewitching.

"What?! You don't wanna be with me?" Tila hindi makapaniwalang tanong nito pero seryosong tiningnan ko lang s'ya. *"Damn it."* Mahinang pagmumura nito bago ako tinalikuran at dinukot ang cellphone n'ya.

Sandali s'yang natahimik.

"Buy me a fvcking BMW car now!"

Hala putangina.

"Hoy, gago---" nabitin sa ere ang dapat mga sasabihin ko ng walang buhay na tumingin siya sa aking direksyon.

"What? Should I buy the company so you can take the ride I could offer?" My eyes almost roll when she suddenly utter that one.

It sounds sarcastic but it also sounds genuine na para bang isang tango ko lang ay gagawin talaga n'ya.

Uto-uto pa naman 'to minsan.

"Wag na. Parang tanga 'to. Bakit ka ba bibili ng BMW eh may kotse ka na?" I asked as a matter of fact at saka inagaw sakan'ya ang phone n'ya.

"Hello? 'Wag mo na s'yang ibili. Thank you." Agad na pinatay ko ang tawag at sinamaan ng tingin ang babaeng kung makapagwaldas ng pera sobra sobra.

"Tigilan mo 'ko sa tingin na 'yan. Hahambalusin talaga kita." Seryosong banta ko sakan'ya at sinubukang buksan ang passenger side pero nakalock.

"Unlock it." Utos ko.

Walang imik na may ginawa ito bago buksan ang pinto. Nakasimangot lang s'ya the whole time hanggang sa umalis kami sa university.

Nabubwisit ako sa mukha nito. Her eyes were raging in frustration but the way her lips form a grim line and seems hesitant to say something so she just pressed it together looks so adorable to stare at.

Kahit ano atang gawin n'ya lalambot ako kahit na anong pikon ko sa taong 'to. She's been bossing around which can easily piss me off pero sa kakaganyan n'ya nawawala na ang capital RESIST ko.

Nang lingunin ko s'ya sa gilid ng aking mga mata ay nakasimangot pa rin s'ya. Sanay naman akong nakasimangot s'ya kasi ganito talaga ang initial facial reaction n'ya pero iba kasi ngayon.

Parang nagtatampo s'ya.

Tahimik lang kami the whole ride dahil hindi ko s'ya completely na nililingon. Kunwari wala muna akong pakialam sakan'ya kasi nagtatampo rin ako.

Kung sila nagpapatawad ako hindi.

Charot.

"Kayleigh,"

Seryosong nilingon ko s'ya matapos n'yang iparada at ihinto ang sasakyan. She's holding different car keys in her hand but later on, she pulled the Benz.

"Gagawin ko d'yan?"

"It's in casa. You can take that tomorrow so you can have your own car." Ismid n'ya saka bahagyang kinagat ang pang-ibabang labi. "I-i, I will just buy you a BMW this weekend."

Sa hindi malamang dahilan ay namuo ang isang ngiti sa labi ko dahil para talaga s'yang nagtatampo pero walang magawa kung hindi ang kausapin ako.

"You don't have to." Mahinang sagot ko at muling iniabot sakan'ya ang car key na ibinigay n'ya sa'kin. "Wala akong license tsaka ayoko pang magkakotse."

I shrugged my shoulders and remove my seatbelt. Ilang minuto pa s'yang nakatitig sa akin bago s'ya lumabas at binuksan ang pintuan sa side ko.

Hindi ko mabuksan kanina kasi nakalock. Ewan ko kung anong ginawa ni Qionne kasi noong s'ya na ang nagbukas bumukas naman.

Pati sasakyan n'ya ginagago ako.

Gaya kanina ay hindi ko pa rin s'ya kinakausap hanggang sa makarating kami kung nasaan ang barkada ko at si Eli.

Dito nagtatrabaho si Dooey. High-end restobar na palaging may live band. Nakita ko na nga ang ilang kabanda ni Dooey sa may unahan.

Akmang uupo na ako sa tabi ni Vito ng may biglang humawak sa aking kamay at dinala sa dulo.

Ang ending tuloy ay ako ang nasa pinakadulo habang sa kanan ko si Qionne at sa kaliwa naman si Scoby.

I glared at her but she just pout her lips and look away but when her sister gaze at her direction, automatikong nagbago ang emosyon n'ya at napalitan ng seryoso at walang pakialam.

Ang taas talaga ng walls.

While we're eating, I can't help but sneer at their playfulness dahil kung ano ano ang pinag-uusapan. Nagpupustahan pa sila about sa pagbabayad ng pagkain namin at mga iinumin.

"Mabilis malasing si Kara sa Cuervo." Scoby stated na tinanguan ko.

Ang sabi kasi ay magch'chug daw mamaya eh hindi ako pwede sa Cuervo. Actually hindi naman talaga ako mahilig sa alak pero umiinom din naman ako lalo na kapag libre. Bihira ako uminom pero hindi ako mabilis malasing.

Mabilis mahilo, oo.

"Ako na sasalo kay Kara kapag Cuervo---"

"I'll pay for the bills." Qionne cut Vito off saka ito sumandal sa upuan n'ya.

May tinawag pa s'yang waiter for bill out and pay everything in cash. Aalma pa sana ang mga plastik kong kaibigan nang pinigilan sila ni Eli.

Kunwari pa 'tong mga 'to eh sugapa 'yan lahat sa libre.

After paying it, agad na tumayo si Dooey at pagbalik n'ya ay may dala na s'yang Red Label saka isa isang nagsalin sa mga shotglass.

Inabutan n'ya kaming lahat pero hindi ko pa naiinom ay napapangiwi na ako.

Mukhang hindi ako makakapasok bukas dahil sa trip nilang 'to.

When I drink the liquor in my glass, I immediately make a face and shake my head. Ang pait, pucha.

Nang lingunin ko si Val na matamang nakatitig sa akin ay nakita kong parang ginagawa n'ya lang tubig ang nasa shotglass n'ya dahil nang abutan s'ya ng panibago ni Haeliy ay baliwalang ininom n'ya ito.

Sanaol strong.

"Tara sa taas." Yaya ni Doo.

"Sana ol, top." I giggle that made the other face palmed.

"Hayop ka, Kara. Masyado pang maaga para magsimula ka." Heather commented pero ngumisi lamang ako at tumayo para makapunta kami sa taas.

Masyadong matitino ang tao ngayon dito sa baba. Karamihan ay kumakain at nagch'chill lang kaya lilipat kami sa taas kung nasaan ang mismong nightclub para literal na walwal.

"Ano na namang ginagawa mo rito?" Tanong ko kay Vito nang akbayan n'ya na naman ako habang nakaupo ako sa couch at nanonood ng mga taong nagsasayaw sa dancefloor.

Qionne is parallel to me and I can clearly feel her intimidating stares.

"Sayaw tayo." He wiggles his eyebrows at itinuro ang dancefloor na nagkakagulo na.

Hayop kasi si Dooey may hawak ng mic at kumakanta ng Banyo Queen sa gitna.

"Go Heather!!" Sigaw ni Doo sa mic kaya wala sa sariling napatayo ako.

Heather is dancing across the beat while she's bravely facing Haeliy that looks so flush.

"When the night has come
At pinatay ang ilaw
Oh, madalas, lumalabas
Banyo queen
Oh darling, darling, stand by me
Oh - oh stand by me
Oh madalas, lumalabas
Banyo queen" malakas na kanta nito at nang makita n'ya kami ni Vito ay agad s'yang kumaway at iniabot ang isa pang mic sa lalaking katabi ko.

Tangina ni Heather.

She's carelessly dancing in a daring way sa harapan ni Haeliy habang hawak ang mga bewang nito.

Pulang pula na si Eli at kulang nalang ay magtago sa leeg niya.

"*Sa Cafe Adriatico ako'y kanyang inaya*
Inom daw kami at siya ang taya
Kaya't kaming dalawa uminom ng beer
Inangat ko ang mug at ang sabi niya sa 'kin "Cheers"
Ang 'di ko alam ay maroon s'yang inilagay
Ako'y biglang nahilo, nawalan ng malay
Nang ako'y magising, aking napansin
Pangalan ng motel "Anito Inn""

This time, Vito sang while flirting with some other girls na ikinangiti ko sa gilid.

The crowd is vibing with them and I was enjoying it to the fullest until suddenly, Dooey hold my arm at dinala sa gitna.

"Show them what you got, beb." May kalakasang bulong ni Scoby sa tainga ko habang naglalampungan sila ni Migo.

Tangina, sinong partner ko?

"Go, Kayleigh the dancerist!" Doo screamed before I felt Vito at my back at may kung anong sinasabi.

He's urging me to dance na ikinatawa ko bago humarap sakan'ya.

I give him a playful smile before I start vibing to the beat and he was about to grab my waist when someone grab my hand at iniharap sakan'ya.

"*Ako ay nagulat at ako ay nabigla*
Ako'y nanginginig, pawis na pawis
*Tinutok ko, pinasok, and boy walang daplis---o*y tangina si Kara buntis! Walang condom si Qionne!" I glared at Vito who said that one habang nakahawak ako sa balikat ni Qionne na nakasimangot na naman.

I looked around and Heather is still dancing with Haeliy even Migo and Scoby at the other side.

Si Vito naman ay malawak ang ngiti habang nakatingin sa direksyon ko saka kumindat.

"You're so unfair." Qionne muttered before removing her hands off of me.

Walang ideyang tiningnan ko s'ya pero umiling lamang ito at naglakad papalayo.

My eyes followed her until I found the courage to follow where she is. Nakita ko s'yang nakapikit at nakasandal sa may railings sa may smoking area habang may hawak na sigarilyo pero wala itong sindi.

Her jaw is clenching and she looks like she's stopping herself to do something she knows she can't. Bahagya pang namumula ang leeg at kamao n'ya at maging ang paghinga niya ay malalalim at mabagal.

"Qionne,"

"You're taking my sanity away from me." She mumbled as she slowly open her cat emerald green eyes.

It's darker than the usual. . . Much more enticingly beautiful than before.

"Wala akong ginagawa sa'yo---"

"I hate it. I hate giving my attention to someone else that might be the cause for me to plead insanity. . .pero ikaw, binabaliw mo 'ko."

A sad smile crept on her lips as her eyes glimmers in intensity.

"Mababaliw ako sa'yo."

Chapter 15

Kara's POV

"Val---"

"Hoy, anong ginagawa n'yo dito? Hinahanap kayo sa loob. Nanapak si Heather." My sentences were cut off midway when Vito suddenly showed up.

May hawak pa itong basag na bote at nagtatakang tiningnan kami ni Val na ngayon ay masama ang tingin sakan'ya.

Vito's forehead creases, "oh ano? Bakit galit kana naman sa'kin?"

"You look like a trash."

"Qionne." Seryosong tawag ko sakan'ya pero itinapon n'ya lang sa gilid ang yosing hawak kanina saka naglakad paalis.

Walk out na naman.

"Ang daming sama ng loob ng crush mo sa'kin 'no? Masyadong bad blood pagdating sa kagwapuhan ko." Mayabang na ngisi ng lalaking kasama ko matapos s'yang bungguin sa balikat ni Val saka malakas na isinarado ang sliding door.

I groan.

"Bakit bigla kana lang sumusulpot? Epal kang kumag ka sana hindi ka nalang ipinutok sa loob." Barumbadong asik ko saka s'ya binatukan.

I was about to leave him here when he suddenly put his arm at my shoulder and start dragging me down to get inside.

"Ang bagal mo namang maglakad. Kapag si Heather nakapatay kasalanan mo." Paninisi n'ya pa kaya dinalian ko na dahil *nakakahiya* naman sa tarantadong 'to.

Parang tangang hinahawi ni Vito lahat ng taong nakaharang sa dadaanan namin saka ako pinauna.

Agaw eksena ang lalaking 'to.

"Migo!" Scoby screamed kasabay nang pagbulagta ng isang matangkad na lalaki sa sahig.

Migo is furiously mad base on his facial expression na kahit inaawat na s'ya ay nagpupumiglas pa rin.

"Kapag may nangyaring masama sa kaibigan ko papatayin talaga kita." Duro n'ya doon sa sinuntok bago s'ya tuluyang lumabas kasama si Scoby.

I can't see Doo and Heather anymore. Kahit si Eli ay wala na samantalang si Qionne ay nasa gilid lang at parang batang naliligaw.

Partida may hawak pa s'yang panyo na Pikachu.

Taragis naman, oh.

"Ano bang nangyari?" Pakikiusyoso ko kay Vito na hinila na ako paalis sa crowd na pinapaligiran na ng mga bouncer.

We were about to follow my friends when someone accidentally bump into me that made me lose my balance.

Kung hindi lang ako nahawakan agad ni Vito ay paniguradong nakaplakda na ako sa sahig.

"Hey man, what the hell?" Maangas na tanong ng lalaking nakahawak sa aking palapulsuhan.

"Chill, I didn't mean it."

"Hindi, sinadya mo, eh. Kanina ka pa. Trip na trip mo masyado ang mga kaibigan kong babae. Tanginang hindot 'to." Vito utter in a manly voice which sounds so serious. Pilit ko na s'yang hinihila paalis ngunit ang tigas din masyado ng ulo nito dahil dinuro-duro pa itong damuhong mukhang kurimaw.

"Vito tama na." Awat ko sakan'ya pero mabilis na nanlaki ang aking mga mata ng bigla na lamang s'yang itinulak noong lalaki.

Ampucha naman.

"Tangina talaga nitong gagong 'to. Mamatay kana putangina mo!" Malakas na sigaw ni Vito saka tinadyakan ang kaharap n'ya.

I was about to stop him pero halos tumalsik ako ng tumama sa akin ang likod n'ya dahil napaatras s'ya nang sipain s'ya sa sikmura.

Bakit damay ako?! Hindi naman ako nakikipagbasag-ulo.

To maintain my posture, I accidentally hold on to the bar counter na may basag na bote pala at bubog.

Ano bang katangahan 'to at parang ang malas ko naman?

Kanina pa 'to. Nagseselos siguro si Satanas kasi hindi ko na s'ya nabibigyan ng oras sa bebetime.

"Shit," mahinang daing ko ng biglang may humablot sa aking kamay. She carefully check it before I see how her eyes squinted in darkness.

Unti-unti n'yang ibinalot ang nagdudugo kong kamay sa Pikachu na panyo n'ya bago ako walang imik na tinalikuran.

Walkout na naman. Taragis na 'yan kung hindi s'ya magiging multo ay bigla bigla na lang s'yang umaalis. Trip na trip n'ya bang layasan ako?!

"Qionne---hala tangina. Papa devil of the saint, lure me in!" Malakas na sigaw ni Vito na bigla na lamang nagtatakbo sa direksyon ko ng sunod sunod na putok ng baril ang umalingawngaw.

My heartbeat accelerated at the sudden sounds but I was calm enough because I know that Qionne is around.

I know that she won't let me die here.

Nang sundan ko ang pinagmulan ng putok ng baril ay tanging si Qionne at iyong lalaki na lamang ang nasa gitna. The crowd lessen because of the gunshot.

"*Hillaris*. . .you're here." Rinig kong saad noong lalaki at akmang tatayo na s'ya ng biglang apakan ni Val ang kan'yang mukha.

I unconsciously stand up and plan to go wherever they are but Vito didn't let me.

"Watch her." Ngisi n'ya.

Masamang tinitigan ko muna siya bago muling ibalik ang tingin kay Tyong na ngayon ay marahang pinupunasan ang baril n'ya na may gold pa.

Hanggang dito pala dala n'ya 'yang baril na 'yan?! Bakit s'ya pinapasok?

"It is *Miss Hillaris* for you, dumbass." Malamig na usal nito bago ibaba ang pagkakatutok ng baril at itinapat sa ulo noong lalaki.

I poked Vito's arm.

"Sino 'yon?" Tanong ko.

"CEO ng isang real estate company. S'ya 'yong bumastos kanina kay Haeliy at Doo kaya sinapak ni Heather pero may dalang kutsilyo kaya nasaksak ang ate mo na gusto atang palitan si Wonder Woman." He shrugged at nagawa pang kawayan ang isang barista na nasa sulok at parang nagtatago.

Sandaling kumunot ang aking noo.

Loading.

"Hi! Enjoy watching pero pahingi muna akong tubig. Napagod ako kakasapak sa mokong na 'yon." Pukaw ni Vito sa atensyon ng isang bartender na nagtatago sa gilid.

Processing.

"Sa tingin ko ay nasa hospital na ngayon si Heather."

Loading failed----"mamamatay na siguro 'yon."----successfully.

Putangina si Heather.

Wala sa sariling napatayo ako at akmang tatakbo na paalis para mapuntahan ang mga kaibigan ko ng bigla na lamang akong napaupo sa malakas na putok ng baril.

Letsugas ka Qionne Valentine!!

"Not my sister, *not Kayleigh.*" Val said in a stern voice na ikinalingon ko sa kan'ya.

"You better hide after this if you don't want Haeliy to burn you alive." Huling sambit n'ya bago tumalikod at tila walang nangyaring naglakad sa direksyon ko.

Matamang nakatitig ako sa lalaking nakahandusay na pero wala s'yang tama ng baril. Puro lang pasa ang mukha n'ya dahil sa mga suntok kanina.

If I'm not mistaken, he had a huge cut in his forehead kung saan s'ya hinampas ni Qionne gamit ang baril nito.

"Dalhin mo na sa hospital si Kara, Qionne. Ako na ang bahala dito." Cool na saad ni Vito na ngayon ay topless na at umiinom ng tubig.

Qionne snort. "I don't need your order."

"Syempre hindi ka naman cashier---just kidding!" Agad na bawi ng isa at peke pang tumawa nang itapat sakan'ya ni Val ang baril nito.

"You better shut up."

"Ito na nga tatahimik na. Isang baril mo lang sa'kin siguradong magliliwanag ang bahay ko kaya umalis na kayo ni Kara. Susunod nalang ako mamaya pagkatapos kong ayusin ang gulong hindi ko naman ginawa pero ako ang kailangang umayos."

Instead of speaking, Val just put her gun at her waistband saka nagsquat at walang pasabing binuhat ako.

"Ay kabog. Enjoy your honeymoon!" Rinig ko pang sigaw ni Vito bago s'ya tuluyang mawala sa aking paningin.

"I can walk. Ibaba mo na 'ko." Marahang tinapik ko ang kan'yang balikat para kunin ang atensyon n'ya pero hindi man lang ako nito pinansin at diretsong naglakad lang hanggang sa marating namin ang sasakyan n'ya.

She carefully put me inside before going to the driver seat and start the engine of her car. Ilang minuto lang kaming bumyahe dahil agad din naman naming narating ang hospital.

"Where's my sister?" Val asked in monotone after guiding me to go out. Kausap n'ya ngayon si Kuya Edward na sumalubong sa amin pagkarating namung dalawa. Nauuna na akong maglakad sakanila dahil baka mamatay na si Heather tapos hindi ko maririnig 'yong time of death.

Choss. Hindi pa 'yon mamamatay kasi mas malakas ang tama no'n kay Eli kaya mabubuhay pa 'yon para maging dakilang kabit.

"Nasa room na po ni Miss Heather. Private room 369 po." Magalang na sagot ni Kuya Edward.

Nang makarating kami sa tapat ng sinabing room ay hindi na ako kumatok pa at walang pakundangang pumasok na lang pero halos madapa ako nang makita ang nangyayari sa loob.

It's only Heather and Haeliy who's busy making out.

As in nagmomomol sila.

Haeliy is sitting at my friend's lap na akala mo ay hindi nasaksak. Taragis na 'yan grabe kung makahalik si gaga, oh. Ni hindi nga ata nila napansin na pumasok ako dahil hanggang ngayon ay abala pa rin sila.

I awkwardly look at my side kung nasaan si Qionne na seryosong nakatingin sa kapatid n'ya.

She glance at my side and arch her eyebrow.

I grin.

"Gawin din natin?" Inosenteng tanong ko pero umirap lamang s'ya at sinasadyang lakasan ang yabag n'ya palapit sa dalawa.

Yung lakad ni Qionne parang nagdadabog.

"Khaeliys Vierra."

Tila napasong napahiwalay si Eli kay Heather na halos mauntog pa sa pader dahil sa lakas ng tulak n'ya.

Deserve.

Dali daling bumaba sa kama si Eli at sinuklay ang mahaba n'yang buhok. She's blushing too hard while looking at her sister that is now folding her arms across her chest.

She, Valentine, remove her tantalizing eyes on Haeliy and it immediately turn like a knives when it landed on Heather. Medyo maputla pa si gaga pero namumula ang labi n'ya dahil ata sa halikan nila ni Eli kanina.

Asaan ba sina Doo at 'yong magjowa?!

"Miss Q-qionne," utal na sambit ni Heather but the latter just snob her out.

Ilang segundong napuno ng katahimikan ang silid at pigil na pigil ko ang aking tawa dahil sa mukha ni Heather habang nakamasid sa magkapatid na parang nag-uusap sa mga mata.

Haeliy is the first one who step back and stop their eye contact.

"? ?? ???????? ????? ????????, ?????. ??????? ???????? ???? ?????. ?????? ???? ???? ?????? ????? ?????????. *(I won't tolerate your actions, Haeliy. Clear up your mind first. Stop hitting two birds in one stone.)*"

Wala sa sariling nagkatinginan kaming dalawa ni Heather dahil sa alien language na binitawan ni Val. Magkatitigan lang talaga kaming dalawa hanggang sa napakagat labi ako dahil ang hot lang.

Ang ganda talaga sa pandinig kapag naga'alien language ang babaeng 'yon.

I take my eyes off of Heather when Qionne suddenly showed up in front of me and blocked Heather.

Nakataas ang isang kilay na tiningala ko siya pero umirap lamang ito at hinawakan ang aking balikat.

"We'll take our leave." Tanging sambit nito na ikinapalag ko agad.

"Teka lang. Hindi ko pa nakakausap si Heather." Pag-alma ko pa na ikinairap nito saka naunang lumabas.

Ilang segundo lang nagdaan at agad na sumunod sakan'ya si Eli. Matamang pinanood lang naman siyang lumabas ng kaibigan ko bago ito pabalang na ngumisi.

"Ngayon mo sabihing boyfriend palang 'yon." Pagsisimula ko at saka umupo sa gilid ng kama n'ya. "Gaga ka tigilan mo muna hangga't hindi pa break. Huwag kang papayag na kabit ka lang."

She chuckled and ruffles my hair. Nanlalambot na sumandal ito sa balikat ko at bumuntong hininga.

Sa aming magkakaibigan ay siya yung tipong kapag nagmahal ay ibubuhos n'ya lahat. Kahit maghabol pa s'ya at magmukhang tanga sa mata ng iba ay okay lang. Basta alam n'yang mahal n'ya yung tao ay susugal s'ya.

Kasi nga tanga.

Halos makulong kami dati nina Scoby dahil sa ex-girlfriend n'yang kupal. First love kasi 'yon ni Heather tapos hindi n'ya mabitawan kahit na harap-harapan na s'yang niloloko. Nabuntis pa nga ang gagang 'yon tapos gustong ipaako kay Heather.

Wala naman sana saming kaso 'yon pero tarantadong 'yon ang sarap ilibing ng buhay kasi hindi ko alam kung tumitira ba s'ya ng melted shabu o sadyang kulang ang isip no'n dahil ipinagpipilitan na kay Heather daw 'yong anak.

Doon na ata natauhan ang kaibigan ko kasi sabi n'ya hindi naman n'ya nagalaw or anything 'yong first ex n'ya. Hindi ko alam kung buhay pa ba 'yon ngayon o hindi na pero sana buhay pa s'ya para masampal ni Eli kapag bumalik.

"Sabi n'ya cool off daw sila." Malalim na untag nito.

I snort. "Sila pa rin."

"Edi ititigil ko na?"

"Tigilan mo muna. Kung gusto ka no'n gagawa 'yon ng paraan para makasama ka. 'Wag kang mags'stay sa pampalipas oras lang kapag wala 'yong jowa." Pagpapayo ko pa kahit na marupok din ako.

"Ang galing mo, beh. May point ka. Pointless nga lang kasi isipin mo, beh. Sinasabi mo 'yan pero pumayag ka rin dati sa bare minimum? Beh, ang tanga mo rin dati, beh---"

"Beh, tanga din naman ako pero hindi ako pumayag maging kabit, beh." Pakikisakay ko sa endearment na ginagamit n'ya.

Wala naman akong karapatan sa mga uso na 'yon pero nakakabwisit 'yang beh na 'yan kapag naririnig ko. Ilang beses ko na 'yang naririnig kay Doo at Heather lately tuwing nag-uusap sila.

"Ay beh, putangina ka hindi pa ako kabit. Baka soon nalang kasi kung nakita mo lang talaga si Eli noon, mapapapakshit kana lang din."

"Behtlog ka, Heather. Gusto mo bang magkaroon ng sibling rivalry kapag nagkagusto pa 'yang si Kara kay Miss Haeliy?" Biglang sulpot ni Dooey.

Halos magkasabay kaming napalingon ni Heather sa direksyon nila na ngayon ay may mga bitbit na pagkain. Kasunod n'ya ang magjowa at si Vito na mukhang pagod na pagod.

"Oh, ano?" Lingon ng ulupong na si Vito. "Umalis kana, Kara. Hinihintay ka ng baby boss mo sa labas. Kami na ang bahala dito kay Heather. Buhay pa naman 'yan."

"Weh? Sabi mo nga kanina mamamatay na s'ya." Pag-uulit ko sa sinabi n'ya kanina.

Natatawang umayos ito ng upo saka ipinilig ang kan'yang ulo sa direksyon ko at umaktong pinapatahimik ako.

"Bwisit ka talaga, Vito. Laspag na 'to." Iritadong usal ni Heather pero agad na nagpaalam na ako sakanila at lumabas ng kwarto.

It's getting late. Gusto ko ng umuwi.

"I'll go back to Russia." Agad akong napatigil sa paglalakad palapit kina Qionne nang marinig ko ang sinabi ni Haeliy.

Hindi ako sigurado kung tama ba ang pagkakakita ko o talagang nagpunas s'ya ng luha.

"You can leave the day after the contract signing." Madiing saad ni Val bago napadako ang kan'yang mga mata sa akin.

May kung ano siyang sinabi sakan'yang kapatid bago ito lumapit sa akin at nagsimula na kaming maglakad paalis.

"Do you have a class tomorrow?"

I nod my head as a response na ikinatango lang din n'ya. Pasimpleng nililingon ko lang s'ya hanggang sa makapasok kaming dalawa sakan'yang sasakyan.

"Do you have anything to say?" Pagtatanong ko pero umiling lamang s'ya at kinagat ang pang-ibabang labi.

Ito na naman ang babaeng 'to. She always looks like she was about to say something but she will just keep her mouth shut and let the silence speak.

Hindi ko alam kung nakailang hinga ako ng malalim hanggang sa mapatingin ako sa cellphone n'ya na ngayon ay tumutunog.

Seryosong sinagot n'ya ito habang nasa unahan pa rin ang mga mata.

[Valentine.] the man said.

Walang emosyon na itinukod ni Val ang kan'yang siko sa may gilid n'ya at saka huminga ng malalim.

"My company is all good. I won't do anything to bring shame on your name." Her voice is stern as her jaw clamped.

I subconsciously hold her other hand ng palitan niya ang kan'yang kamay na nakahawak sa manibela.

She quickly glance at me when I start massaging her hand with the thought of it'll help her to calm down. Sa tingin ko naman ay umepekto dahil naging normal na ulit ang breathing pattern n'ya.

I softly smile.

[That's not what I want to hear.]

"But that's what you want from me." Diretsong aniya na ikinatikom ng labi ko.

Maging ang nasa kabilang linya ay natahimik din at napabuntong hininga na lamang. Ongoing pa rin ang call nila pero wala atang balak mag-umpisa ng conversation si Val dahil seryosong nagmamaneho lamang siya.

[The empire needs you.] The man uttered in low tone but it is stern as hers.

Qionne smirk without any trace of humor. *"I have my own. What made you think that I will meddle to yours?"*

[You know that it is yours too---]

"After y'all throw me like a piece of shit after a single mistake you'll think that I will come back for a simple reason?" Walang gana at nanunuyang tumawa ito kasabay nang paghigpit ng kapit niya sa kamay ko. *"I will never come back to your company. You deprived my rights before. I won't let you take my freedom now."*

[When will you stop living in the shadows of your past, Qionne?! It's been years---]

"Even if I die anytime now, I won't forgive all of you. Remember that, you fvcker."

Hindi na niya hinintay pang sumagot ang kausap niya at agad na nitong pinatay ang tawag. Mabilis ang paghinga niya nang ihinto niya ang kan'yang sasakyan sa gilid ng kalsada---no. We're actually in the seaside and I don't know kung bakit walang ibang sasakyang dumadaan.

Saan na naman ako dinala nito?

"Hey," tawag ko sakan'ya saka ako lumapit.

Nakadukmo lamang siya sa manibela at sapo-sapo ang kan'yang mukha. Her hands are trembling while she's holding her face.

Kahit na anong higit ko sakan'ya ay hindi talaga s'ya gumagalaw kaya iniangat ko nalang ang aking sarili at saka umupo sa kandungan n'ya.

Mindset ba mindset.

Kita mo na ngayon at nasa akin na ang atensyon n'ya. Her eyes were red at tila nagpipigil talaga s'yang umiyak pero nang hawakan ko ang kan'yang mga pisnge ay automatikong yumakap ang mga braso n'ya sa aking bewang.

"I'm sorry if you have to witness that." Bulong niya pero tahimik na sinuklay ko lamang ang kan'yang buhok.

I just let her bury her face at the crook of my neck hanggang sa naramdaman ko ang pagkalma n'ya.

"You're enough, Val. You're more than enough for everyone." I mumbled as I continue to brush her hair

using my fingers.

Mas lalo lamang humigpit ang yakap n'ya sa akin kaya nagpatuloy ako sa pagsasalita kahit na wala naman akong alam sa pinagdadaanan n'ya.

I don't know but right now all I think is she needs affirmation. The fact that there is someone who's with her telling that she's worth it.

She's loved.

"Then why do people leave if being enough is a valid reason?"

I chuckled and planted soft kisses on her hair. "Kasi naman Val kung gusto nilang umalis, aalis talaga sila. You can't force someone to stay if they want to leave. Oo sabihin na natin na may rason sila kung bakit ka nila iniwan pero umalis pa rin sila kasi ayon 'yong pinili nilang desisyon and that is not your fault." I sweetly smile at her when she look up and meet my eyes.

"Whose fault is that then? We can't just put all the blames to the one who left because what if they just left 'cause of the fact that they had enough and they couldn't take that anymore? They are also victims."

"Hindi naman kasi pwedeng ireason out na yung nang-iwan na agad ang may kasalanan at hindi rin laging iyong iniwanan ang biktima."

"Then what? Whose fault is it now?"

"Sa hindi nakuntento." Diretsong sagot ko.

Sandali siyang natahimik at matamang nakikipagtitigan lamang sa aking mga mata hanggang sa umiling ito.

"Ang gulo mo." She stated na ikinatawa ko.

Nakakatatlo palang s'yang sentence na tagalog simula nang makilala ko s'ya. Kanina kasi sa bar ay dalawa tapos ngayon yung isa.

Ang galing ko na sa Mathematics.

"Bakit ako pa ang naging magulo?"

"Earlier you told me that the one who left is at fault but now you're telling me that it is on the one who didn't get contented." Seryosong umismid ito na ikinatawa ko lamang.

"Oo nga 'no? Pero ikaw din naman magulo, ah! Akala ko ba doon ka sa iniwanan pero bakit nagdefend ka nang-iwan? Mas magulo ka pa sa iPad ni Scoby na nagl'lag." Ismid ko rin sakan'ya.

Dapat talaga nagtatampo pa ako sa babaeng 'to pero next time nalang kasi kailangan n'ya ako ngayon. Marami pa namang next time kaya kapag nakaramdam ulit ako ng tampo ay next time nalang ulit.

Marupok for life pero hindi tanga sa love.

"Why Scoby's iPad? You don't have yours?" Inosenteng tanong nito pero nagkibit-balikat lamang ako.

"Sino 'yong kausap mo kanina? Tatay mo?" Pagsisimula ko kumalap ng chismis na ikinailing n'ya agad.

May pagngiwi pa si gaga na akala mo naman diring-diri.

"That's my older brother." Simpleng sagot n'ya.

Tumango-tango lang ako at this time ay ako naman ang nagsumiksik sa leeg n'ya.

Ang bango talaga ng babaeng 'to.

"Hindi mo ba s'ya kaclose?"

"We're not close since ever."

"Bakit?"

"Our family always compare the two of us. He's older so yeah, the sympathy and advantages are always been his." Walang pakialam na saad n'ya na akala mo simpleng bagay lang ang sinasabi niya.

I keep my mouth shut for a while at nagsumiksik lamang sakaniya.

Siguro pogi din ang kapatid nito. S'ya ngang hindi lalaki medyo gwapo na paano pa kaya 'yong totoo?

"He's Ael best friend." She blurted out of the blue na ikinatigil ko.

Ayan na naman ang ex n'yang part ng alphabet.

"Si Noah ba kaibigan din nila?"

"Yes. They're actually trio since college days." Sagot n'ya lang.

Hayop na Noah 'yon kaibigan pala si Ael pero nanliligaw kay Qionne? Dude, he broke the bro's code.

"What's your brother's name?" I asked again dahil wala na akong ibang maisip na sasabihin.

"Uhm, Seand."

I shrugged my shoulders. "Pogi ng name."

"Shut up." Agad na bara n'ya na ikinatawa ko.

Gagalit na naman. Palagi na lang s'yang highblood.

"Bakit ka n'ya pinapabalik?"

"Because I left." She answered in literal.

"Malamang." Nakairap na sagot ko saka tinanggal ang pagkakayakap sakan'ya.

She just stared at me and I also do the same. Marahang inalis n'ya pa ang ilang strand ng curtain bangs ko na malawak kong ikinangiti.

"I left the moment they want me to leave." She stated. "I don't know that time if I was just asking too much from them or I was just seeking for the things I think I deserve."

Her lips curve into a sly smile but the loneliness is really evident.

"You deserve everything." I grin to break the tension. "You deserve me."

Ang akala ko ay babarahin n'ya lamang ako gaya nang ginagawa n'ya noon dahil sa pag-iling na ginawa niya pero halos mamula ang buong mukha ko nang marinig ang sinabi n'ya.

"Soon."

"Ha?"

"Maybe soon. I'll deserve you." She smile.

Oh, shit.

Mahuhulog na ata ako.

Chapter 16

Kara's POV

Tahimik na nakamasid ako sa harapan naming dalawa ni Val habang kinakain si Snoopy.

Masarap pala s'ya.

"You really like ice cream?" She asked out of nowhere while eating donuts.

I nod my head and scooped my ice cream na Snoopy ang design. Malay ko ba kung saan 'to nakuha ni Qionne basta matapos naming mag-usap ay may tinigilan s'yang isang convenience store ata tapos pagbalik n'ya ay may mga dala na s'yang pagkain.

Tapos ngayon ay andito ulit kami sa gilid ng dagat at nakaupo sa may hood ng kotse niya.

Tingin ko ay nasa private beach kami dahil walang katao-tao at mukhang malayo-layo rin sa city. Ewan ko ba sa kasama ko. Kung saan saan n'ya nalang ako dinadala.

"Ice cream is my comfort food lalo na kapag mint chocolate at cookies and cream ang flavor."

It's true tho. Kapag may problema talaga ako ay kumakain ako ng ice cream tapos maiisip ko nalang na nakagawa na ako ng solusyon para malutas 'yon.

Ice cream at churros lang at mababuhay na ako.

"Who's your comfort person?" She asked out of a sudden. Napatigil ako sa pagsubo ng kinakain ko at nilingon siya pero nakatingin lamang ito sa kawalan.

"Scoby." Simpleng sagot ko.

That girl is my best friend as what I've said before. S'ya talaga ang pinakaclose ko sa group namin. Close ko rin naman 'yong iba pero kay Scoby talaga ako tumatakbo kapag magb'breakdown ako sa sobrang daming problema tapos hindi ko na kaya.

Then after that, I'll just find myself being surrounded with them and lending a help to fix every problem I had. Hindi ko nga alam ang gagawin ko kung wala ang mga kupal na 'yon sa buhay ko.

Sa financial problem palang namin ng pamilya ko ay susuko na talaga ang aking katawan lalo na noong malala pa ang sakit ni Mama. I need to maintain her meds dahil mabilis humina ang tibok ng puso n'ya.

I remember myself looking for a job when I was just 5 years old. Bata pa noon si Lai tapos kulang ang sinusweldo ni Mama. Halos ginugol ko lahat ng oras ko sa part time jobs noong bata ako. Laman ako ng palengke no'n, eh. Naging helper din ako sa isang mayamang pamilya no'n pero hindi rin ako nagtagal kasi napakataray noong anak nila na kasumpa-sumpa naman ng mukha.

They're making their helpers a slave as if our life depends on them. Nakalimutan ko na sila kasi sobrang bata ko pa no'n.

Pero huling balita ko namatay daw yung buong pamilya.

Ah, ewan.

"Ikaw?" This time, I chose to speak and break the uneven silence. "Who's your comfort person?"

She heaved a sly smile.

"Myself."

My lips parted for a while bago ko isinapak sa aking bibig ang ice cream spoon ko.

Dapat talaga tumatahimik nalang ako minsan. Kung ano ano nalang ang naitatanong ko sakan'ya.

"Why not Haeliy? Jackus?" I asked again dahil naumpisahan ko na rin naman kaya tatapusin ko na.

Galing ko.

"Eli and I were not close before. While Jackus, he's busy building his career and name in the industry he thinks he fits in." She bit her lower lip and shook her head in awe. "I can't also run to other people and simply seek for help. Everyone's busy on their own life. . .and I have myself. Isn't it enough for me to continue?"

Tumango-tango ako bago humilig sa balikat n'ya.

She's the type of person who will never rely to the people surrounding her. She prefer to keep her battles alone with the thought of she will become a burden if ever she ask somebody's help.

How miserable her past is that it made her present like this?

"You can ask, Kara." She mumbled habang nakahilig pa rin ako sa balikat n'ya.

I nibble my lower lip. "Okay lang?"

"Yeah. I'll be the one to drop your question if I don't feel like answering it."

I smile.

"Bakit hindi kayo close ni Eli noon?" Pag-uumpisa ko.

Sandaling natahimik siya at akala ko pa ay hindi na s'ya sasagot. But after three minutes, she cleared her throat.

"She spent almost all of her life in Russia while I am out and studying abroad." I can feel how her breath hitches while speaking.

"Sa Harvard ka nagcollege 'di ba?" I added.

"Yes."

"Si Haeliy?"

"She studied at one of the top university in Moscow."

Tumango-tango ako. "How about Seand?" Tanong ko ulit.

Automatikong iniangat n'ya ang kan'yang kamay at hinawakan ang aking ulong nakapatong sa balikat n'ya saka ito tinanggal. Nakakunot ang noo na nilingon n'ya ako bago ibinaba ang donut na kinakain n'ya kanina.

"What's with Seand? You like him?"

My eyes widen as I shake my head repeatedly. Ni hindi ko nga kilala 'yon aside from the fact na kapatid nila ni Eli.

"Then why are you so curious about that man?" Her shoulder moved upside down while glaring at me like a kid.

I smile and bit my lower lip.

Ito na naman, oh. Feeling nagseselos ulit tapos ipapamukhang straight s'ya.

"Nagtatanong din naman ako about kay Eli pero hindi ka nagreact." I teased as I scooped my ice cream at itinapat sa labi n'ya.

She rolled her eyes on me before eating what I am offering. Sandaling natahimik pa s'ya pero kung makasimangot naman ay wagas.

"Seand is good-looking."

"Ikaw din naman."

Her eyes immediately stuck on mine when I counterattack her statements right away. Mabilis na nginitian ko siya saka inayos ang shirt na suot n'ya na ngayon ay lumilihis.

"I don't like your brother." I mumbled. "Pero kung ikaw, syur why not?"

A quick smirk flashed on her lips before she immediately shake her head and look away.

"He actually graduated in the university where Haeliy went. They almost had the same educational background." Pagbabalik n'ya sa topic namin kanina na ikinailing ko lang.

Umiiwas na naman 'yan.

Ganda ko kasi.

Charot.

"Bakit ikaw lang ang halos naiiba? Diba hanggang 3rd grade ka lang sa Russia tapos nagpunta kana sa Germany? Sa Duke ka naghighschool tapos sa Harvard ka pa nag-college. Ang dami mong university na pinasukan." Dire-diretsong sambit ko na ikinataas ng kan'yang kilay.

A grin curve in her plump lips kasabay ng pag-iling nito. "You checked one of my biography in the internet?"

"Yep." Honest na sagot ko.

What's the point of denying it tho? Halata namang tiningnan ko talaga.

"What age did I finish my studies then?"

Sandaling napaisip ako na hindi ko naman palaging ginagawa dahil hindi naman ako mahilig mag-isip.

"25?" Patanong din na sagot ko dahil may master degree pa s'ya na tinapos after college.

Her lips jerk up. "22."

"Eh?! Hindi ba kumuha ka pa ng masteral sa Cambridge!" I hissed because she's too young if ever na may master na talaga s'ya at the age of 22.

"What university in Cambridge are you pertaining to?" She asked for the nth time that cause my mind to process again.

Loading na naman.

"Basta sa Cambridge 'yon."

"Be specific." Utos n'ya pero may kalakasang hinampas ko lang ang kan'yang balikat. "Kayleigh, what the heck?!" Reklamo nito pero inirapan ko lang s'ya at ibinaba ang ice cream ko.

"Saan nga?"

She snort. "Massachusetts Institute of Technology Cambridge, MA."

"Anong masteral ang kinuha mo?"

"Economist." Gaya kanina ay nakasimangot pa rin ito at parang bata na nakasandal sa may hood ng kotse n'ya.

Tumango-tango ako.

"Ibig sabihin 20 ka palang pero graduate kana ng college?" I asked the obvious but she still answered me with a nod. "Ilang taon na si Ael no'n?"

Her eyes squinted at my sudden question pero agad na nawalan ng gana ang kan'yang mga mata.

She heaved a deep breath. "23."

"What's his program?"

"Liberal arts and sciences."

Taray.

Sana 'wag mamatay.

"Matalino ba s'ya?" Nakangusong tanong ko kahit obvious naman na oo. Hindi naman 'yon makakapag-aral sa Harvard kung hindi s'ya matalino.

Tangina nagiging sad girl na ako.

Yucky-ducky funky wap.

"Yes." She answered na tuluyan kong ikinaiwas ng tingin.

Ang dami namang talent no'n. Magaling sa music and arts tapos matalino pa. Ex pa nitong babaeng 'to kaso tatanga-tanga.

Too stupid to hurt this woman beside me.

"You're smart, too." She said out od nowhere na aking ikinatingin.

TM ako.

"You're a deanlister and a scholar." Dagdag pa n'ya.

"How'd you know that?" Tanong ko pero nagkibit-balikat lamang s'ya.

"It doesn't matter."

Nang wala akong masabi ay tumahimik na lamang ako at nagpatuloy sa pagkain ng ice cream ko.

"Ael is smart but being too intelligent sucks." I quickly glance at her but she's busy staring in front.

"Bakit ayaw mo sa matalino?" Curious na tanong ko.

"I didn't said that I don't like intelligent people."

Oo nga naman. Wala s'yang sinabi.

Fake news kayo.

"Then what?"

"Secret." She smirk.

I rolled my eyes on her before standing up and find the nearest trashcan. Patanga-tanga lang naman ako pero hindi ako nagtatapon ng kung ano-ano sa kung saan.

Namamato ng bato, oo.

Dati talaga nakipagbatuhan ako ng bato sa mga tambay. Fire in the hole daw kaya binato namin nina Migo.

Nabarangay tuloy kami kinagabihan. Na-fire in the hole din ako ni Mama ng mahiwagang tambo.

Choss.

Hindi 'yon nananakit physically.

"Alam mo," matamang binuksan ko muna ang isang maanghang na chips saka isinubo ang bagong

bukas na donut n'ya.

I chuckled when she didn't complain at pinunasan pa ang gilid ng labi ko.

"I know what?"

"Nalimutan ko na." I shrugged my shoulders and grin like a fool habang kumakain ng kung ano.

Kapag talaga siya ang kasama ko ay kung saan saan ako napupunta pero hindi ako nagugutom. Kung ano ano kasi ang binibiling pagkain tapos sa'kin ipapakain ang karamihan.

Tanda n'yo pa ang ginawa n'ya sa Baguio? She bought a lot of street foods tapos sa'kin lahat ibinigay kaya buong gabi akong kumakain habang nanonood kami ng movie.

Puyat kami no'n parehas kaya buti nalang hindi ako sobrang sabog noong naganap 'yong photoshoot.

Movie marathon na walang nagsasalita. Documentary pa ang palabas about sa isang murder tapos tinulugan lang ako ni Qionne noong nasa kalagitnaan na kami.

Food trip with matching puyat tuloy ako.

"You don't like to start a conversation with anyone else, 'no?" I asked because I observed that she doesn't like to speak first.

Kung mag-umpisa naman s'ya ng usapan ay napakabihira lalo na sa ibang tao. Pero parang kapag kami lang namang dalawa ay unti-unti na s'yang dumadaldal.

She sighed and arch her eyebrow. Nakangiting umiling lamang ako at isinubo ang Piattos na nasa aking daliri.

Confirmed.

Hindi uso ang first move sakan'ya.

Akmang magsasalita ulit ako ng biglang tumunog ang aking cellphone. I immediately checked it to see who texted me pero napairap lang ako ng wala sa oras nang mapagtantong si Vito lang 'yon.

Sinabi lang n'ya na ninong daw s'ya kapag nabuntis ako ni Qionne.

Hayop na 'yon mukha bang bubukaka nalang ako bigla kay Val?!

Medyo lang naman.

"You followed him back?" Rinig kong tanong ng aking kasama nang ibalik ko ang phone ko sa bulsa.

I cleared my throat. "Yep. Why?"

Mataray na humalukipkip siya saka binuksan ang isang incan soda. Mukha pang masama ang loob niya nang irapan n'ya ako at sinamaan pa ng tingin ang dagat na wala namang ginagawa sakan'ya.

"Don't touch me." She ordered right away as her jaw started to clench and unclench.

"Lah. Bakit ka galit?" Inosenteng tanong ko sakan'ya dahil ayaw n'yang magpahawak noong hihilig sana ako sa balikat n'ya.

Imbis na sumagot ay sinimangutan n'ya lamang ako at umalis sa aking tabi. I just let her do what she wants until she went back but she have her phone now.

I continue to eat and look at the calm sea. Mula rito ay kitang-kita ang kalangitan at mga stars na nagrereflect sa dagat.

The waves is so calming to hear.

Ang lamig na rin.

Habang umiinom ako ng tubig ay wala sa sariling napatingin ako sa aking cellphone na tunog nang tunog.

Galing lang 'yon sa tiktok. Baka nagsesend na naman ng kung ano anong vids sina Dooey or may nagnotif lang about sa videos ko.

Kapag wala akong ginagawa ay nagt'tiktok ako. I can dance. Ayan lang ang talent ko aside from designing.

I tried to check it but I was interrupted when Val stand up and put her garbages at the trash can. May padabog-dabog pa s'ya habang suot ang airpods n'ya at nanonood sa cellphone.

I can't see what she's watching dahil agad n'yang inilalayo ang screen kapag nagtatangka akong sumilip.

Toyo.

"Ay Val," I called when she become too silent.

Seryosong tiningnan n'ya ako bago taasan ng kilay. "What?"

"Wala lang." I giggled.

Masamang tiningnan n'ya ako pero malawak ang ngiting inabot ko lang ang kan'yang mga pisnge at pinisil ito.

She's still frowning but she didn't stop me.

"I have a business trip this upcoming week." She started after I let go of her cheeks. "Thursday to Saturday in Milan, Italy."

"Then?" Maang ko dahil nagtataka ako kung bakit s'ya nagpapaalam eh parang hindi naman s'ya nagiging multo sa'kin.

She pressed her lips together. "You want to come with me?"

My lips turn up.

"Try again. I don't like questions."

"Come with me."

"Too demanding." I suppress my laughs when she glared at me.

"How am I supposed to invite you?!" Inis na tanong nito pero nagkibit-balikat lamang ako.

Pachill-chill lang ako sa gilid as if hindi ko s'ya boss. Parang ako pa nga ang nagpapasweldo sa'min minsan sa sobrang bossy ko dito.

"Think again." I muttered.

She let out a frustrated groan before stomping her foot in the ground.

Napikon na.

"I'll go to Milan." She said. Matamang tinaasan ko lamang s'ya ng kilay at nanunubok na tiningnan pero tumaas lamang ang gilid ng labi n'ya at umayos ng tayo.

"Oh? Anong gusto mong gawin ko?"

She grinned.

"Beep me if you'd like to join."

Her eyes glows in playfulness as I stand up as well and face her with a seductive smile. I gently encircled my arms around her nape and lowkey sniff her addicting scent.

"That's too common, *Miss*." I mumbled as I close my eyes.

Nagmulat lang ako ng mga mata nang marinig ko ang mahinang pagrereklamo n'ya.

I smile wider.

"All paid trip and one day vacation." She tried again.

"Mm, nah."

Her cat emerald green eyes become darker for a while before she slowly held my waist and push my body against her.

"What should I say then?" She said like a hush.

"Parupukin mo muna ako." I wiggle my eyebrows on her but she just look at me with amusement hanggang sa umiling-iling siya.

She let out a small smile.

"Sleep with me if you want to spend the weekends with me." She said in finality bago hilahin ang aking kamay at marahang pinapasok sa kotse n'ya.

I wait for her to enter as well and when she did, agad na pinaandar na n'ya ang sasakyan.

"Sleep where?" I asked.

She grinned.

"*In my bed.*"

Hindi ako marupok pero kapag kay Val?

I'll explain in bed.

....

"Hoy Qionne Valentine matulog kana!!" Malakas na bulyaw ko kay Val na hanggang ngayon ay nakaupo sa may bean bag at nanonood ng kung ano.

Kanina pa 'yan. Malay ko ba kung anong pinapanood n'ya kasi ang layo layo n'ya sa kama ko.

True to her words ay sa kama nga kami matutulog pero hindi sa kama ng kwarto n'ya. Akala ko naman sa room na talaga n'ya pero waley.

Dito ako dinala sa kwartong tinulugan naming dalawa last time. Ang sabi pa ay kan'ya naman daw bahay 'to kaya kan'ya lahat ng kama.

May point naman s'ya kaya pwede na.

"You can sleep now. I'll hit the sack later." Abalang sagot n'ya habang nasa screen pa rin ng phone ang mga mata.

Kanina pa ako napipikon sa taong 'to pero hindi ko naman s'ya kayang sampalin.

Hindi ko 'yon gagawin sakan'ya kahit anong inis ko 'no.

"Wala ka talagang planong matulog?" I asked while walking towards her.

Malalim na bumuntong hininga muna s'ya at sandaling tiningnan ako. "I'll sleep later. C'mon, don't be too stubborn."

"So ako pa ngayon?" She nodded her head as we rolled our eyes in unison.

Nakikisabay pa, oh.

"Sige. Magcellphone kana lang."

Walang tinging tinalikuran ko na s'ya saka ako humiga sa kama. I already took a bath and nakasleepwear na rin naman. Kanina pa nga ako inaantok pero hindi ako makatulog gawa ni Qionne.

Bahala s'ya.

Like the usual, nagtalukbong ako ng kumot at sandaling nagdasal bago umayos ng higa. Ramdam na ramdam ko na ang antok na lumulukob sa aking katawan pero hindi natuloy dahil sa paglugso ng kama.

I mentally smile.

Humiga rin naman ang gaga.

"Kayleigh," she called but I didn't answer. "Are you asleep na?"

As much as I want to pretend that I already fallen asleep, I can't. Her tone and baby voice is just so adorable.

"Wag kang maingay. Ihuhulog talaga kita sa kama." I threatened without opening my eyes.

She heaved a sigh as the bed lightly moves again. Nagkumot din ata s'ya.

"It's not my fault if I was too attached to that videos." She whispered as if there's no chance that I will hear her.

I groaned.

Kailangan na talaga naming matulog. Baka kung anong magawa ko sakan'ya kapag hindi pa ako nakatulog ngayon.

Bangag na bangag na ako.

"Tulog na." I demanded as I slightly open my eyes pero nakasimangot na mukha n'ya lang ang bumungad sa akin dahil nakaharap s'ya sa side ko at matamang nakatitig sa aking mukha.

I frowned.

"Oh? Bakit?" I asked in disbelief dahil mukhang pikon na pikon s'ya.

"Nothing." She rolled her eyes.

"Bahala ka d'yan." Iritadong untag ko bago inayos ang aking kumot. I was about to turn my back on her when she suddenly grab my waist and pulled it close to her.

I was stunned for a second and just feel her warmth against my skin.

She's just hugging me while pouting her lips.

Minsan talaga ang hirap intindihin ng babaeng 'to. Alam n'yo 'yong tipong gusto mo nalang makabasa ng utak para malaman mo yung tumatakbo sa isip n'ya? Ayan ang gusto ko ngayon. What if mamaya binabackstab na pala ako nito? Tapos what if din nahuhulog na pala s'ya sa'kin?

Charot.

Walang magmamahalan!!

"Ano bang problema mo?" I asked with a calm voice pero sa totoo lang ay gusto ko na talagang bigwasan si Qionne.

May kung ano kasi s'yang ibinubulong tapos may sinabi pa s'yang dapat daw walang pwedeng magcomments.

Malay ko ba sa sinasabi n'ya. Baka mamaya nagriritual na pala 'to.

"They should've be more respectful." Bulong pa n'ya bago ako tuluyang nawalan ng pasensya dahil namalayan ko nalang ang aking sarili na tinatanggal ang yakap n'ya.

"Where are you going?" She sternly asked while pinning me down using her arm.

"Kanina ka pa bulong nang bulong. Paano ako makakatulog?!" Singhal ko pero ngumuso lamang s'ya at umiwas ng tingin.

She loosened her hug on me pero hindi n'ya tinanggal. Parang hinihintay nalang n'ya na tanggalin ko pero syempre hindi ko ginawa.

Nag-iinarte lang talaga ako kanina para tumigil s'ya sa kakasalita ng kung ano ano.

"You can sleep now." She muttered and tap sides.

Ilang segundo ko muna siyang pinagmasdan hanggang sa huminga ako ng malalim at lumapit sakan'ya. I bury my face at the crook of her neck that seems to caught her off guard because her breath hitch.

"Good night." I said.

She place her left arm around my waist and gently brush my back.

"*?????? ??? ???, ? ? ?????? ?? ?? ?????.*"

Hindi ko alam ang meaning ng sinabi n'ya pero yawaers.

The butterflies wake up inside my stomach.

....

Nakangiting sumabit ako sa braso ni Qionne nang makababa kami sa eroplano. Hindi talaga ako pumasok kanina sa university kasi nga samahan ko raw s'ya.

I tried going to the school para ipaalam na hindi ako makakapasok pero itinaboy agad ako ni Kuyang Guard nang akmang papasok ako sa gate.

Ang sabi pa ay naipagpaalam na raw ako ni Val at pumayag na raw ang headmistress kaya mag-enjoy nalang ako.

Nagpaalam din ako sa pamilya ko 'no. Okay lang naman sakanila pero sabi ni Mama ay dapat daw na dalhin ko sa bahay si Qionne pagbalik namin para daw makilala n'ya.

As if namang jowa ko 'to.

"Ang pogi." I reluctantly utter upong seeing a group of pilot in the airport.

Nasa isang corner sila at may kung anong pinag-uusapan pero ang popogi talaga.

ItalyanoooOoo.

"You don't have a taste." Pagpaparinig ni Qionne na ikinatawa ko lang.

"False accusations. But this is way too out of our topic but you can have a taste of me."

"Shut up, Kara."

I giggled.

Actually madaling araw palang dito sa Milan. Parang mags'sunrise palang ata? Ewan hindi ko sure kayo nalang ang magconfirm.

Agad na may lumapit na ilang matatangkad na lalaki kay Val at nag-usap pa sila sandali habang inililibot ko ang aking mata sa paligid.

The place is too cozy.

"Let's go?" She asked that caught my attention.

Imbis na iyong matangkad na lalaki ang magbubukas ng pintuan ng kotse ay si Val na ang gumawa at saka ako pinapasok sa loob. Agad itong sumunod at tumabi sa akin but as usual, she's busy on her phone again.

"Val,"

"Yeah?"

"Let's watch the sunrise." Aya ko.

She turned her phone off and looked at me puzzled. "Aren't you tired from the long flight?"

I shake my head.

Pagod ako pero gusto ko lang talagang manood ng sunrise. Bihira lang 'yon mangyari 'no.

Ilang segundo muna s'yang tumahimik bago tumango pero wala s'yang sinabi doon sa driver. Tahimik lang talaga s'ya sa aking tabi hanggang sa makarating kami sa isang building.

"Let's watch it in my penthouse." She said when we got the chance to go out.

Magkatabi lang kaming naglalakad hanggang sa hubarin niya ang kan'yang coat at ipinatong sa aking balikat.

"Bakit? May suot naman na ako, ah."

She snort. "Too revealing."

I chuckled and just lay my head on her shoulder. Halos magkasingtangkad lang kami ngayon kasi nakaheels ako at nakaflats lang s'ya.

She's too simple but she still look ethereal and unreachable. Wala nga atang damit na hindi n'ya binabagayan.

Nang makarating kami sa penthouse suit n'ya ay tinanguan n'ya lang ang mga lalaking nagdala ng gamit namin bago sila tumungo at nagpaalam. Hindi na nga ako nakapagpasalamat kasi mabilis na hinila ako

ni Val sa kamay at dinala sa may balcony.

She had her own pool here.

The pad is too huge to be honest. Halatang hindi lang basta-basta penthouse.

Luxurious.

"You want to eat something?" Alok n'ya pero umiling lamang ako at humilig sa may glass panel para tuluyang makita ang sunrise na hindi pa gaanong sumisikat.

"Ayaw mo sa sunset 'di ba?" I asked that she answered with a nod. "How about sunrise?"

"A new beginning?"

I nod and wink at her.

She went close to me hanggang sa makatayo siya sa aking kaliwa. Automatikong niyakap ko s'ya at nagsumiksik habang hinihintay ang kan'yang sagot.

"I'll accept it if it'll be you." She said in a hoarse voice.

"H-ha?"

Sandaling inilayo n'ya ako sakan'ya at ngumiti ng maliit. She remove few strands of my hair away while we're staring at each other.

"You can't make me appreciate sunset so try to make me fall with sunrise." She lick her lower lip.

Loading, motherfathershit

"You mean?" I stupidly asked.

She grinned.

"Don't bend me. . .make me fall instead."

Chapter 17

Kara's POV

Tulalang nanonood ako ng paggawa ng porn---ay tanga popcorn.

'Yong pop make it drop don't stop ah-ah~

Charot. Mema lang.

Taragis kasi ni Qionne ang tagal sa banyo. Kakagising lang naming dalawa and I think lunch time na. Nauna na s'yang maligo kasi kanina pa ako wala sa sarili at hindi makausap ng maayos.

I'm thinking about her statements earlier. Diba sabi n'ya don't make her bend instead, make her fall? Diba ayan ang sinabi n'ya? Mali lang 'yong pagkakasunod-sunod ng words pero ayan 'yon.

Naisip ko lang kasi paano ko 'yon magagawa kung ayaw ko namang mangyari ang ganoong process? I don't want someone to fall in love with me just because I make them love me. Gusto ko volunteer or kusa lang talaga. 'Yong walang reason na maiisip kasi one day, magigising kana lang na mahal mo na 'ko.

Ganern. Unconditional love.

That's what I want.

Ayoko no'ng tipong kapag tinanong kung bakit nahulog ang isasagot ay because she made me fall for her blah blah blah.

Sperm n'yo indigo.

Kaya naman napagdesisyonan kong hindi ko ip'pursue ang sinabi ni Qionne dahil bahala s'ya d'yan.

Basta gusto ko s'ya. Periodt.

I never ask her to like me back and if she would ever do edi welcome to my life. Sa'yo na 'ko. Saktan mo 'ko kahit 10 times wanhandred milyon pa.

Gusto kita tapos gusto mo 'ko edi masaya ang mundo nating dalawa.

And one more thing nga pala. Isa sa reason kung bakit ayaw ko ring ipilit ang sinabi ni Val kanina ay dahil may hunch pa rin ako na babalik ang ex n'ya.

She love him too much at ayokong kapag dumating s'ya ay ako ang magmumukhang sagabal sakanilang dalawa.

No way.

Ano 'yon story 'to ng buhay ko tapos ako ang kontrabida? Ulol. Ililibing ko ng buhay ang lahat ng part ng alphabet kapag nangyari 'yon.

I might like Valentine or maybe more than that but I won't let myself dive on this emotion. Ayokong

ipagpilitan ang sarili ko sa taong hindi pa tapos magmahal ng iba.

Baka kasi confuse lang s'ya dahil palaging ako ang nakakasama at nangungulit sakan'ya pero what if bumalik si Ael? What if he comes back when we're getting along and our bond is stronger than before but Qionne is still in love with him?

Ayoko nga.

Baka ikamatay ko 'yon.

I fear the pain love will brings and I really fear the fact that it will break me whole.

My father left my mother. Ang una't huling kwento ni Mama sa tatay ko ay tungkol sa nangyari sakanila. Masyado pa akong bata noon.

She said that they love each other but in this world, love ain't enough to stay with the other person you're in love with.

Maraming pwedeng maging conflicts at aabot sa punto na hindi na kaya na mahal n'yo lang ang isa't isa.

Matapos malaman 'yong story nila ay hindi na ako nagtanong pa tungkol sa tatay ko. Napalaki naman ako ni Mama mag-isa at okay na sa'kin 'yon.

I don't need him.

I don't need anyone else to love me because my family and friends are already enough.

Kasi aminin ko man o hindi ay ang unang dahilan kung bakit ako natakot sumubok sa love ay dahil sa ginawa ng tatay ko.

He's my first heartbreak.

I was too young that time but I clearly know what's happening. I was bullied during daycare days at si Migo ang tagapagtanggol ko noon.

Our other classmates told me that I don't have a father but when Migo heard them, he protected and comfort me as he heaved a soft smile only a proud brother could give.

'Kayo nga may Papa pero ang papangit naman ng ugali n'yo. Aanhin n'yo ang tatay kung hindi rin naman maayos ang pagpapalaki sainyo? Tigilan n'yo na si Kara. Boy palang ako ngayon but I can be a man for her.'

And since that, he became one of my standard.

Hindi ko s'ya nagustuhan romantically but I really see him as my brother. We treated each other as siblings kahit na dumating sina Heather.

Halos kapitbahay ko lang kasi sina Migo kaya bata palang kami ay close na talaga. Samantalang si Scoby at Dooey ay sa may kabilang kanto at si Heather? Sa kabilang planeta ang babaeng 'yon.

Malayo ang bahay no'n, eh. Sa may Marikina na s'ya pero lumipat sa Taft noong nagseniorhigh kami.

I told you, shs nabuo ang tropa kasi noon lang din kami naging magkakaclose lahat. Malay ko kung bakit.

"Kayleigh?"

Mabilis na inayos ko ang aking upo at nilingon ang taong tumawag sa akin. She's looking so fresh while wearing a bathrobe.

Pansin kong mahilig lang s'yang magsuot ng ganyan kapag walang ibang nakakakita. Gan'yan din kasi ang ayos n'ya noong nasa Baguio kami.

"Yes?" I asked.

She brush her wet hair using her finger while walking towards me.

Ang bango talaga ng babaeng 'to.

"I'll have a dinner meeting later. Would you like to join?" Tanong nito saka umupo sa aking tabi at nakinood ng palabas.

Agad na inilipat ko ang chanel sa cartoons kasi kanina pa ako nanonood nang paggawa ng popcorn na hindi matapos-tapos hanggang ngayon.

"Mm! Sinong mga kasama?"

Her eyes were too focus on the television in front of us but she manage to speak. "Some people who wants an investment." Simpleng sagot nito at hindi man lang ako tiningnan.

"Gutom kana ba?" She innocently shake her head. "Liligo muna ako. Mamaya na tayo maglunch?"

"Why? You're not hungry yet? We can eat first if you're starving." Nakakunot ang noo na nilingon n'ya ako pero isang iling lamang ang aking isinagot.

Kumain kami kanina bago matulog kaya medyo busog pa ako.

"I'm good. Ligo lang ako."

Hindi ko na hinintay na magsalita s'ya dahil nagtungo na ako sa banyo. Wala akong kadala-dala kahit ano kasi nasa closet naman na ang mga damit ko sabi n'ya.

Binitbit ako sa Italy na walang dala kung hindi ang cellphone at wallet ko. Sabi n'ya kanina sa plane ay naibili na raw ako ng damit kaya okay na raw.

Tsaka alam n'yo ba tabi na kami matulog dalawa pero may malaking unan sa gitna. Nilalagyan ko 'yon para sa space naming dalawa dahil halata naman sakan'ya na hindi sanay matulog ng may katabi.

Ang likot n'yang matulog. Sakop lagi ang side ng kama n'ya tapos kapag siguro nararamdaman n'ya na lumalampas na ay nagigising s'ya bigla tapos tatalikuran ako.

Bakit ko alam? Syempre pinanood ko s'yang matulog dati noong nagtabi kami.

After refreshing myself by taking a bath, isang makapal na jacket at sweatpants lang ang sinuot ko saka

tuluyang lumabas ng bathroom.

Ang lamig kaya dito ngayon. Winter pa sakanila kaya naninibago ang katawan ko.

"Thunderbolt." I heard her voice echoed in the living room nang makababa ako sa hagdan.

She's still watching but different episode from earlier. Nakabalot s'ya ngayon ng kumot habang nakaupo sa couch at umiinom ng white wine.

"Pikachu, go inside the Poké Ball--"

Automatikong napatingin sa direksyon ko si Val nang umupo ako sakan'yang tabi. Mula sa pagiging maamo ng kan'yang mukha kanina ay agad itong sumeryoso at mahinang tumikhim pa s'ya.

I mentally grin.

Pikachu naman pala.

"You like that pokemon?" Tanong ko pero tahimik na uminom lang s'ya ng wine. "Hoy."

Kakaiba rin ang babaeng 'to. Parang iba iba ang wina na iniinom kasi ngayon ay color white pero kanina sa eroplano ay green.

"Pikapi~"

"Shut up, Kara." Kunwaring sinamaan ako ng tingin ng aking kasama pero tumawa lamang ako at sumandal sa balikat n'ya.

She seem embarrassed.

"Why Pikachu?" Saad ko habang nakikinood sakan'ya.

"Why not Pikachu?" She asked back.

Wala sa sariling napairap ako at nanood nalang kung paano maglaban-laban ang mga pokemon na 'yon.

Ang cute no'ng color blue.

"Pero bakit nga Pikachu? Favorite mo 'yon?"

She glared at me unknowingly pero nang sinamaan ko s'ya pabalik ng tingin ay automatikong umiwas s'ya at inayos ang nakabalot na kumot sa balikat n'ya.

"He's not my favorite." She cleared her throat. "Pikachu's my happiness."

I secretly smile habang nakapatong pa rin ang ulo sa balikat n'ya. I really find it adorable kasi wala naman sa itsura o ugali n'ya na tuwang-tuwa pala s'ya sa pokemon na 'yon.

As in. Walang kahit na anong makikitang bakas ng pokemon sa bahay at office n'ya. Well except nalang doon sa nangyari sa bar kung saan nasaksak si Heather. Sa pagkakatanda ko kasi ay may hawak s'yang panyo na gano'n ang design.

Dati gusto kong maging sofa pero ngayon gusto ko nalang maging pokemon na papasok sa poké ball.

New dream unlocked.

I playfully grinned as I continue to focus on what's playing at the television. Tahimik lang naman ang kasama ko na hanggang ngayon ay seryosong umiinom ng wine at nanonood.

"I can be your Pikachu." I blurted out upon pulling myself apart from her.

She sternly glance at my side and silently sigh. "Then what? I will become Ash?"

"Why not? Partner pa rin tayo."

My lips jerk up but she just rolled her eyes and put the wineglass at the center table. She elegantly cross her legs afterwards and turn her attention on me.

"I'll be stuck on you if ever."

"Weh? Hindi nga?" I subconsciously chuckled nang nagtitimping minasahe nito ang matangos n'yang ilong.

Stress na 'yan tapos mamaya mapipikon na.

"Ash is a loyal companion. He will always choose Pikachu over any other legendary pokemon he may encounter." My eyebrows wiggled as I leaned in over and put my palm at the side of my neck.

Her eyes traveled down to my exposed neck but she immediately diverted her gazes and gulp.

"Loyal ka naman, ah. What makes you differ from him?" Pangungulit ko pa sakan'ya.

Hindi ko 'to titigilan hangga't hindi pumapayag na ako nalang ang Pikachu n'ya----"He once left Pikachu because he thought that he will be better off with him. . .and I clearly doesn't want that to happen. If I want you then be it. I won't leave you for a reason thinking that you will be in a better place without me."

I bite my lower lip.

Taragis na 'yan. Saulo n'ya ata ang lahat ng episode ng Pokemon na 'yon.

Pero parang ako si Ash if ever. Mang-iiwan talaga ako kung sa tingin ko mas mapapabuti s'ya kapag wala ako.

Medyo tanga ako, eh.

"Pero what if doon talaga sila mapapabuti kapag wala kana?"

She pursed her lips together while her eyes start to get clouded with heavy emotions and unencrypted desires.

"Deja vu." She let out a cool chuckle and stand up with grace. "I'm used to leave people for their own sake and if I would ever do it again, I won't. I will let you leave me but I will never do the same to you."

Nakatangang sinundan ko lang s'ya ng tingin hanggang sa umalis siya sa living room at nagpunta ata sa

kwarto. Hindi naman ako makasunod kasi nagchat si Vito.

Ampotang 'yon buhay pa pala s'ya?

@victoriokiel
Hello ate ghorl.
Oo alam kong wala ka ngayon sa Pinas kasi nagtanan kayo ng crush mo pero pwede ba? Umuwi ka bago ako magbirthday.
Isama mo nalang si Qionne pagpunta mo sa Intramuros. Baka mamaya kapag nalaman n'yan na pinuntahan mo 'ko ay magpadala nalang 'yan ng nuclear bomb sa venue.

Ay oo nga pala 'no? Magb'birthday pa nga pala ang ulupong na 'yon.

Nalimutan ko.

@kayleighraez
K. Sana umabot ka pa sa birthday mo.

The living room instantly filled with my laughters ng wala pang dalawang minuto ay tumatawag na agad s'ya. Nakasimangot pa ito at walang pang-itaas na damit nang sagutin ko ang tawag habang nakasandal sa headboard.

"Oh, ano?" Bungad ko pero sinamaan lang ako nito ng tingin.

"Kapag hindi ako umabot sa birthday ko ay sisiguraduhin kong isasama kita bago ako mamatay. Pupuntahan kita kung nasaan ka---oh, you're Qionne's penthouse sa Milan?" Agad na kumunot ang aking noo nang marinig ang sinabi n'ya matapos putulin ang sarili.

Pero alam n'yo ba nang dahil sa letter na 'yan ay natandaan ko uli yung unang ibinigay n'ya sa Italy after we dance a particular Tiktok video which immediately got a lot of attention from the viewers. They were asking kung sino ba 'yon pero hindi ko na sinagot.

Ang tanga ko naman kung sasabihin kong si Valentine 'yon eh kaya nga s'ya nagsuot ng mask at cap ay dahil ayaw n'yang makilala s'ya ng iba.

"May shoot ako sa isang araw sa Pakistan kaya baka hindi kita masamahan sa pagrereview mo para sa finals. Baka sa isang buwan pa ako makauwi." Vito stated habang nasa byahe pa rin kami pero malapit na sa bahay.

"Okay lang basta bumalik kang buhay."

"What if patay akong babalik?"

"Ipapalibing kita." I playfully wink at him na ikinaismid nito pero kalaunan ay tumawa rin.

"Baka kay Gazel muna kita ipasundo habang wala ako---"

"Hoy ayoko nga! Baka mag-away lang kami n'yang special friend slash gbf mo." Mabilis na pag-ayaw ko sakan'yang sinasabi at may kasama pang pag-iling.

I heard his chuckles. "Kara, hindi ba sinabi ko na sa'yong mabait si Gazel?"

"Kung s'ya mabait pwes ako hindi." Irap ko.

Sa ilang buwan na palagi kaming magkasama ni Vito ay hindi ko maiwasang magkaroon ng interaction kay Gazel dahil minsan ay sinusundo rin naman s'ya nitong kumag na 'to.

Gazel is one of the professional and popular photographer in the country. Isa nga s'ya sa kasama namin sa shoot sa BYT minsan.

Kung tutuusin ay mabait naman ang babaeng anghel na 'yon pero nanggigigil talaga ako do'n. Last pictorial ko kasama s'ya ay halos masampal ko na dahil walang tigil kakabanggit sa pangalan ni Qionne habang inaayusan ako ng mga stylists.

Ang palagi pa n'yang sinasabi ay, *'ah ghinost.'* Tapos tatawa s'ya ng akala mo demonyo kaya noong naiwan kaming dalawa ay sinabunutan ko na.

Hobby nila ni Vito na asarin at bwisitin ako pagdating kay Qionne at gawing third wheel sa just-flirting-

relationship thingy nila tuwing nagkakaroon sila ng date dalawa. Wala naman akong reklamo kasi hindi sila sobrang sweet, nagbabatuhan nga sila ng plato, tapos minsan naman kapag kumakain kami ay laging high-end kaya hinahayaan ko lang silang magharutan tapos ako ay order nang order para mabusog.

Ang role ko lang ata sa buhay ay maging third wheel ng mga malalanding tao at hindi ang magkajowa.

"Vito!" Nakangiting bati ni Mama sa kasama ko pagkapasok namin ng bahay na pasimple kong ikinairap dahil akala mo talaga si Vito ang anak n'ya dahil tinanguan lang ako at hindi na pinansin. "Bakit andito kana naman?"

"Ma naman. Ikaw na nga ang ibinili ng isaw, oh." Vito scratched his eyebrows and comfortably lay on our old couch. "Si Lai po nasaan?"

"Nasa bahay ng kaklase niya. Kakaalis lang bago kayo dumating dahil may tatapusin daw silang group project."

Mabilis na pumasok na ako sa aking kwarto at naligo muna. Nanlalagkit na rin kasi ako dahil masyadong mainit at pinagpawisan ako ng sobra kanina.

"Sabi ko naman po kasi sainyo doon nalang muna kayo sa bahay ko, Ma. Wala naman po masyadong tao roon dahil wala ang Tito ko." I heard Vito utter nang pihitin ko pabukas ang seradura ng pintuan ko.

Basa pa ang aking buhok at nakasimpleng pambahay lamang nang napagpasyahan kong lumabas.

"Hindi na. Maayos naman kami rito."

"Pero yung environment n'yo po hindi. May sakit ka sa puso, Ma. Hindi maganda na lagi kang ginagalit ng mga tao rito." Malamlam ang mga matang nakatitig si Vito sa nanay ko na tahimik na kumakain lang kasama s'ya.

Medyo matagal na rin simula nang alukin kami ni Vito na doon nalang daw sa bahay n'ya. Hindi naman daw 'yon masyadong nagagamit dahil may condo s'ya at wala naman ang Tito n'ya na s'yang nagregalo sakan'ya noong bahay.

Pero tinanggihan na namin. Masyado ng malaki ang utang na loob ko sa mokong na 'yon lalo na noong nagkasakit ang kapatid ko. Nasa shoot ako no'n sa BYT at overnight 'yon kaya hindi ako nakauwi. Hindi ko alam na kailangan palang isugod sa hospital si Lai dahil sobrang taas ng lagnat tapos nalaman ko nalang noong nakauwi ako at naabutang walang tao sa bahay.

Si Vito ang nagdala sakan'ya sa hospital at sumama kay Mama sa pagbabantay sa hospital. S'ya rin ang nag-asikaso ng lahat even the bills na ayaw na n'yang pabayaran sa akin dahil mayaman daw s'ya.

Hindi ko na rin talaga alam ang gagawin ko kung wala ang kumag na 'yon, eh. Ang laki na ng tulong n'ya sa'kin at sa pamilya ko.

"Vito," tawag ko na ikinalingon nila. I gently smiled, "dito ka ba magd'dinner?"

Masiglang tumango ito at parang batang yumakap kay Mama dahil inalok ko raw s'yang kumain dito. Parang tanga eh palagi ko naman s'yang inaalok basta uubusin n'ya pati ang pinggan.

"Gusto kong adobo na wala masyadong sabaw, Kara." Bilin nito pero umirap lamang ako at inagaw ang

ice cream container sakan'ya saka kinain.

"Edi magluto ka."

"Ma, oh! Inaaway ako!" Pagsusumbong n'ya kay Mama na mahinhing ngumiti lamang at tinitigan kaming dalawa.

I don't really know what did my mother see to be this close to him. Tahimik at may pagka-snob kasi talaga 'yung nanay ko kaya hindi ko alam kung bakit dumadaldal s'ya bigla dito kay Vito.

Mabait naman s'ya sa mga kaibigan ko pero iba ang turing n'ya kay Victorio.

"Kayleigh," Mama called.

"Po?"

Vito and I unconsciously give a look at bahagya ko pa s'yang sinipa dahil nagm'makeface s'ya sa tabi ni mama.

"May dumating kaninang babae na nakausap ni Laine. Hinahanap ka raw at gusto kang makausap." Sandaling tumayo ito at lumapit sa isang drawer saka may kinuhang maliit na envelope. "Ipinapaabot sa'yo."

Naguguluhang inabot ko ito nang magkasalubong ang mga kilay at binasa.

I want to talk to you personally regarding my sister. Just inform me whenever you're available.

~Haeliy

Napakurap-kurap ako at binalingan ng tingin si Vito na tila nag-aabang lang ng sasabihin ko habang iniinom iyong sawsawan ng isaw.

"It's Haeliy." I informed.

"Mukhang importante ang sadya niyan sa'yo kanina kaso wala ka pa. Hihintayin ka nga sana kaso biglang may tumawag sakan'ya na tinawag n'yang Jackus. Emergency daw." Pagsasalita pa ni Mama na mahina ko lang na ikinatango.

I lightly bite my lower lip to stop myself from overthiking until I found myself texting her. Itinanong ko lang kung saan kami pwedeng mag-usap at wala pang isang minuto ay nagreply agad s'ya.

"Vito? May gagawin ka ba mamaya?" Pukaw ko sa atensyon niya.

Vito furrowed his brows. "Wala naman. Bakit?"

"Aalis muna ako. Babalik din ako before dinner. Kakausapin ko lang si Eli." I immediately stand up pero mabilis na hinawakan niya ang aking braso at naguguluhang tinitigan ako.

"Saan kayo mag-uusap? Ihahatid na kita."

"Hindi na. Ipapasundo n'ya nalang daw ako kay Heather. Samahan mo nalang muna dito si Mama." Pagkukumbinsi ko na tinanguan n'ya at kampanteng nilingon si Mama na tahimik na inoobserbahan

ako.

"Magpahinga ka rin, Kayleigh. Mukhang hihimatayin ka ano mang oras sa putla mo." I almost rolled my eyes at my mother's remarks before I went back to my room para makapagpalit.

Na kina Heather raw si Eli at sa tingin ko ay hindi s'ya ang nag-reply sa akin dahil typings ni Heather 'yon. Doon nalang daw kami sa may park malapit kina Heather mag-usap at dahil medyo malayo 'yon dito ay ipapasundo n'ya ako.

Nang matapos ako ay nasa labas na rin si Heather at nakikigulo sa pagkain ng isaw kasama si Vito na kulang nalang ay laklakin iyong suka.

"Tara na?" Heather asked that made me nod.

Mabilis na sinapak ko lang sa braso si Vito at humalik naman sa pisnge ni Mama bago sumunod palabas kay Heather. Gamit n'ya ang sasakyan ni Eli at pangiti-ngiti pa habang nagmamaneho si tanga.

"Kayo na ba?" Tanong ko.

"Hindi pa. Kabit pa rin ako."

"Gaga." I groaned. "Yung totoo?"

She let out a wide grin and glance at me. "Break na sila."

"Oh?"

"Noong umalis s'ya at ghinost ako ay nagpunta raw muna sila ni Qionne sa Russia para makipagbreak sa ex boyfriend n'ya saka sila dumiretso sa Manchester para kausapin naman ang kapatid nila, si Seand." Matamang pagpapaliwanag n'ya ngunit wala sa sariling napatingin ako sakan'yang tainga nang mapansing hindi na iyong hikaw na bigay ng kapatid ng ex n'ya ang kan'yang suot.

She's now wearing a Cartier yellow gold Juste un Clou single hoop earring which looks so appealing. Mas lalong dumagdag sa hatak n'ya sa babae lalo na kapag ngumingiti.

"Nililigawan mo ba si Eli?" I asked when I finally got the chance to speak.

"Mm? Hindi." She chuckled. "Hindi pa."

"Bakit?"

"Gusto ko na ngang ligawan kaso kinausap ako ng kapatid n'ya na 'wag muna. Si Seand, nakausap ko si Seand." She let out an empty smile. "Mag-ingat daw muna kasi kami ni Eli lalo na ngayon at break na sila ng ex n'ya. Baka raw kung anong gawin ng ulupong na 'yon."

I sighed and tilted my head to the side.

"Anong masasabi mo kay Seand? Mabait ba? Hambog? Pogi?" Tanong ko pa dahil mukhang nameet n'ya na talaga 'yon kung makapagsalita.

"Para s'yang male version ni Eli at younger version ng daddy nila." She chuckled. "He looks so professional to be honest. Gwapo rin at seryoso pero ngumiti naman noong nagkaroon sila ng family

picture sa party ng parents nila---"

"Andoon ka?" Putol ko na kan'yang ikinangisi.

"Of course, isinama ako ni Eli."

"Ayan ba yung anniversary ng parents nila?" Paninigurado ko na kan'yang tinanguan. My eyes fell to my thighs as I heaved a deep breath. "Dumating ba s'ya?" I asked, pertaining to that single woman that I haven't heard anything from the passed two months.

"Wala. Hindi s'ya dumating." Heather answered in a low voice. "S'ya lang ang wala sa kanilang tatlong magkakapatid kaya s'ya lang din ang kulang sa family picture."

I sighed.

She never wants special events. It's just a simple day for her so nothing's new I guess?

"Ang strict ng parents nila." Dagdag n'ya pa. "Nakakasakal kasama. Ni hindi ko nga alam kung bakit nagawa kong tumayo doon nang ipakilala ako ni Eli after the party. . .and it sucks because I can see how they look down on me." Her voice sounds too vulnerable when she utter those lines but she still handle to smile---an empty smile. "And that Seand? I know that he loves Eli but he doesn't like me for her. Maayos s'ya noong kasama namin ang kapatid n'ya pero nang umalis sandali si Haeliy, men, he started throwing threats."

Umiiling na tinitigan ko lamang siya at tahimik na pinanood habang naglalabas siya ng sama ng loob. Mas okay nang tumahimik lang ako dahil nagkekwento pa s'ya.

Hanggang sa makarating kaming dalawa sa park kung saan kami mag-uusap ni Haeliy ay nagkekwento pa rin s'ya pero bago kami lumabas ng sasakyan ay mahinang pinunasan n'ya muna ang ilang butil ng luha na tumulo sakan'yang mga mata.

I was just listening until I found out on her stories how hard their family is.

I can still remember what she'd said, *"They love Haeliy but they do not love what she wants to have."*

Tulalang nakaupo ako sa isang bench at matamang nakahalukipkip, patuloy na hinihintay si Haeliy na sinusundo ni Heather sa bahay nila para makapunta rito.

"Kara,"

I blinked multiple times before tilting my head to her side. I can see Heather from afar na nakaupo din sa isang bench at abala sa cellphone n'ya.

"Hey," I smiled. "Nasa university ako kanina. Sana tinawagan o tinext mo nalang ako."

"Oh, no. I dropped Heather at Dooey's house earlier and I thought to see you pero wala ka naman. Hihintayin sana kita but Jackus called." She explained na tinanguan ko lang at sinabihan s'ya na umupo na muna.

That's exactly what my mother told me.

"Have you ever thought of her?" She started.

"Si Qionne?" Tanong ko na ikinatango niya. "Always."

I've seen how a small smile slowly curve to her lips as she looked up into the sky which I also did.

"Jackus called earlier because he's with Qionne. Dapat talaga ay dito na s'ya ulit mags'stay but weeks after he went home, he decided to look for her because we don't really know what's going on to her sudden disappearance." Tahimik na nakinig lamang ako sakan'ya. "After a long time of running away, she went back in Russia month after the party happened."

"Kailan daw s'ya uuwi?" Hopeful na tanong ko.

"Wala na s'yang balak umuwi."

I bite my lower lip as I looked at the other side of the sky.

"All of her life she never wants to be part of our family." She painfully chuckled. "I can still remember how I begged for her not to go in Germany. I want an Ate---I badly want to have her as my Ate."

Her voice broke kaya napatingin ako sa gawi niya pero nakangiting nakapikit lamang ito at malalalim ang bawat paghinga.

"Qionne and I, during our childhood, never got the chance to form a bond. She's aloof. She rather spend all of her time reading books and study all of it than to play. I've grown up looking up to her---secretly waiting for her to atleast give me few minutes to spend with her." Matamang kinagat niya ang pang-ibabang labi. "But Qionne being Qionne, she never did. Upon growing up as a kid, I'm slowly thinking that she doesn't want me but no. That's so stupid to think off. Because as time passes by, I'd saw how she sacrifice her childhood for me and Seand."

I silently gritted my teeth and try removing the invisible lump on my throat.

"I failed a subject in my class and Seand failed one of his major exam to be qualified at the list of the top students. We're both afraid. We fear the fact that our parents would be angry and will definitely let us face their wrath and madness but here's Qionne, she intentionally failed all of her exam and subjects so she will be the one to receive those punishment if ever our parents will find out." A tear fell from the side of her eye kahit na nakapikit pa rin siya.

"And just because of that single mistake, our parents force her to go in Germany to live and raise h-herself alone."

Nagtuloy-tuloy sa pagtulo ang mga luha niya na ikinaiwas ko ng tingin.

"She never talk back kasi sino ba naman ang makakapagsalita pa 'di ba? Our parents were comparing her to Seand and I without knowing that she just did it for us. They pointed her as a disappointment; a disgrace. I badly want to talk and speak but I can't. No one can even Seand. Because if ever we'll do, kami ang pag-iinitan nila so even if we personally saw how they treated her bad, hindi kami nagsalita kahit alam na naming mali."

My jaw clenched kasabay ng pagkuyom ng aking mga kamay dahil sa mga sinasabi n'ya.

That's not an enough reason. . .that will never be one.

She did everything for them and they just let her suffer alone.

"She went to Germany, she accepted it. But once she got to leave Russia, she never look to our family the same way as before. I can feel how she hate our family. She even denied all the allowances our parents tried to give her. At a young age, she raised herself alone. She was alone in Germany. She was meant to live with our grandparents but she didn't. She live on her own. She shut everyone out until Kuya Ael, my brother's best friend, decided to follow her in that county." She cleared her throat. "She tried pushing him away but instead of leaving her, he continue to follow her around."

"She never got to live the life she deserves because everything she do seems like being compared to our brother. She's the one who did a better action but all the recognition and praises will be automatically go for Seand. . .kaya, k-kaya hindi na rin ako magtataka kung bakit kahit kailan ay hindi n'ya nirespeto ang pamilya namin katulad ng pagrespeto n'ya sa Stanley's." She give me a sad smile and bore her eyes into mine. "She find the family she deserve to another clan. We never tried letting her feel at home and accepted but another family did. . .*Kuya Ael did."*

"Why are you saying this to me?" Seryosong tanong ko habang pilit nilalabanan ang pag-init ng aking mga mata.

"Pauwiin mo s'ya." She said with determination. "She needs to be here, Kara. She's meant to be here and not in Russia. . ."

"Haeliy, kasama n'ya ang pamilya mo---"

"If I let them treat her like a piece of shit before then not n-now. . .not again, Kara." Muling tumulo ang isang butil ng luha sakan'yang mga mata.

"All I'm asking is for you to save her. . .because Qionne's the happiest whenever you're around."

I bite my lower lip and get a tight grip to my phone.

"What made you think that she will do it for me?" Mahinang tanong ko dahil ni minsan nga simula nang umalis s'ya ay nawalan na s'ya ng paramdam.

No texts or calls----just foods and letters.

"Because it's you, Kara. It is you that made her stay here before and still the same you that always make her come back everytime she tried escaping. Kahit na anong pag-alis n'ya noon, kapag may nabalitaan s'ya tungkol sa'yo, hindi ba't bumabalik pa rin s'ya dito? She's not going back for her business. . . she's going back because of you."

I averted my gazes away from her and looked at the lockscreen of my phone where a picture of her while watching Pokemon and hugging a pillow is showing. Nakatalikod siya sa camera habang may nakapatong na kumot sa balikat niya.

"She will never ask for help." I mumbled against my breath, almost sounding like a whisper.

"Hmm, she will never ask somebody to rescue her the same idea of not asking you to wait for her because even her doesn't know if she will hold the grudge of coming back." Dinig kong asik n'ya at bago pa man ako makapagsalita ay may inilapag na s'yang isang box sa aking hita.

"It's a gift from her. Ipinadala n'ya 'yan sa secretary n'ya na kakauwi lang from Russia." Nakangiting untag n'ya pero nagtatakang sinuri ko lamang ang box.

"Para saan?"

"Maybe an advance birthday gift for you?" She asked with a soft smile that made my head tilt to the other side. "Take it, Kara. She'll be happy to see you wearing that."

"Hindi nga natin sure kung uuwi pa 'yon." I tried cracking a joke but she just smile wider.

"One call from you would do. . .I am sure that it will work for the both of you." Huling sambit nito bago s'ya nagpaalam na mauuna na to give me some time to think.

I checked the box as my jaw almost drop after realizing what's inside.

It is a Graff threads diamond drop earrings in white gold which I know is too expensive.

Punyawa.

Aanhin ko 'to?!

I hid it back to the box and finally collected all my courage to visit her contact in my phone.

Tatawagan ko ba? Eh anong oras na ngayon sa Russia.

Malalim na huminga ako at nakapikit na tinawagan ito.

[Kayleigh,]

My heart beats faster than the usual with just a single call of my name from her.

Exhaustion filled her voice at dinig ko pa ang pagtayo niya at pagsasalita sa ibang lenggwahe.

"Where are you?" Tanong ko, tinatantya kung sasabihin ba n'ya o hindi.

I heard her opening a door. *[Russia.]*

A lopsided smile curve to my lips. *"What were you doing?"*

[I have a meeting with the board members.]

I hummed. *"I'll call later after your meeting---"*

[No. It's fine.] Mabilis na pigil niya at mahinang tumikhim. *[Why did you call tho?]*

"Kailan ka uuwi?" Tanong ko imbis na sumagot.

[Why?] Tanong n'ya rin.

Wala sa sariling napairap ako at napatingin sa isang bata na may hawak na Pickachu na plushie.

"I'm having a hard time figuring some of my lessons and the final is about to come."

I heard her chuckles.

[Need some help?]

I smile.

"Yes. Nagugutom na rin ako kaya umuwi kana. Ililibre kita." Alok ko pa dahil ngayon ko lang naisip na hindi ko pa siya nailibre dahil ayaw n'ya namang maglalabas ako ng pera kapag magkasama kami.

[Where will you take me if ever?] She softly ask, trying to mask the hoarse and sleepiness on her voice.

"Secret." I giggle. *"So ano nga? Kailan ka uuwi?"*

I heard the typing sound at the other line, probably her typing something.

"I wanna see you." Dagdag ko pa.

[How much do you wanna see me?]

"The same way how our music needs its lyrics."

I heard her plain humming. *[I'll see you at the other side then.]*

My brows furrowed.

"May meeting ka pa---"

[Oh, no, Kayleigh.] She hissed. *[I can work while on my way.]*

"Huh?"

[I'm going home now.]

~~~

A/N: I'm not really sure about this one.
~~~

Chapter 24

Kara's POV

"Punyeta ka, Victorio!" Malakas na pagmumura ko ng biglang dumagan sa akin si Vito habang natutulog ako.

Bakit ba pumapasok 'to bigla sa kwarto ko?!!

"Wake up, little beauty. Your baby ghost is here." Mababa ang tono ngunit nang-eengganyong saad n'ya na aking ikinabalikwas.

"Ano?" Paninigurado ko at saka nagtungo sa cr para makapaghilamos at makapagtoothbrush na.

I was busy wiping my face when I went out of my personal bathroom and look at Vito na parang batang paslit na nakayakap sa unan ko.

"Si Qionne and'yan sa labas at kausap si Mama. Kanina pa kita ginigising kaso ayaw mong bumangon. Pinaghugas tuloy s'ya ng plato ni mader trash talker---"

"Anong pinaghugas ng plato---" I cut myself off at dali-daling nagtungo sa kusina at nakitang naghuhugas nga ng pinggan si Qionne habang nakaupo si Mama sa lamesa at umiinom ng milktea from Starbucks.

"Ma naman bakit mo pinaghugas 'to?!" May halong dabog na reklamo ko saka hinigit paalis si Val mula sa paghuhugas ng mga pinggan na alam kong pinagkainan ni Victorio at ni Mama dahil iyong plato ni Vito na marvel ay isa sa hinuhugasan n'ya.

"Agang-aga at nagdadabog kana agad, Kayleigh. Umupo ka muna at kumain dito." Masungit na utas n'ya na ikinairap ko. "Wag mo 'kong mairap-irapan, Kayleigh Raesh. Umupo ka rito."

"Go." Val whispered as I take a glance of her. May isang malambot na ngiti ang nakapaskil sakan'yang labi nang ituro n'ya ang maliit naming table. "You have to eat."

"Mamaya na."

"You have a class. Go and eat. I'll take you to the university later." She softly ruffle my hair and push my shoulder lightly kaya walang nagawa na umupo ako sa harap ni Mama.

I sighed and started eating.

"S'ya pala ang boss mo." My mother utter.

"Opo tapos pinaghugas n'yo lang ng plato." I sarcastically heaved a smile. "Ang bait mo po talaga 'no? Pakiss nga."

"Kayleigh," she warned na ikinanguso ko.

"Mauuna na 'ko. Aalis pa kami ni Vito."

"Saan po kayo pupunta?" Inosenteng tanong ko.

Tamad na binalingan n'ya ako ng tingin. "Kay Satanas."

"Mama!" I exclaimed in disbelief.

She let out a cool chuckles and look at Qionne's side na tahimik na nakangiti at nakasandal sa may sink.

"Ikaw na ang bahala sa anak ko." Masungit ngunit nakangiting asik ni Mama na ikinakunot ng aking noo dahil mas lalong lumawak ang ngiti ni Qionne.

Noong una kaming nagkita napakasungit n'ya, ah. Ayaw n'ya ngang ngumiti noon tapos ngayon kay Mama ay halos ilabas n'ya na ang pinakamagandang ngiti n'ya? Tangina, karibal ko ba si Mama?!

"Yes, Ma."

"Ha?!" Exaggerated na asik ko pero hindi na ako pinansin ni Mama at dumiretso na lamang sa aking kwarto para sunduin si Victorio na ginagawa ring kwarto ang kwarto ko.

Feeling ko talaga inaagawan na ako ng mokong na 'yon sa sarili kong pamamahay. Ang ganda ganda ng condo n'ya tapos dito lagi sa bahay nakikisiksik. May times pa na dito s'ya nakikitulog at noong una ay sa sala pa humiga eh ang laki laki n'ya kaya binitbit ko sa kwarto ko.

Doon ko pinatulog sa lapag.

"How's your sleep?" Nakasimangot na pinukulan ko ng tingin si Val na inusog ang isang upuan sa harapan ko at umupo rito.

A sly smile can be seen at her lips but a lot of changes to her features caught my attention.

She's smiling but the tiredness and exhaustion can't be denied. Pumayat din s'ya at masyadong malamlam ang mga mata.

"Kayleigh." Tawag n'ya na mahinang ikinapitlag ko.

I cleared my throat.

"Okay naman." I averted my gazes and freely check her out. "Kumain kana?"

She nodded.

Halatang inaantok s'ya base pa lamang sa pungay ng kan'yang mata. Paano ba namang hindi aantukin 'yan eh anong oras na kami nakatulog dalawa. Magkacall lang kami buong magdamag dahil nab'bored daw s'ya sa eroplano.

"Alis na kami." Biglang pagsulpot ni Mama habang higit higit sa sleeves si Vito. "Susunduin muna namin si Laine, Kayleigh. Magpahinga ka muna rito."

"Opo." Magalang na sagot ko at pasimpleng sinamaan ng tingin si Vito na mapang-asar na nakatingin sa akin at panay ang ngiti habang itinuturo si Val.

"Hoy, Qionne." Tawag nito na ikinataas ng kilay ng huli. "Mag-ingat kayo kung may gagawin kayong dalawa, ha? Baka atakihin sa puso si Mama kapag nabuntis 'yang panganay n'ya---"

"Vito." Saway ko pero seryosong tiningnan n'ya lang si Val na walang emosyon na tinitigan s'ya pabalik.

They've been staring for too long until I face palmed because Vito stick his tongue out at parang batang binelatan si Qionne.

"Ma, oh, nang-aaway!" My eyes widen in awe when Val spoke and pointed Vito.

The other one parted his lips unconsciously at itinuro ang sarili n'ya, tila hindi pa naniniwala na nagsalita pabalik si Val at idinamay pa si Mama.

"Parang bata, Hillaris. Binelatan lang, eh." Himutok ni Vito nang hampasin s'ya sa balikat ni Mama dahil sa isinumbong ni Qionne.

I held my forehead and shook my head.

Parang mga bata.

"Tara na, Victorio." Bossy na untag ni Mama at bago pa man magtalo ulit si Vito at Val ay hinila n'ya na ito palabas ng bahay.

Silence filled the air after they left. Nagpatuloy lamang ako sa pagkain hanggang sa unti-unti akong nakaramdam nang pagkailang dahil nakatitig lamang siya habang nakasandal sa upuan at pinapanood ako.

"You're staring too much."

"Did you loss weight?" Walang connect na tanong niya na ikinatigil ko sa pagsubo.

Wala sa sarili na napatingin ako sa aking katawan pabalik sakan'ya. "Nagw'workout na ako."

"Why?"

"Anong why? Syempre required daw." Matamang tinusok ko ang garlic bread saka itinapat sa bibig niya. She immediately eat it while arching her brow, silently asking for further explanation because base on her facial expressions, she's not contented to what I've said. "Nagstart na kami sa BYT 'di ba? Nagt'training na rin kami tsaka diet para ma-maintain daw ang health at katawan namin."

"But you're not getting fat even before." Mahinang saad n'ya at matamang ikinunot ang noo.

"Required daw, eh." I shrugged.

Totoo naman na hindi talaga ako tumataba. Kahit na anong lakas kong kumain ay hindi ako tumataba ng sobra kaya bihira ako magwork-out noon.

Siguro mga once a month lang tapos pahinga ng two months.

Lately lang naman nauso 'yon sa'kin pati na rin sa pagkain ko. Dati kinakain ko lahat ng gusto kong kainin pero ngayon ay hindi. Kailangan kong sumunod sa diet plan ko.

"I didn't agree with this."

"Huh?" My eyebrows met in unison after hearing her murmurs na hindi ko masyadong narinig kaya

itinanong ko pero umiling lamang siya.

She bit her lower lip. "Are you okay with it?"

"Saan?"

"To that kind of set-up. Are you okay with that? You should eat what you want to eat and not what they want you to eat." She rolled her eyes in awe na tila hindi nagugustuhan ang takbo ng aming usapan.

"Oo okay lang naman sa'kin. Part naman 'yon ng trabaho eh tsaka sadya namang ginagawa 'yon ng mga models, ah." I reasoned out na ikinahinga niya ng malalim.

"Tell me if you're not comfortable about it." She utter almost sounding defeated.

Tahimik na nagkibit-balikat lamang ako at uminom ng tubig habang pilit na nilalabanan ang mga tingin n'ya.

"Pumayat ka rin. Kumakain ka pa ba?" Hindi ko napigilang puna dahil pansin na pansin ang pag-iiba ng katawan n'ya.

Knowing her? Gracious, hindi 'yan kumakain sa tamang oras. Kung kailan lang n'ya matripan ay saka lang s'ya kakain. Kaya nga noong magkasama kami sa Italy ay halos subuan at sungalngalin ko na 'yan dahil sobrang tigas ng ulo.

Mas matanda s'ya pero ako ang nagmumukhang nanay.

"I don't have time to eat."

My eyebrows arch. "May oras ka nga para manood ng Pickachu tapos wala kang oras para kumain? Are you gagoing me?"

Seryosong tiningnan ko s'ya pero habang patagal nang patagal ay unti-unting kumukurba ang kan'yang labi na pilit niyang pinipigilan. She's suppressing her smiles that made her look more adorable.

Ang simple lang ng suot n'ya pero ang galing talaga magdala ng damit ng babaeng 'to. A simple off-white tee and a pants is already enough for her to nail it all. Parang ang mahal mahal kapag s'ya ang may suot.

But truth be told, she never wear anything na hindi ata branded. Simula nang makilala ko s'ya ay wala akong nakitang hindi designer brand na kan'yang isinuot. Kahit sa mga accessories n'ya ay talagang mas mahal pa ata sa buhay ko.

Ang ballpen nga nito ay mas mahal pa sa three months allowance ko.

Montblanc.

"I have a lot of works to do in Russia so I can go home to you before you even know it. I just didn't expect that it'll take me long enough, two months to be exact..." She bit her lower lip and averted her gazes. "I got hopeless while waiting for your call at the first month and I didn't expect that you would do it yesterday. . .I never expect that you will call me personally and ask me to go home."

Mas lalong dumiin ang pagkakakakagat niya sa pang-ibabang labi hanggang sa ang napagtuunan niya

ng pansin ay ang mga kamay niya na nakapatong na ngayon sa mesa.

She played with her fingers gently and continue to intentionally avoid my eyes.

"You're waiting for my call during the first month?" Maang ko na mahina niyang ikinatango.

"I'm not really planning to go at Russia. I just did it because I'm bored."

"Pokemon mo bored." Pag-irap ko sakan'ya saka ibinaba ang mga kubyertos. Seryosong tinitigan ko siya na hindi pa rin makatingin ng diretso sa aking mga mata. "Bakit mo hinihintay ang tawag ko?"

"I missed your voice."

My lips lightly parted but I managed to hide what her statements etfects on me.

I cleared my throat.

"Bakit hindi mo 'ko tinawagan?" Tanong ko pa.

"My ego stopped me."

"Eh?"

"And my pride, too." She throw her head up and look at the ceiling, acting like thinking of something serious. "I'm not used in doing the first move so I just wait for you to call me because I can't."

"Amputa." Tanging nasambit ko at hindi s'ya makapaniwalang tinitigan.

Hinga, Kara.

'Wag kang magagalit. Kakabalik lang n'yan kaya 'wag mong sisigawan. Baka maging multo na naman.

Malalim na nagpakawala ako ng hininga.

"Pinatagal mo ng dalawang buwan ang hindi mo pagbalik tapos ngayon idadahilan mo na hinihintay mo lang akong tawagan ka?! Pucha, hinihintay kitang bumalik at itext ako, ah! Ano 'yon? Naghihintayan lang tayong dalawa?"

I almost catches my breath when I almost scream those words na sandali n'ya pang ikinapitlag kaya napatingin siya sa akin.

She looked at me in disbelief.

"Did you just scream at me?" She asked, still processing what I did.

"Oo, bakit? May reklamo ka ba?" Barumbadong tanong ko pero umiling lamang siya at minasahe ang kan'yang sintido.

"I'm afraid that you won't answer my calls." She utter out of the blue in a low tone.

I sighed. "Val," malamyos na tawag ko na ikinatingin niya sa akin. Isang ngiti ang ibinigay ko sakan'ya bago inabot ang kan'yang kamay sa ibabaw ng lamesa. "Hindi pa rin ba malinaw? Can't you still see na

kahit ilang beses kong pilitin na hindi sagutin ang tawag mo hindi ko pa rin magawa? I'm still ending up talking to you over the phone. . . I'm still waiting for you to come home."

My smile turn into a sad one. "Kahit na ighost mo 'ko ng paulit-ulit tinatanggap pa rin naman kita kapag bumabalik ka. I'm not demanding for an explanation why you did that, did those, or even why did you went to the other side of the world because your presence is enough. I understand how busy you are and I also understand na doon ka sanay."

"I can stay..." She whispered while looking at my eyes.

"I'm not asking you to stay in a particular spot." Matamis na nginitian ko s'ya at dinama ang init na nagmumula sakan'yang palad. "What I am asking you is for you to stay where you think you belong. Kung hindi mo kayang manatili dito then explore the world. Piliin mo kung saan ka mapapanatag---kung saan mo kayang manatili dahil gusto mo at hindi dahil may gustong magpauwi sa'yo."

"Kayleigh," her voice almost sound like a whisper when she bore her eyes on mine with a hint of despair. "What's with the words? Don't you want me here? With you?"

Mabilis na umiling ako sakan'ya at huminga ng malalim.

"Hindi sa gano'n." Tanggi ko. "I just want you to be happy."

"That's why I'm here." She give me a look. "I can't stay in one country for too long because of my businesses but I can stay with you. . ." she lick her lower lip and heaved a warming smile. "I can stay for you."

"Bakit? Ano ba tayo?"

Buhat sa aking tanong ay napakurap-kurap s'ya at bahagyang kumislap sa kakaibang kulay ang kan'yang mga mata.

She was directly looking at me, more like checking if I was sure and serious or not.

I bit my lower lip.

Ayoko ng ganito.

I'm selfish. I wanna be so selfish because I know that this one is unsure. There's just a least possibility that I will win even if this is not a game.

Ayoko.

Hindi ko kayang makitang masira ang sarili ko ng dahil lang sa isang tao. Ayokong bumuo ng taong wawasakin lang ako sa dulo.

Because as what I've said, I'm selfish.

I know that what I have for her is more than what I could ever imagine. This isn't just a simple love. It's growing every single time and it fears me because I still don't know why I love her.

There's a lot of reasons that can be valid to consider why I love her but no. I can't. I don't even know I fell in love with her because until now that I already admit it to myself, I still don't have any idea why.

The concept of love is mindblowing.

"What---uh, what," she's stuttering and can't even form a single word na sikreto kong ikinangiti dahil halata ang frustration sakan'yang mga mata.

"Ano Qionne? Ano ba tayo?" Pag-uulit ko na ikinabitiw niya sa aking kamay.

I smiled with a hint of pain painted in my own lips. I can't imagine how I carve it to mask what I feel in front of the woman I love.

Her shoulders moves upside-down and seems to think every word she will say if ever.

"W-we," she stopped and heaved a deep breath. "What really are we?" Tanong n'ya rin.

I chuckled. "Diba? Hindi mo nga alam kung ano tayo tapos sasabihin mags'stay ka para sa'kin." Mahinang umiling-iling ako. "You value labels right?"

Tumango siya.

I can still remember how she told me why labels are important which I opposed during that time dahil nga kuntento ako dati sa bare minimum. Maybe one of the reason is I don't see myself with them. Hindi ko naman sila minahal kaya hinayaan ko lang sila pero pagdating kay Val, tangina, magp'premium ako.

"You don't deserve to have the bare minimum." Mahinang asik n'ya. "I can't give that to you."

"Wala akong sinabing ibigay mo sa'kin."

"I know." She lowly fizzled.

"Attitude ka, ha." Reklamo ko pero tahimik na itinaas n'ya lamang ang kan'yang mga mata at inilibot sa aming bahay hanggang sa dumako itong muli sa akin.

"What do you think are we?"

"Magulo." Walang alinlangan na sagot ko. "Ang gulo nating dalawa. Ni hindi nga natin alam kung ano ba tayo dahil the last time I checked, you're my boss and I am one of your employee." I crack a smile. "And then now we're here, questioning what are we in each other life---"

"I'm not questioning what are you to my life because I know what you are to me." She tilt her head to the side. "I never questioned your existence, Kayleigh. Not even your worth."

I stand up and lean on the table. Ibinaba ko ang dalawa kong kamay sa mesa ay itinuon doon saka bahagyang humilig para maglapit ng kaunti ang aming mga mukha.

"What am I to you then?" Subok ko.

She grinned. "What are we first?"

"You didn't answer my question."

"And you didn't answer mine either."

I almost run my fingers through my face when she continue to push me to answer the question I started.

"Tell me, Kara," she stand up as well, did the same position as mine, making our faces an inch away. "What really are we?"

"V-val," I stuttered when she gently tilted her head and trace my face until her fingers reach my chin and push it upwards, making our nose touches.

"Or maybe what do you want us to be?"

I gulped when she flash a charming smile---a smile that I've never seen before from her.

It's different.

Too much beautiful yet dangerous.

It's alluringly manipulative.

"Si Ael," I said against my lips that made her stop but unlike before, she seems unbothered. "What if he comes back?"

"Aren't you getting tired bringing him up everytime we're having a moment? Ako na ang nauumay sa pangalan n'ya na pilit n'yong isinisiksik."

Matamang lumayo siya sa akin na ganoon pa rin ang ekspresyon pero alam kong mas seryoso na s'ya ngayon dahil nag-tagalog na siya.

"He's your ex."

"Yeah, ex." She rolled her eyes and folded her arms. "And he will stay as my ex. Can't you all see that if I really want him back to my life I won't be here chasing and asking what am I to you? Goodness. It's been years. I already moved on. Why can't you all do the same?"

She clenched her jaw tightly hanggang sa nakita ko ang pilit na pagpapakalma n'ya sakan'yang sarili.

"Can you please listen to me? 'Wag mo naman silang pakinggan, oh." She whispered, almost sounds like a plead. "They've been saying that he was the best? And yes, he was. But it doesn't mean that it is an enough reason for me to stay where he left me." She smile emptily.

"They were never been there. They never see how I suffered. . .they just witnessed my worse without seeing me at my best." She looked at me in awe and heaved a heavy smile na ikinalamlam ng aking mga mata.

"Vito was there, too, so I can't blame him for telling you how dangerous I am." She added. "He was there when I destroyed multiple companies in a snap because he was one of the victims. I brought havoc causing for every artist to fell down in the industry. I brought chaos. . .thinking that I could bring him back."

"Val---" she lifted her forefinger to stop me from talking.

"But with all of those mess I've done, I never noticed how wicked I was. A lot of business fall down. A lot of people lost their dreams. . .a lot of damages has been made." Her eyes reflect her tears that's

threatening to fall.

"I made chaos but it doesn't mean that I wanted it because I never did. I never wanted to be a manipulator trying to control everything under my hands just to get what I want because of desperation." A tear fell down from her eyes.

"I just want to be happy. I just want to have what I think I deserve during that time and I don't know if I was just asking for too much or I can't really make people stay because no one did." Nagtuloy-tuloy ang pagtulo ng mga luha sa mga mata n'ya ngunit isang mapait na ngiti ang namuo sakan'yang labi.

"I-i almost lost my mind."

"Qionne,"

"I almost lost my mind after losing everything I worked hard." Her lips tremble. "Noticing how I destroyed everybody's life got me awaken but my sanity has been slowly taken away from me. . ."

I've seen how her hands shake due to anticipation when she brought it to her face and push it against her lips to suppress her sobs.

"I lost my man. My parents almost disowned me. My siblings weren't around as well as my friends. Our family business almost fell down because of me reason for them to throw me out of the company. . .and in just a single mistake, isa lang, Kara," madiing kinagat niya ang pang-ibabang labi at kasabay ng pagngiti n'ya ay ang pagbuhos ng kan'yang mga luha. "Isang pagkakamali na hindi ko rin naman sinasadya at ginusto ang nagawa ko pero iniwan nila akong lahat. They treated me like a piece of trash that will never be a reason to stay. I was just asking for them to hold me. Kahit sandali lang. Kahit isang beses lang kasi hindi ko na kaya pero imbis na manatili sila ay ipinagtulakan nila akong lahat saying that I need a proper medication. Na baka n-nababaliw lang ako."

My tears fall down as well at hindi ko magawang makagalaw dahil nakatungo lamang ako at pinapakinggan ang sinasabi n'ya.

"They forced me to undergo several tests thinking that I was losing my mind. They put me in a rehab without thinking that those medicines were making my situation worse. I don't need any. What I need that time is a family."

I can feel how my knees weakened while hearing how painful her voice is. Tanging mahihinang hikbi n'ya lang din ang naririnig ko at hindi ko magawang tingnan s'ya dahil alam kong ano mang oras ay bibigay ako.

I never knew that this is the reason I was asking before. Na kung bakit nagkaganito s'ya. Why she seems so distant to everyone and shutting everybody that's trying to be with her.

Pero hindi ko naman inaasahan na ganito kalala ang pinagdaanan n'ya ng mawala si Ael.

"So tell me, Kara," I slowly look at her as she give me a soft smile. "What did they say to you? What version did they make to show how monstrous and evil I am? Anong sinabi nila sa'yo kasi ako ang magpapatunay sa'yo na n-nagbago ako. I changed for myself without noticing that I was changing again since I met you because I wanna prove that I will somehow deserve someone like you with a vibrant glow."

"You don't have to change." I finally find the urge to speak and move my muscles to reach her.

When I finally get to stand right in front of her, I instantly cupped her cheeks as she closed her eyes and lean her forehead against mine.

"You don't have to change to deserve me."

"I should because if I won't, I will never had the chance to hold you. I-i just want to show you that I can deserve you, too. Wala naman akong pakialam sakanila but seeing how their statements affects you, then I will. I am ready to prove them that I changed, including to my sister, just to be with you." Her breath hitches.

"Hindi ko naman na s'ya mahal, eh." Dagdag pa n'ya habang abala ako sa pagpupunas ng kaniyang mga luha. "I loved him in the past. He was now living in my past and I am living with my present since I knew how wonderful it is to be live with you."

"Val,"

"T-trust me, I might loved him too much but I won't love him again the same way as before. If there's any feelings I had for him right now is that it is only a longing for my best friend----for the man that looked after me in times that I can't even stand on my own."

I smile and hushed her down as I continue to wipe her tears until my left hand went down to her back and caress it gently.

She's having a break down.

I sighed and calm her down first, trying to hide my panick because I don't really know how to comfort someone. Hinayaan ko lang s'ya na tumungo sa aking balikat nang tumigil s'ya sa pag-iyak habang nakahawak ako sa bewang niya.

"You want to sleep?" I asked, trying to ask more about our topic earlier.

"Mm. I'll go home---"

"No." I cut her off and hold her hand to guide her at my room. Nang mabuksan ko ang pintuan ay iginiya ko na siya sa kama at sala siya hinarap. "You can sleep here. Baka mapaano ka pa sa daan. Namumula pa ang mga mata mo, oh."

She sighed and shook her head. "I'm fine."

"Yeah but you still have to sleep here. Hindi ka aalis."

"Kara," she scratch her jaw and look at me timidly. She looks so shy right now. "I need to go home."

"Where's your home?" Seryosong tanong ko pero umiwas lamang s'ya ng tingin at umupo sa kama.

"I'll sleep na."

I chuckled and shook my head in disbelief dahil mabilis na humiga siya sa kama after tanggalin ang tsinelas na suot n'ya. Iyong kay Lai pa ang suot n'ya dahil medyo maliit ang size ng paa ko compare sakan'ya kaya malay ko kung nasaan ang suot nito bago pumunta rito.

Nang makita kong maayos naman s'yang natutulog ay lumabas muna ako para hugasan ang aking

pinagkainan. I also took a quick bath after at sandaling pinatuyo ang buhok ko bago tumabi sakan'ya.

She immediately wrap her arms around me when I went to the bed and lay down next to her. Nakaharap ito ng higa sa akin kaya kitang-kita ko ang maamo n'yang mukha.

Maamo naman talaga ang mukha n'ya pero natatakluban ng sobrang pagkaseryoso at professional. Pero kung titititigan siya na kalmado at nakangiti ay siguradong madadala ka.

Maganda ngumiti si Eli which I know is her asset pero kasi kay Qionne kahit hindi s'ya ngumiti ang lakas na ng sex appeal n'ya. Maybe because it added the vibe of being mysterious and the silent one but when she let out a genuine smile, her eyes sparkles like the nature shines and her lips will curve into a gentle one.

I lift my hand and trace her face with my fingers hanggang sa napapunta ang mga ito sakan'yang buhok. I ran my fingers through her hair that made her gasp but eventually went back to sleep. Mas lalo pa siyang nagsumiksik kaya tumagilid na rin ako ng higa at tahimik na niyakap nalang din s'ya.

She went through a lot but I have a feeling that what she had said earlier is already done. But nevertheless, I don't have any plan to bring it up once she wakes up. Hahayaan ko nalang s'yang mag-open up kung kailan ulit n'ya kakayanin.

I don't know how long I've been staring at my ceiling hanggang sa gumalaw siya.

"What time is it?" She hoarsely mumbled.

Tahimik na tiningnan ko ang isang wall clock, "11:35 na. Anong gusto mong lunch?"

"Anything."

"Isaw?"

"Anything." My eyebrows jerk up sa naging sagot n'ya saka siya nagtatakang tiningnan dahil hindi naman siya kumakain ng ganoon.

"Sure ka? Gusto mo ng isaw?" Paninigurado ko pero tumihaya lang siya ng higa at bahagyang pumikit.

"You asked and I just answered. It's up to you."

"Diet ako ngayon---"

"No. Eat anything you want." Putol n'ya saka maliit na binuksan ang kan'yang mata.

I shake my head in disbelief saka siya dinamba ng yakap kaya awtomatikong pinalibot niya ang kan'yang mga braso sa aking katawan.

"Bawal nga 'di ba? Bukas pa ang cheat day ko."

"Mm? You're free to eat whatever you want whenever you're with me."

"Bawal nga---"

"I'm asking you to do it as one of the board and not being your Val." Putol na naman n'ya na tuluyan

kong ikinatingin. Nakapikit pa rin ito at tila walang pakialam sa paligid n'ya. "They didn't even inform me that you have to do the same thing as others when I clearly opposed to the idea of giving you a diet."

"Anong sinasabi mong isa ka sa board?" Magkasalubong ang kilay na tinapik ko ang pisnge niya para magmulat s'ya ng mga mata pero tamad na tinitigan n'ya lamang ako.

"I'm a board member."

"Bakit hindi ko alam? Wala ka nga sa meeting noong kinausap nila kami."

"Because I was in Russia, busy fixing the mess I left before. . .but it's already done. I am not going to go back to that country." Pasimpleng bumuntong hininga siya at kinagat ang pang-ibabang labi.

"Wag kang magsalita ng tapos. That's your birthplace." I heaved a small smile but she just snort.

"I was born in Washington." She snickered. "It took a month before they brought me to Russia."

"Edi do'n kana ipinanganak. Baby ka palang napakagala mo na."

She chuckled and shook her head. Bahagyang tumaas pa ang gilid ng labi niya nang tingnan n'ya ako at pinakatitigan.

"You didn't answer my question." Asik n'ya na ikinasalubong ng mga kilay ko.

"Anong tanong?"

She bit her lower lip. "What are we?"

Buhat sa kan'yang tanong ay natahimik na naman ako. I don't really know what to answer. Pwede ko ngang sabihin ngayon na gusto ko s'ya pero hindi ko magawa dahil hindi ko alam kung handa na ba ako.

I'm not ready to the pain the love I had will cause because I can't handle that.

Mariing ipinikit ko ang aking mga mata.

Ano ba talaga?

"You're afraid?" I heard her ask na ikinatango ko. "To me?"

"No. Hindi sa'yo, Qionne." Mabilis na tanggi ko. "Takot akong masaktan ng sobra."

I tried living my life with a great barrier surrounding me so no one will be able to destroy it. I love myself too much at ayokong masira 'yon dahil nagmahal lang din ako ng iba.

"I-i," she bit her lower lip. "I won't promise that you won't get hurt because it's part of it. What I can only promise is before the pain could ever touch you, I will be the one to have it first."

I tilted my head and eyed her confusedly.

"Bakit? Ano ba tayo sa'yo?"

"I want us...." She mumbled.

My brows furrowed at what she'd said because I wasn't expecting that even though she's giving me a lot of clue since earlier. Hindi ko lang kasi inaasahan na ayon agad ang sasabihin n'ya.

"But I'm afraid, too." I saw how she swallowed hard but managed to give me a smile. "At my age, I need to settle down. I need to start thinking of what my life will become since I am already in my thirties. . .and then you came. You're still young, Kara. You have a bright future ahead of you and I fear the fact that I will someday have to let you go because I'll be a hindered to your dreams that you worked hard to achieve."

"You'll never be a hinder to my dreams. You are even the reason why I already have some of it." Umupo na ako ng maayos sa kama at hinarap siya.

"But I need to settle down---"

"Settle down with me."

"You're still young, Kayleigh." She shook her head. "You should've living your dreams and not entrapping yourself to someone like me."

"Why? Is having you not a dream? That is you. You're Qionne Hillaris. Don't look down to yourself as if you are not worth staying with." Mahinang pagrereklamo ko saka siya matalim na inirapan. "I'll settle down with you, remember that."

"Achieve your dreams for yourself and for your family first."

I smile amusingly and tilt my head to the side because I can see how she value my dreams more than what she feels towards me.

Sandaling natahimik kaming dalawa, tila may kan'ya kan'yang iniisip hanggang sa kumunot ang aking noo.

"Ano na tayo ngayon?" Naguguluhang tanong ko.

"Love is suicide." She whispered. "It might kill us both."

I chuckled.

"You can be the rope that can hang me on." I finally got the chance to speak again and take a lean forward to hug her warm body. "You can be the end if it means you'll be my beginning."

I reach for her cheeks and cupped it.

"You're the only one I am ready to begin with." Ngiti ko na ikinataas ng labi niya.

"I thought you're afraid?" Tanong n'ya na ikinatawa ko.

"I still am."

"Then let's take it slow." She gently wrapped her arms around me and hug my waist kaya halos humiga na ako sa ibabaw niya. "I already asked your mother earlier."

Kumunot ang aking noo kasabay ng pagsasalubong ng aking mga kilay.

"Tungkol saan?"

"I told her that there's a possibility that I will court you if you'll let me."

"Ha? Kailangan pa ba no'n?" Parang tangang asik ko na ikinairap niya at pinitik pa ang aking noo.

"Of course, it is. It'll help the two of us."

"Hindi pwedeng tayo na agad?"

"Kara." Seryosong tawag n'ya na ikinahagikhik ko dahil napipikon na agad siya.

"Sige manligaw ka. Saka na kita sasagutin kapag nagtanong ka kung pwede mo na akong pakasalan." I stated that made her grimace.

"I don't care how long it will takes." She snort. "Just be sure with me."

"Bakit ako lang? Ikaw ang hindi sigurado dito---"

"I'm sure with this. You shut up." Masungit na asik n'ya na ikinasimangot ko lang.

"Napakasungit mo. Hindi kita sasagutin. Ikaw lang ang manliligaw na attitude sa nililigawan n'ya, ah." Reklamo ko sakan'ya saka nagtangkang alisin ang yakap n'ya pero mas hinigpitan lamang n'ya ito.

Inaantok na pumikit lamang siya ulit habang yakap yakap pa rin ako kaya tinitigan ko na lamang siya.

"Why don't you start preparing for your class instead of staring at me? C'mon, get dress and I'll let you stare at me as long as you want afterwards." Nakapikit na untag n'ya at bago pa man s'ya makaalma ay malakas na sinapak ko na ang kan'yang tagiliran.

"Kapal ng mukha nito." I hissed but she just let out a cool chuckle.

Nang tanggalin n'ya ang kan'yang yakap ay tumayo na ako at umalis sa kama para magpalit dahil nakakahiya naman sa gagang 'yon.

Bahagyang iminulat n'ya ang kan'yang mata at mapang-asar na tinitigan ako pero matamang nginisian ko s'ya.

"Manonood ka ba?"

"Nang?"

"Liveshow? Magbibihis ako, oh."

She hissed and rolled her eyes bago tumayo at nauna pang pumasok sa banyo ko. Akala ko talaga manonood s'ya pero bago pa man ako makaalma ay lumabas na rin ito at mukhang naghilamos lang.

I checked her out dahil pangiti-ngiti siya.

"Anong ginawa mo?" Nanunuring tanong ko pero ngumisi lamang s'ya at akmang lalabas na ng kwarto

nang hawakan ko siya sa braso at hinigit papasok sa cr.

I checked every little thing I had hanggang sa dumako ang aking mata sa toothbrush ko na basa.

What the fvck?!

"Hoy balasubas ka inilublob mo ba 'to sa bowl?!!" Malakas na sigaw ko pero tumawa lamang s'ya at umiling.

"No." She slowly went out of my bathroom with a wide grin. "I actually used that."

"Ha----Qionne Valentine!!!" I loudly screamed when she quickly went out of my room through running.

Tangina, ang yaman yaman n'ya tapos gumagamit ng toothbrush ng iba.

Pero okay lang.

Ipapaframe ko nga 'to pagkatapos kong gamitin ngayon, eh.

~~~

A/N: I can't say everything here so it's just a quick preview for Qionne's past. Ang pangit naman kung sasabihin ko dito ngayon lahat tapos wala na akong ilalagay sa POV n'ya. Thank y'all<3!!!

Chapter 25

Kara's POV

Bangag na tinitingnan ko iyong tatlong itlog na nakaupo sa lapag at may mga hawak na baraha.

"Sapawan mo, tanginaka!" Malutong na ani Heather saka binatukan si Vito.

"Ang puta sunog tayo. Wala tayong kahit isang buo, oh." Pagrereklamo ng huli saka sinamaan ng tingin si Qionne at Scoby na kalaban niya. "Pinagkakaisahan n'yo naman ako, eh!"

"Bobo ka lang talaga maglaro." Gazel laughed at her own statement saka umupo sa kabilang gilid ni Vito at tiningnan ang baraha nito. "Ang pangit naman nito."

"Qionne, your turn." Jackus utter beside me dahil nasa likod kami parehas ni Val at pinapanood sila.

She dropped an eight of spades na ikinamura ni Vito dahil ayon daw ang kailangan n'ya pero nakangising ibinaba lamang ni Scoby ang kan'yang mga baraha.

"Fight." She announced.

"Tangina, sunog na naman si Vito!"

"Tumahimik ka Heather. Ikaw ang nagsabing itapon ko 'yung King!" Sigaw naman noong isa pero tahimik na tumango lamang si Qionne sa best friend ko.

"Fight." She also uttered.

Scoby revealed her cards na ikinailing ni Jianne sa dulo.

"Alas." My best friend stated.

Sandaling lumingon sa akin si Qionne bago nito tingnan si Jia na nakahalukipkip at tahimik na umiinom ng iced coffee.

"Same."

Napailing na lamang ako ng napakamot nalang sa gilid ng noo n'ya si Scoby at mahinang tumawa.

"Nice."

Malawak ang ngiti na iniabot ni Eli ang sixty pesos kay Qionne na iniabot naman n'ya sa akin.

Kaya lang naman sumali 'yan sa tong-its na trip nina Vito at Scoby ay dahil nagandahan ako doon sa twenty pesos na inilapag ni Vito. Hindi naman ako marunong maglaro kaya s'ya ang gumawa.

Partida ang gagamitin pa sana n'yang pamusta kanina ay ang black card n'ya kasi wala s'yang cash na bente pesos. Nakipagtalo pa 'yan kay Vito kasi ayaw s'yang pasalihin kaya ang ending ay nagpa-withdraw s'ya ng cash at pinapalitan ng puro barya.

Problema nga naman ng mga mayayaman.

"Asan na si Dooey?" I heard Migo asked habang naka-backhug sa jowa n'ya na patuloy sa pagbabalasa ng mga baraha.

If there's something na kinakaadikan ni Scoby ay iyon ang card games. Hindi namin 'yan matalo sa ganito kaya ang kinakalaban n'ya ay iyong mga tambay na sugalero sa kanto nila.

Nabaranggay nga 'yan at si Migo dahil napaaway sa mga nagsusugal. Dinuga raw si Scoby kaya sinapak ni Migo 'yung nakaaway n'ya.

"Parating na raw si Doo. Nastuck lang sa haba ng mga babae na naghahabol sakan'ya."

I chuckled and didn't think twice to believe what Heather answered. Posible naman kasi talaga 'yon. Knowing that girl na napakahilig maging multo lalo na kapag nawalan s'ya ng interest.

S'ya ang may pinakamaraming naghahabol na babae kasi ang sa'kin ay puro sadboi. Buti nga lately ay hindi na sila basta basta sumusulpot dahil na-issue sa university na may jowa na raw ako na palaging sumusundo which is si Vito na hindi naman totoo.

Hinayaan ko nalang din noon kasi natahimik ang buhay ko tsaka hindi naman nila nakikilala si Victorio kaya sa tingin ko ay mas maayos na rin 'to.

"Do you know how to play pokers, Seyntin?" Gazel asked with a mischievous grin plastered on her lips.

Nakasandal ito sa balikat ni Vito at nakatingin kay Scoby na yakap naman ni Migo.

"Yes." Sagot ni Scob.

"Oh, really?" Excited na pumalakpak si Gazel na parang tanga at itinuro si Jianne na nanahimik sa gilid. "Jia! You're looking for someone to accompany you sa mga pinupuntahan mong sugalan 'di ba? Si Scoby nalang ang isama mo. Maaga akong mamamatay dahil sa'yo kapag nagsasama pa ako."

Jianne pointed herself and cluelessly stared at us. Tila wala s'ya sa kan'yang sarili dahil mukhang wala man lang s'yang ideya kung ano ang sinasabi ng pinsan n'ya.

Jackus repeated what Gazel said earlier at doon pa lamang umiling si Jia. "No. I'm fine with myself."

"Saan ba?"

"Nevada." Haeliy answered for Jianne which I know is her best friend.

"Pass. Walang kasama si Vito at ang kapatid ko dito." Tanggi ni Scoby saka mabining ngumiti.

I was just staring at her and I didn't notice that Qionne sat beside me kung hindi ito naglapag ng isang throw pillow sa aking kandungan.

"Your dress, missy." Puna n'ya kaya ibinaba ko ang tumaas kong dress dahil kakatapos lang ng pictorial ko for today.

Hinihintay lang namin si Dooey para ituloy na uli dahil s'ya lang naman ang kulang ngayon. Tapos na rin ang solo shots ng iba pero hindi na kami nagpalit dahil baka magusot. Dali-dali din kasing nagsialisan sa set sina Heather nang malaman na andito si Eli at Vito kaya hindi na namin nagawang magpalit man lang.

"You hungry?" Val asked while fixing some strand of my hair pero umiling lamang ako at sumandal sa balikat n'ya.

"Inaantok ako."

She hummed and brush my arm dahil nakaakbay siya sa akin. "You can sleep at my office. You already have your own things there."

"Mamaya nalang. Parating na rin naman si Dooey, eh. Tapos na ang class no'n." Tanggi ko dahil baka hindi na naman kami makalabas kapag natulog ako sa personal room na sinasabi n'ya.

Since BYT is a high and a private company, walang ibang nakakalabas na news tungkol sa mga nangyayari dito. Kahit na magharutan kaming lahat ay okay lang dahil siguradong walang issue na mabubuo. May isang room din for all of us na ipinasadya ni Eli para dito nalang daw kami tuwing pagkatapos ng mga pictorial.

As if I know palusot n'ya lang 'yon. Gusto lang n'yang masolo si Heather na walang ibang nakakakita kung hindi kami lang dahil sa aming lahat ay sila talaga ang pinakamaharot.

Pero minsan ay hindi na kami tumutuloy ni Qionne dito lalo na kapag parehas kaming pagod. Sa office n'ya kami rito madalas magstay dahil may room s'ya do'n na tinutulugan naming dalawa.

It's been a week since we settled everything. Nanliligaw 'yan pero hindi lang halata kasi ang attitude pa rin n'ya pero hindi na katulad dati. She's softer now lalo na kapag kaming dalawa nalang.

"Ay Jia totoo ba?" Heather broke the enveloping silence inside the room.

Tahimik lang naman kasi kami ni Qionne pati na rin si Migo at Scoby na nasa lapag at sinusukat ang mga kamay nila. Si Heather at Eli naman ay nakaupo sa mga bean bags at naglalampungan tapos si Vito at Gazel ay nakasandal sa pader at binibilang kung ilang flower ang nasa vase.

Si Jia at Jackus lang ang medyo malayo sa amin dahil nasa dulo silang dalawa at tila seryosong nag-uusap.

"Which?" Jia asked in a flat voice.

"If you know, you know." Heather chuckled but immediately cleared her throat when Haeliy smack her head. "Yung ano, diba may project dapat kayo ni Vito ngayon sa Pakistan? Bakit na-adjust?"

Buhat sa tanong ni Heather ay napatingin ako kay Vito na kinindatan ako pero agad na napasimangot ng may tumama na agad na unan sakan'ya.

"Hoy inaano kita?! Nambabato ka na naman, ah. Isusumbong kita kay Mama!" Pagrereklamo ni Victorio pero inirapan lang s'ya ni Qionne at masungit na humalukipkip.

I smiled and snuggle close to her because I really love the warmth of her body.

She's so huggable.

"We've decided to adjust it until Kara's birthday." Jia answered and quickly glance at me. "It's just a matter of days so I don't have any reason to say no."

"Kahit Jia?" Vito chuckled. "Ilang milyon nga ulit ang inoffer sa'yo para pumayag ka?"

"56." Jianne wiggle her eyebrows. "56 million."

I cluelessly stared at them nang magngitian sila pero tahimik lang ang aking katabi at nakapikit ang mga mata. Kakatapos lang kasi ng mga meeting n'ya ngayong araw kaya pagod na pagod 'yan.

Sabi ko nga 'wag n'ya na akong sunduin pero okay lang daw dahil dadaan naman talaga s'ya mamaya sa bahay para tulungan sa pag-aaral ang kapatid ko.

What I like about her being my suitor is she's also courting my family. I know how distant she is sa ibang tao pero kitang-kita ko rin kung paano niya sinusubukang mapalapit sa pamilya ko.

Ipinagtitimpla pa nga n'yang gatas si Mama tuwing napapadaan s'ya sa bahay.

"Val," tapik ko sakan'ya na prenteng nagmulat lamang ng mata. "Pupunta ka ba sa birthday ko?"

Ngayon ko lang naalala na magb'birthday na nga pala ulit ako dahil nabanggit ni Jianne. Nawala kasi 'yon sa isip ko nitong nakaraang araw dahil abala ako sa pagrereview at paghahabol ng mga requirements.

Ayan! Requirements at deadline dapat ang hinahabol n'yo at hindi ang mga maling tao.

Nevertheless, hindi ako takot sa deadline at iyon ang kinakatakot ko. Ayokong mag-cram pero hindi talaga maiwasan minsan.

Buti nalang may taga-isip ako ng ideas.

I eyed Qionne, the one I've been with everytime I'm having a hard time finishing all my remaining tasks.

"Of course."

"May three days convention ka sa Vietnam. Paano 'yon?" Tanong ko pa dahil sunod-sunod ang out of the country schedule n'ya after this day.

Tatlong araw nalang ay birthday ko na tapos aalis s'ya sa isang araw papunta sa ibang bansa.

Hindi s'ya pwedeng mawala doon dahil kumpanya n'ya ang magh'held ng convention tapos kailangan n'ya ring maisara ang deal nila ng isa sa mga possible investor doon.

"I will be there, Kayleigh." She murmured. "You don't have to worry."

"Ayaw mo nga ng mga special gatherings, eh."

"Yours' the only exception." She finally throw her head on my side and let out a sly smile.

I can't help but looked at her lovingly and flash a soft smile, showing how I admire her.

"Ay tangina---hoy mamaya na kayo maglandian! Andito na si Dooey, oh. Mags'start na raw!"

Wala sa sariling napairap na lamang ako sa sinambit ni Victorio kaya napahiwalay ako kay Qionne. Nakasimangot pa na tumayo ako at inayos ang suot kong dress bago s'ya binigyan ng mga

masasamang tingin.

Hayop na ulupong talaga 'to.

Panira ng moment.

I felt how Qionne stand up because she fix the strap of my dress.

Seryosong nakatingin ito kay Vito at nagbabanta ang mga mata.

"You're really a piece of shit, Olegares."

Vito chuckled and just stick his tongue out dahil alam n'yang pikon na pikon si Valentine sa gano'ng aksyon. Ayaw n'ya na binebelatan s'ya.

"Wait---hoy babae!" Jackus screamed na halos ikapitlag naming lahat dahil bigla itong sumigaw matapos makita si Dooey na nakaupo sa lapag at personal na inaayusan ni Haeliy.

"Your voice, Jackus." Saway ni Jianne.

"I know you." Nanunuring lumapit si Jackus sa pwesto nina Dooey at tinitigan ito ng mariin pero walang emosyon iyong isa at nakapikit lamang dahil nilalgyan s'ya ng eyeshadow. "Ikaw ang bumasag sa side mirror ng kotse ko."

"Hanapin mo ang pake ko." Barumbadong asik ni Dooey saka maangas na iniangat ang kan'yang mga mata nang matapos siyang ayusan ni Eli.

Ang bilis nga mag-makeup ng isang 'yon pero ang ganda. Halatang bihasa na. Ang ganda nga rin lagi ng ayos n'ya. Chic na chic ang datingan.

"Dooey, magpalit kana muna." Haeliy demanded at sinamaan ng tingin si Jackus ng akmang magsasalita pa ito.

"Wait, ikaw 'yung may-ari ng Ferrari?" Singit ko na ikinatingin ni Jackus.

"How'd you know that?"

"Kami ang sumundo kay Doo sa presinto." I explained and glance at Scoby.

"I'm sorry in behalf of my sister." Scoby grimace and flash an apologetic look. "She will never dare to apologize---"

"And you don't have to do it either." Jianne cut my best friend off na ikinataas ng kilay ni Val. "That was an accident."

"It's not an *accident*." Gazel chuckled. "Intentional kaya 'yon. Andoon ako noong binasag ni Dooey ang side mirror ni Jackus kasi sobrang frustrated n'ya. Tatanga-tanga kasi 'yang bakla na 'yan. Nambintang agad without checking the cctv first. 'Yung mga tambay ang bumasag, mhie, hindi si Dooey." Mahabang litanya ni Gazel na ikinaawang ng labi ng huli.

"You was there and you didn't even mind to approach me?! Alam mo ba kung gaano kamahal magpaayos ng sasakyan---"

"As if, Lewis. Qionne was the one to pay for it right? 'Wag kana magreklamo. Matagal naman na 'yon. Magmove-on kana. Gumaya ka sa'kin at 'wag kay Jianne at Qionne." Tila walang pakialam na bigkas ni Gazel dahil tuloy-tuloy lang siya sa pagsasalita.

Sa huli ay walang nagawa si bakla kung hindi ang samaan sila ng tingin dahil halata namang pinagtutulungan s'ya ni Jianne at Gazel.

"Haeliy 'yung best friend mo mahal pa rin ang crush n'ya noong highschool!" Pambubuyo pa ni Gazel sa pinsan n'ya na namumula ang mukha dahil kanina pa nila inaasar.

Dati talaga bwisit na bwisit ako sa mga Ferriego na 'to pero okay naman pala sila. Si Noah lang talaga na mukhang hayop ang problema ko. Buti nga hindi ko 'yon nakikita, eh. Huling balita ko do'n ay nasa hospital daw sa Russia at nag-aagaw buhay.

Sinaksak daw kasi pero malay ko kung totoo. Baka mamaya ginu-goodtime lang ako ni Gazel noong dinaldal n'ya ako kanina sa dressing room.

Napakadaldal kaya ng babaeng 'yon. Kapag nag-umpisa din ang bibig n'ya ay dire-diretso.

"Let's go out?" Yaya ng katabi ko na tinanguan ko lang.

Nauna na kaming lumabas sa room at nagpunta sa set para makapagpalit na rin ako ng damit. If I'm not mistaken, this will be the last shoot for this week pero ang susuotin namin ay ang mula sa clothing line ni Jianne.

Saynt Voyage

Nang maisuot ko ang blazer ay mabilis na hinawi ko ang aking buhok na umaabot na hanggang sa aking bewang. Naiisip ko na ngang magpagupit pagkatapos ng birthday ko.

"Ang fafa mo naman po Dooeydonut."

Awtomatikong napatingin ako sa grupo ng mga taong kakapasok lamang. Bahagya pang inaayos ni Eli ang single button blazer na suot ni Heather.

We're all wearing a navy blue blazer but Scoby's different. She's wearing a blazer dress overknees at malayang nakababa ang dark ash gray n'yang buhok.

God. My best friend is oozing hot.

Her boyfriend on the other hand is just holding a handkerchief at bahagyang pinupunasan ang noo ni Scoby. Migo looks so damn fine, too. With his neat hair and those formal attire, they really make a good couple.

"Fafa Doo----"

"Tumahimik ka, Victorio. Sasabihin ko talaga sa mga fans mo na ang brief mo ay Marvel."

Wala sa sariling napangiti ako nang makita kung paano mamula si Dooey habang inaayos ni Gazel ang buhok niya into a messy bun. After that, Gazel fixed her buttons hanggang sa inayos nito ang collar niya.

Ang fafa nga.

Yawa.

Ang hot nila ni Heather.

I chuckled and walk towards Qionne na nakadekwarto ng upo at nagbabasa ng kung ano. She's also holding a glass of wine pero napailing na lamang ako ng tuluyan ko s'yang malapitan.

She's reading Pikachu's story book.

"Hey," pansin niya sa akin pero ngumiti lamang ako at umupo sa tabi niya.

Mamaya pa 'yan mags'start. Hindi pa kasi nakilos si Gazel na s'yang photographer namin ngayon.

"You're really exquisite in any way, aren't you?"

I tilted my head and look at her with desires because she's staring at me with those admiring eyes. Bahagya pang pumungay ang kan'yang mga mata at maliit na ngumiti.

"Gandang-ganda ka na naman sa'kin." Asar ko pero umiling lamang siya at inayos ang nakaalpas na buhok sa mukha ko.

"Indeed." She smiled.

I rolled my eyes to avoid her penetrating gazes but ended up smiling like an idiot.

"Tingin mo ba bagay sa'kin kapag nagpableach ako ng buhok?"

She stopped sipping to her wine and look at me in awe. Tila sinusuri n'ya pa ako hanggang sa ipinihit niya ang kan'yang ulo pasandal sa kamay niyang nakatuon sa armrest.

"Everything you want fits you, Kara." Malumanay na saad n'ya na ikinangiti ko.

Magpapakulay na talaga ako ng buhok saka magpapagupit.

Light brown ang natural hair color ko pero lately ay naiisipan ko nang magpakulay for a change. Okay lang naman 'yon sa university at tutal magbabakasyon na rin kami.

Actually 'di ba magb'birthday na ako? Sa bahay lang kami magc'celebrate tapos kapag nagsimula ang vacation ay saka kami mago'out of town. Isasabay na raw namin sa shoot namin sa South America. Wala pang exact place kung saan since nagdadalawang-isip pa sila kung sa Amazon Rainforest ba o sa Galapagos Islands sa Ecuador.

Ewan ko kina Haeliy. Parang gusto lang nila magtravel dahil kung anong magustuhan nilang theme ay ayon ang sinusunod nila.

"Qionne, pakiayos ng blazer ni Kara. 'Wag n'yo ng ibutones." Utos ni Gazel habang inaayos ang camera n'ya. "Yung lightings 'wag masyadong maliwanag. Damn, I don't have any plan capturing these models on their way to afterlife!" Dagdag pa n'ya na ikinailing nina Jackus na nasa gilid na rin at kumakain ng donuts.

"Kumalma ka, Gazel. Kaya ka napagkakamalang demonyo dahil d'yan sa bibig mo." Jackus rolled his eyes na mahina kong ikinatawa habang tinatanggal ni Val ang butones ng suot ko.

"Ako ang personal assistant mo 'di ba? Bakit ako ang inaayusan mo ngayon?" I teased.

She lowly hissed. "File a resignation letter right away. I don't like you to be my assistant anymore."

"Eh? Hahanap kana ng iba?"

She arch her brow and shake her head.

"No. I don't have any plan looking for another one."

I just shrugged my shoulders and put my arms on top of her shoulders dahil nakatayo ako sakan'yang harapan.

"You can still count on me." I winked.

She just shrugged her shoulders at mahinang ipinihit ang kan'yang ulo patungo sa backdrop. She motioned me to go where they are na ikinatango ko lang.

Ang unang shot ay parehas nakaupo si Migo at Heather but Migo is seating in a curvy eames chair while crossing his leg and letting his left hand touch his thigh, looking so serious and mature. Scoby is at his back, gently putting her right hand against his shoulder. Nasa likod din ni Migo si Dooey pero prenteng nakatayo lamang ito at inilagay ang kan'yang bigat sa kanang paa at bahagyang nakapamulsa. Meanwhile, Heather is sitting on the modern indoor chaise lounge chair with her head leaning on her hand na nakatuon sa upuan. I was at her side, placing my hand at the corner of the chair while flashing a fierce look.

All of us does. No one's smiling, just seriously looking at the camera.

"Nice." I heard Gazel utter as she went to different spot to find the right angle. "Kindly add one more chair, please. Place it in the middle." Utos n'ya na agad sinunod ng staff kaya bahagyang nilingon ako nito. "Kara, sit on that chair. Doo, lipat ka sa likod ni Heather. Scoby, look directly to my camera and you, Migo, look at your right side and act like you're fixing your eyeglass."

Hindi ko alam kung nakailang shot na ba kami pero tuloy-tuloy lamang si Gazel. Nakita ko nalang ang pasimpleng pag-iling nina Qionne na nasa likod ng monitors at umiinom ng kan'ya kan'yang kape.

"Wait---" Gazel walk towards me and put my hair at the other side of my shoulder saka itinaas ng kaunti ang aking baba kaya napatingala ako. "Mamaya mo na tingnan si Qionne. Focus muna."

I rolled my eyes on her at nang akala ko ay babalik na s'ya sa pwesto n'ya, bigla itong tumaliwas ng daan at nilapitan si Dooey saka inabutan ng tissue dahil medyo pinagpapawisan ito.

"Pakilakasan ng aircon! Mayaman si Haeliy. Itaas n'yo sa milyon ang bayarin dito sa kumpanya n'ya."

"Shut up, Gazel. Tatanggalin na talaga kita kapag hindi ka tumigil." Eli warned pero mapang-asar na nginitian lamang siya ng huli.

"Last shot na. . .ibigay n'yo na 'yung last. Kawawa naman ang mga 'to kanina pa nagpapalit. Kasalanan 'to ng clothing line mo, Jia." Gazel demanded at prenteng tinalikuran kami para uminom ng tubig.

I thought the staff will be the one to come where we are but no. It's no other than those people na kanina pa nakatanga at tahimik lang na umiinom ng mga kape nila.

"Jianne, tumayo ka d'yan! Mamaya kana magsugal." May kalakasang tawag ni Gazel sa pinsan n'ya dahil abala ito sa laptop.

"I'm trading!"

"Gambling 'yan, ulol."

I shook my head in disbelief after witnessing how those two exchange their lines. Mukhang close talaga silang lahat lalo na si Gazel, Eli, at Jia. Kaclose din naman nila si Jackus pero mukhang wala sa mood ang isang 'yon dahil masama pa rin ang tingin n'ya kay Dooey na iniirapan lamang siya.

Pero si Qionne, she's still distant. Kahit anong pangungulit sakan'ya nina Gazel ay tahimik pa rin siya at kung hindi siya sa akin nakatingin ay nasa libro n'yang Pikachu ang kan'yang atensyon. Kahit sa kapatid n'ya ay halata ang kan'yang pagkailang kahit na magkatabi na silang dalawa.

Nagsasalita lang din s'ya kapag seryoso na s'yang kinausap ng iba.

"A ring?" I asked in disbelief when Qionne went in front of me at binuksan ang isang maliit na velvet box.

"Uh-huh."

I looked around to check my other friends pero nasa harap lang din nila ang iba. Jianne is handing my best friend a yellow gold bracelet. Si Vito naman ang nag-abot kay Migo ng isang relo at kinuha ang suot nito kanina. Si Jackus ang kay Dooey na halos magpatayan na sa mga titigan nila lalo na nang isuot ni bakla ang manipis na white gold snake chain necklace kay Doo. And of course Haeliy is busy with Heather that's now teasing her habang inilalagay nito ang bagong pares ng hikaw dito.

We have different kind of jewelries but the same brand.

Seraphim

"So?" Muling napabalik ang aking atensyon sa babaeng nasa harap ko nang tumikhim at magsalita siya. "Will you take this ring?"

Her face is neutral and emotionless pero nang sandaling tumango ako ay kumurba ang isang ngiti sa kan'yang labi.

She get the rose gold curved pear shaped diamond ring with little details and hold my hand carefully as if she's afraid to bring pains in it. Sandali n'ya pang tiningnan ang aking daliri bago isuot ang singsing.

"Don't you like to have your own ring? I've never seen you wearing one."

I shook my head and looked at my left hand as well.

"May mga singsing ako pero nakatago. Bigay pa 'yon ng mga sadboi sa university." Irap ko pero mahinang kinagat n'ya lang ang kan'yang ibabang labi.

Ikinwento ko na sakan'ya noon ang tungkol sa mga nanliligaw sa akin pero imbis na mainis ay tinawanan n'ya lamang ako.

"You don't like to wear those rings, do you?" Tanong n'ya pa na ikinailing ko.

"Ayoko lang bigyan nila ng malisya kapag nakitang suot ko. False hope din 'yon kaya hangga't maari ay ibinabalik ko pero kapag ayaw na nilang tanggapin ay ibinebenta ko ang iba sa pawnshop. Sayang, eh. Original pa naman." I giggled when I remember how I used those money noong gipit na gipit ako.

Pilit ko kayang pinagbabalik ang mga alahas na ibinibigay ng mga manliligaw ko pero ayaw na nila kuhanin pabalik kaya ibinenta ko 'yung iba.

Akalain mong nagkaroon ako ng mahigit fifty thousands dahil sa mga 'yon. Partida tatlo lang ang ibinenta ko tapos 'yung iba ay nasa kwarto ko na at ipinapahiram nalang sa kapatid ko.

"What if I give you a ring? Would you wear it or not?"

Wala sa sariling napaawang ang labi ko dahil sa naging tanong n'ya at napatingin sa kan'yang kaliwang kamay kung saan nakasuot sa ring finger n'ya ang isang singsing.

It's a black and gold ring na sobrang nipis lang. Kung hindi lang s'ya maputi ay hindi agad ito mapapansin pero dahil nga lagi ko s'yang nakakasama sa tuwing andito s'ya sa Pilipinas ay napapansin kong ayun lang ang hindi nawawala sakan'ya araw araw. She's wearing it every single day.

"You want this?" I heard her ask na ikinailing ko.

"H-hindi. Kanino ba galing 'yan?"

I can't help but to stutter at first because a sudden thoughts of her ex giving her a ring crossed my mind. Kahit na sabihin n'yang naka-move on na s'ya ay hindi pa rin mawala sa isip ko ang alphabet na 'yon.

Kapag nakita ko talaga 'yon ay masasampal ko s'ya tapos paggising n'ya sinasamba na s'ya sa ibang galaxy kasi patay na s'ya dito.

Charizz.

"This is my cousin's last birthday gift for me before she died." She hold her ring smoothly and heaved a small smile.

Buhat sa kan'yang isinagot ay tumango-tango ako at binigyan siya ng isang matamis na ngiti. "Kapag binigyan mo 'kong singsing dapat diretso luhod. Pakasalan mo agad ako."

She rolled her eyes and bit her lower lip.

"Your dreams first."

I pouted when she just smile and turn her back on me matapos sabihin ni Gazel na mag-uumpisa na ulit. Bumalik na lang siya sakan'yang upuan at prenteng tinaasan ako ng kilay pero inirapan ko lang siya habang nakanguso.

Malay ko ba d'yan. S'ya lang ata ang manliligaw na ayaw sagutin ng nililigawan niya.

Hindi ko alam kung ilang beses ko nang sinabi na huwag n'ya na akong ligawan pero nagsasawalang kibo lang s'ya tapos iibahin ang topic naming dalawa as if wala s'yang narinig.

"Give me a pose that will surely emphasize your jewelries---"

"Paano 'tong hikaw? Ang liit liit nito, oh. Paano makikita 'to?" Agad na reklamo ni Heather na nasa gilid ko dahil nakatayo na kami ngayon.

Gazel rolled her eyes. "So problema ko pa 'yan ngayon? Tanggalin mo kaya 'yang tainga mo para madali 'di ba?"

"Kung ikaw kaya ang tanggalan namin ng tainga? Parang tanga, oh. Halatang jowa ni Vito."

I chuckled at Heather's rebut dahil parehas napatingin sakan'ya iyong dalawa habang nagpipigil ng tawa iyong iba.

"Aba't nanahimik na nga ako rito tapos idadamay n'yo na naman ako sa katangahan n'yo d'yan." Pagrereklamo ni Vito pero inirapan lang namin siya.

"Magside-view ka nalang, Heather. Maganda naman ang side profile mo. Hindi ko nga alam kung anong nangyayari kapag humaharap ka. Parang kinahig ng manok ang pucha---"

"Gazel, your words." Pigil ang tawang saway ni Eli dahil mabilis na sinamaan siya ng tingin ni Heather ng magsalita ito.

"Ang duga naman! Bakit wala akong maaway sa mga models na 'to? Lahat nalang kayo may back-up, ah!" Gazel complained pero nilapitan din naman kami at sinabi ang dapat gawing pose.

"You're the one who volunteered to let them endorse your product, dummy. Don't complain here. Kikita ka rin naman." Jianne lazily utter habang may hawak na credit card at ipinupukpok sa marble table.

"Hindi naman ako katulad mo na mukhang pera talaga. Kapag ikaw namatay sa kakasugal mo magtatayo ako ng sugalan sa funeral. Isang taon kang nakaburol sa casino tutal doon ka rin naman halos tumira." Balik ni Gazel na ikinailing ng iba.

Pansin ko pa ang bahagyang pagtapik ni Eli kay Jia na tumahimik nalang dahil siguro alam din nila na hindi titigil ang isang 'to hangga't sumasagot ang pinsan niya.

"Kapag ako namatay ang gusto kong nakalagay sa lapida ko ay '*Jianne Ishmael "the greatest gambler" Ferriego. May you rest in casino. #deserve #proceedtothenextbet*'"

"Animal." Haeliy muttered and stiffle her laughs.

Malalim na nagpakawala ng buntong hininga si Gazel bago muling iposisyon ang camera n'ya para matapos na. I put my left hand against my lips to show my ring habang nakahawak ako sa balikat ni Dooey na nakasquat sa gilid ko. Nasa left side ko naman si Heather at nakangiting nakatitig sa akin just to show her earrings kaya pinanindigan talaga iyong sideview. Iyong magsyota naman ay nasa kabilang gilid ko at bahagyang inaayos ni Migo ang sleeves n'ya to show his wrist watch while his girlfriend is busy showing her bracelet through lifting her arm and letting it dominate while she's crossing her arms.

Para kaming may sari-sariling mundo pero hindi naman kami sinasaway ni Gazel hanggang sa sinabi n'ya sa huli na gawin namin kung anong gusto naming gawin kaya biglang tumayo si Dooey at inakbayan kami ng ate n'ya. Heather put her arm around my shoulder too at sa tingin ko ay maging si Migo ay ganoon din ang ginawa hanggang sa bumilang si Gazel kaya sabay sabay kaming ngumiti.

I think it took three more shots with different wacky poses hanggang sa namalayan ko nalang na kasama na namin si Vito at parehas silang nakasquat ni Migo sa aming unahan.

"That's enough. Pack-up na. 7 pm na rin." Haeliy announced kasabay ng pagpalakpak n'ya.

We all decided to separate ways para makapagpalit ng damit sa sarili naming dressing room. I just looked at Qionne ay itinuro ang dressing room ko para sabihing magpapalit muna ako bago kami umuwing dalawa.

Antok na antok na s'ya. Halata naman kasi sa mga mata n'ya lalo na nang tanguan n'ya ako.

Simpleng loose shirt lang at maong short ang isinuot ko saka isang pares ng adidas slides matapos kong tanggalin ang make up ko. Nang makalabas ako ng dressing room ay kumpleto na ulit sila at nagliligpit na ang staffs.

"Dinner nga raw libre ni Jianne. Panalo 'yan sa nilalaro n'ya kanina." I heard Vito exclaimed pero imbis na dumiretso sakanila ay kay Qionne ako nagtungo na hawak hawak ang bag at mga libro ko.

"Tired?" She asked pero ngumiti lamang ako.

"Uwi na tayo para maaga kang makatulog mamaya." I said that made her nod.

Ayaw pa sana kaming payagan noong iba dahil magd'dinner nga raw pero ibinigay ko lamang iyong singsing na suot ko kanina sakanila saka kami nagpaalam ni Qionne at umalis na.

Ewan ko sakanila kung tutuloy ba sila pero sa tingin ko ay oo dahil si Jianne ang nagyaya. Hindi ko nga inakala na nagsusugal pala 'yon dahil wala man lang sa mukha n'ya.

Mas mukha pang sugarol si Gazel kaysa sakan'ya dahil mukha talagang good girl na shawty si Jianne.

Buong duration ng byahe ay tahimik lang kaming dalawa pero hawak n'ya ang kamay ko habang nagmamaneho.

Nagugutom na kasi ako kaya wala talaga akong energy tapos idagdag pa na inaantok na rin ako.

"Kayleigh," she called while parking her car in front of our house kaya may mga tao na namang napapatingin sa amin.

"Yes?"

"Lai told me that you were being verbally harassed here. Don't you have any plans moving out?" Mahinang tanong n'ya bago patayin ang makina ng sasakyan.

My brows furrowed.

Sabi na nga ba at kung ano ano ang sinasabi ng kapatid ko sa taong 'to, eh. Sa way palang ng pag-uusap nila kapag nasa bahay si Qionne ay halata na. Para ba namang ako ang hindi n'ya kapamilya dahil itinataboy ako kapag magkausap sila ni Val.

I cleared my throat.

"I'm actually planning to find a unit this vacation. Hindi na rin healthy para sa kapatid at kay Mama."

Lately kasi ay madalas kong mabalitaan na palaging napapaaway si Mama. Dahil nga palagi akong wala ay hindi ko naabutan kaya kapatid ko ang nagsasabi sa'kin. Natatakot na rin ako dahil nga may sakit ang

nanay ko at ang hirap naman kung mamamatay 'yon dahil sa pakilipagbardagulan.

Hindi ko kayang mawala 'yon kahit pati ako ay dinodogshow n'ya.

Okay naman na ang income ko dahil medyo malaki ang monthly payment from BYT. Tingin ko ay sinadya talaga 'yon nina Eli dahil alam nila na working student kaming lahat. Idagdag pa na ang laki talaga ng perang inilabas nila noong contract signing palang.

"I have a condo..."

"No." Mabilis na tanggi ko bago pa man n'ya maituloy ang kan'yang sasabihin. Alam ko na kung saan na naman 'to papunta.

Jusko.

Baka mamaya bahay pa ang ioffer nito.

"What? I'm not using it." Pagrarason n'ya pa perp umiling lamang ako na ikinairap n'ya. "You can pay me if you want."

"Tapos hindi mo na naman tatanggapin?"

She chuckled and flash an innocent smile. "I'll accept it. Just accept my offer, too."

"Lugi ka na naman sa offer mo na 'yan."

"I'm wealthy."

"Edi ikaw na ang mayaman."

"I am so let me share it with you." She give me a smile and remove her seatbelt para abutin ang isang envelope sa loob ng glove compartment.

"Ano 'yan?" Tanong ko dahil may hawak hawak na s'yang ballpen at may isang ngiti na nakatitig sa akin.

Kung hindi lang talaga 'to maganda ay pagkakamalan ko 'tong may balak na masama at nakahithit ng melted shabu.

"Contract---"

"Ayan na naman tayo sa kontrata mo, Val." Reklamo ko agad pero umiling lamang siya at inabot ang ballpen sa akin.

"Sign it." Utos n'ya pero tinaasan ko lamang siya ng kilay at nanunusok na tiningnan.

"Baka mamaya ikakamatay ko 'to ha." Matamang saad ko pero umiling lang s'ya ulit at ipinatong sa hita ko ang isang papeles. "Ano ba 'to?"

"It's a contract nga. Don't worry, that's safe." She reassured at dahil nga uto-uto ako ay pinirmahan ko 'yung kontrata ng hindi man lang binabasa dahil mukhang atat na atat na s'ya.

Okay lang naman kung marriage contract 'yon dahil alam ko namang patay na patay sa'kin ang babaeng

'yan.

"Oh." Abot ko sakan'ya na malawak niya ikinangiti.

"It's settled." She whispered before putting the paper back inside the envelope.

"Ano ba 'yan?"

"Secret." She wiggle her eyebrows and finally unlocked the car kaya nakalabas na ako habang kinukuha n'ya naman sa backseat ang ilang gamit ko.

I even tried to help her pero diretso na naglakad lamang siya patungo sa bahay namin at nakangiting bumati sa nanay at kapatid ko.

She's so far from the Qionne Valentine I knew when she's with my family. She looks so carefree and enjoying every single second of the time.

"Kumain na muna kayo, Qionne. Nagluto ako ng paborito mo." My mother stated after we kissed her cheeks at bahagya pa akong napamaang ng magmano si Val sakan'ya bago nagtungo sa kapatid ko na abala sa pag-aaral sa accounting.

"Hotdogs?" Val excitedly asked that made my mother nod.

"Adobong hotdog."

Qionne flashed a wide smile and look at me kaya nakangiting sinamahan ko s'ya papuntang kusina para kumain.

Mamaya nalang siguro ako maliligo.

"You know, I liked Mama." Nakangiting aniya habang magkaharap kaming kumakain sa lamesa.

My eyebrows arch.

"Si Mama pa ba ang magiging karibal ko sa'yo?" I teased but she just grin and shook her head.

"I mean she's so like you. You don't look like her the most but you have her charms. . ." She handed me a glass of water after wiping the side of my lips. "She's a good mother."

"Every mother is the best, Val." Paalala ko sakan'ya pero tahimik na umiwas lang s'ya ng tingin at nagpatuloy sa pagkain.

"But not everyone can be a fair mother." I heard her murmurs pero imbis na magsalita ay tumahimik na lamang ako dahil halatang hindi naman n'ya intensyon na iparinig sa akin 'yon.

I know that she hold some grudges against her family. Hindi ko rin naman s'ya masisisi dahil una sa lahat ay hindi ko naman alam ang buong istorya at hindi ako ang nasa katayuan n'ya.

Different person, different ways to cope up, and different capability to handle the pain.

You can't judge someone based on what you see or what you hear. You shouldn't judge a person to every battle they had face most especially to their pain dahil lang sa madali 'yon para sa'yo. Iba iba

naman kasi tayo, eh. Maaring magaan lang sa'yo pero sa iba hindi.

You don't know how deep the scar is not until you're the one who's bleeding.

Nang matapos kami ay ako na ang nagpresinta na maghuhugas ng pinggan na ikinareklamo pa n'ya pero itinulak ko na s'ya palabas ng kusina.

Sa yaman ni Qionne ay hindi talaga maitatanggi na inisip ko noon na wala s'yang alam sa mga gawaing bahay pero simula noong nagpupunta s'ya dito sa bahay ay saka ko lang narealize na parang alam n'ya lahat.

Gusto pa nga ata no'ng maglaba ng damit namin dahil kahapon pagkauwi ko galing university ay kinukulit n'ya si Mama na maglalaba daw s'ya.

Pinagplantsa n'ya rin ako ng uniform noong dito s'ya nagbreakfast dahil tamad na tamad ako bumangon.

Wife material.

Nang makalabas ako galing kusina ay agad akong napatingin sa kapatid ko at kay Qionne na nasa sala at nag-uusap. Bahagyang tumatango si Laine sa sinasabi ni Val na ngayon ay may hawak na libro at lapis.

She's explaining accounting to my sister who's now at her senior high school year.

I smile.

She's even patiently giving her tips and tricks to easily understand it hanggang sa naramdaman ko ang pagtabi ng kung sino sa akin.

I simply glance at my mother na kakalabas lang galing sa kwarto n'ya.

"Ang talino n'ya." Puna n'ya na ikinasang-ayon ko. "Ang bait pa."

"Legit, Ma. Pwede ko na bang asawahin?" I teased but she just shrugged her shoulders and looked at me.

"Akala ko ba magtatapos ka muna ng pag-aaral mo?"

I bite my lower lip. "Parang pag-aaral ko po ata ang tatapos sa buhay ko."

She lowly hissed that made me let out an awkward laugh.

I don't want to disappoint her.

Chapter 26

Kara's POV

Tamad na binuksan ko ang aking mga mata nang maramdaman ko ang paggalaw ng aking katabi.

She's now awake.

Instead of getting out of her bed, she stay lying beside me while facing the ceiling kaya imbis na ipahalata na gising na ako ay mas lalo ko lang s'yang niyakap.

"Good morning." She muttered when she face and caressed my hair. Maingat na pinatakan n'ya ng magaang halik ang aking noo na aking ikinangiti.

"Good morning." I greeted back.

"Come up. We need to fetch your mother and sister." Namamaos pa na bigkas niya na ikinakunot ng aking noo.

"I thought mamaya pang lunch?"

"We'll eat breakfast with them. Laine texted me last night."

Kahit medyo inaantok pa ay humiwalay na ako sakan'ya at umupo sa kama. Mahina pa akong humikab bago s'ya balingan ng tingin.

"Bakit feeling ko mas kapamilya ka pa nila kaysa sa'kin? Ni hindi nga ako tinetext ng mga 'yon para lang samahan silang kumain ng umagahan." I ranted but she just smile.

"They're my family, too." She shrugged and brush her hair. "Thanks to you."

Mayabang na itinuro ko ang aking sarili saka ngumiti ng malawak. "Sabi ko naman kasi sa'yo, eh, maganda talaga ako sa buhay kaya kung ako sa'yo payagan mo nalang akong sagutin ka."

She chuckled and shook her head.

Ayaw n'ya talagang sagutin ko s'ya, punyawa.

Magb'birthday na ako't lahat pero nanliligaw pa rin s'ya. Ngayon nga ay andito kami sa bahay n'ya dahil ginabi kami ng shoot kagabi tapos dumaan pa kami sa condo n'ya para icheck ang lilipatan namin.

Lilipat kami ngayon kasi doon ako magb'birthday. Ayoko na mag-celebrate sa bahay namin ngayon dahil last year ay may nagsaksakan doon noong mga nalasing.

"Val," tawag ko sakan'ya na ngayon ay prenteng pinaglalaruan ang cellphone n'ya sa kamay.

Pansin ko talagang lagi n'yang ginagawa 'yon. Ginagawa n'yang fidget spinner ang phone n'ya tapos ang galing n'ya pang magpaikot ng ballpen sa kamay.

Naks.

Talented fingers.

Ang haba kaya ng daliri n'ya tapos ang ganda pa ng kamay. Feeling ko may routine din 'tong ginagawa sa kamay n'ya dahil ang lambot at kinis talaga.

Dahil nga palagi na kaming magkasama lately ay hindi talaga maiiwasan na matulog kaming magkasama. Tulad nalang kagabi, tabi ulit kami. Ilang beses na namin 'tong nagagawa pero hindi pa rin s'ya pumapalya sa pagpapaalam sa nanay ko.

Siguradong bago s'ya tumabi sa akin ay magpapaalam muna s'ya kay Mama o kaya ay itetext n'ya. Kapag pumayag palang ang nanay ko ay saka lang s'ya tatabi sa akin.

Like damn, may ganito pa palang tao ngayon?

"Yes?"

I roamed my eyes around her humble abode pero hindi ko talagang maiwasang magtaka dahil wala na ang painting na hinahanap ko.

"Yung painting na itinanong ko sa'yo dati noong una mo 'kong dinala dito, nasaan na 'yon? Hindi ko na 'yon nakikita, ah."

She furrowed her brows and unconsciously throw her head at the supposed to be place of the painting I was talking about na ngayon ay blangko na pero hindi naman nakabawas sa ayos ng bahay n'ya.

Kahit bahay n'ya ang ganda.

"I already asked someone to remove it." She answered.

"Why?"

Seryosong nilingon n'ya ako na tila hindi pa makapaniwala sa aking tanong pero nagkibit-balikat lamang ako.

"I'll replace it."

"Nang?"

She shrugged. "What do you want to place in there as a replacement?"

Seryosong ibinalik ko ang kan'yang tingin na ikinakurap n'ya pa dahil sa biglaang pagbabago ng mood ko.

Aartihan ko 'to.

"Ah, so, replacement lang ako---"

"It's too early for that, c'mon," she chuckled after cutting me off. Kung kanina ay prenteng nakatayo lang sya, ngayon ay inabot n'ya na ako at hinila ang aking kamay. "You'll be the permanent one. Don't worry."

"Ulol, Valentine." Barumbadong asik ko pero ginulo lamang n'ya ang aking buhok kahit na kakaligo lang

naming dalawa.

Hanggang ngayon talaga ay hindi pa rin ako nakakapasok sa kwarto n'ya. Hanggang office n'ya lang talaga ako eh 'di ba adjacent doon ang master bedroom which is hers? Hindi ko naman s'ya mapilit na dalhin ako do'n dahil una sa lahat, ayaw ko ring pilitin s'ya.

Madalas ay andoon lang ako sa kwarto na lagi kong ginagamit dahil pinaayos n'ya na 'yon. Puro size at damit ko ba naman ang pinalagay. Kahit sa bedroom wall and colors ay isinunod n'ya sa tingin n'ya ay gusto ko kaya nang dalhin n'ya ulit ako dito ay napamaang nalang ako.

One thing I'm really thankful for this woman is she never let me feel that I don't belong to her places. Kahit saan kami magpuntang dalawa ay palagi kong nakikita ang ilang bagay na konektado sa akin lalo na sa office n'ya sa Qvhil State Empire.

Since doon ako minsan pumupunta after my class at kapag free sched ako ay nagkaroon na ako ng sariling space ko do'n. I have my own things, desk, and place beside her. Kaya naman habang nagtatrabaho s'ya ay nag-aaral ako.

Noong una nga ay hindi ko agad napansin ang mga small details na nadagdag sa office n'ya pero noong isang araw nang dalawin ko s'ya para dalhin ang lunch na pinapadala ni Mama ay agad na napansin ko ang isang parang black na salamin na nakapatong sa table n'ya na kapag natatapatan ng kahit na anong uri ng liwanag ay lumilitaw ang picture ng magkahawak naming kamay.

"What's your plan for today?" She asked while we're on our way to our house.

As usual, she's busy driving habang nakaupo lang ako at tumitingin sa paligid. Hindi na ako magpapatugtog dahil malapit na rin naman kami.

Paano ba naman hindi bibilis eh ang dala na naman n'yang sasakyan ay itong Koenigsegg Jesko n'ya.

Parang ito lagi ang dinadala n'ya lately kahit na napakarami n'yang sasakyan na nakaparada sa garage n'ya.

"Siguro sasama muna ako sa paglilipat sa condo tapos pupuntahan ko sina Scoby after lunch. Minsan lang 'yon sumali sa ganito kaya syempre susuportahan namin." I grinned after remembering how we convince my best friend to join the pageant.

Parang labanan 'yon ng iba't ibang university around Manila. Ilang months pa naman ang itatagal bago ang pinakalaban dahil mahaba-habang preparation talaga.

Nevertheless, I'm sure that Scoby can do that. Matalino 'yon tapos ang ganda pa. Medyo mahiyain lang talaga pero mas malala pa 'yon sa'kin minsan.

Nangbabato 'yon ng kutsilyo kapag napipikon.

Napakahaba ng pasensya n'ya pero mas mabuting 'wag nalang subukang ubusin dahil baka makapatay talaga 'yon.

"I'll see you later then? I have to meet some investor this morning."

I hummed. "Yep. Saan ba tayo magkikita mamaya? Sa condo nalang?" Tanong ko pero umiling lamang siya.

"Let's meet at the pageant. I'm sure that Haeliy will drag me later to attend." She muttered in her usual lightly deep hoarse voice.

"Maluwag ba ang schedule mo for today? Baka matambakan ka na naman."

"It's not that hectic. I'm just going to sign few papers later after my appointments." She quickly glance at my side once she finally parked her car. "I can handle my time, Kayleigh."

"Handle my time mo mukha mo, Qionne Valentine. Ni hindi ka nga natutulog kapag natatambakan ka ng mga trabaho." I rolled my eyes on her and remove my seatbelt pero tatawa-tawang lumabas lang s'ya ng sasakyan para pagbuksan ako.

Okay naman na sa'king 'wag n'yang gawin 'yan pero lagi n'yang inil'lock para s'ya ang magbubukas.

"Ate Qionne!" Masayang pagbati ng kapatid ko sa aking kasama at tila hindi man lang ako kilala dahil nilampasan talaga ako.

Maging si Mama na nanonood sa tv ay mas nauna pang batiin si Val kaysa sa akin na una n'yang nakita.

What the hell is this behavior?

"Ate, and'yan ka pal----"

"Hindi kita bibigyang allowance." Agad na putol ko kay Lai pero tumawa lamang ito.

"Okay lang. Binigyan na ako ni Ate Qionne ng 100k tsaka sarili kong credit card."

Buhat sakan'yang sinabi ay napatingin ako kay Val na tila naestatwa sa tabi ni Mama dahil tuwid na nakaupo lamang ito at patuloy sa paglunok.

Masamang tinitigan ko s'ya kaya mahinang nagtago s'ya kay Mama pero seryosong tiningnan lang din s'ya nito.

"Laine, bumalik ka rito!" Sigaw ko nang magtatakbo papasok sa kusina ang aking kapatid dahil siguro ramdam n'ya na papagalitan namin s'ya ni Mama.

Madaldal ang isang 'yon. Minsan ay hindi n'ya talaga maiwasang hindi madulas kaya kung ano-anong nasasabi.

"Ano na namang ibinigay mo sa bata, Qionne?" My mother started.

"Uhm, a credit card?" Hindi pa siguradong sagot ng huli habang nakangiwi.

"Magkano ang laman?" I interrupted because I'm sure na hindi lamang 100k ang nakalagay sa card na sinasabi ni Lai.

"More or less 7 million."

Nahihiyang napasapo na lamang ako sa aking noo at mahinang napamura.

Tangina. Parang namigay lang s'ya ng barya sa pagkakasabi n'ya dahil mukha s'yang inosenteng bata

na nakaupo at nakatitig sa akin.

"Qionne nama---"

"Mamaya n'yo na pag-usapan 'yan. Kumain na muna tayo." Putol ni Mama sa akin saka ito tumayo at pasimpleng tinapik sa balikat si Valentine kaya tumayo rin ito.

I openly send death glares on her side na ikinakagat n'ya sa kan'yang pang-ibabang labi.

"Mag-uusap din tayo, Qionne." Huling sambit ni Mama bago ito naglakad papunta sa kusina.

"Opo." She lowly answered.

After that, Val went near me and scratch her eyebrows. Mahinang ngumiwi pa s'ya na mas lalong ikinasama ng tingin ko pero hindi ko inaasahan na yayakapin n'ya ang aking bewang saka hihigitin palapit sakan'ya.

"Sabi ko sa'yo na 'wag mo masyadong spoil'n ang kapatid ko, Qionne." Seryosong asik ko dahil ilang beses na namin 'tong pinag-usapan.

Ni hindi pa nga namin totally nagagamit ang mga binili n'yang kung ano-ano sa Italy tapos noong isang araw ay lumabas sila nina Mama na sila lang dahil busy ako tapos kinagabihan ay nakita ko nalang ang napakaraming paper bags sa bahay dahil kung ano-ano ang pinagbibili nila.

Jusko.

Naka-Gucci at LV ang nanay ko.

Naabutan ko pa noong magkausap si Mama at Val pero nang makita nila ako ay nagpaalam agad si Mama. Ang sabi ni Qionne ay hindi naman daw humingi ang pamilya ko, kusa n'ya raw ibinigay. Alam ko namang posible 'yon pero mas masama pa ang kinalabasan, pucha.

Ang hilig magwaldas ng pera ng babaeng 'yan. Kapag nakita ka n'yang nakatitig sa isang bagay ay bibilhin n'ya talaga, pumayag ka man o hindi.

"You know that I like spoiling people, Kayleigh." She whispered.

"Pero sobra sobra na ang ibinibigay mo---"

"I never got the chance to be with my family but you all accepted me of who I am even if you don't know me that much. . .I want to spoil you and your family because you deserve more than that. Y'all deserves everything." She heaved a soft smile and caressed my cheeks. "Just let me do this because this isn't too much."

"Ang laki na ng nagagastos mo."

"Mayaman ako." Medyo slang na bigkas n'ya na aking ikinailing.

Kapag ganito talagang usapan ay saka n'ya lang ipinapamukha na mayaman talaga s'ya. Sabi ko babayaran ko talaga s'ya pero sabi n'ya ay kapag mas mayaman na raw ako saka.

Diba? She's always pulling that card because she knows how wealthy she is.

"Let's eat? You can scold me later." She wiggle her eyebrows that made me shook my head.

"As if namang hahayaan mong pagalitan kita." I started walking towards our kitchen habang nakayakap pa rin siya sa bewang ko.

She's backhugging me while we're walking.

"Aren't you always do? You're always scolding me whenever I'm not eating at the right time." She chuckled but before we even reach our kitchen, mabilis na umayos ito ng tayo sa aking likod.

Pansin ko talaga hindi s'ya sobrang touchy na person pero kapag nag-umpisa s'yang maging clingy ay dadaigin ko pa si Pickachu kapag nag-Thunder Shock.

She's like a sweet baby.

"Umupo na kayo." Utos ni Mama kaya magkatabi kaming umupo ni Qionne.

We just utter a short prayer at kumain ng tahimik dahil mukhang napagalitan ni Mama si Lai. Tahimik lang naman ang katabi ko dahil abala s'ya sa hotdog na kinakain n'ya.

Simula talaga nang mapadpad si Val sa bahay namin ay hindi na kami nawawalan ng hotdog na stock. Ayon lagi ang hinahanap n'ya kapag kumakain 'yan dito.

"Ako na ang maghuhugas, Ate." Laine volunteered when I was about to wash the dishes.

I just nod and looked at Val na nagpaalam lang para kausapin si Mama. Malay ko kung saan sila mag-uusap. Bahala na muna sila do'n.

"Hoy, Laine," tawag ko sa aking kapatid na abala sa paghuhugas ng pinggan. "Diba sabi ko 'wag ka masyadong mambuburaot sa Ate Val mo? Nakakahiya."

"Ate s'ya kaya ang nagpumilit. Ayaw ko ngang tanggapin noong una kasi baka magagalit ka tsaka nahihiya rin ako pero sabi n'ya okay lang kasi binigyan n'ya rin si mama ng credit card na may 20 million---shit."

She almost dropped the plate when she accidentally say the words she shouldn't. Sandaling tumigil muna ito sa paghuhugas ng pinggan at sumandal sa may lababo.

"Pati si Mama binigyan n'ya ng credit card?!" Inis na tanong ko dahil parang ako lang ang walang alam.

"Lai." Seryosong tawag ko nang hindi siya sumagot kanina.

She bit her lower lip, "ibinalik ata ni Mama 'yung card, ate, kasi nahihiya na rin s'ya kay Ate Qionne. Malay ba naming napakamapagbigay sa pera no'n." Mahinang untag n'ya na ikinahugot ko ng malalim na hininga.

Masyado ng spoiled ang pamilya ko kay Qionne at Vito.

"Sa susunod sabihin mo sa'kin kapag wala ka ng pera, ha? Nahihiya na 'ko kay Qionne." Bulong ko pero magandang ngumiti lamang si Laine.

"Ate, alam mo bang sinabi sa'kin ni Ate Qionne kung bakit n'ya ginagawa 'to?" She started that caught

my attention. "Sabi n'ya hindi raw n'ya kailanman nakasama ng matagal ang pamilya n'ya. Hindi rin daw n'ya na'spoil ang mga kapatid n'ya pero nang makilala n'ya raw tayo para daw s'yang nagkaroon ng pamilya."

My eyes squinted.

"Sabi n'ya pa na she's not used to let somebody feel how important they are to her and the only thing that she thinks to show her affection is to spoil them. Gusto lang daw n'yang bumawi sa'tin kahit sabi ko hindi naman kailangan pero sabi n'ya----sabi n'ya doon s'ya masaya." Dagdag pa niya.

I bit my lower lip. Alam ko namang giving gifts talaga ang nakasanayan n'ya pero kasi minsan sobra sobra na talaga.

When my mother and Val finish talking, lumapit na ito sa akin at tumabi pero matamang tiningnan ko lang si Mama pero tila alam n'ya na ang tumatakbo sa isip ko dahil umiling ito.

She doesn't accept the card, eh.

Tahimik na pinakiramdaman ko lang si Val na nakahawak sa aking kamay hanggang sa tumunog ang cellphone n'ya.

By now I am sure that her secretary is calling because her first appointment will happen thirty minutes from now.

"I need to go." Paalam nito sa akin matapos magpaalam sa kapatid at sa nanay ko.

I just nod in silence.

"Kayleigh,"

"Sige na. Mamaya nalang ulit." I smiled a little and stand up to walk with her hanggang sa kotse niya.

"Are you mad?" She asked after we walked out of the door.

I looked at her and shook my mad. "Mamaya nalang natin pag-usapan. 'Yung meeting mo muna ang asikasuhin mo."

"But---"

"No buts. I'll see you later." I motioned her car na ikinatingin n'ya bago ito umiling.

"Are you sure you're not mad?" Pag-uulit n'ya pa na ikinangiti ko lamang.

"Hindi nga. Sige na, tapusin mo na 'yan. Mamaya na natin pag-usapan 'to."

She nodded and seems like she's battling with herself hanggang sa bumuntong hininga s'ya at inosenteng kumurap.

"Okay. I'll see you later." She ruffle my hair that made me smile until she decided to enter her car.

Nakatatlong busina pa s'ya bago umalis na sinundan ko lamang ng tingin. Hindi rin naman nagtagal at nagsisulputan na si Heather at Dooey na magiging kasama namin sa paglilipat.

Busy kasi si Migo at Scoby dahil nga sa pageant tapos si Vito ay hindi pwede ngayong araw dahil may spiels at taping pa raw s'ya.

Hindi pa rin talaga ako makapaniwalanna artista ang mokong na 'yon. Minumura-mura lang namin ang tinitilian ng iba dahil sa mga katangahan n'ya.

"Wazzup, wazzup, baby girl ni Qionne Hillaris." Parang tangang saad ni Heather na binatukan ko lang bago pumasok sa loob ng bahay.

"Kasama nga pala namin 'yung driver ng baby ghost mo, Kara. Tutulong daw s'ya." Doo added.

Actually hindi naman na magiging mahirap ang paglilipat namin dahil ilang gamit lang naman tapos mga damit dahil kumpleto na ang gamit sa condo ni Qionne.

Para ngang hindi lang basta condo 'yon.

"Sina Scoby ba? Nasa venue na sila?" Tanong ko sa dalawa na parehas nakaporma eh pagbubuhatin ko lang naman sila.

"Ewan ko kay Ate. Maaga silang umalis ni Migo sa bahay pero hindi ko alam kung dideretso na ba sila sa venue." Doo shrugged saka nakipag-apir sa kapatid ko at nagmano kay Mama same with Heather.

"Hi, Tita! Kumusta naman po ang panliligaw ni Qionne sa panganay n'yo? Natrashtalk mo na ba 'yon?" Heather teases.

"Tigilan mo 'ko, Heather. Ang daming babae d'yan na tinatanong ako kung single ka ba tuwing bumibili ako sa tindahan. Mukha ba akong manager mo?" Barumbadong asik ni Mama habang nag-aayos na kami para makaalis.

Nakasimpleng oversized shirt nga lang ako na Balenciaga na galing kay Val dahil pati ako ay idinadamay n'ya sa puro branded na damit. Wala akong makitang mumurahin sa closet ko sa bahay n'ya.

"Tita naman. What if ikaw nalang ang maging manager namin? Kapag may nambash sa aming lima pasabugin mo agad. Ikaw ang idol ko sa pangd'dogshow, eh. Sample'n mo nga ang mga basher ni Kara sa Tiktok." Heather chuckled as well as Doo and Lai.

Padami nang padami ang mga basher ko sa Tiktok lalo na noong napasali ako sa project sa BYT. Marami naman ang support pero marami pa rin talaga ang mga supot sa paligid na walang magawa sa buhay.

Pakialam ko sakanila.

Akmang sasakay palang kami sa sasakyan katulong si Kuya Edward at iyong isa pang kasamang body guard ni Heather na pinadala raw ni Eli.

Feeling ko talaga patay na patay na ang dalawang 'yon sa isa't isa. Iba ba naman ang glow nilang dalawa ngayon.

When a flower blooms~

Charizz.

"Wait," Doo stopped walking inside the car when her phone rang. Sandaling kinausap n'ya muna ito bago s'ya mahinang napamura.

"Bakit?" Tanong ko.

"Nadulas daw si Ate habang nagp'practice. Bakit ba kasi ang liit no'n ang taas tuloy ng pinasuot na heels!" She uttered pero mabilis na tinapik n'ya ang balikat ni Heather. "Mauna na kayo sa condo na lilipatan n'yo, Kara. Puntahan ko muna sina Ate---"

"Sumama na kayo ni Heather, Kara. Kami na ang bahala ni Laine. Unahin n'yo muna ang mga kaibigan n'yo." Putol ni Mama kay Doo na may balak pa atang iwanan kami rito.

I nodded.

Wala naman nang aayusin sa condo dahil inayos na namin 'yon ni Qionne.

"Tara." Aya ko at mabilis na nagpaalam lang sa pamilya ko at kina Kuya Edward na ngumiti lamang at nagthumbs up.

Nag-commute nalang kaming tatlo dahil sa Pasay pa ang location nina Scoby which is hindi naman kalayuan. Kung hindi lang kami nagmamadali ay baka nilakad nalang namin 'yon.

"Oy, oy, oy," parang tangang tawag ni Heather sa isang matangkad na babae na medyo pamilyar sa akin.

"Yes, Heather?" Nakangiting tanong nito at bahagya pang sunuri ang kabuuan ng huli.

Patay ka kay Haeliy.

"Nakita mo ba si Scoby tsaka si Migo?"

"Yes. They are in the backstage." Sagot ng isa at saka ko lamang napagtanto na isa s'ya sa naghahabol kay Heather mula sa ibang university.

Maraming naghahabol kay Heather dahil nga basketball player s'ya. Kaya ang dami ring kakilala ng babaeng 'yan dahil kulang nalang ay kaibiganin n'ya lahat.

"Sige, salamat. Mabuhay ka hanggang gusto mo." Heather uttered na maliit kong ikinangisi bago naunang maglakad.

"Kara, liko sa kanan. Nasa dulo ang backstage tapos saka ka kumaliwa."

Imbis na sundin si Dooey ay tumigil nalang ako sa paglalakad at hinintay sila saka pinauna.

Sabi nang tatanga-tanga ako sa direction tapos dadalihan ako ng gan'yan.

They both chuckled when they noticed how I glared at them pero sa huli ay inakbayan lang ako ni Heather habang tinatahak namin ang kwarto kung nasaan si Scoby.

"I'm fine, love. I can still walk." I heard my best friend utter in a soft tone nang makapasok kami sa kwarto.

Migo is kneeling in front of her habang minamasahe ang paa n'ya.

Kapag talaga 'tong dalawa nagbreak pa ewan ko nalang. Ang tatag kasi nila masyado. Mature din sila parehas na kung mag-away man sila ay dahil trip nalang nila minsan.

"Ate?" Dooey walked towards her sister. "Bakit ka natapilok? Ang tanga---"

"Elijah." Scoby warned.

Heather and I chuckled when Dooey pouted at saka sinuri ang paa ng kapatid n'ya na mukhang okay naman pero namumula ito.

"Ang tanga ng heels mo." Doo stated at saka umupo sa tabi ni Migo na ngayon ay patuloy pa rin sa pagmasahe sa paa ng girlfriend n'ya.

"Anong ginagawa n'yo dito, Kara? Akala ko ba mamaya pa kayo?" Pansin ni Scoby sa amin pero nagkibit-balikat lang kami parehas ni Heather.

"Pinapunta na kami dito ni Tita. Sila na raw ang bahala sa condo na lilipatan nila." Si Heather na ang sumagot para sa amin dahil agad napukaw ng aking atensyon ang damit ni Scoby.

"Ito ang susuotin mo mamaya?" I asked while checking it.

"Yep. Sponsor."

"Nino?"

"University. Pa-repair nga, Kara. Medyo maluwag sa bewang, eh." She giggled when I looked at her side.

"Pahinging tape measure, sinulid, gunting, at karayom." I ordered na agad kinuha ni Migo sa bag n'ya.

Mukhang ready ang mag-syota na 'to para pag-ayusin ako ng susuotin ni Scoby. Lahat nang hiningi ko ibinigay agad ni Migo.

"Tangina parang mangkukulam lang si ate mo Kara. Manika at kandila nalang ang kulang." Asar ni Heather.

"Tamang-tama at may shiniship ngayon sa bebe n'ya. Alam mo na ba 'yung bagong chika ngayon, Kara?"

Wala sa sariling napabuntong hininga na lamang ako sa inusal ni Dooey dahil as usual ay s'ya na naman ang may dala ng chismis sa aming barkada.

"Sino raw?" Pakikiusyoso ni Heather.

Iyang dalawang mahilig sa babae ang laging nangunguna sa chismis. Minsan nga ay hindi ko na kailangang mag-check ng kahit na anong social media platform dahil nakaksagap naman ako ng chismis dahil sakanila.

"Iyong batang business man. Parang iyon ata ang COO sa management na pinagtatrabahuhan ni Vito. Wait search ko lang ang pangalan para sure." Dooey place her phone out habang inuumpisahan ko

nang sukatan at ayusin ang damit ni Scoby.

Hindi ko bet ang pagkakaayos nito. Okay naman ang color combination pero hindi talaga pasok sa taste ko.

"Kaya mo bang baguhin ang design n'yan, Kara? Mukhang minadali kaya ang pangit." Scoby grimace that made me smirk.

Dahil sa sobrang abala ko sa damit ng kaibigan ko ay hindi ko na napansin ang mga pinaggagagawa nila hanggang sa sumigaw si Dooey.

"Hoy Kayleigh Raesh ang gwapo ng ishiniship sa baby ghost mo!"

"Pake ko d'yan? Maganda ako." Pag-irap ko sakanila.

Pati sila ay tinatawag na rin si Qionne na baby ghost. Tangina kasi ni Vito, eh. S'ya talaga ang nagpaumpisa no'n dahil lagi nalang daw akong minumulto ng babaeng 'yon tapos kahit na medyo malaki ang age gap namin ay hindi halata dahil baby face si Val.

Pero legit naman. Ang ganda talaga n'ya lalo na kapag bare face. Nagm'make up din naman s'ya dahil required 'yon sa trabahong pinasok niya pero lalo lang s'yang gumanda.

I wonder kung naging pangit ba ang babaeng 'yon. Mukhang pinagpalang lubos 'yon sa mukha at katawan.

"Damon Salazar."

"Demonyo." Casual na batid ko matapos marinig ang pangalan nang sinasabi nilang inililink daw ngayon kay Qionne.

Pakialam ko d'yan eh ako ang nililigawan.

Hindi ko na alam kung gaano ba ako katagal nag-aayos ng damit ni Scoby dahil masyado akong abala. Ni hindi ko na nga naicheck ang cellphone ko dahil kung ano-ano na ang iniba ko rito sa gown gayong dapat ay itong waist size lang naman.

Infairness mas maganda na 'to ngayon.

Tahimik na lumalamon ako ng fries habang tinitingnan kung may kailangan pa ba akong ibahin.

It is a silk champagne-colored sleeveless gown. It is also backless and fitted but it shows the middle of her chest, revealing one of the most sexy part of her body.

Ewan ko pero bet ko talaga iyong sunod-sunod na nunal ni Scoby sa gitna ng dibdib. Parang naka-align yung mga planeta kasi mula malaki papaliit din 'yon.

Nakikita ko lang 'yon kapag naka-bikini s'ya or nakasuot ng damit na malalim ang neckline.

I've already seen her high heels for later which is a pair of tan heeled sandals that included delicate straps around the ankle and toe for support. Her stiletto heels reached at least 6 inches and featured a shiny golden touch to the footwear.

Sigurado akong kung hindi lang taken 'yang si Scoby ay mas madami ang maghahabol d'yan. Ngayon ngang may jowa s'ya ay marami pa rin ang nagpaparamdam what more kung wala 'di ba?

Grabe pa naman mambakod si Dooey sa Ate n'ya. Mas protective pa 'yon kaysa kay Migo kaya hindi talaga makikitang lalabas ng gabi si Scoby ng walang ibang kasama dahil malalagot s'ya sa kapatid n'ya.

"Hoy Kara 'yang cellphone mo kanina pa tunog nang tunog kaya hinugot ko na. Tumatawag ata si Qionne." Biglang sulpot ni Heather dala ang phone ko.

Pina-charge ko kasi kanina. Nakalimutan kong dalhin ang powerbank ko dahil sa pagmamadali kanina kaya buti nalang may charger na dala si Scoby.

"Nags'start na ulit magpractice sina Scob?" I asked when she sat right in front of me.

"Oo. Parang tanga nga 'yung dalawang babae do'n. Kanina pa nila pasimpleng inihaharang ang mga paa nila para madapa si Scoby kaya sigurado akong kapag hindi 'yon tumigil ay baka tumahol na si Dooey. Gigil na gigil na 'yon dahil inaaway daw ang Ate n'ya."

I stopped eating midway after hearing what she just said. Sandaling itinigil ko rin muna ang pagkalikot sa cellphone ko at pagbabasa sa mga texts ni Val.

"Sinong mga babae 'yon?" Tanong ko.

"First gf daw ni Migo iyong medyo maganda tapos iyong morena naman ay best friend daw ata. Parang gaga ang mga tanga, hindi na naka-move on, eh, first year highschool pa pala naging sila ni Migoel." Heather continue to say a lot of stories at huli na nang mamalayan ko na nakikikain na s'ya sa aking pagkain.

Yawa, inubos ang fries ko.

"Ah, ang ex ni Migo ay si Zyra tapos iyong best friend no'n na mukhang tatanga-tanga at kinulang sa aruga ay si Bebang. Bea ang real name no'n pero bebang ang tawag sa lugar namin." I explained.

Taga-sa'min ang dalawang 'yon tapos grabe pa kung irapan ako dati noong akala nila ay ako ang jowa ni Migo.

Hindi ko naman kasalanan na hiniwalayan s'ya ni Migo dahil ang baho n'ya kasi hindi s'ya naliligo.

Chariz.

Hindi ko 'yon story kaya bahala sila d'yan.

Hinayaan ko na si Heather na kainin ang mga pagkaing inorder ko kanina habang binubuksan ko ang aking cellphone.

From Valasubas:

8:42

I'm already here.

10:07

Just arrived at my office. What do you want for lunch?
Kayleigh?

10:38

How's your best friend? Is everything alright?

11:11

Eat your lunch.
I'm with Jackus. Do you want new set of lipstick?

I chuckled at her question.

Naalala kong inubos nga pala nila nina Vito ang lipstick ko dahil sa pagt'tongits nila sa bahay. Ayon ang ginawa nilang punishment sa matatalo.

Kawawa si Victorio no'n dahil pinagtutulungan ni Lai at Qionne.

12:00

Have you eaten? Haeliy told me that Heather's not eating yet because she's watching Scoby's training. How about you?
Anything you want? Cravings?

1:56

I'll be back later. I'm just going to finish all my appointments for today.

5:18

Okay, I'm done. I'll see you in few more hours.

Bukod sa mga texts n'ya na 'yan ay may ilang missed calls pa s'ya. It's already 5:47 in the afternoon kaya siguradong nag-aayos na 'yon paalis sa office n'ya.

"Anong oras pupunta si Eli dito?" Tapik ko kay Heather na prenteng nakaupo at naglalaro ng Zombie Tsunami.

Adik na adik s'ya d'yan.

"Ha? Mga 7 daw siguro. Hihintayin lang daw nila si Jia dahil na-late ang flight."

"Nasaan ba si Jianne?" I asked again kaya nakakunot ang noo na binalingan n'ya ako ng tingin.

Ayaw n'ya kasing kinakausap s'ya kapag naglalaro. Akala mo naman talaga mananalo s'ya ng bahay at lupa kapag hindi nataya.

"Galing daw sa Florida. Sabi ni Eli ay sumali raw 'yon sa pustahan. Akalain mong gambler 'yon." She shrugged her shoulders and so do I.

Hindi ko rin 'yon inaasahan.

Hindi ko na ulit kinausap si Heather dahil baka masipa n'ya na ako. Instead, I just type a message for Val.

To Valasubas:
Sorry late reply. Inayos ko 'yung damit ni Scoby.
Where are you? Kumain ka ba ng lunch?

Wala pang ilang segundo ay nag-ring na agad ang cellphone ko.

Ang bilis naman n'yang tumawag.

[Wait, I'm in the sky---?????, ? ? ??? ???????????, ??? ??? ????? ??????? ??? ?? ?????, ???? ? ?? ????????? ??? ?? ?????? ????????!]

'Wait, I'm in the sky---fvck, I'm talking to her so you better keep your mouth shut before I kick your asses off of my plane!'

Bahagya kong nailayo ang aking cellphone ng bigla siyang nagtaas ng boses dahil medyo maingay nga sa background.

Nasaan ba s'ya?

[Qionne ????? ?????????.] Dinig kong saad ng kung sino at sa boses pa lamang ay mukhang si Jianne iyon.

'Qionne is such a simp.'

I heard the other laughters.

[????????, ????.] Iritadong singhal ni Valentine saka ko narinig ang mga yabag niya.

'Shut up, bitch.'

Hindi ko sila maintindihan, pucha.

Naga'alien language ang mga gaga.

Nang tumahimik na ay saka ko lang narinig ang pagsinghap niya.

[I didn't mute it?] She asked in disbelief na ikinatawa ko.

"You did not." Sagot ko. *"Kasama mo sila?"* I asked, pertaining to those ladies from earlier.

Mukhang hindi lang si Jianne ang kasama n'ya dahil mukhang marami-rami ring boses na naghahalo-halo kanina kaya sobrang ingay.

[Yes. We fetch Jianne at Dumaguete because of her failed bet.]

I hummed kahit na naguguluhan kung bakit nasa Dumaguete na 'yon eh kakasabi lang ni Heather na nagpunta raw sa Florida.

"Bakit parang lasing sila? Parang basag ang boses kanina ni Jackus." Saad ko pa dahil parang naririnig ko ang boses kanina ni bakla na tawa nang tawa habang pinipilit agawin ang cellphone kay Qionne.

[They are drinking.] She cleared her throat.

"Ikaw? Are you drinking too?"

She scoffed. *[Of course not. I don't have any plans.]*

"Why? Minsan lang kayo magkasama ng kumpleto, ah."

Buhat sa aking sinabi ay natahimik siya at ilang minutong hindi nakaimik. I called her name again and I think that's the only time she came back to her senses.

[They're all drinking. No one will look after them if I will, Kayleigh. . . I'm also not in the mood to drink so nope.] May kahabaang litanya n'ya na ikinatango ko lang kahit na hindi n'ya nakikita.

"Will you be able to make it for tonight?" Tanong ko na agad n'yang tinugunan.

[Of course.]

Ilang sandali pa kaming nag-usap dalawa hanggang sa nagpaalam muna ako para ibaba ang tawag dahil biglang pumasok si Dooey na nakabusangot at nakakuyom ang mga kamao.

Kasunod nito si Vito na mukha na namang wanted dahil sa ayos nito. May mask, cap, at sunglasses na naman kasi itong suot habang naka-leather jacket dahil siguradong pagkakaguluhan s'ya kung hindi.

"Hoy anuhin n'yo nga 'yang si Dooey. Kanina pa 'yan parang abno sa labas." Vito exclaimed at iniupo si Doo sa isang upuan saka sinamaan ng tingin.

"Ano na namang ginawa mo, Doo?" Natatawang tanong ni Heather at tinabihan ang best friend n'ya.

Doo pouted.

"Pinakyuhan ko 'yung nang-aaway kay Ate. Parang tanga kasi kanina pa no'n pasimpleng pinapatid 'yung paa ng kapatid ko. Kapag talaga 'yon nadapa hahambalusin ko s'ya ng gitara." Parang batang pagsusumbong nito kaya natatawang tumayo ako at nilapitan siya.

Heather and Dooey are the babies of our squad.

"Sina Zyra at Bebang nga?" I confronted na tinanguan nito. "Gusto mo sampalin ko?"

Her eyes twinkles in joy at mabilis na tumango.

"Kahit tig-isa lang, Kara. Nakakatangina na talaga ang dalawang 'yon." She flash a cute smile, showing her dimple, lowkey asking me to grant her favor.

Kapag hindi talaga umayos ang dalawang 'yon mamaya sa pageant ay sasampalin ko talaga sila.

Nabaranggay na ako dati dahil hinabol ko sila ng dos por dos noong sinabunutan nila si Scoby kaya bakit ako matatakot ulitin ngayon 'di ba?

"Hoy, Vito," tawag ko sa kumag na 'yon na ngayon ay nakaharap sa salamin at inaayos ang buhok niya.

"Ano? Miss mo na naman ang kagwapuhan ko."

"Tangina mo."

He chuckled and face me with a sly grin. His pale green eyes stuck into mine hanggang sa taasan n'ya ako ng kilay habang nakangisi.

Bakit parang naging familiar ang mokong na 'to out of a sudden?

"Ano nga?" He asked while tapping his feet against the floor.

"Manonood ka ba mamaya sa labas? Baka pagkaguluhan ka." I started while crossing my fingers. "Dito ka nalang sa backstage. You know, for safety mo na rin." I awkwardly chuckled which made his eyebrows arch in unison.

"Anong binabalak mo, Kayleigh Raesh?" Nanunuring tanong niya na ikinabuntong hininga ko.

"Wala kasing magbabantay ng damit at gamit ni Scoby. Baka mamaya may sumabotahe kaya dito ka nalang."

"Aba't---"

"Pretty please?" I smiled charmingly at him na ikinabuntong hininga n'ya.

"Okay, payn." He rolled his eyes and remove his leather jacket. "Tinatamad naman talaga akong lumabas mamaya kaya dito nalang ako manonood. Il'live 'yan mamaya kaya sa online nalang ako."

"Nice. Ang bait mo talaga." I came to pinch his cheeks na ikinasimangot n'ya pero tumawa lamang ako.

"Ano nga palang gusto mo sa birthday mo? Wala pa akong nabibiling regalo."

"Wag na. Hindi ko naman 'yan kailangan pero parang gusto ko ng bagong bahay at lupa tapos

[Content truncated due to length]

Chapter 27

Kara's POV

"Hooh! Putangina mo!" Malakas na pagmumura ni Heather habang hawak-hawak ni Eli at pinipigilan ni Qionne.

I stiffle my laughs while eating my gummy worms at the corner. Prenteng pinapanood ko lamang sila na parang mga batang nag-aaway dahil mukhang inagawan ng mga laruan nila.

"Go, Heather Jane! Kaldagan mo 'yan---"

"Dooey!" Pagsaway ni Scoby sa kapatid n'ya.

I shook my head.

Kakatapos lang kasi ng pageant na sinalihan ni Scoby and I might say that it is a full blast.

Okay naman ang naging pageant na 'yon kahit na mukhang pinagsakluban ng langit at lupa iyong dalawang babaeng tanga buong duration ng laban.

Nevertheless, we all enjoyed it.

Ayon nga lang at puro naka-mask na kami pagbalik namin sa mga upuan dahil sa mga kasama namin. Kay Gazel na idea 'yon dahil binitbit na rin n'ya si Vito palabas ng dressing room kahit na natutulog iyong tao. Wala namang nagawa si Victorio kung hindi sumama kaya nagmask kaming lahat.

Gaya-gaya kasi kami.

Malay ko bang masyadong sikat ang mga babaeng kasama namin ngayon na bawat lakad nila ay may napapatingin. Magaganda naman kasi talaga sila pero ewan ko, kay Val talaga ako sobrang nagagandahan.

Maybe it's because of her eyes and appeal? Or maybe it's just because I love her.

Nevertheless, maganda naman talaga ang babaeng 'yon na ngayon ay pucha---bakit may baril na naman s'ya?!

"Valentine!" Pakikiepal ko matapos tumayo at pumagitna sakanila.

Bahagyang ibinaba ko ang kamay niyang may hawak na baril saka siya sinamaan ng tingin. She just arch her eyebrows and look at me with those stern eyes but the moment I arch my brow, she look away and simply nudge Heather.

"Tumigil kana, Heather." Pikong saad ni Eli pero nagmatigas lang ang isa at pinaulanan ng mura iyong punching machine dito sa arcade room ni Jianne.

Lasing na lasing si Heather.

Pati iyong walang kamalay-malay na machine ay trip n'yang suntukin dahil inaasar s'ya nina Vito na aagawin daw no'n si Eli.

Si Heather lang talaga ang nilasing nila dahil hindi naman umiinom si Doo at Vito. Kinukwento lang nila iyong isa tapos saka papainumin.

Nasa bahay kami ni Jia ngayon kasi dito kami dinala ni Gazel. Akala ko pa ay sa bahay n'ya kami iimbitahin pero sa pinsan n'ya pala na hindi man lang nagreklamo. Mukha ngang masaya pa s'ya na nagkatao 'tong bahay n'ya.

And oh, si Dooey at Heather nga pala ang nagluto kasi may gustong kainin si Eli na si Heather lang ang marunong gumawa.

Parang buntis si Haeliy sa mga gusto n'ya.

Pero ganoon din naman kasi si Val sa pagkain kaya naisip ko na baka ugali na 'yon ng magkapatid na 'to. Kung anong trip nilang kainin ay iyon talaga ang ir'request nila.

"Oh, ano? Bakit may baril kana namang hawak?" I crossed my arms across my chest and looked at Valentine full of seriousness.

She bit her lower lip.

"This is not my gun." She shrugged at basta na lamang itinapon iyong baril sa kung saan.

"Saan mo nga nakuha 'yon?"

"That's Jia's, Kayleigh. I don't have any gun with me." She stated and even lift her right hand as if she's swearing.

I rolled my eyes. "Edi wala."

Naniniwala naman ako sakan'ya na wala s'yang dala. Pansin ko kasi na hindi talaga n'ya ugaling magsinungaling pagdating sa mga bagay-bagay. Nararamdaman ko lang minsan na may itinatago s'ya kapag tungkol na sa feelings n'ya ang usapan.

I swear, ang taas pa rin ng walls n'ya.

Nang talikuran ko s'ya ay agad hinanap ng aking mga mata ang kinakain ko kaninang gummy worms ngunit halos magsalubong ang aking mga kilay nang makitang kinakain na 'yon ni Gazel.

No. Let me rephrase it. Inubos na pala n'ya dahil nang isubo n'ya ang huling piraso ay tumingin pa s'ya sa direksyon ko at kumindat.

"Hoy 'yung gummies ko, Gazel!" Pagpalatak ko pero nginisian n'ya lamang ako at parang tangang itinaas ang walang laman na container.

"Wala na. Ubos na." She mocked.

Nanggigigil na inabot ko ang buhok niya at akmang hihilahin ito ng may humila bigla sa aking bewang at hinila pabalik.

"Calm down, Kara." Val hushed but I just glared at Gazel that's now smirking like an ass while staring at me---no, she's staring at Valentine.

"Fifteen pa 'yong gummy worms na 'yon. Bayaran mo." I demanded na ikinakurap ni Gazel.

"W-what?"

Okay lang naman sana kung ako ang bumili no'n pero si Qionne kaya ang bumili noong gummy worms na 'yon dahil dumaan kami kanina sa isang convenience store bago dumiretso dito sa bahay ni Jia dahil sakan'ya ako sumabay.

Hindi n'ya alam kung gaanong paghihirap ang dinanas ni Val mabili lang 'yon dahil kasalukuyang hindi tumatanggap ng cards iyong convenience store na napuntahan namin dahil may error daw. Ako na sana ang magbabayad kaso ayaw pumayag ni Qionne kaya ayon, nagbilang s'ya ng barya n'ya na natira pa raw noong nag-tongits sila nina Vito.

"Hoy, Qionne, pinagbabayad ako!" Reklamo n'ya pero inirapan lang s'ya ni Val at matamang hinawakan ang bewang ko.

"Liability is liability, Gazel. You better pay it before it grows." Valentine uttered.

"Wala akong fifteen pesos."

"Edi isang libo nalang." I grinned.

"Eto na naman tayo sa katalinuhan ni Kara pagdating sa pera." I heard Migo said pero nang-aasar na ngumiti lamang ako kay Gazel.

"I forgot my wallet in my car---"

"Gusto ko puro piso." Dagdag ko pa na tuluyang ikinalaglag ng panga n'ya.

Sa yaman ng mga Ferriego ay siguradong madali lang sakanila ang maghanap ng mga buo na pera kaysa sa barya.

Kung sila nagpapatawad kapag inubusan ng pagkain, pwes ako hindi.

Kailan ko nga lang napatawad si Migo sa hindi n'ya pagbabayad ng bente pesos n'yang utang sa akin na ilang buwan na rin. Kung hindi n'ya 'yon binayaran ay siguradong magiging 100 na 'yon dahil sa interest.

Charizz.

"Wala akong puro piso, Kara. Bigyan nalang kita ng fifteen thousand."

"Ayoko. Gusto ko puro piso." I snort when she rolled her eyes at tila nanghihingi ng tulong na tumingin kay Vito.

"Oh, bakit sa akin ka nakatingin?" The latter scoffed.

"Pahinging piso."

I heard Haeliy and Jianne stifling their laugh at the other side of the room. Mukhang pinagtitripan nalang din nila si Gazel dahil kapag tumitingin ito sakanila ay saka sila tatawa ng malakas.

"Ayoko nga. Pagkatapos mong sabihin na friends lang tayo." Vito rolled his eyes, acting so affected kahit

na lumilitaw ang ngisi niya.

"Bwisit ka Victorio! Ikaw ang nagsabing hanggang friends lang tayo. Niyaya nga kitang magakasal tapos ang sabi mo sa'kin hindi mo 'ko gusto kasi ang gusto mo ay si---"

"Oh, bente, tumahimik ka na." Vito irritatedly cut Gazel off saka pabalyang inilapag iyong bente na barya.

Gazel flashed a triumphant smile but I just arch my brow when she dared to give it to me.

"Ayoko n'yan. Gusto ko puro piso."

"What the legendary fvck are you up to? Wala nga akong mga piso!"

Akmang magsasalita pa lamang ako nang maramdaman ko na ang paghigit ni Qionne sa kamay ko saka umiling.

Masamang tiningnan ko muna si Gazel bago ko siya tinalikuran. I went to the other side of this arcade room where the claw machine is located.

Hinayaan ko na iyong iba sa mga buhay nila dahil may mga sarili namang mundo ang mga andito hanggang sa naramdaman ko ang pagtayo ng isang tao sa aking likod.

I was busy getting a prize until I got one Pickachu plush keychain.

Nakangiting lumingon ako kay Qionne na may maliit na ngiti sa labi habang nakatingin sa akin. She looked at me with a sly grin as I lifted the keychain the same level as her face.

"What?" She asked.

"Sa'yo nalang."

"Really?" Mas lalong lumawak ang ngiti sa labi n'ya na ikinatango ko. Nang sandaling ibinigay ko sa mga kamay n'ya iyong keychain ay tila lumiwanag ang kan'yang mga mata habang sinusuri ito.

"Thank you." She mumbles.

"No worries." I smiled.

Ilang segundo pa akong nakatitig sakan'ya na tila hindi maialis ang mga mata sa ibinigay ko hanggang sa tumaas ang kan'yang tingin sa akin. I playfully wink at her but she just rolled her eyes and look around.

"I'll get you one, too." Her eyes traveled back into mine as she lick her lips. "What do you want?"

"Yung bear na 'yon," prenteng itinuro ko iyong isang claw machine na puro bear plushie, "gusto ko no'n."

She shrugged and get my hand to pull me with her. Nang makarating kami doon ay iniabot n'ya muna sa'kin iyong keychain saka siya nagstart.

I grinned.

"It's falling!" Reklamo n'ya nang makatatlong subok na s'ya pero hindi pa rin nakakakuha kahit isa.

I chuckles when she tried it again pero nahuhulog talaga.

"My goodness---Ferriego!" Bahagyang napapitlag ako ng bigla siyang sumigaw at lumingon sa gawi ni Jianne na nagsusugal na naman sa laptop niya.

"What?!" The other shouted back.

"This claw machine isn't working."

"Huh? That's working, Qionne. Check mo nalang ulit."

"The claw isn't holding for atleast three seconds---" Qionne stopped midway as if she realized something.

She then looked at me but her face has a tint of crimson red until she decided to turn her back on me and went back to her business.

Nakailang subok pa s'ya at tila focus na focus to the point na hindi na n'ya napansin na nakatingin na sakan'ya ang iba naming kasama.

"This is her first time trying an arcade game." Haeliy stood up beside me as we both watch her sister getting irritated as hell.

"Hindi man lang ba 'yan nagpunta sa arcade noon?" Pagtatanong ko na ikinangiti n'ya.

"May sariling arcade room si Kuya Ael sa bahay n'ya. He likes playing those games, you know. He even tried bringing Qionne in one of the public arcade but during that time, Qionne is really an introvert. Nanonood lang s'ya habang naglalaro kami and we all knew that she's not comfortable kaya umuwi rin kami agad. Kaya ayon, nagpagawa nalang si Kuya Ael sa bahay n'ya kaya doon nalang kami naglalaro but Qionne never tried playing one." She lowly muttered as if she's afraid that Val will hear the both of us. Halos hindi ko na nga rin marinig dahil sa sobrang hina.

"Ang bulok, Qionne, ganito kasi 'yan," Vito came up into the picture na tila hindi na makatiis. May itinuturo s'yang tricks kay Val pero wala pa ring kwenta dahil nahuhulog pa rin. "Tangina, bakit gan'yan? Mas mahirap pang makakuha dito kaysa sa claw machine sa mall."

"May daya 'yan." Scoby uttered as she smirk and narrowed her eyes to Jianne na ngayon ay nakatupi ang mga braso at prenteng pinapanood si Qionne na halos gibain na 'yung machine.

"Walang daya 'yan." Jia defended. "Hindi lang talaga marunong si Qionne."

Buhat sakan'yang sinabi ay tila dumilim ang mukha ng isa at nakatiim ang mga bagang na nilingon siya.

"What you'd say?"

"Hindi ka marunong." Jia smirks.

Bago pa man makahakbang si Qionne ay inabot ko na agad ang kamay n'ya at marahang pinisil. She looked at me in disbelief but the danger is evident on her eyes pero umiling lamang ako sakan'ya na kan'yang ikinahugot ng malalim na hininga.

"I'll buy this." She said with finality. She boredly bore her eyes to the latter that smirk wider. "Name your price."

"70,000."

"Call---"

"Seventy thousand *dollars.*" Jianne flash a terrifying smile but Val just let out a smug and insulting smile.

"Too cheap." She muttered. "Just like you."

"Aba't---"

"That's enough." Haeliy cut Jia off and shook her head in awe as if she's trying to stop a proposing chaos. "Mag-aaway na naman kayong dalawa."

"I want these bears." Qionne lowly mumbled at parang bata na nilingon iyong mga bear na nasa loob pa rin ng claw machine.

I chuckled and squeeze her hand.

"Wag na." I whispered that made her look at me. "Hayaan mo na 'yan."

"But you want those..."

"Wag na, Qionne."

Mas okay nang bawiin ko 'yung sinabi kong gusto ko 'yon kaysa gagastos na naman s'ya para lang makuha ang mga bear na 'to.

"I'll buy mine." Mahinang bulong n'ya bago samaan ng tingin si Jia na pangisi-ngisi lang bago n'ya ito talikuran habang hawak ang kamay ko.

I hissed.

"Uuwi na ba tayo?" Tanong ko nang mapansing inaantok na s'ya.

"Do you want to go home already?" She then looked at her wrist watch, "it's just 11 pm."

"Uwi na tayo para makapagpahinga kana. Magpupuyat kana naman, eh." I gently tried to get my things pero agad n'ya itong kinuha at itinaas para mailayo sa akin.

I pouted.

"I'll bring this for you." She mumbles that made me rolled my eyes.

Mabilis na nagpaalam nalang kami sa iba naming kasama dahil mukhang wala silang balak umuwi. Nakahiga na nga sa sahig iyong mag-syota at magkayakap.

Mukhang tulog na si Scoby.

"Tyong!" Tawag pansin ni Jackus sa amin na ngayon lang ulit nagpakita dahil masyadong abala sa

pakikipagtalo kay Dooey.

"What?"

"Yung convention mo sa Vietnam hindi pwedeng hindi matuloy. Dapat ay andoon ka. Ilang adjustments na ang ginawa mo kaya puro delay 'yang flight mo. Hindi pwedeng wala ka do'n." Paalala nito na ikinabuntong hininga ng isa.

"Yeah, whatever." Val lastly said before pulling me out of Jia's house.

She drove the car smoothly. Hindi gaya noong una palang kaming nagkakakilala ay mas maayos na ngayon kaya hindi ako nakakaramdam ng kahit na anong uri ng hilo.

I looked at her while we're on our way towards the condominium building.

"I'll leave later."

I hummed.

Nakalimutan kong madaling araw nga pala ang pinili n'yang oras nang iresched n'ya itong flight n'ya papuntang Vietnam.

"Take care of yourself once you get there." Paalala ko. "Kumain ka sa tamang oras."

Buhat sa aking sinabi ay mahinang natawa ito at mabilis akong sinulyapan. "You're like a worried mom, Kayleigh."

"Ulol." Malutong na saad ko bago tanggalin ang seatbelt dahil nasa tapat na kami ng main entrance.

"Just send my regards to Mama and Lai. I need to hurry that's why I can't stop over for tonight." She bit her lower lip. "I'll see you in your birthday."

"Kapag hindi kinaya ng schedule mo 'wag mong ipipilit." I smile. "Don't cancel your appointments for me."

"Kayleigh..."

Nakangiting nilingon ko s'ya at inabot ang kamay na nakahawak sa may gear saka ito pinagsiklop sa akin.

"You tend to cancel your appointments and meetings for me so if ever na kukulangin ka sa oras, 'wag mong ipipilit na makauwi sa birthday ko. Pwede pa naman natin 'yung icelebrate sa susunod kapag free kana." Ngiti ko para mapanatag s'ya na okay lang talaga.

Not because I want her in that day means she needs to be there. Hindi ko ipagpipilitan 'yung gusto ko kung alam kong mahihirapan s'ya.

Masyadong mahirap at demanding sa oras ang trabaho n'ya. Oo s'ya ang CEO pero ang dami rin n'yang sakripisyo para doon. Minsan nga ay hindi na s'ya natutulog at kumakain dahil sa sobrang dami n'yang trabaho.

"But---"

"No buts, Val," I squeeze her hand. "unahin mo muna 'yan. Kailangan ka doon."

"Why? You don't need me here?" She arch her brow but I just rolled my eyes.

"Sabi ko sa'yo 'yung mga priorities mo muna---"

"And you're one of those, Kayleigh. Don't ever think that I'll put you second because I will never." She heaved a soft smile. "I can handle my time and when I say that I'll be there, in that day, I'll be, okay? Uuwi ako." She said with finality na ikinailing ko na lamang dahil nag-tagalog na s'ya.

"Sige na, alis na 'ko. Just text me." I gave up as she let out a cool chuckle because she know that she won again.

"No need to say that. I'll always update you, missy."

Inirapan ko lamang siya at sinubukang alisin ang magkahawak naming kamay pero hinigpitan n'ya lamang ang pagkakahawak at umiling.

"Yung kamay ko." Pansin ko pero inosenteng umiling lamang ito at hinalikan ang likod ng aking kamay.

I felt like all of my bloods went up to my face dahil sa sobrang pag-iinit nito.

This is her first time doing that gesture and I never thought that she would. She always seem to like holding my hands but she never dared to kiss it but now.

"V-val," utal na tawag ko nang ngumiti ito sa akin na halos ikawala ng kan'yang mga mata.

"Kiss." She mouthed.

"Ha?" Slow na banggit ko pero mas ngumiti lamang ito at lumapit sa akin.

Halos maestatwa ako sa aking upuan dahil sa ginawa niyang paglapit. My eyes even landed on her lips that's now curving a genuine heart melting smile.

Ang ganda ng labi n'ya.

"Kayleigh," she whispered with a hoarse voice.

I gulped and lean forward. I was about to peck her lips when she tilt her head kaya imbis na sa labi n'ya tumama ang labi ko ay sa pisnge ito lumapat.

"Qionne!" Reklamo ko pero nagkibit-balikat lamang s'ya. "Pakiss!"

"Nope." She chuckled. "No kiss allowed."

"Ang duga!"

"I don't kiss someone without any rights." She winked at me and let go of my hand pero ngumuso lamang ako at sinamaan s'ya ng tingin.

"Label ba muna?" Paninigurado ko na tinanguan n'ya. "Edi okay, fine." Irap ko saka marahang pinaypayan ang sarili.

Bwisit.

Akala ko naman sa labi na talaga.

"Go now, Kayleigh. Just text me when you're about to sleep. Have a goodnight, princess." Pagtulak n'ya sa akin para lumabas at saktong may bumusina mula sa aming likuran kaya walang nagawa na umalis ako bitbit ang ilang gamit.

Hanggang sa makarating ako sa unit na tutuluyan namin ay nakasimangot pa rin ako. Mukhang tulog na sina Mama kaya nang makapasok ako sa aking kwarto ay naligo lang ako at saka naghanda para matulog.

This room is Val's bedroom. Ang laki nga masyado pero tingin ko ay wala pa 'to sa kalahati ng totoong kwarto n'ya dahil mukhang malaki talaga 'yon.

Nang makapagpatuyo ako ng buhok ay sumampa na ako sa kama at inabot ang cellphone ko. I just texted her na tutulog na ako pero wala akong natanggap na reply.

I just shrugged it off.

Ang huling text kasi n'ya ay papunta na s'ya sa airport at naliligo pa ako noon. Natural na matagal ako sa banyo lalo na kapag naliligo ako kaya baka nakasakay na 'yon sa eroplano ngayon.

Imbis na hintayin pa ang reply n'ya ay humiga na lamang ako sa aking kama ngunit ilang minuto na ang nakakalipas at hindi pa rin ako makatulog.

Hindi ko alam kung nakailang balikwas na ako sa aking kama hanggang sa napagdesisyonan kong umupo.

I looked around the room until my eyes landed on one of the side drawer. Sandaling napatingin ako rito hanggang sa tumayo ako at nilapitan ito.

Dito ko ata inilagay iyong dati kong phone dahil ang ginagamit ko na ngayon ay iyong bigay ni Qionne.

Nag-ayos nga kasi kami ni Val dito noon kaya naayos ko na ang kwarto na 'to pero madalian lang dahil kinapos din kami sa oras during that time.

Nang sandaling iangat ko ang aking cellphone ay mabilis na naagaw ng isang maliit na envelope ang aking atensyon.

It's a sage green envelope.

Imbis na iyong phone na pakay ko naman talaga ang kuhanin ay iyong envelope nalang ang kinuha ko. I just checked what's inside pero isang USB lamang ito.

Out of curiosity, I went to find where my laptop is and put the USB in. Ilang segundo lamang itong nagload hanggang sa ma-open ko na ang mga files.

Kay Qionne 'to?

Bakit may bold?

Charot.

Sunod-sunod ang mga files pero iyong pinaka nasa itaas ang nakakuha ng aking pansin.

Tatlong tuldok lang iyong file name kaya binuksan ko na. Ibibigay ko nalang 'to kay Qionne pagbalik n'ya tutal hindi ko naman 'to ich'check lahat.

When the file finally load successfully, my eyes started to read every words that it includes.

I think this is some kind of poem.

Lies were out of line
Canvas and brushes are nowhere but gone
Far from sight; blinded with the light
Drowning in thee, kill me I plea

That's the first and only stanza sa unang page kaya nagscroll pa ako.

I can't stop my curiosity!

Kryptonite
A curse and a promise
Enough but tacit
Let be in a count of three
On this day forward,
No more you and me

My lips hang in awe when I realized that it's a poem she once made back then. Ilang taon na ang huling nakalagay sa file nang isulat ang mga 'to. Bawat piece din ay nakasulat sa iba't ibang page hanggang sa makarating ako sa pinakadulo.

'Till it stops
When the time comes and drop
You'll be standing there
Just like how you used to be
But we'll never look at each other
The same way as before against the bree
Because now,
We're both strangers; passerby
Passing by and free
With waves of memories

That's the last piece indicated ngunit sa lahat ng mga piece na iyon ay ito lamang ang mayroong proper dedication.

Like the sun, you have to set, too, but you never came back to arise. After showing the whole beautiful misery of sunsets, you left me hanging waiting for the sunrise, Ael.

Nang matapos ko ito ay hindi na ako nag-abala pang buksan ang ibang file na andoon dahil mabilis na pinatay ko ang aking laptop

I swallowed hard and lay down---directly looking at the ceiling of this room. Nanggigilid ang aking mga

luha pero wala akong ibang masisi kung hindi ang sarili ko dahil desisyon ko naman 'yon.

I cursed lowly and closed my eyes.

Narinig ko pang tumunog ang aking cellphone kaya kahit na mabagal ang pagtibok ng puso, inabot ko ito at nanghihinang tiningnan.

From Valasubas:
Sorry late reply. I'm already in the plane.

I was just about to compose a message when another message from her popped up again.

From Valasubas:
Are you asleep already? I'm already missing you.

I bit my lower lip as I stared at the screen of my phone.

Tama.

Ael is already in the past. I should stop comparing the two of us because in the first place, we're different.

Iniwan n'ya si Qionne at hindi ko gagawin 'yon.

....

"Kayleigh," dinig kong tawag ni Mama habang nagpapahangin ako sa balcony.

"Ma," I smiled when I looked back and see her with my sister holding a cake.

"Happy birthday, ate!" Masiglang bati ng kapatid ko na mas lalong ikinalawak ng aking ngiti. "Make a wish, make a wish."

Kung kanina at nakahilig lamang ako sa railings para tingnan ang city, ngayon naman ay sumandal na ako rito para harapin ang pamilya ko.

I closed my eyes and heaved a soft simple wish.

Nang muli kong buksan ang aking mga mata ay agad bumungad sa akin ang mga nakangiti nilang pigura. It's just 6 am in the morning and I woke up so early, maybe around 4, because Valentine sent a voice message saying happy birthday.

Magka-videocall talaga kami mula pa kagabi pero parehas kaming nakatulog dalawa noong magt'twelve na. Pagod na pagod na kasi 'yon sa trabaho n'ya kaya para hindi s'ya mailang na matulog ay tinulugan ko s'ya kaya ayon, nang maalimpungatan ako around 1 am ay nakita kong tulog na s'ya pero ongoing pa rin ang tawag.

I ended the call during that time saka ako natulog pero around 4 am nga ay nagsend na s'ya ng vm.

"Anong oras pupunta ang mga kaibigan mo, Kayleigh?" Tanong ni Mama habang nasa kusina kami at nag-uumagahan.

"Lunch daw po kasi dito na sila kakain. Hanggang gabi na raw like the usual, Ma."

Tuwing birthday ko kasi ay ganoong oras lagi ang punta ng mga kaibigan ko pero hindi gaya noon, sobrang dami na nila ngayon.

Pupunta raw sina Haeliy at iyong iba. I invited them but Vito did it first. S'ya ang nagsabi sa lahat na dapat clear ang schedule ngayong araw na 'to. Akala mo naman talaga s'ya ang may birthday.

Pagkatapos naming kumain ay nagstart na rin kaming magprepare. Kami ni Mama sa pagkain habang si Lai sa decorations dahil s'ya naman ang may gusto no'n.

"Tingin mo ba pupunta si Qionne? Nagtext pa 'yon sa'kin kahapon. Kinakamusta tayo." My mother stated while I'm busy dicing the onions.

"Medyo busy po 'yon, Ma, pero sabi n'ya ay pupunta raw po s'ya." I shrugged as I looked up dahil naluluha ako sa pesteng sibuyas na 'to.

Bwisit.

Si Scoby ang kailangan ko rito dahil hindi 'yon tinatablan ng sibuyas. Napakahirap paiyakin ng babaeng 'yon kahit na ingudngod ang mga sibuyas sa mata n'ya.

"Pupunta 'yon kaya ngumiti kana d'yan. Mukha kang tanga kakasimangot mo."

"Mama!" Reklamo ko dahil nag-uumpisa na naman s'ya.

"Oh? Kanina ka pa nakasimangot. Kung ako sa'yo maligo at maghanda kana sa kwarto mo. Baka mamaya magsisulputan na ang mga kaibigan mo rito." Pagtataboy nito at malakas pang ibinagsak ang kutsilyo sa may counter kaya napapitlag ako.

"Sige na, Kara. Maligo kana, kaya ko na 'to."

"Bonakid 'yarn?" Asar ko pero seryosong itinapat n'ya lamang ang kutsilyo sa akin saka nagpamewang.

"Sinasabi mo bang bonak ako?" She asked without any kind of emotion.

I chuckled and shook my head. "Sabi ko po bonakid. Gusto mo bang gatas?" I tried stifling my laugh when she crinkled her eyes.

"Wag mo 'kong pagtripan, Kayleigh Raesh."

Umiiling na ngumiti ako saka naghugas ng kamay. Maliligo na lamang ako kaysa makipagtalo dito kay mama na gusto akong paalisin dito.

Mahigit isang oras din akong nasa loob ng banyo para maligo at gawin ang routines ko. I also applied light makeup at bahagyang kinulot ang dulo ng aking buhok.

I was busy looking at those dress na nakalatag sa aking kama. Hindi kasi ako makapili kung ano ang isusuot ko. May pinadala nga pala kanina si Jianne na damit as her gift daw kaya naisip kong ito nalang ang susuotin.

In the end, I choose the backless ruched sleeveless bodycon daring red dress partner with one of my

four inches stiletto.

When I looked at myself through the full length mirror, I can't help but tilt my head because there's something missing in my look.

Ilang segundo pa akong nakatingin sa salamin hanggang sa napatingin ako sa vanity drawer kung saan nakalagay ang mga jewelries ko.

I instantly get a simple silver necklace and Qionne's gift for me which is the Graff threads diamond drop earrings in white gold.

Prenteng hinawi ko ang aking buhok at muling inayos ito saka nag-spray ng perfume. I went out of my room after getting my phone and bring it with me. Malakas na tawanan agad ang aking nabungaran nang tuluyan akong makalabas at kung hindi ako nagkakamali ay boses ni Vito ang nangingibabaw.

"Kara, mahal ko." Tumatawang bati ni Dooey pagkakita n'ya sa akin. Mabilis na lumayo ito kay Gazel na kanina lamang ay nakapulupot sakan'ya saka ako sinalubong ng yakap. "Mahal na mahal na ata kita---"

"Kadiri, Doo." I gently smack her face before hugging her back.

"Happy birthday." She whispered that made me smile.

Sunod-sunod ang naging pagbati nila ngunit nang tumapat ako kay Vito ay parang tangang nagpunas pa s'ya ng mga imaginary tears.

"I never thought that I'll see you grown up like a fine ostrich as you are because the last time I saw you was you're still a kid. My friend," clueless na tiningnan ko s'ya dahil parang gago na humagulhol ito. "Kara, my friend, my best best friend, the best best best ostrich egg---"

"Tigilan mo 'ko, Vito. Ikaw ang mukhang ostrich dito." Putol ko sakan'ya bago s'ya batukan pero tumatawang yumakap lamang ito sa akin at pabulong na bumati.

"Si Jackus?" I asked when I notice that he's out again.

I gazed at the three fine ladies na sunod-sunod na nakaupo sa couch pero sabay na itinuro lang ni Gazel at Jia si Eli na abala sa pakikipagharutan kay Heather.

"Ha?" Haeliy cluelessly utter when Gazel lightly smack her thighs. Inulit pa ng mga ito ang tanong ko bago ito tumango-tango. "Ah, Jackus is currently at Vietnam. He went there last night."

Kumunot ang aking noo. "Bakit? May problema ba?" Pagtatanong ko pero maliit na ngumiti lamang ito at umiling.

Naguguluhan man ay ipinagsawalang-bahala ko na lamang ito at nagpaalam muna para puntahan sina Mama sa kusina. Kasama ko pa si Vito na nakaakbay sa akin at paulit-ulit na sinasabi na dapat daw ay una kong bubuksan ang regalong bigay n'ya kasi kapag hindi ay itatakwil n'ya ako.

"Mama ko!"

Parang bata na lumambitin si Vito kay Mama na ngayon ay inaayos na ang mga niluto n'ya. May kung ano pa silang pinag-uusapan pero hindi na ako nakisali dahil tumulong na lamang ako kay Lai sa pag-aayos ng lamesa.

Ewan ko pero ang ganda talaga mag-ayos ng kapatid ko lalo na sa mga occasions na ganito.

Maya-maya pa ay namalayan ko na lamang na andito na rin si Scoby at Migo para tumulong. Itataboy ko nga sana pabalik sa living area kaso ayaw nilang pumayag.

Wala naman akong magawa dahil sayang-saya sila sa pangd'dogshow ni Mama kay Vito.

"Pamilyar ang mata mo, Vito." Pagpansin ni Mama sa isa na ikinawala ng ngiti nito. "Parang nakita na kita dati. Asaan ba ang mga magulang mo?"

"Patay na po."

"Oh," tanging nasambit ni Migo at maging ako ay napatigil matapos ilagay sa lamesa ang isang putahe.

"Sorry." Paghingi ni Mama ng tawad at maging kami ni Scoby at Lai na walang kamalay-malay ay napahingi rin ng sorry dahil hindi namin inaasahan 'yon.

Hindi ko pa kasi naitatanong kay Vito kung nasaan ang magulang n'ya dahil ang tanging nababanggit n'ya lamang ay ang Tito n'ya na nagpalaki raw sakan'ya.

I looked at him at the corner of my eyes but he just heaved a gentle smile at iniba na ulit ang topic hanggang sa sinabi ni Mama na kumain na kami at maliligo lang daw muna s'ya.

"No po. Hintayin ka nalang po namin." Magalang na saad ni Haeliy nang pumasok sila sa dining room at napag-alamang pinapauna na kami kumain ni Mama.

"Lai, dito ka." Tawag ni Vito sa kapatid ko pero mabilis na hinigit ito ni Scoby at pinaupo sa tabi n'ya. "Migo 'yung syota mo inaagaw ang kapatid ko---"

Feeling ko kanina habang nasa byahe ay sasabog ako sa inis lalo na noong kumakain kami ni Valentine sa isang restaurant na nadaanan namin. Ang dami ko tuloy naorder tapos syempre ako ang nagbayad pero s'ya naman ang pinakain ko kasi nga nagd'diet ako.

Ang sama nga ng tingin noon sa akin kanina dahil hindi naman s'ya ganoon ka-heavy eater tapos s'ya pa ang umubos ng order. Ang isa pang ipinuputok ng pride no'n ay ang hindi n'ya pagbabayad. Gusto kasi ng babaeng 'yon s'ya lagi ang gagastos porque mayaman s'ya.

"Psst, Heather!" Kulbit ko sa babaeng ilang metro lang ang layo sa akin. Nakapamewang pang humarap s'ya at tinaasan ako ng kilay, "si Doo?"

Sa aming magkakaibigan ay si Dooey lang ang madalas nilalambing ko. Ang cute kasi ng babaeng 'yon lalo na 'yung dimple n'ya kapag ngumingiti. Hindi lang naman s'ya ang pinakabata dahil pareho sila ni Heather ng birth year. Magka-age silang dalawa tapos same birthday pa.

Heather furrowed her brows and pointed one of the door heading outside. "Nasa labas, kasama 'yung photographer natin."

"Si Gazel?"

Umiling s'ya. "Hindi. Nasa ibang bansa si Gazel kasama si Jianne at Vito para do'n sa bagong pelikula nila 'di ba?"

Ilang segundong nagsalubong ang mga kilay ko bago ako napatango-tango dahil naalala kong ilang linggo ko na ring hindi nakikita 'yung babaeng 'yon. Si Jia at Vito naman ay matagal ng hindi nagpaparamdam---well, si Victorio pala nagchachat pa rin sa mga gc namin at sa ig.

Ang dami ngayong naka-lineup na project ni Vito kaya ang hirap mahagilap no'n pero ang consistent n'ya talaga sa pambubwisit ng gabi ko. Walang araw ata na hindi 'yon nagsesend ng vm, picture, o kahit chat man lang para lang sirain ang mood ko.

Isa pa, ang dami ko lalong basher dahil sa fans club n'ya. Napakahilig pa naman kasi no'ng magcomment sa posts ko lalo na sa tiktok kaya ako ang binobomba ng fans n'ya minsan.

Tukmol na 'yon.

Ang toxic-toxic na nga ng mga basher ko sa tiktok at instagram tapos dumagdag pa ang sakan'ya. Nag-timeout na tuloy ako sa social media pagkatapos ng birthday ko dahil nakakastress talaga minsan.

"Taray ng avid fans mo, Kara, lakas makapagtanggol sa'yo, oh, lalo na 'tong dalawa sa comment section." Dinig kong saad ni Heather pero mabilis na sinilip ko lamang iyong screen ng phone n'ya saka umiling.

Ilang araw na rin ang nagdaan mula ng mangyari iyong bardagulan sa comment section.

Humigit-kumulang tatlong oras ata kaming nagshoot kaya dumiretso agad kami papunta sa kusina para kumain ng meryenda. May susunod na snap pa kami kaya nagmamadali talaga.

"Slow down, Kayleigh." Puna ni Qionne sa tabi ko habang abala ang mga kasama namin sa hapag-kainan na kumain.

I just quickly glance at her and turn my gazes back on my plate na salad lang ang laman dahil nga diet ako.

Ito talaga ang pinakaayaw ko sa pagmomodel minsan. 'Yung tipong gustong-gusto mong kumain pero hindi pwede dahil may sinusunod kang plan. Kahit na sabihing hindi ako gaanong tumataba ay kailangan ko pa ring imaintain ang weight ko lalo na sa pagpili ng mga kinakain ko.

Kumikisap-kisap ang mga matang nilingon ko ang plato ni Qionne na may chicken burger at barbeque fries.

Bakit gusto ko rin no'n?

Namungay ang aking mga mata nang mapansin kong kinuha n'ya ang raspberry juice n'ya sa gilid at ininom ito. Pasimple pa ako nitong nilingon sa gilid ng kan'yang mga mata at nagtatakang binigyan ako ng mga mabibigat na sulyap.

Imbis na magsalita ay bumalik na lamang ako sa kinakain ko kanina at nakinig sa pinag-uusapan ng ilang staffs sa may likod ko. Hindi ko alam kung anong topic nila dahil may nabuntis daw si Jonjon na may asawa at anak na kaya nagtatago ngayon.

Akmang iinumin ko na ang tubig na kanina ko pa tinititigan ng biglang may humablot nito sa akin at pinalitan ng juice ang dating pwesto nito. Tahimik din na pinagpalit n'ya ang plato naming dalawa na tila walang pakialam sa paligid hanggang sa tumikhim si Eli.

"Qionne, Kara's on a diet." Her sister muttered.

Bored na sinulyapan s'ya ni Val na nakapatong ang isang siko sa lamesa. "And so?"

"She can't eat---"

"She can and she will." Mabilis na putol n'ya sakan'yang kapatid.

Haeliy sighed and shrugged her shoulders when I glance at her side as she went back to eating. Tila hinayaan n'ya nalang ang kapatid n'ya sa gusto nito dahil hindi na s'ya umimik pa.

"Eat now," Val whispered and start eating the food that was meant for me.

Nagtatakang tiningnan ko s'ya pero tinaasan n'ya lamang ako ng kilay at hindi na pinansin pa. I ate the food, as I should, at nagtoothbrush na dahil panibagong makeup naman na ang ilalagay sa akin.

Siguro mag-aalas siete na kami natapos overall dahil nagkaroon ng aberya sa damit ni Migo tapos wala pa si Jianne na s'yang may alam kung paano ayusin ito kaya ang ending ay may iniba silang few details. Nagtagal din kasi doon sa part ng pagdedecide nila kung okay na ba ang mga shots dahil nakukulangan si Val at Eli noong una.

"Hindi, baka kasi umalis ako pagkarelease ng magazine at pagkatapos ng project kasi may nags'scout sa'kin na team mula sa ibang bansa." Heather grinned and lay back on her chair after answering if she's planning to play next season on women's basketball. "Basketball thing you know."

"Paano 'yung kontrata?" Doo asks lowly, head slightly heading down and she's only playing with her foods.

"Sabi ni Eli ay s'ya na raw ang gagawa ng paraan para do'n tsaka 'di ba nakalagay naman sa contract na pagkatapos ng project na 'to ay magkakaroon tayo ng choice kung itutuloy pa natin ang journey natin sa BYT?" The first gal half-smiled and take another bottle of beer, "noong isang araw lang kasi ako ni-reach out noong team mula sa ibang bansa. . .and y'all know how much I'm waiting for this. Gusto kong tanggihan, promise, pero kasi basketball na 'yon. Ang tagal ko ng hinihintay 'yon."

Wala sa sariling nagkatinginan kaming lahat at wala akong nagawa kung hindi ang humugot ng isang malalim na hininga. I've found ourselves at the porch, hanging out with few beers and punch. Maraming nakakakalat na mga chips pero wala ni isa ang nakakuha ng atensyon ko.

I know we all tend to part ways because we have different dreams; different path to take. I just didn't expect that it'll come this soon. Ang akala kasi namin ay after college pa tapos saka kami maghihiwa-hiwalay para ipursue ang mga pangarap namin but here's Heather, bidding her pre-farewell.

"Kung papayag ka sa offer, Zey, kailan ang alis mo?" Mahinang mungkahi ni Scoby at gaya ng kapatid n'ya, tila nilalaro nalang nito ang pagkaing nasa hita niya.

She called Heather *'Zey'* which is the latter true nickname from her second name. Minsan lang namin s'yang tawaging ganoon dahil hindi kami gaanong sanay.

"Baka next week na agad."

I almost choke on my drink when I've heard her answer. Pota ano raw?

"Bakit ambilis?!" Malakas na ani ko pero nagkibit-balikat lamang ito. "Nagsisimula na ulit ang pasukan, Heather!"

"I know, I know," she then raised both of her hands to the air as if giving up to my sudden outburst.

"Nakausap ko sila, okay? Sila na raw ang bahala sa mga papeles ko."

"Baka scam?" A glint of hope can be heard at Dooey's voice pero may isang malungkot na ngiti sa labi na umiling si Heather. Doo's shoulders went down at kumikislap-kislap na rin ang mga mata n'ya sa luhang nagbabantang tumulo. "Gago, Heather, hindi ko kayang taguan 'yung mga naghahabol sa'kin kapag wala ka." She pouted and looked away.

Maging ako ay napaiwas ng tingin sakanila pero isang malambot na ngiti ang namuo sa labi ko.

"Pwede ko namang hindi tanggapin 'yung offer mga gaga ba kayo? Mas mahalaga kayo do'n---"

"But we promised that we'll choose our dreams before us," Scoby cut her off before her statements even go further. "You can't sacrifice your dreams, Heather, because as what you've said, you're waiting for that."

"We're *all* waiting for that." I emphasizes and paint a beaming smile. "Freshmen college palang tayo hinihintay na nating makapunta ka sa ibang bansa para makapaglaro 'di ba? It's just that----it's just that we didn't expect that it will happen too soon."

Migo agreed. "Your dreams are our dreams." He says, "so who are we to stop you from conquering it if we all know that it's the sport that makes you happy the most?"

Nanggilid ang luha ni Heather at para makaiwas, ininom nito ang alak na nasa bote n'ya.

Patay talaga kami nito kina Eli at Qionne dahil bawal talaga kaming uminom. Kaya nga patay ang ilaw dito sa kinauupuan namin dahil tinataguan namin sila na nasa ikalawang palapag at may pinag-uusapan.

"Heather!!!" Parang bata na palatak ni Dooey habang nakanguso at nakayakap na sa mga tuhod n'ya.

"Babalik ako, tanga."

"Pero kahit na," Doo play with her fingers and when the time we knew she's near to breaking down, she started biting her forefinger. "Wala na akong makakasama mag-inom tapos wala nang manonood ng mga late night gigs ko kapag busy sina Ate at Kara. Wala na ring haharang sa mga nanggugulo sa'kin kapag wala kana t-tapos," we heaved a small smile when Doo started crying silently. "Tapos baka mamatay ka kasi hindi ka kumain kapag hindi kana namin pinilit."

Maging si Heather na kanina ay nagbabanta ang mga luha ay natawa at umiling-iling.

It's true tho. Kaya siguro madali kong namamanage na pakainin si Val kapag sobrang late na ay dahil nakapag-practice na ako ng ilang taon kay Heather.

"Elijah," mahinang tawag ko sa pangalan ni Doo na mas lalong lumabi bago isubsob ang kan'yang mukha sa mga tuhod para doon umiyak.

"Si Heather ang best friend ko, eh!" She exclaimed as if we didn't know that. "Selfish na kung selfish pero hindi ko kayo kayang makita na malayo sa'kin---kahit tangina n'yo minsang lahat mga gago ba kayo? Bakit kailangan n'yong iwanan ako?"

"Dooey, napag-usapan na natin 'to 'di ba?" Scoby started rubbing her sister's back. "Sometimes, we need to let go some people---"

"Kahit labag sa loob natin kasi doon sila mas mapapabuti at sasaya." Putol ni Doo sa mga sasabihin pa dapat ng ate n'ya pero mas lalo lang s'yang humagulhol. "Ate!! Para kang si Mama na patay na, gagi!"

I mentally chuckled and averted my eyes at the other side where I caught a figure and behind the shadows, there's Qionne who's just watching us from afar and when she caught me staring at her, she nod and take her leave.

"Tigilan mo 'ko, Dooey. Umayos ka nga ng upo." Nang sandaling naging istrikta ang boses ni Scob ay mabilis pa sa kidlat na umayos ang kapatid n'ya at nagpunas ng mga luha.

Maybe this is one of the reasons why I'm so fond of Dooey. She might be strong, easy to bond with, and funny sometimes, but I truly knew that she's still a kid kahit na isang taon lang ang agwat ko sakan'ya.

We're both soft-hearted but I'm more visible because she has those physique like a barrier na may appeal s'yang minsan ay mukhang kaya n'ya lahat pero kapag ganitong usapan na, kapag may isa sa aming aalis ay bigla siyang papalahaw ng iyak.

"Ate, aalis na kasi si Heather." Inosenteng pagpapaalam n'ya kay Scoby as if hindi pa nito alam.

"Oh? Anong gusto mong gawin ko?"

"Umiyak ka rin!"

Mahinang tumawa si Migo at umiling-iling bago abutin ang baso ko na wala ng laman at sinalinan ulit kahit wala akong sinasabi o utos man lang para sakan'ya.

"Third year palang tayo," Dooey started again. "Pero aalis na si Heather para sa basketball. Magt'train na si Kara at Migo para sa modelling tapos si Ate---si Ate ko mag-aaral na para maging artista." She let out soft sobs at patuloy sa pagpupunas ng luha.

Wala ni isa sa amin ang makapag-salita dahil bukod sa malapit na talaga 'yang magbreakdown, lasing na talaga s'ya.

"Paano ako?" She asked. "What am I supposed to do while you are all achieving your dreams because I don't know what to take for me?" She form her knuckles into a fist, "hindi ko alam ang pangarap ko kasi ang alam ko lang, gusto kong kasama kayo..."

All these years since our group unite, we were each other's support system. They've been my people to hold on to in times that I don't know anything but to give up.

Lalo na noong nagkasakit ng malala si mama. Hindi ko alam kung ano ang gagawin dahil sobrang mahal ng gamot tapos pinapaaral ko pa ang sarili at kapatid ko. But then, they all come into my mother's hospital room. Saka ko lang nalaman noon na nagpa-fund raising sila at humingi ng tulong sa mga kakilala nila na wala akong kaalam-alam kaya nakalikom sila ng pera. Tapos nagdasal talaga sila noon sa room ni Mama at hindi man kapani-paniwala pero si Heather ang may hawak ng bible.

We barely knew Heather that time dahil transferee s'ya pero s'ya ang nagvolunteer noon na tumulong.

That's when I fully realized that I don't need a father, nor anyone. I just need my friends and my family to live---to survive no matter how hard it is.

Because I know that at the end of the day, they'll be there for me.

"Kayleigh," isang mahigpit na yakap ang isinalubong ko kay Val pagkapasok ko ng kwarto naming dalawa at nakitang inaayos n'ya ang pajama'ng suot sa tapat ng vanity mirror.

She didn't say anything, she only give me her warmth and shelter me in between her arms. Magaan n'yang hinagod ang aking likod at hinalikan ang aking ulo.

"Heather's leaving." Bulong ko habang nakasubsob sa leeg n'ya.

"Mm," she hummed. "When?"

"Next week."

After we talked, napagdesisyunan na naming pumasok which I initiated because I can't cry in front of them for the nth time. Hindi na sila magkamayaw kung paano mapapatahan si Dooey kaya dadagdag pa ba ako?

"You can cry," she whispered and gently sway our body at sa sandaling tumulo ang mga luha ko, naramdaman ko na lamang ang aking pag-angat at marahang pagbuhat n'ya sa akin.

She walked to the bed and sat at the edge with me on top of her. Mahigpit na nakayakap lamang ako sakan'ya at patuloy sa pag-iyak habang tahimik lamang s'ya at hinahagod ang aking likod.

"D-don't leave," I plea, "don't leave me, too."

She stop rubbing my back as she slowly fix my hair and cupped my cheeks. Walang ekspresyon na pinunasan n'ya ang aking mga luha bago ko nasilayan ang pagkagat n'ya sa pang-ibabang labi niya at unti-unting paglambot ng ekspresyon sa mga mata.

"I'll stay," she muttered and brush her lips against my forehead when I leaned down. "I won't leave you, Kara."

And so I am.

I know this might be too shallow, crying over my friend that will leave soon to achieve her dreams but I can't really live the fact that I'm not going to reach her whenever she needs me or us. Hindi naman kami mayaman na kapag tinawagan n'ya kami ay makakapunta agad kami sa ibang bansa para damayan s'ya.

Heather's not fond of telling her stories, share her breakdowns, neither her problem. Sinasarili n'ya lang lahat and I know what she's capable of when things get off of her hands. . .kasi may posibilidad na hindi n'ya kami tawagan dahil ang iisipin n'ya ay makakadagdag lang s'ya sa problema.

With my whole duration of crying, Val never speak and just lend her arms and body for me to cry on. Tahimik lang din s'yang nakayakap sa akin hanggang sa naramdaman ko ang pagbigat ng talukap ng aking mga mata.

I can still feel how she laid me on bed and kiss my forehead before muttering,

"Good night."

....

Namamaga ang mga matang sumabay ako kay Val na bumaba ng hagdan. Late na akong nagising dahil hindi man lang s'ya nag-abalang gisingin ako. Magtatanghali na tuloy tapos hindi pa rin kami nakakaalis dito sa bahay.

Pagbaba namin ay agad nakuha ng atensyon ko ang aking mga kaibigan na lahat ay nakasalamin at tahimik. Kahit si Heather na pinakamaingay sa amin ay tahimik lang na umiinom ng kape katabi si Eli na binati ako ng isang maliit na ngiti.

We left the house around 11 am and stopped by to another restaurant by 12 para mag-lunch. Nasa sasakyan ako ngayon ni Tyong dahil ipinahiram ko muna iyong sa akin kay Dooey na may ibang lakad. Gamit naman kasi noong mag-syota ang sasakyan ni Vito na laging ipinapahiram sakanila.

"Ang tamlay n'yo," Heather commented while we're all eating in silence. "Alam ko namang mamimiss n'yo ako pero hindi bagay sainyo ang gan'yang mukha."

"Gago." Mahinang bulong ko na ikinasama ng tingin n'ya.

"Qionne paki-alagaan n'yang si Kara, ha? Kinulang lang 'yan sa braincell pero naging crush ko rin 'yan noon." Heather cleared her throat and eyed the couple across us na magkasabay pang tumango na akala mo'y napag-usapan na nila ang mga gagawin.

"Migo, ikaw muna ang bahala d'yan sa magkapatid na kinuha ang pangalan ss aso. . .lalo na kay Doo." Her smiles crack open, "manood kayo ng gigs no'n kapag may free time kayo. She likes dedicating her songs every now and then kapag nanood kayo sakan'ya."

Doo's not here with us. Humiwalay na s'ya sa amin at itataya ko ang buhay ko na maglalabas 'yon ng sama ng loob to God knows where.

"Tapos si Vito sabihin n'yo ayusin ang buhay n'ya---"

"Hindi ka pa mamatay, Heather. Tigilan mo 'yang pagbibilin mo." Putol ni Scoby na sinang-ayunan ni Healiy sa gilid.

"Will you come with her, Eli?"

"She's always coming for me." Pabirong saad ni Heather na ikinasimangot ko dahil alam kong iba ang meaning noon sakan'ya.

Haeliy and Qionne snort in unison before the first nodded.

"Yeah, I will." Eli smile genuinely but there's something on it that I can no longer distinguish.

Bakit parang may mali?

After the lunch ay tuluyan na kaming naghiwa-hiwalay dahil syempre iba-iba kami ng uuwian. Day off namin parehas ngayon ni Tyong kaya baka doon nalang kami sa condo dahil ayaw n'ya sa bahay n'ya.

Hindi pa kami tuluyang nakakapasok ay may naririnig na agad akong mga boses mula sa kusina---which is not very odd dahil nangingibabaw ang sa kapatid ko. I can hear my mother's voice, too, but the thing is there's a voice I'm very sure is come from a man.

"Mama, oh!" Tumatawang banggit ni Lai kaya napatingin ako kay Val na nasa gilid ko ngunit nagkibit-

balikat lamang siya.

Nang sandaling makapasok ako sa kusina ay agad akong natigilan matapos makita ang lalaking buhay pa pala. After all these years, may gana pa pala siyang bumalik?

"Kara," tawag nito sa akin na ikinahigpit ko ng hawak sa kamay ni Val.

"What the heck are you doing here?"

Chapter 30

Kara's POV

"What the heck are you doing here?" Hindi makapaniwalang tanong ko sa lalaking katabi ni Lai.

"For my daughter. . ." He utter gently, "I'm here for my daughter."

Sarkastikong ngumiti ako at tinanggal ang hawak ko sa kamay ni Qionne na tila naguguluhan kung anong nangyayari.

"Oh, alam mo pala na may anak ka? Akala nga namin patay kana."

"Kayleigh." Saway ni mama pero hindi ko tinanggal ang aking tingin sa lalaking napatungo at tila napahiya sa sinabi ko. "Tatay 'yan ng kapatid mo--"

"Na inabandona at iniwan n'ya noong nalaman n'ya na buntis ka, Mama." Puna ko at akmang lalapitan sila nang maramdaman ko ang paghigit ni Val sa damit ko para manatili ako sa may tabi n'ya.

"And I'm sorry for that, Kara." Tito Omar mumbled, if I'm not mistaken that's his name, as he stand up and look at me with another set of apologizing look. "I never wanted to do that. Hindi ko lang talaga alam ang gagawin ko noon."

"Anong hindi mo alam? Hindi ka ba nakapag-aral ng simpleng sex education kaya hindi mo alam na noong may ginawa kayo ni mama ay pwedeng may mabuo?" I hastily clench my jaw and look at him with full of disgust and hatred. "Tanga ka ba o sadyang may kailangan ka lang ulit kaya andito ka?"

"Ate!" Laine came into the picture at gaya ng tatay n'ya ay tumayo rin ito at umiling sa akin. "Please," she mouthed kaya napabuga na lamang ako ng hangin at madiing ikinuyom ang aking mga kamao. "Gusto lang namang bumawi ni Papa."

"At tanggap mo na agad s'ya?" Nang hindi s'ya agad makasagot ay mapait akong napangiti nang may mapagtanto. "Sabihin mo nga, nagkikita na ba kayo ng hindi ko alam?"

Pare-parehas silang natahimik tatlo na ikinatulala ko ng mahigit limang segundo bago mahinang natawa.

Betrayal rushes and intrude my pride within the radius of disrespect. Hindi makapaniwalang tiningnan ko si mama na hindi makapagsalita.

"So oo?" Pagsagot ko sa sarili kong tanong na ikinaiwas nila ng tingin. "Ganda n'yo namang kasama. Pinagmukha n'yo 'kong tanga na parang hindi ako parte ng pamilya n'yo, ah."

I can feel Val's hand at my knuckles and trying to hold it pero pilit kong inilalayo ito dahil alam kong bibigay ako lalo na't nagsisimula ng mangatal ang boses ko.

Kaya pala kapag umuuwi ako ng biglaan pagkatapos ng klase at mga photoshoot ko ay madalas siyang wala at minsan ay dalawa pa sila ni mama. May iba naman palang inaatupag at wala akong kaalam-alam o ideya man lang.

Nice.

"He's still my father, ate."

Nanggigilid ang mga luhang itinuro ko ang sarili ko kay Lai, "at ako ang pumuno ng responsibilidad n'ya noong iniwan n'ya kayo ni mama. He was never there, Laine. Noong nabully ka sa school dahil wala kang tatay, sino ang andoon? Noong nagkasakit ka at halos mamatay ka sa hospital sa taas ng lagnat mo, andoon ba s'ya? When you had your first step, first word, or even your first day here, does he ever give a damn fvck to see you? Alam nating lahat na mayaman 'yang tatay mo and he's capable to see you pero hindi n'ya ginawa kahit isang beses kaya 'wag mong irason sa'kin na tatay mo pa rin s'ya dahil hindi s'ya nagpakatatay sa'yo!"

Mabilis na nagtaas-baba ang aking balikat at dibdib sa biglang pagtaas ng boses ko. Muntik pa akong mawalan ng balanse kung hindi lang agad nahawakan ni Qionne ang aking baiwang at hinila palapit sakan'ya.

"Pero kung tatay mo ang bumalik Ate Kara, hindi mo man lang ba s'ya tatanggapin? You know how much I'm longing to have a father since ever. . ." She added na ikinailing ko. I stick my tongue at my cheeks and tryna suppress my tears but when I see how my sister cried and got comforted by her father, it started to fell.

"I'd lie if I'll say that I never want to have a father but I know that I will never get along with the man who never knew how to take care of the responsibility he could've take if he wasn't coward enough to face it. Because if my father was the one who came back, I'll never do the things like you do because we've never been the same. Hindi mo alam ang dinanas ko noong ako ang sumalo ng lahat ng trabaho na dapat ay sa tatay nating dalawa."

I've never had a childhood. I've never had the chance to live my life the way I want it to be like other kids do because I have a responsibility to fulfill. They can say I have a choice, but it was too out of it to choose. I don't have the will to decide kasi mas kailangan ako ng pamilya ko. Na sa murang edad, kailangan ko ng magtrabaho dahil kung hindi ko gagawin 'yon, si mama ang mawawala sa'min dahil sa sakit n'ya.

I was still a child back then that was only force to grow up because there's no where to go. I should be the foundation of our family---na dapat ay tulungan ko si Mama kasi ako ang panganay. Kasi ako ang unang dapat maaasahan n'ya.

And as I tired myself from working, those bullshit dike who has the guts to impregnate our mother were out. Enjoying their life without thinking that they had a child to take care of but they never lay an eye. Kasi umalis sila. Iniwan nila si mama.

At kahit na anong pilit ko sa sarili ko na kakayanin kong patawarin sila, alam kong hindi ko magagawa dahil hindi ko alam kung gaano ko sila kinamumuhian.

They can't just make a child and run away, putting and passing all their jobs to someone who never wish to live; to exist.

Hindi ko naman hiniling na mabuhay pero nakayanan kong panindigan dahil wala akong choice. Hindi ko kayang talikuran nalang lahat gaya ng ginawa nila dahil nakita ko rin ang paghihirap ni mama.

"Kayleigh," I pierce my eyes on my mother who threw a warning yet soft looks na ikinailing ko. "Hayaan na natin sila."

Hindi makapaniwalang binigyan ko ng tingin si mama. Kumibot-kibot ang aking labi pero wala ni isang

salita ang lumabas hanggang sa mahina akong natawa.

"How can you say na hayaan nalang, eh, 'yang lalaking 'yan ang dahilan kung bakit halos mamatay ka noong ipinanganak mo si Lai?!" Biglang tumaas ang boses ko na halatang ikinagulat ni mama dahil ni minsan ay hindi ko s'ya sinagot o seryosong pinagtaasan ng boses.

"I just want to have a bond with my daughter, Kara." Tito Omar tried reaching me pero umusog lamang ako papalapit kay Qionne habang umiiling-iling. "Gusto ko lang bumawi sa anak ko."

"Tapos ano? Sasaktan mo na naman? Hindi mo nga alam kung paano 'yan pakisamahan tapos bigla ka nalang susulpot dito at sasabihing gusto mong magpakatatay sa kapatid ko? Baka naman may iba ka pang pamilya, doon ka pumunta! Huwag ka dito dahil kaya kong punan ang hindi mo ibinigay."

God knows how much I loathe him and my father. Kung hindi siguro dahil sakanila ay hindi lalala ang sakit ni Mama. Hindi sana s'ya titigil sa pagiging nurse at sana---sana hindi kami naghirap ng sobra noon.

We've learned how to survive without them, who will say that we won't make it today and to the next days if we know that I can now provide better than usual?

I've fight my demons alone before only to witness how my family defend the guy that almost shattered us into pieces. I've won my secret battles during childhood only to watch how they invalidate me after what all I've done.

I'm not asking them to stop seeing him kasi tama naman sila, tatay 'yon ni Laine. Pero ang sa'kin lang, bakit hindi man lang nila ako kinonsidera nang magdesisyon sila na makipagkitang muli sakan'ya? Heck, I don't even know how did they ended up here. I want an explanation from them, from my very own mother. But instead of getting the explanation I need because I was too overwhelmed, all that I've received is their words to stop talking for myself.

"Kara---"

"Don't," I've heard Valentine's stern voice before a finger try to lay against my skin. "Don't touch her."

"Ate, what I'm asking is for you to give him a chance." Dinig kong saad ng kapatid ko pero hindi ko s'ya tinitigan at yumuko lamang. "I'm not asking you to accept him because I know that he has a lot of debt and omission to fulfill as a father. . .all that I want is for you to grant my favor to be with him. Kasi ang tagal ko s'yang hinintay, eh..."

"Pero nakipagkita ka pa rin sakan'ya nang hindi ko alam." Matigas na ani ko kasabay ng mahinang pagpisil ni Val sa aking baiwang.

"Kasi alam kong hindi ka papayag. He tried to reach me through social media and I swear, I tried to ignore him kasi alam kong magagalit ka. I also tried to tell you this but you're busy with your acads and career. . .until I've decided na makipagkita sakan'ya kasama si mama kahit ayaw din n'ya kasi alam ko na mas magagalit kayo kung aalis akong mag-isa." Laine voice was soft as ever as she cross her palms.

"Hanggang sa dumalas 'yung pagkikita namin last week. Sinusundo na n'ya ako sa school t-tapos he wants to see you yesterday para daw makausap ka n'ya kasi alam n'yang galit ka pero wala ka. We adjusted it, dapat ay sa isang linggo nalang para hindi kana pagod pero hindi namin alam na mas mapapaaga ang uwi n'yo ni Ate Qionne." Dagdag pa n'ya.

"Buti alam n'yo," mahinang bigkas ko. Unti-unti kong iniangat ang aking tingin at mas namumugto ang mga matang tinitigan s'ya katabi si mama at ang magaling n'yang ama. "Kung sabihin kong 'wag kang makipagkita ulit sakan'ya, gagawin mo ba?"

My sister's eyes squinted at bago pa man s'ya makapag-react ay nauna na si mama na may inis na tono nang tawagin n'ya ang pangalan ko.

I humorlessly chuckle and look at them with disappointments.

"Exactly, that's the point. Hindi n'yo pa naririnig ang side ko pero mag-iisip na agad kayo nang kung ano-ano kaya nga mas pinili mo nalang na itago 'di ba? Kung hindi pa kami mapapaaga ng uwi ay hindi ko pa maaabutan ang lalaking 'yan dito." I cleared my throat and dry my tears away. "Maiintindihan ko naman kung sinabi mo agad Laine. Kung sinabi n'yo agad ni mama kasi iintindihin ko kayong dalawa pero inilihim n'yo. Ang daming oras at pagkakataon na pwede n'yo akong kausapin pero hindi n'yo ginawa. Magkasama tayo sa iisang bubong pero hindi ka nagtangka dahil nakatatak na d'yan sa utak n'yo na iba ang magiging reaction ko. . ."

I sob as my lips quiver, "bakit? Hindi ba normal na maghisterikal ako kapag nalaman kong biglang magpakita 'yang tatay mo na ang tagal nawala? You could've told me beforehand because you know that I will never last a day without talking to you kasi kapatid kita! Kahit na madalas na hindi n'yo ako isinasama sa pagdedesisyon ni mama, may narinig ba kayo mula sa'kin? I kept my silence waiting for you to atleast consider my feelings and opinions because you never showed that I was part of the family when it comes to decision making na involve kayong dalawa. Pero hindi ako nagsalita. I never tried because I'm still hoping that you'll do it voluntarily kasi hindi porque lagi akong wala ay kailangang huli na rin ako sa mga nagaganap at pag-uwi ko, nakapagdesisyon na kayo."

I gulped and averted my eyes to look at the other side, biting my lower lip and trying hard to stop from falling. Inihilig ko lang lahat ng bigat ko kay Qionne dahil alam kong hindi n'ya ako bibitawan kahit anong mangyari.

"Ate..." Lai shake her head but I only smile, defeated.

"Do what you want and I'll do as I will. But don't expect that I'll meddle anymore because clearly, you've already decided." Isang mapait na ngiti ang namutawi sa aking labi nang sandaling lumayo ako nang tangkain n'yang hawakan ako. "Siguraduhin mo lang na walang mangyayaring masama kay mama at hindi lalala ang sakit n'ya."

Bago pa man sila makapagsalita ay tumalikod na ako at naglakad paalis. Mabibigat ang bawat hakbang na nilisan ko ang unit habang patuloy ang pag-agos ng aking mga luha. I didn't mind it at all until I've reached the elevator with Valentine but she just remain silent hanggang sa makarating kami sa parking at sasakyan n'ya. I was about to open the passenger side when she held it first and open it for me. Sandaling tiningnan n'ya muna ako bago isinarado ang pinto at pumasok sa kabila.

We've been silent the whole ride. Patuloy lang sa pagtulo ang mga luha ko kaya mabilis na niyakap ko ang aking mga tuhod at doon mahinang humagulhol. I can feel my companion's stares but I didn't mind it at all until the car stop. At first, I thought that we're already at her house but when I looked at the windows slightly, we're still on the way ngunit iginilid n'ya muna ang sasakyan.

"I've never study how to comfort someone who's having a breakdown," she muttered that made me look at her. Nakatulala lamang s'ya sa manibela hanggang sa iniangat n'ya ang kan'yang mga mata at nilingon ako.

She then smile with a glint of hope that she will make me feel better as she open her arms and pierce her eyes against mine.

"I don't know how to comfort you amidst your breakdown but here, instead of hugging your knees, you can hug me." Ngiti n'ya.

Walang pagdadalawang-isip na sinugod ko s'ya ng yakap at umiyak sa balikat n'ya habang kipkip ako ng kan'yang mga bisig. She's tightening her hug everytime I sob hard until she carry my weight and put me on top of her.

"If you don't know what to do, and forgot the will to comfort and hold yourself, you can call my name; look for me; or even whisper that you need someone, because I will come." Magaang pinasadahan n'ya ng mga daliri ang aking buhok at pinaglaruan ang mga dulo nito. "I won't get tired to come around for you."

"Marami ka nang ginagawa." Paos na bigkas ko ng tumahan ako ng kaunti.

She hummed and slide her hands down at my waist. "I have a lot of things to do but being with you isn't the least nor at the bottom." She held my face and look at me with pure intention through her elated oculus. "You'll always come first, Kayleigh."

Imbis na magsalita ay isiniksik ko na lamang ang aking mukha sakan'yang balikat at leeg. Hindi ko alam kung gaano kami katagal sa ganoong posisyon dahil parehas lang kaming tahimik at walang kibo. Patuloy lang ako sa pag-iyak habang siya ay nakasandal at pinaglalaruan lang ang aking mahabang buhok.

"Let's go home," I said after clearing my throat.

She hummed and before I even know it, walang kahirap-hirap na iniupo n'ya ako sa passenger seat at nagsimula na muli sa pagmamaneho patungo sa bahay n'ya. I'm really thankful that she's awfully silent today, maaaring nakikiramdam talaga s'ya na hindi ko kayang makipag-usap ngayong oras. At isa pa, halata namang hindi rin n'ya alam ang gagawin maliban na lamang sa samahan ako and for that small thing that means a lot to me, more than a big deal could be, I'm more than gratified that she's here. She may be not talking but she's letting me feel her presence---reminding me that I'm not alone.

"Do you wanna. . ." She paused and purse her lips together, looking at the other furniture in her house before gazing back at my eyes, "uhm, eat?"

Mahinang umiling ako.

"How about sleep?" She asked with her eyebrows meeting a little and the moment I nod, her eyes lightly sparkles and lead the way to my room here in her house.

Nang makapasok kami ay agad akong nagtungo sa kama at umupo sapo-sapo ang aking dibdib na hindi mawari ang bigat sa halo-halong emosyon. Mariing nakapikit ang aking mga mata hanggang sa naramdaman ko ang pagtabi n'ya sa akin.

"Would you like to take a bath? I'll prepare the tub for you." She murmurs. "Or you want a glass of water?"

"I prefer the latter, Qionne." Seryosong wika ko na pansin kong ikinatigil niya. Walang ganang nilingon ko siya at tinaasan ng dalawang kilay, "bakit?"

She gasp silently and crinkle the side of her eyes afore shaking her head.

"I've got used to hear Val from you because you're only verbalizing my first name whenever you're piss at me." Bahagyang namungay ang kan'yang berdeng mga mata bago ito bumalik sa dating kislap.

"Anyways, I'll just get you a glass of water. I'll be right back, a'right?"

Isang maliit at simpleng ngiti lang ang itinugon ko sakan'ya nang tumayo siya at mahinang tinapik ang aking balikat. I watched her leave the room and the second she close the door, I held my chest that's throbbing hard again.

Not now.

Malalim ngunit mabilis na hinigit ko ang aking hininga bago madiing ikinuyom ang aking mga kamao. My eyesight are getting better and then blurry again. Bumibigat na ang aking ulo at alam kong kaunting oras na lamang ay bibigay na ang katawan ko sa magkahalong pagod at bigat ng dibdib.

This is one of my fears; fear of being uncontrolled of holding my feelings. I can't contain my emotions and as for the results, I'm the one exploding with the heaviness it brings.

Nang umayos nang kaunti ang aking pakiramdam ay dahan-dahang sumampa ako sa kama at nagtungo sa dulo para makasandal sa headboard nito. I place one of the pillow at my back and the blanket at my legs up to my waist.

The silence in the room got disturb when a knock on the door echoed after several minutes of waiting. Hindi na ako nag-abalang tumayo para buksan ito dahil pagkatapos ng tatlong katok ay awtomatikong bumukas ito at iniluwa si Val na may dalang isang baso ng tubig at isang gatas.

"Almond milk," she said as if answering the question lingering inside my mind. "And the water is warm, it's good to soothe your stomach than to give you a cold one." She added more.

Una kong inabot ang tubig na sinasabi n'ya bago ko tapikin ang kabilang gilid ng kama kung saan siya nagtungo para umupo at pumasok din sa kumot. Ngayon ko lamang napansin ang isang smoothie na nasa kamay n'ya.

"Painom ako n'yan," sambit ko matapos sumimsim sa aking tubig dahil mukhang sarap na sarap s'ya at naka-straw pa.

Bored na umiling ito, "no."

"At bakit? Smoothie naman 'yan, ah. That's healthy."

"Yeah, it's a cantaloupe smoothie," she muttered and put the smoothie away from my reach when I tried to snatch it from her, "with *vodka.*" She made sure she emphasizes the last word which made the both of our eyes rolled.

"Hindi ka talaga tatagal ng isang araw na walang naiinom na alak o wine 'no?" Namamaos nang bigkas ko dahil sumasakit na talaga ang aking lalamunan.

Kagabi pa kaya ako umiiyak tapos dumagdag pa iyong kanina.

"If there's anything that stays with me, it's alcohol." She heaved a downward smile and take another sip

from her beverage. Ilang segundo s'yang nakatitig sa kaniyang iniinom at marahang nilalaro ang straw bago nito inilipat ang tingin sa akin. She tilt her head and gawk at me with those deep emerald eyes. "And I believe, you'll do the same."

"How can you say so?"

Her lips form a liptight smile, "because you told me about it that no matter what happened, you'll stay."

Mariing tinitigan ko ang kan'yang mga mata hanggang sa umiwas ako at mahinang nagpakawala ng hininga.

I know that I can stay with her. Noon ngang wala akong gaanong nararamdaman sakan'ya ay hindi ako umalis, ngayon pa kaya?

"Hold on to me, okay?" Dinig kong bulaslas niya nang ilang segundo akong natahimik at tulalang umiinom ng tubig.

"Mm," I hummed after wiping my lips. "But what if I can no longer hold on to you? What will you do?"

My eyes travelled back to look at her when I notice that she stop drinking. Bahagyang lumambot at dumilim ang kaniyang mga mata ngunit agad itong naging malamig nang umiling siya.

"Then I'm gonna stick holding you upon my reach. You can let go---but please, *don't forget to come back.*" She heaved a weak smile. "You know that I am not a fan of second chances, but I want you to know that I can be a rooter and a waiter that will somehow be so distant but only waiting for you to grow and commit what you're supposed to do and after that, you'll be home with me."

A deafening silence runs through the corners of this room when I didn't utter a single word as for my response because I only put the glass down and lift myself to position it better on top of her lap.

Her right arm automatically encircled my waist as my hands hold her nape. I tilt my head and trace her cheeks and then her jaw, until my fingers reaches her lips. My breath hitches when it carves a small grin and when I look up on her eyes, she's looking at me with overflowing admiration but not yet love.

"Do you have any plan owning me?" Bulong ko.

She was taken aback, it's clear with the way her body reacted. Bahagyang nagsalubong ang kaniyang mga kilay at mabilis pa sa alas-kwatrong umiling-iling siya.

"No." Matigas na aniya.

"Why?"

"Because that's your life, not mine. I may be want you but that doesn't mean that I wanna own you. That's two different things, okay? I am not in controlled to rule you because everything I owned get operated. . .and you do not belong to that." She paused and look at me with such tender and heedfulness. "I want to be with you, not to own you or to dictate you, because I want you to have the entitlement to live your life the way you want it with me."

I sighed and suppress my smile for a minute bago ko marahang isinandal ang aking noo sakan'ya. Our nose touches as I softly give her an eskimo kiss as I heaved a smile full of relief and contentment.

"Good answer," mahinang bulong ko habang nakapikit at magkalapit ang mukha naming dalawa. "But my question doesn't actually mean literally. I mean own like sex you know..."

"I know." Simpleng saad n'ya na ikinamulagat ko.

Mabilis na lumayo ako sakan'ya at nakita ang isang mapaglarong ngisi na nakapinta sakan'yang labi. She put her beverage at the bed-side table as she fully hug my waist and let me straddle her more.

"I'm not stupid not to comprehend it. . .I just simply want to answer differently." Another cast of spell from her magnificent enchanted eyes could easily deceived me because I just found myself getting lost in it when she pierce it against mine.

"Bwisit ka." Mababa ang boses na saad ko pero mas lumawak lamang ang ngisi sa labi niya.

"I'm not actually fan of sex."

"Try nga natin. Malay mo maging avid fan ka pa." Mahinang niyugyog ko siya pero walang ekspresyon na inabot n'ya ang aking mga kamay at pinatigil ako.

"Bakit ayaw mo?"

"You're frustrated. You won't feel it good enough, you'll just release your frustrations with the use of it." Nang marinig ko ang sagot niya ay agad na kumunot ang aking noo at bago pa man siya makapagreact, mahinang hinampas ko na ang kaliwang braso niya.

"So, nakipagsex kana?!" Bulyaw ko.

Her eyes widen, mouth gape, and before she even know it, my hand touches the back of her head and gently pulled her hair back.

"Femme dom?" She mockingly asked while gazing up to the ceiling, her voice is raspy and a bit stern.

"Bakit? Anong gusto mo ikaw ang dominant?" Seryosong tanong ko bago bitawan ang buhok n'ya. Alam ko namang hindi s'ya nasaktan dahil hindi naman malakas 'yon. Hindi nga nagulo ang buhok n'ya.

Maaaring bayolente ako pero alam ko sa sarili ko na hindi ko kayang sampalin ang babaeng 'to.

Val hummed, "why not?"

"Hindi mo nga ako mahalikan, eh. Ano bang hinihintay mo? Pasko? Jusko, Qionne Valentine magb'ber months na tapos---"

I stop midway when she place her lips just an inch away from mine. Pabalik-balik ang kan'yang tingin sa mata at labi ko at nang akmang lalapit pa s'ya, mahinang itinulak ko s'ya sa dibdib at pumikit.

Ang bango n'ya, lintek.

"See? You're not yet ready." Alma n'ya na tila tama ang kaniyang mga hinuha. "I don't wanna rush things, Kayleigh."

"So you want it slow?" Inosenteng kumurap-kurap ako at pinagdikit ang mga palad. "Slow and passionate?" Double meaning words as its finest.

The side of her eyes wrinkles as she look at me, tryna prove something.

"Rough but passionate."

Namimilog ang mga matang tumango-tango ako at sinang-ayunan ang sinabi niya. I crinkle my eyes and play with my lips before putting my hands at her sides.

"Kiss mo 'ko dali. Bigyan kitang rough at passionate basta halikan mo muna ako." I pouted my lips and jokingly tried to kiss her pero sinalag n'ya lamang ang mukha ko at nagtangkang umalis.

I put all my weight on her to stop her from getting rid of me pero parang wala lang talaga ang bigat ko sakan'ya nang hawakan n'ya ang magkabilang baiwang ko at iniangat para ilipat sa pwesto ko kanina.

I really find it interesting when she didn't bother to open up what happened earlier because she prefer to enjoy the annoyance we both share towards each other. Pupwede n'ya akong tanungin pero pinili n'yang makipagkulitan at tulungan akong ibahin ang mood at atmosphere naming dalawa.

"What's with sex and you seems like you wanna do it badly?" Nakataas ang kaliwang kilay na anas n'ya.

I press my lips tightly, "hindi, ah. Gusto ko lang itry---"

"Higa."

"W-what?" Maang ko nang bigla siyang gumalaw at umayos ng upo sa harapan ko. I pressed my hands against the mattress even more when she leaned forward because I can't seem to move freely.

"H-hoy, gagi---" I stop midway when she run her fingers through my hair and smile alluringly. I really thought that she was going to kiss me, at last, for the first five seconds but she just rolled on my side and start tickling me.

"Valentine!!" Sigaw ko habang pilit lumalayo sakan'ya pero dinaganan n'ya lamang ako at patuloy sa pagkiliti.

Potanginangshet.

Hindi ko alam kung ilang minuto kaming nasa ganoong posisyon at kung ilang beses ko siyang nahampas dahil bigla na lamang siyang tumigil at marahang tinitigan ang aking mukha.

"Remember what I've told you," bulong n'ya habang magkatitigan kami. Unti-unti siyang lumayo at inayos ang sarili bago umalis sa kama matapos ayusin ang pagkakalagay ng kumot sa katawan ko.

I remembered her saying that she will never open her legs at someone she doesn't have any plan marrying.

Mahinang tumango ako at maliit na ngumiti sakan'ya. I scoot over to pull the blanket and warm my body until I felt how she kiss my forehead.

"Rest, okay? I'll just go downstairs." She mumbled that I only respond a simple hum.

I can feel and hear how she fix the beverages back to the tray. "Leave the milk, Val." I said. "I'll drink it later."

"It's not warm anymore. I'll make you one when you wake up."

"No, leave it there." Nakapikit na bulaslas ko at nang sandaling mapagtanto ko na hindi n'ya ako susundin, malalim na humugot ako ng hininga, "please?"

Matagal-tagal siyang natahimik hanggang sa pasikreto akong napangiti at napatakip ng kumot sa mukha.

"*Fine*."

"Thank you, love."

Another moment of silent aired around the linings of the room and before I could even open my eyes, I've heard her footsteps getting far as the door open and close.

Nag-walkout.

....

Pupungas-pungas na lumabas ako sa banyo dahil kahit nakaligo na uli ako at lahat ay inaantok pa rin ako. Masyado akong abala sa pagpapatuyo ng buhok gamit ang tuwalyang hawak-hawak nang huminto ang aking mga mata sa isang side table kung saan nakapatong ang gatas na pinaiwan ko sakan'ya kanina.

Walang ingay na nagtungo ako para kuhanin ito. When I circled my fingers around the glass, I felt that it's temperature didn't change. Isn't it supposed to get cold after several hours?

Nagtatakang nilingon ko ang digital clock na malapit sa akin at napagtantong nasa apat na oras pala ang naging tulog ko bago muling ilipat ang atensyon sa baso ng gatas.

Medyo mainit pa rin.

Nagtataka man ay ininom ko ito at saka pa lamang isinampay ang tuwalyang ginamit ko sa may banyo. I walk out with just my lazy clothes in at kahit na medyo nalilito pa rin sa direksyon, nakarating naman ako sa unang palapag para hanapin si Qionne.

"Qionne, you know that Seand needs you in Russia." I heard Haeliy's voice while I'm walking towards her favorite spot here in her house; the area in the left wing with a full-glass wall to gaze outside where her pool is. "???? ???? ???????? ?????? ?????? ???????????. *(Even our parents are requesting your presence.)*"

I heard Val's small sarcastic scoffs, "??????, ????? ??? ??? ?????? ?? ?????, ?????? ? ????? ??? ????? ??????, ????? ?????? ?????? ???????????. (*Now that I no longer need them, they need me now? How ironic when the wheels get reverse.)*"

Awtomatikong tumigil ako sa paglalakad at akmang aalis na lamang para magtungo muna sa kusina nang bigla akong napatigil sa tonong ginamit ni Eli.

"???? ?? ?? ???????, ?? ????? ??????, ? ???? ??? ????????? ?? ???????, ???????? ? ?????. *(If you won't come, you exactly know who's the person they will seek for help---especially Seand.)*" Marahang tumikhim si Val na ikinasandal ko sa may partition para hindi n'ya ako mapansin.

Even if I want to walk away and stop what I'm doing right now, I can't. Kahit na hindi ko maintindihan ang mga pinagsasasabi nila ay alam kong may koneksyon na naman 'to sa pamilya nilang dalawa.

"They are going to ask for Ael to summon me, aren't they?" Laughters out of bitterness slip out from her mouth.

"Qionne. . ."

"Tell your great father that he will never manipulate the manipulator he had made." Matigas na aniya. "And oh, kindly tell your almost-perfect-ideal brother and son to our parents to ask himself if I were really the user if he's the one who's planning to use his best friend just to save your goddamn empire."

User.

I can still clearly remember how few people address her on that term. Even Gazel did. A lot of articles did the same thing and it's all spinning to one topic; Qionne used her ex, Ael Stanley.

"That was yours too---"

"I was no longer part of that company after y'all overthrew me because of the mistake I've never wanted! Y'all knew that I can take back---fix, and build again the destruction I've committed but you've decided to remove the right I had just so Seand could take over my position on that fvcking empire you knew how much I worked hard for, Haeliy."

The latter went silent which made Val let out a cold chuckles.

"And now that you're asking me to help on saving the company that once shattered my life, don't expect that I'll come around because none of the executive members did when I was the one who needs help."

"But that company was meant to be yours. . ." I heard Eli's sob, "please, Qionne, you know that you're capable to save it because you have known how to run it with nothing." As expected, Val doesn't matter a response. "If you're capable to help *her*, why don't you help your family?"

"I hope you ask that same question to yourself when I was the one who needed help. . . .Because how dare you question my will to help the one who's been with me without me asking for her presence to stay?"

"You don't need a hand when she come."

"I never needed anyone, it just happened that *she* was that someone who I least thought will stay. Now," I heard few movements that alarmed me, ". . .stay her out of this if you don't want another mess to fix."

Bago pa man sila makalabas dalawa ay dahan-dahang umalis ako at nagtungo sa kusina. I got another glass of water at tahimik na tinungga ito bago ako napatingin sa taong kakadaan lang at nagmamadaling umalis.

It took five minutes before Valentine showed up with a straight face. Mukhang hindi n'ya pa ako napansin agad dahil dumiretso s'ya sa ref at kumuha ng ocean bomb na binili rin n'ya sa online for her own stock.

I know that she bought, too, but I didn't expect that she bought *a lot*. Halos ayon na lamang ang laman ng isang side ng fridge n'ya.

"I'm planning to wear something red.]

[Won't you prepare here at my house?]

"It's pass 5 already, Val. Nasa kalahating oras din ang itatagal kung babyahe pa ako papunta d'yan.] I heard her sigh out of defeat but she didn't oppose as much as she do compare before.

Ang unit kasi na tinutuluyan ko is provided by BYT. Ito na rin ang pinakamalapit na building sa paaralan na pinapasukan ko sa ngayon at ilang block lang ang layo nito sa main tower ng BYT sa England at sa

agency ni Jackus kung saan ako nagt'train every Tuesday and Saturday.

Qionne's company on the other hand, it's not that far from where I live pero masyado akong nalalayuan sa bahay n'ya. Ang alam ko ay may mas malapit s'yang penthouse dito na around the area lang dahil nabanggit na sa'kin 'yon ni Jackus at Levi pero nang tanungin ko si Val ay sinabi n'yang ibinenta n'ya na raw 'yon.

Don't know why.

Hindi na kami masyadong nagkikita ngayon kung ikukumpara sa interaksyon namin noon. May mga hinahabol kasi akong dues dahil naging irregular student ako. Isa pa ay nag-iba ako ng program, kung dati ay BA Fashion Design and Merchandising ako, ngayon ay Development na.

But regardless of our infrequent bonding and chitchats now, the communication we share doesn't make it less. Nakakapag-usap pa rin naman kami once in a while dahil alam pa rin naman naming dalawa ang priority namin.

Minsan ay s'ya ang pumupunta sa pad ko o kaya naman ay ako ang dumadalaw sakan'ya kapag free sched ako. Basta ang usapan namin ay dapat parehas kaming may isang vacant weekend every month to spend with each other. Ngayong buwan nga ay nakasakto 'yon sa birthday n'ya na ilang araw nalang ang layo ngayon.

I'm thinking to ask her if she has any plans regarding her day pero sa inaasta n'ya tuwing sinusubukan ko s'yang tanungin ay mukhang wala s'yang balak magplano.

It didn't surprise me tho. Alam ko namang hindi talaga s'ya nagc'celebrate lalo na kapag birthday parties.

[Okay, I'll just fetch you later. 6:30, sharp.] She muttered with a serious tone kaya kahit wala s'ya sa paligid ko ay tumango ako.

Kapag sinabi n'yang ganoong oras ay dapat ganoon talaga. Halata namang maikli ang pasensya n'ya kapag hindi sumunod sa oras na sinasabi n'ya kaya kapag may lakad kami ay hindi pwedeng kukupad-kupad ako. Two or three hours before our calling time ay naghahanda na ako ng sarili dahil aminado naman akong napakatagal kong magprepare lalo na sa pagligo ko palang.

"K, fine, magbibihis lang ako." She just hummed and before I could even drop the call, she called my name once again. *"Bakit?"* Mahinang tanong ko habang hinahanap ang ilang alahas na nasa jewelry box.

[You'll wear something red, right?] I responded yes right away and it took more or less two minutes before she cleared her throat, *[specify it please.]*

"Burgundy."

[I'll wear something gray then?] Buhat sakan'yang sinabi ay awtomatikong tumaas ang gilid ng labi ko.

"Babagayan mo lang ang suot ko, eh." I teased but she just said her goodbye and drop the call as soon as possible, not letting me speak again.

Bastos talaga minsan.

Upon wearing the dress, maingat na tiningnan ko ang aking sarili sa salamin at dahan-dahang hinawakan ang aking mukha.

A lot of changes happened but I guess it really did for a reason.

I became physically fit, masyado na 'yong halata sa katawan ko ngayon. Maganda naman ang katawan ko noon pero iba ang hubog ngayon. Iba na rin ang kulay ng buhok ko na kung dati ay light brown at natural pa ang haircolor, ngayon ay ash blonde with rose champagne hues na.

Noong una ay nagdadalawang-isip talaga ako pero nang magkaroon ako ng project na kailangang idye ang buhok ay pina-permanent ko na nang magustuhan ko ang kulay. Bet ko naman, eh, tapos gusto rin ni Valentine kaya go lang.

Nang mailagay ko ng maayos ang hikaw na gusto kong isuot ay muli kong tiningnan ang aking sarili sa full-length mirror size. Up until now I'm still inlove to the heels I'm currently wearing which is a pair of Christian Louboutin follies strassita 100m white nude mesh pigalle heel pump, which was Gazel's gift during my birthday a few months ago.

Isang simpleng purse nalang ang binitbit ko bago lumabas ng sarili kong dressing room dahil kanina pa kumakatok si Levi para lang sabihing mauuna na s'yang umalis dahil magkasabay sila doon pupunta ni Jackus.

Actually ang layo ng ugali ni baklang Jackus sa una kong nakilala noon. Oo gago pa rin s'ya at madalas akong inililigaw sa direction pero kapag nasa trabaho kami ay mas strict pa s'ya kay Val. Dzuh, lagi kaming magkasama tapos s'ya ang nagt'train sa'kin. Minsan ay magkasama pa kaming magbar dahil isinasama nila ako ni Levi sa mga party na pinupuntahan nila.

Although napapansin kong mukhang inlove si batla. Hindi ko lang sigurado kung sino pero mukha s'yang tanga kakangiti sa phone tuwing nasa labas na kami ng trabaho.

"Ate Cind, alis na 'ko!" May kalakasang paalam ko sa makeup artist slash PA ko na Pilipino rin. Ang una talagang nirerecommend nina Jackus ay iyong mga professional makeup artist kaso anong magagawa nila kung nakapagdesisyon na 'yung boss nilang lahat na alam na ang gusto kong kasama sa bahay ay Pinoy din?

Hindi naman sana ako kukuha ng personal assistant kasi kaya ko pa naman kaso biglang nagpadala si Eli dahil utos daw ng magaling n'yang kapatid na ang hilig mang-utos tapos nambabato kapag s'ya ang inutusan.

Istorbohin mo na s'ya sa kalagitnaan ng meeting n'ya para lang magpahanap ng cravings pero 'wag na 'wag kapag nanonood s'ya ng Pokemon movie o kaya ay kapag sinimulan n'yang titigan ang collection n'ya.

Ewan ko nga sa babaeng 'yon, parang tanga minsan. May mga oras na uupo lang 'yon sa isang tabi tapos kaharap ang mga pokemon n'ya, matik ilang oras n'yang gagawin 'yon. Parang ayon kasi ang own way ng meditation n'ya kaya hinahayaan ko nalang kapag ganoon kasi baka ako ang ipasok n'ya sa PokeBall kapag pinakialaman ko s'ya.

"Good evening----*omg,*" I playfully place my hand at my lips and check her fit but she just stick her tongue at her left cheek and raise one of her eyebrows at me. "How do you like me to call you? Pogi or ganda?"

"Maybe Val." She rolled her eyes and motion her driver to start the car.

Kung hinahanap n'yo si Kuya Edward ay nasa Pilipinas pa rin 'yon dahil hindi ko rin alam. Sayang nga eh hindi s'ya sinama ni Val para maging driver n'ya dito kasi naging kaclose ko na rin 'yon.

Para ko na ngang tatay 'yon minsan lalo na kapag ginagabi ako ng uwi tapos s'ya ang sumusundo sa akin dahil wala sa bansa si Tyong.

Kaya sinong may sabing kailangan ko ang tatay ko kung may ibang tao naman na nagparamdam sa'kin na pwede kong maging tatay sila?

I don't know their whole story pero 'wag na silang magsibalik lahat kasi mas papahirapan lang namin ang mga sarili namin.

"Stop staring as if you're looking at my soul, Kayleigh." Her sleepy stern optic turned to gaze at me. "I know what you're thinking."

I smirk, "sige nga, anong iniisip ko?"

"Me."

"Yabang. Ano munang ibig sabihin ng kulam?"

"Partner of kanin."

"Pft," I fake a cough and fan myself to stifle my laugh. "So anong gusto mong kulam mamaya?"

She sternly looked at my side with her eyes glinting with nothing but innocence, "why do I feel like you're making fun of me?"

Nanlalaki ang mga matang iwinasiwas ko sa ere ang aking kamay at umiling-iling.

"Ako? Lah, hindi ah." I bit my lip hard and snuggle close to her neck, "ganda ng top ko." I whispered close to her ear.

"You're wearing a dress, what do you mean?" I heard her ask after she put her right hand at my waist and pull me closer. I'm sure that her arm covered the cut design of my garment.

I blink several times but settled to the fact na slow talaga s'ya minsan. I'm not pertaining to any other clothes, I'm pertaining to her.

Alangan namang iyong driver n'ya ang maging top ko 'di ba? Edi nambaril s'ya.

Instead of answering her question, I let one of my hands travelled to her left hand and hold it firmly to check it out. Natural na maganda ang kamay n'ya tapos malambot din at higit sa lahat, ang ganda ng daliri at mga kuko n'ya.

If there's something else na nakakaakit sa babaeng 'to bukod sa mga mata n'ya, siguro ay 'yung kan'yang kamay.

"Bakit?" Tanong ko nang maramdamang ilang beses n'yang pinatakan ng magagaang halik ang noo ko habang abala ako sa kamay naming dalawa. "Kanina ka pa halik nang halik, ah. Miss na miss ba 'ko?"

She didn't respond but I felt how she move away. Nagtatakang tiningnan ko siya pero seryosong inayos n'ya lamang ang kaniyang suot na pang-itaas.

And then, that particular necklace caught my attention.

I carve a beaming grin when I confirmed that she's wearing the chain necklace I personally choose for her. Sa Morocco namin 'yon binili kung hindi ako nagkakamali nang minsang sinamahan ko s'ya sa two days business trip n'ya. Mayroon din kasi akong gano'n kaso nga lang ay layered ang sa akin samantalang plain lang ang sakan'ya.

"You're wearing it," I stated yet I only hear her groan.

"Psh," tila nagtatampong tinapunan n'ya ako ng bored na tingin na ikinasalubong ng mga kilay ko.

Mag-aattitude na naman 'yan.

Akmang magsasalita ulit ako para tanungin s'ya ng bigla n'yang iniharang ang kan'yang hintuturo sa labi ko. She heaved a deep sigh and give me a cold shoulder, "I'm not mad, don't you dare scream at me," saad n'ya.

My lips parted, "grabe, mukha bang sisigawan agad kita porque mukhang nagtatampo ka tapos hindi ko alam ang dahilan?!"

Bahagyang tumaas ang boses ko na ikinakurap n'ya at mahinang ikinatango.

"Exactly, that's what I'm saying."

My brows furrowed even more, "sinasabi mo bang sinisigawan kita dahil gusto ko lang?!"

"No," she looked at me with those pair of sleepy eyes, "what I'm actually saying is that you're definitely right."

"At sinong mali?"

"Probably me." Tatango na sana ako pero nahagip ng aking mga mata ang pasimpleng pag-irap n'ya. "And I didn't roll my eyes."

"Hindi, nang-iirap ka, eh." I then eyed her devilishly, "galit ka ba?"

"No." Nanunubok ang mga tingin na sinuri ko s'ya pero namomroblemang minasahe n'ya lamang ang kan'yang sentido. "Look, I'm not mad."

"Bakit hindi?"

"You're scared of me," she lick her lower lip, "you're having short panic attacks whenever you see me getting to the peak of being mad, what more if I'll be one to you?"

Sandaling pumungay ang aking mga mata at mahinang natawa nang mapagtantong kahit anong gawin kong pang-aaway sakan'ya ay hindi talaga s'ya papatol.

"Try mo ngang awayin ako, bilis, hindi naman ako magagalit." I provoke but she only look at me as if she's wheezing.

"Then what? You won't talk to me for hours?" I let out a sexy chuckle, "I'm not a kid for that type of game, Miss Zernandes."

"What if paliguan ko sa swimming pool ang mga pokemon mo sa bahay?" Painosenteng asik ko na ikinalamlam ng kan'yang mga mata.

Walang imik na tinapunan n'ya ako ng mga tingin pero halos manlamig ako ng mag-isang linya ang kan'yang mga labi. Masyadong kaswal at neutral ang mukha n'ya na mukhang ano mang oras ay ipapatapon n'ya ako sa labas.

My ghad.

"May tanong ako," I shyly diverted our topic after noticing that she won't let me pass kung gagawin ko nga ang sinabi ko kanina.

"What?"

"Would you still court me kung magiging pokemon nalang ako? You know, pumapasok sa PokeBall gano'n."

"Yeah, of course." Diretsong sagot n'ya na wala man lang pagdadalawang-isip.

"So si Pikachu o ako?"

I've never heard a single movement from her kaya napakisap-kisap ako dahil nakatulala lamang siya.

"Hoy, si Pikachu o ako?" Pag-uulit ko ng tanong pero gaya kanina ay wala s'yang tugon.

I've never heard silence quite this loud~

Hindi matanggap ng ego ko na pipiliin n'ya ako kapag naging pokemon ako pero mas pipiliin n'ya si pikachu kaysa sa akin.

Suckit.

"You know that I can't choose you all the time. . ."

"Shutangina, Valentine," hindi makapaniwalang wika ko nang magsalita s'ya. "Sa ganda kong 'to?!"

"I'm not basing it from one's look---"

"So sinasabi mong kaya mo 'ko niligawan ay hindi dahil maganda ako?!"

"Yes---" she stopped midway, "I mean, uhm? What the fvck is this topic we're fighting over with?"

Mataray na inismiran ko s'ya at sarkastikong tumawa, "magsama kayo ng Pikachu mo."

"My goodness," she muttered. "Can we reschedule this argument after the party?"

"Mukha bang may oras ang kaartehan at pang-aaway ko?" She blink innocently and shake her head with a straight face. "Tama ka naman kaya sige mamaya nalang. Sana sinabi mo agad na ayaw mong makipag-away ngayon para mamaya nalang ako nagsimula."

"I don't really know now." Dinig kong bulong n'ya sa hangin.

Siguro by now ay nag-iisip na 'to bakit ako ang kasama n'ya. Ewan ko d'yan, kung anong ikinataray n'ya noong una palang kaming nagkakasama ay s'ya namang ikinatahimik n'ya lately lalo na kapag inaaya ko s'yang mag-away kami.

Tinatarayan n'ya pa rin naman ako pero mas mataray pa rin ako sakan'ya. Tho hindi kami nagbabardagulan kapag maraming tao kasi baka may mangbato nalang sa akin ng itlog kasi inaakala nilang inaaway ko 'to.

Qionne may be looks so intimidating and a hellcat but there's something about her na hindi mo matitiis. Halata talagang mataray at seryoso s'yang tao pero kapag tiningnan ka n'ya ay mapapadasal ka nalang talaga.

Buti na nga lang at hindi pa kami nag-aaway ng seryoso dahil kapag nangyari 'yon ay hindi talaga ako magpapakita sakan'ya kasi isang ngiti palang nito bati na ulit kami.

Hanggang sa makarating kami sa paggaganapan ng dinner party ay hindi kami nagkikibuan. Bahala s'ya d'yan, akala n'ya ba hindi ko nakitang kachat n'ya si Noah habang magkatabi kami?

Ulol.

"Kayleigh,"

Mabilis na iniiwas ko ang aking kamay sakan'ya nang akmang hahawakan n'ya ito. Dumiretso na lamang ako papunta kay Gazel na mukhang bored na bored sa tabi ni Jianne na mukhang hinihintay talaga kaming makapasok dahil agad silang bumati pagkalapit namin.

Andito rin pala sila.

"Qionne," Jianne nod her head to the woman after me pagkatapos bumeso sa akin. "Can I talk to you for a minute?"

Val quickly glance at me but I just simply nod my head because she looks like she's asking if I'm okay to be left for a while with Gazel who invited me to walk around.

"She doesn't know na surprise party 'to para sakan'ya 'no?"

"Yeah," simpleng sagot ko kay Angel na mukhang inilaglag ng langit. "Bakit andito ka?"

"Siguro dahil makikikain lang ako." Malditang inirapan n'ya ako bago nagcross arms.

"Gaga, kinakausap kita ng matino."

"Ang tanga ng tanong mo. Manang-mana sa'yo si Elijah."

"Si Dooey?"

Haggard na nagpakawala ito ng malakas na buntong hininga at nanggigigil na pinisil ang braso ko.

"Siguro si Scoby, Kara." Halos maghampasan na kaming dalawa kakasagot n'ya ng pabalang kung hindi lang tumunog ang cellphone n'ya. She was taken aback for a minute or two but a gentle smile crept out

of her lips.

"Mukha kang asong ulol, Angelica." Puna ko pero matamis na ngumiti lamang ito at baliwalang inakbayan ako.

Halos magkasingtangkad kami ni Gazel pero kung ikukumpara ang height namin kay Jianne ay mas matangkad pa rin 'yon. 5'11 ata ang babaeng 'yon, eh.

"Hello, hihi!!"

"Ay gago." Nandidiring itinulak ko palayo sa akin si Gazel nang mag-iba ang boses n'ya na tila kinikilig sa kausap. "Sinong sumapi sa'yo?"

Walang pakialam na tinalikuran n'ya ako at hinarap na lamang ang kabilang dako ng lugar kung nasaan banda ang iba't ibang pagkain habang nags'sway-sway pa.

Biglang bumait si gaga.

Akala ko talaga noong una may something na sakanila ni Dooey kaso sa estado nitong si Gazel ay mukhang straight talaga. Ang hilig pa naman nitong makipag-makeout sa lalaki kapag nagb'bar kami kaya kapag nawala s'ya bigla ay hindi na s'ya kailangang hanapin.

It's either nasa banyo s'ya o nasa sasakyan lang n'ya tapos may katukaang iba.

"Girl, madidiligan ata ako mamaya." May kalakasang hinampas n'ya ako sa braso na halos ikabuwal ko. "Did you hear me? Dry season no more na. Daig ka!"

"Tangina ka, akala ko ba ayaw mong magkaanak?"

"Oo nga pero gusto ko madiligan. Magkaiba 'yon, okay? Hindi mo pa alam 'yon kasi virgin ka pa."

"Ano bang masarap sa sex?" Curious na tanong ko pero isang mapaglarong ngiti lamang ang kumurba sa labi n'ya.

"Lahat." She answered casually. "Try mong gawin kasama si Qionne. Paturo ka sakan'ya."

"Bakit? May nangyari na ba sakanila ni Ael?"

"Ay girl mukha bang alam ko? Mukha bang kasama nila ako noong nagchuchukchakan sila?" Mala-demonyong ngumisi ito at inayos ang kan'yang buhok.

"Mukha kang tanga." Malutong na bigkas ko na mas lalo n'yang ikinatawa.

Walang emosyon na minasdan ko ang aming kapaligiran hanggang sa nahagip ng aking mga mata ang isang matangkad na lalaki na may suot na coffee colored suit at nakabukas ang mahigit sa dalawang butones ng itim na button up shirt. His hair, if I'm not mistaken, was like Flynn Rider's. Hindi ko masyadong maaninang ang kaniyang mukha dahil bahagyang nakatakip ang kamao nito sakan'yang labi pero masisiguro kong lampasan ang tingin n'ya sa akin. He's looking particularly at my back.

He's standing too far from us because he is on the right top side of the cruise grand staircase.

Akmang itatanong ko pa lamang kay Gazel kung kakilala n'ya ba ang lalaking iyon nang bigla na lamang

may humawak sa aking kamay.

"Let's go to our table?" Qionne went into the view at nang tingnan kong muli ang lalaki na nasa itaas ng hagdan kanina ay isang ngisi lamang ang huli kong nakita sakan'ya dahil mabilis itong tumalikod matapos isuot ang isang saklob.

My lips hang and I was just about to say something but got interrupted when Val pulled me to walk with the others.

Halos buong gabi ay hindi nawala sa isip ko iyong lalaki, ni hindi ko na nga nabigyang pansin ang mga nagaganap sa paligid ko dahil masyado akong abala sa pag-iisip.

Nakausap na nang mayor at ng ilang government official si Val ay tulala pa rin ako sa tabi ni Gazel na kanina pa binabara si Noah tuwing nagtatangkang kausapin ako.

I wonder why Haeliy's not here.

Sipping to the champagne I'm holding, I saw Jia who was just about to approach Noah. May kung anong ibinulong ito sa kapatid n'ya na agad tumayo at inayos ang suot nitong suit.

Nasa iisang mahabang table lang kaming lahat tutal ay hindi naman ganoon karami ang bisita. Hindi ko nga maintindihan kung bakit natawag 'tong surprised party eh wala namang nakakasurprise dito dahil wala man lang silang emosyong lahat nang iwelcome nila si Val. Ang popormal ng mga tao rito, hindi ko alam kung ganito lang ba ang mga mayayaman o sadyang hindi lang ako sanay kasi mas nasanay ako sa may nagchichismisan at nagbabardagulan sa kanto.

"He's here?" I heard Jackus in front of me utter in a low tone na ikinatunghay ko pero bago pa man magtagpo ang aming mga mata ay mabilis na tumayo ito at nagpaalam sa aming lahat.

Who's he?

Nang mapansing isa-isang nagsisitayuan ang mga kaibigan ni Qionne ay unti-unting nagsumiklab ang pagtataka sa akin. Maging ang ilang may matataas na ranggo sa gobyerno na andito naman kanina, partikular ang mayor, ay hindi ko mahagilap.

"Why do you keep looking around?" Val whispered after leaning towards my ear. "Are you looking for someone?"

"Anong style ang buhok ni Ael?" Walang prenong tanong ko na bahagyang ikinaiba ng kinang nang kan'yang mga mata. I gasp and grasp at her hand which is now place on top of my thighs. "Valentine," tawag ko sa pansin n'ya nang maaninag na wala s'yang balak sumagot.

She then cleared her throat and looked at me confusedly, "why?"

"Just answer me, Qionne."

Mas lalong napuno nang pagtataka ang ekspresyon niya pero hindi rin nagtagal ay tumaas ng kaunti ang kaniyang kaliwang kilay.

"He liked his hair a bit long," she tugged her lower lip, "commonly inspired by the Disney prince because it suits him best."

I cursed mentally when my assumptions went to the higher level that the man I've seen earlier was her ex.

"Why'd you asked?"

"He's here." I stated.

Marahang pumikit ako at sumandal sa aking inuupuan pero walang kahit na isang salita ang narinig ko mula sakan'ya. I just heard her chuckles after a minute of my pure silence that made me open my eyes a li'l bit.

"So what?" She looked at me fiercely and brush her hair with her long slender fingers.

"Anong so what ka d'yan?" I asked back.

Her jaw tightened for a while but it didn't last long because the moment our eyes met, her eyes glistened with complete determination.

But there's *something else,* I know there is still something else to her sleeves.

"Should I care if he's here?" Hindi makapaniwalang inirapan ko s'ya at tahimik na humalukipkip. "Should I say hi?"

"Sige, subukan mo." Matamis na nginitian ko s'ya na hindi rin nagtagal ay kan'yang ikinakagat sa kan'yang hintuturong daliri. "Gigising ka talaga bukas na ang breakfast ay roasted pokemon figures and miniature. Subukan mo lang talaga, hindi naman ako magagalit kasi kung gusto mo ipagluluto pa kita ng ginataang utak ng magaling mong ex."

She snorted and grimace hard and resented, "I told you to stay my collection out of this if you don't want your makeups to get a laundry."

"Oh, bakit mo isinasali ang mga makeup ko? Gusto mo ikaw pa ang labhan ko d'yan." Pagtataray ko sakan'ya pero matalim na inirapan n'ya lang ako.

Halos magkasabay naming inismiran ang isa't isa ng wala ni isa sa amin ang nagsalita pa. Hindi kasi talaga mawala sa isip ko 'yung lalaki kanina kasi what if kapag nagbanyo si Val ay magkita sila tapos marealize nila na mahal pa pala nila ang isa't isa tapos magdedesisyon silang magtanan at bumuo ng pamilya?

Sabi ko noon ay hindi na ako nab'bothered kung babalik man ang part ng alphabet na 'yon pero putanginangshet bakit pa s'ya bumalik?

"Ipupusta ko si Victorio, hindi na babalik 'yang si Qionne sa ex n'ya." Gazel muttered out of a sudden habang abala ito sa pagtitipa sa sariling telepono.

"How can you say so? Mali mali pa naman lagi ang hula mo."

Walang emosyon na nilingyon n'ya ako at mabilis na minura pero inambahan ko lang s'ya ng isang hampas sa hita dahil nakakahiya naman kung sa harap ng maraming tao ko s'ya sasampalin.

"You don't know a thing to what's currently happening, Kara," Gazel blink and purse her lips tightly, "so what I'm only asking is for you to stay with her." She let out a liptight smile and held my hand to squeeze

it a bit. "That no matter what happened, don't try to let her go and never dare to leave her alone."

I remained silent and look at the chandelier, wishing that Qionne was here beside me because I didn't notice that she already left without my knowledge.

"Is it acceptable if I fear the possibility that she will choose him over me? That I fear the idea of her ex, slowly coming back? Am I supposed to be afraid of him or I am just getting paranoid---"

"If there's someone you need to be afraid of, it's not me, it's not the others, it's not Ael," Gazel tilt her head as I saw her letting out a cold grin, "it was supposed to be her."

I gulped and knotted my forehead, "give me a reason why would I fear her, Gazel."

I admit that I'm afraid of the *mad* Qionne but I'm not afraid of her. Natatakot lang ako kapag galit s'ya o kapag alam kong magagalit na s'ya because I don't see anything to be afraid of her more than that reason.

It's not like she's the monster everyone's talking about. She's not that person, *definitely not anymore.*

"Why not?" She chuckled, "would you believe me if I'll say that she's capable of manipulating her ex back then? Maniniwala ka ba kung sasabihin ko na pati si Ael ay napagod din sakan'ya?"

"Maybe," I shrugged, "and maybe not." I added.

I lick my lip and take another sip before looking around and caught the woman I've been finding for a couple of minutes going to somewhere I don't know. She's heading upstairs with no one, but she's on her phone, sure thing she has someone to talk with another line.

"If Ael got tired of her, why are you all saying that he will come back? That I should stay away from her because I've got no match to the man who once left her? Kasi kung talagang napagod 'yon kay Qionne ay hindi na 'yon babalik gaya nang sinasabi n'yo." Isang mapaglarong ngisi ang namuo sa mga labi ko at marahang inayos ko rin ang ilang tumatabing na buhok sa aking mga mata. "Val's not that hard to love and be with. Pinagmumukha n'yo lang na mahirap s'yang pakisamahan dahil hindi pa rin kayo makamove-on sa ginawa n'ya noon."

"What do you know, Kara?" Bahagyang pumitlag ako nang marinig ang boses ni Jia sa kabilang gilid ko.

Matamang nilingon ko s'ya pero inaantok ang mga matang tiningnan n'ya lamang ako. She sat at Qionne's chair and get a glass of wine to one of the waiters passing by.

"Anong alam mo sa ginawa n'ya noon?" Tanong pa n'ya. "Seems like you know everything to defend her like that."

"Kailangan bang may alam ako para idefend s'ya sa paulit-ulit na accusations n'yo? If she's not speaking for herself then I would." I clamp my jaw and smile emptily, "you were her friends, I didn't expect that you'll always be the one to judge her than to clear her name."

"We've witnessed everything---"

"Everything including her downfalls but you didn't do such thing to help her? All you saw and pointed out was her mistakes and failures but may I ask how is she to you as a friend? She suffered alone and base from what I've heard, none of you rescued her, and up until now you're still on the past and tryna use

that shit to break her now?" Mahinang tumawa ako at mas nilawakan ang mawalang kasigla-siglang ngiti ko.

"Wala kang alam," Gazel's voice dimmed but I just looked at her with pity.

"I may not know everything but I know that you were never there when she needed you."

"She never did."

"She never needed you because she never ask you to be with her, isn't it?" Nang hindi sila makasagot dalawa ay marahang tumayo ako at sinamaan sila ng tingin, "bullshits, kung ayan lang naman ang batayan n'yo pwes ang bobo n'yo naman."

"What the fvck---" even before Gazel complete her sentence, I turned my back and was about to find the exit when I felt a hand hastily hold my wrist.

"Jianne!" Pabulong na sigaw ko sakan'ya para maiwasan namin ang atensyon mula sa iba pero iginiya n'ya lamang ako pataas sa hagdan.

"Now I know why she's more than attached," she whispered and quickly glance at me, "it's not because of your appeal, it's all now because of how you both feel."

Nakakunot ang noo at magkasalubong ang mga kilay na sinulyapan ko siya pero walang kaemo-emosyong nakatingin lang ito sa harapan hanggang sa lumiko kaming dalawa at tumigil sa isang glass door.

"Get in if you're ready to face him," she muttered and softly held my face after leaning forward, "Ael's here."

"Anong pake ko?"

"They're together inside that room and God's know what the hell are they doing so go. If you're brave enough and has the fortitude to see her with him then get in, but if you're still not, step back and act as if you were never been here. That I've never brought you in front of the door they are currently settling down." Jianne flashes a warm smile when a tear fell down from my eye.

"Ael's one of my Kuya, but you are the reason why she's still here with us," mas naging malambot ang kan'yang ngiti nang ayusin niya ang aking curtain bangs. "And I know, that whatever they're doing to push him with her again, she'll revolt to keep you."

"J-jia,"

"It's true, I'm with his side because I've seen how they loved each other, I've witnessed how they fight together, but Eli's right. . . definitely right."

She step backwards and tilt her head a bit to hold her jaw, *"she's the happiest whenever you're around."*

Unti-unti kong tinuyo ang luhang pumatak at naglandas sa aking mga mata hanggang sa may isang kamay ang naglahad ng panyo sa akin.

Imbis na tanggapin ko ito ay may kalakasang hinampas ko ang kamay ni Gazel na bahagya pang hinihingal. Nakasimangot na lumapit ito sa akin at pinunasan ang luha ko saka mahinang tinapik ang

aking mga pisnge.

"Hindi ka namin inaaway, slight lang." She devilishly chuckled which made her cousin eyes rolled. "But get in, kapag hindi ka pinili ni Qionne si Jianne na ang bahala sa'yo."

Nagtatakang nilingon ko si Jia pero tinaas-baba n'ya lamang ang kan'yang mga kilay at maliit na ngumiti.

"If she can't stand to be your girl then I will."

"Gago baka itumba ka no'n." Gazel laughed but I just breathe deeply and bit my lower lip hard.

Ilang segundo pa akong nanatiling nakatayo doon hanggang sa tiningnan ko silang dalawa at hinarap ang pintuan. It's definitely a glass door but we can't sneak a peek inside, and even before I could open it, Jianne did it for me.

Mahinang tinanguan n'ya lamang ako kaya diretsong pumasok na ako. Isang maaliwalas na living area ang unang bumungad sa akin pero wala roon ang mga taong hinahanap ko.

"*Ael*. . ."

I suppressed a cold grin when I heard Valentine's voice at the back of another door.

Walang pasabing binuksan ko ito pero wala akong naabutang lalaki, tanging s'ya lamang ang andoon at nakatalikod sa akin.

From where I'm standing, I can see how her shoulders move up and down. Mahigpit na nakahawak ito sa isang lamesa at mula roon ay may ilang basag na salamin sa lapag.

Kung anong ikinaayos ng living room ay s'ya namang ikinagulo nitong silid na napasukan ko.

"You're right, he's here." She weakly whispered but it still reaches my ears. She's talking as if she exactly know that I was the one who come in. "And you know what, how I wish he was not."

"Still affected?"

"I am," she emptily laugh, "I always am."

"Then what are you doing here? Habulin mo---"

"That's what I'm affected at. I was

[Content truncated due to length]

Chapter 33

Trigger warning.

Kara's POV

"Kara? Okay ka lang? Bakit namumutla ka?"

Sapo-sapo ang aking sentido, mahinang tumango ako kay Ate Cind na naabutan kong naghahanda ng umagahan namin.

"Uminom kana ba ng gamot?" She asked but I just shook my head and pulled a chair for me. Diretsong nilagok ko ang isang baso ng maligamgam na tubig na kan'yang iniabot sa akin at hinagod ang mamasa-masa ko pang buhok.

"Ang init mo," puna n'ya nang tanggalin n'ya ang pagkakadikit ng likod ng palad n'ya sa aking leeg. "Sandali, tatawagan ko 'yung provided doctor---"

"Ate 'wag na," agad na pigil ko. "Aalis din naman ako maya-maya 'di ba?" I heaved a soft smile, "I need to prepare the dinner I'm planning to celebrate her day."

Hearing her sighs, she patted my shoulder and sat next to me, "sigurado ka ba? Magpasundo ka nalang kaya kay Miss Hillaris? Kara alam mong bawal kang mapagod."

Desididong umiling ako at mas pinilit lawakan ang aking ngiti. Masyado pang maaga pero nakamakeup na agad ako para mapagtakpan ang eyebags dahil magdamag akong hindi nakatulog pagkahatid sa akin ni Valentine kagabi.

"Busy si Qionne, Ate..." Palusot ko kaysa sabihing alam kong hindi s'ya darating.

"Paano mo mas'surprise 'yon mamaya kung busy 'yong tao?" Anas n'ya pa.

I bit my lower lip hard and started making an alibi because I don't know how many times I used the term 'she's busy' everytime people asks me why they do not see us together anymore. Kahapon lang naman kasi ulit kami nagkasama matapos ang ilang araw na iwasan.

Gamit na gamit ko ang mga salitang 'yon kay Jackus at sa trabaho dahil nasanay ata ang iba doon na sinusundo n'ya ako paminsan-minsan.

"Tatawagan ko nalang s'ya mamaya kapag ayos na ang lahat," I cracked a smile to cheer not her but myself. "Don't worry, kaya ko 'to."

"Palagi mo namang sinasabing kaya mo lahat," She chuckled and put a plate of omelet in front of me. "Hindi masamang magpahinga kahit sandali, Kara. Marami ka pang pwedeng maging trabaho pero 'yang buhay mo isa lang."

"I know, Ate, I know," I throw my hands at my thighs while watching her doing all the works because she doesn't want me to get up and lend some help. "Pero ayoko namang magsayang ng oras kakapahinga kung alam kong kakayanin ko pa."

"Pero tandaan mo na may sakit ka."

Her statements caught me off guard. Seryosong binalingan ko siya ng tingin pero umupo lamang siya sa harap ko matapos ayusin ang kakainin namin.

"You can't exhaust yourself if you don't want your body to give up on you." Her lips moves a bit until she carve a comforting smile. "You're not perfect, Kara, 'wag mong ipipilit kung alam mong hindi mo pa talaga kaya."

"But I can't give up," I almost whispered as a hush when a figure of Val and I plastered on my mind at the most sudden scenario. "I can't give her up."

Kung iniwan s'ya ng lahat noon, gagawin ko ang lahat para hindi na maulit 'yon.

I won't ask them to stay, but I, myself, will for her.

For us.

I'm still afraid and scared that there's a high possibility that she will leave and break me at the most chaotic way but who cares? I won't use the line, naumpisahan ko na kaya itutuloy ko pa, because I've never choose to be with her only to lose her midway.

Because after all, I'm holding on to the statements she have said that we'll meet halfway.

That we'll be with each other through everything because if it's not her then I don't know. She's giving me her best, I know she's trying her best, but little did she know that she's slowly showing her worst.

She's hard to understand, indeed, but she will never be hard to love.

Madali s'yang magustuhan, mahalin, o kahit na ano pa 'yan pero ang hirap n'yang panindigan minsan dahil hindi ko alam kung magtitiwala ba ako sa mga sinasabi n'ya dahil iba ang ikinikilos n'ya.

Hindi ako sanay.

It's like we're now seeing each other's side that we've never seen before noong nasa Pilipinas pa kami. Hindi kasi namin natitiis ang isa't isa noon lalo na kapag alam naming may mali. We're showing few of our traits, mostly our same characteristics na umiiwas nalang bigla.

We both tend to avoid people whenever we're not okay but I didn't expect that we'll do it to each other.

Kaya talaga hindi ako nakatulog ng maayos kagabi ay isa na 'yan sa dahilan. Overthink nang overthink buong gabi habang may tinatapos para sakan'ya tapos parang tangang iniisip 'yung mga pinag-iba namin ngayon kung ikukumpara noon.

Shutanginang Ael Stanley 'yan. Disney prince daw ang ayos ng buhok pero mala-Shrek at Hulk.

Ang sarap n'yang sipain sa ngala-ngala para naman pumiyok s'ya.

From Valasubas:
Kayleigh.

Agad akong nagtipa ng mensahe para sakan'ya pero wala sa sariling nabitawan ang hawak kong cellphone ng bigla akong mahilo.

I grasped at the stairs and paused for a while to hold my chest and feel the beat of my heart.

Oh God, *not now*.

Kasabay nang pagbilis ng tibok ng puso ko ay ang pagtunog ng aking telepono. I tried reaching it but I only stumbled and lost my balance reason for me to get a hard time.

I pouted my lips and started smitting my chest, wishing that it will make the heaviness less.

Bago ko pa man makuha ang telepono ay tumigil na ito sa pagtunog. I swallowed a huge lump in my throat when Ate Cind went closer to help me get up.

"Kara sigurado ka bang kaya mo pa?" Nag-aalalang tanong n'ya pero nanghihinang ngumiti lamang ako at tinanguan s'ya.

She helped me to sit at one of the chair sa inaayos ngayong The Painted Hall kung saan ko napiling maghanda ng celebration para kay Val.

Medyo pricey ang event na 'to, oo, pero may sarili naman akong ipon tsaka pinaghandaan ko 'to ng ilang linggo o baka nga buwan na.

She doesn't want to celebrate her birthday so I will. Success and celebrations are like the same thing for her which she never wanted to cherish anymore pero anong magagawa n'ya kung gusto kong magsaya para sakan'ya? Hindi ko naman s'ya idadamay, bahala na s'ya kung pupunta ba s'ya mamaya dito o hindi.

"Levi," saway ko sa manager ko na bigla nalang nagpakita. "What are you doing here?"

"Why did you cancel your photoshoot today? That's your possible spotlight to be a new brand ambassador, Kara---"

"Today's Qionne's birthday." Seryosong iniangat ko ang aking tingin sakaniya matapos pasimpleng itinago sa suot kong puffer jacket ang balat ng gamot na iniabot sa akin ni Ate Cind kanina.

"So? Is that a hinder for you to cancel one of your important appointments for this month?" Bahagyang tumaas ang tono nito dala ng gigil sa akin dahil hindi n'ya alam na nag-last minute notice ako.

Alam kong hindi matutupad ang gusto ko kung nag-cancel na agad ako noon kaya kaninang umaga ko nalang ginawa.

Malalim na humugot ako ng hininga at tumango, "yes," matatas na sagot ko.

If it's for her day then why not? Dapat naman talaga ay wala akong trabaho o photoshoot ngayon dahil day off ko dapat pero nag-resched sila kaya pati mga lakad ko ay apektado.

"Those brands will not stop for you, Kara." Levi's voice darkened as well as his manager-like traits. "Be professional at least for once," dagdag n'ya pa na ikinaiwas ko ng tingin.

"In this industry you want to fit in, you can't get what you want all the time. You have to adapt, you understand? You're just starting, Kara. A mere beginner." He made sure that every word of him was emphasized. "You won't reach your dreams with that kind of behavior. Miss Qionne is your friend, not your lover. It's not your job to make a damn party for her because your job is to go in front of those

cameras and do as you should. You're not supposed to plan a surprise celebration because you're not a freelance birthday organizer!"

Tila nagpantig ang aking tainga sa sinabi n'ya pero hindi ko na piniling umimik pa. He's doing his job, one's to discipline me and to make a feedback about my behavior to do better next time. May pagka-strict talaga s'ya at alam ko namang may mali talaga ako ngayon kaya nga kahit na gusto kong magsalita ay hindi ko na magawa dahil oras na malaman ni Val 'to ay kami ang mag-aaway.

Pagsasabihan na naman ako no'n tungkol sa work is work, be professional, you can meet me next time, nyenyenye. Saulado ko na ang mga linya n'ya kapag sinasabihan n'ya ako minsan.

"That's a collaboration between Off-White and Nike, Kara," bahagyang nanghina ang boses n'ya matapos akong hilahin sa sulok para maiwasan ang atensyon mula sa iba.

"I'll do better next time---"

"No, you have to go now." Putol n'ya na ikinapagsalubong ng mga kilay ko. Arching his eyebrows, he give me a deadpan glares. "You'll pass a large amount of opportunities if you'll let this one slide. That will affect your performance, hunny."

I clenched my jaw and I can feel the urge of declining this over and over again but there's a gut that I should go even if it opposes my aspiration.

"Kara, listen to me," he hold both of my cheeks and look at me, eyes to eyes, "you have to go and attend that photoshoot and finish it as soon as you get there with your mind and eyes all on your work, not in this party. You go there with me, and Cindy will stay here to fix the remaining things. Because if you won't be able to choose your dreams over this simple gathering, what more if the time will come that you have to choose between yourself or the reputation you've built?"

I curled my fingers and tucked my nails at my palms when he tap my left cheek with determination to convince me to attend that particular photoshoot.

"Modelling isn't easy, Kara, it will never be." He added as he remove his hands off of me. "I'll be waiting for you in the car."

Walang kahit na anong paalam, tinalikuran n'ya ako at tinahak na ang daan palabas. Tulalang humugot ako ng malalim na hininga at bahagyang umiling-iling bago tawagin ang pangalan ni Ate Cind.

"I'll be back before dinner," I uttered, weak, "ikaw na muna ang bahala rito, ate."

Tumango ito at nang sandaling pinili ko na maglakad palabas ay ang pagbigat ng aking dibdib. Ayokong umalis, I admit, ang tanging gusto ko lamang ngayon ay ayusin ang sorpresa na ilang beses ko ring pinagplanuhan para naman makita n'yang worth it 'yon kung pipiliin n'yang dumating man lang.

Tahimik na pumasok ako sa sasakyang nakaabang sa labas at tumabi kay Levi na seryosong nagtitipa sa iPad na hawak. Along the way, he continue to recite my pending shoots and out of the country projects. May pupuntahan din daw kaming seminar pero dito lang din sa Europe next month kaya nanganganib pa ata ang Christmas vacation ko kasama si Tyong.

Dati gustong-gusto ko maging successful na model pero ngayon gusto ko nalang maging kamote na kapag niluto magiging fries.

Ang hirap mag-adjust ngayon dahil bukod sa culture shock ay hindi rin ako makagalaw ng maayos lalo na kapag nasa BYT tower ako at kasama ang ibang modelo. Feeling ko minsan hinuhusgahan na ako ng iba do'n lalo na kapag tinitingnan nila ako mula ulo hanggang paa kaya jinajudge ko na rin sila para fair.

"As for December, you have three days to spend for Christmas and only two for New Year's. After that, we'll go to Dubai for BYT's New Year glamour magazine."

Seryosong isinandal ko ang aking ulo sa bintana ng sasakyan at patuloy lamang na nakinig sakan'ya. Sunod-sunod na pala ang mga advertisement ko tapos may commercial pang gagawin para sa February.

Hindi pa ata ako makakauwi ng Pilipinas para sa birthday ng isa sa mga kaibigan ko dahil sa dami ng naka-lineup sa schedule ko.

"When's the runway fashion show again?" I asked after remembering the reason why I'm taking classes at Jackus' agency.

He wrinkled the side of his eyes before scrolling through his iPad, "The date's still tentative as of the moment but it's sure around pre-fall."

Isa na ang fashion week na 'yon sa kinaaabalahan ko ngayon dahil sunod-sunod na tapings ang nangyayari. Sa New York pa naman gaganapin ang fashion show ng Oscar de la Renta kaya kahit November palang ay kinakabahan na ako. That's my first, of course it is, kaya hindi ko alam kung kakayanin ko ba 'yon tapusin ng hindi nadadapa.

"What's your dream runway to walk at, Kara?" I heard Levi asked.

"Gucci," simpleng sagot ko.

Sa aming magkakaibigan ay wala ni isa sa amin ang may magkapareho ng pangarap imodel na brand. Iba-iba kami pero pagdating sa jewelries ay medyo nagkakapareho na.

Naiendorse na namin ang Seraphim which is owned by Gazel kaya checked out na 'yon sa list ko pero kung magkakaroon ulit ng pagkakataon syempre gusto ko pa rin subukan 'yon.

Either way, I want Cartier.

Halos parehas kami ni Scoby doon pero kung kay Qionne ay mas gusto ata n'ya ang David Yurman, Tiffany & Co. tsaka 'yung Bvlgari kapag alahas ang usapan.

Hanggang ngayon talaga hindi pa ako nakakapasok sa mismong kwarto no'n dahil may ibang pinto para sa wardrobe n'ya. Hanggang office at doon lang ako kapag pumupunta sa bahay n'ya dahil doon naman s'ya madalas tumambay. Kapag nga may biglaan akong set at natataong kasama n'ya ako sa bahay n'ya ay doon nalang ako kumukuha ng susuotin dahil mas gusto kong isuot ang damit n'ya. Medyo same size naman kami tsaka madiskarte ako sa damit kaya nilalagyan ko nalang ng style minsan.

"You do know that Miss Qionne's mother was once a supermodel during her time, don't you?" Levi broke the silence for the nth time that literally caught my attention this time.

I furrowed my eyebrows and looked at him, eager to know more because this is all new to my ears. I've never heard of it before.

Wari ko'y nakita n'ya ang pagtataka sa aking mukha dahil bahagyang napangiti ako at isinara ang gadget na hawak n'ya. Tuwid na umupo, ipinaling n'ya ang kan'yang ulo sa aking direksyon at tila nangungumbinsing tumango-tango.

"Miss Cyzarine Veronika Mikhailov," he uttered but I only shook my head.

Never heard of it yet.

Malalim na nagpakawala siya ng buntong hininga at seryosong tiningnan ako sa mga mata.

"Have you ever heard the name Zyrine Mikhail?" Awtomatikong sumingkit ang aking mga mata nang maalala na pamilyar ang pangalang iyon.

"One of the formers highest paid supermodel and named one of the world's most beautiful faces during her time?" Tanong ko na ikinapilantik ng mga daliri n'ya.

He then clapped two times, "exactly, that's her mother."

"Ah--what?!"

Kumikisap-kisap na niyugyog ko s'ya at tinantya kung binibiro n'ya lang ba ako pero hinampas n'ya lamang ang aking mga kamay na nakapatong sa mga balikat n'ya at maarteng bumalik sa ginagawa n'ya kanina.

Kaya ba gano'n kaganda ang babaeng 'yon ay dahil nasa genes na nila?

Pero maganda rin naman si Eli kaso nga lang hindi sila masyadong magkamukha ni Valentine. Kapag nagtaray sila parehas ay doon lang sila nagkakaroon ng pagkakahawig pero kung sa isang tingin lang ay hindi talaga pansin minsan na magkapatid sila.

Mas napagkakamalan pa kaming magkapatid ni Tyong kapag lagi kaming magkasama.

Scrolling through my phone, I started searching her mother's name at doon ko lamang napagtanto na kaya pala medyo familiar ang feature ni Qionne ay dahil mas kamukha s'ya ng nanay n'ya. Kahit 'yung mga mata nila ay iisa magmula sa hugis hanggang sa kulay. Mukha nga lang anghel ang nanay n'ya dahil puro nakangiti ang picture nito na nakita ko samantalang mukha laging pinagsasakluban ng langit at lupa ang pangalawa n'yang anak.

Pero in all fairness ang ganda talaga nila. Parang si Qionne ang carbon copy ng nanay n'ya kasi ang layo naman ng mukha ni Haeliy doon. Hindi ko pa nakikita ang tatay at kuya nila kaya wala pa ako masyadong idea sa itsura nila.

Hanggang sa makarating kami sa location ay nags'search pa rin ako tungkol kay Mrs. Hillaris. Mas marami s'yang information sa internet kaysa sa anak n'ya na ayaw atang makilala ng mundo kapag sinubukang i-search ang pangalan. Ayon nga lang at sakan'ya lahat nakafocus ang infos noong panahong active pa s'ya sa industry kasi umalis din s'ya noong naging fiancé na n'ya ang asawa n'ya ngayon na tagapagmana pala.

Bakit ba ang yayaman ng angkan nilang lahat?

Nang makita ko na ang mga staffs at ang mga makakasama ko ay iniabot ko na ang aking cellphone kay Levi at nag-umpisang bumati sa iba. Kaliwa't kanang handshake ang aking pinaunlakan ngunit hindi ko

mapigilang ngumiwi nang makita ang isa sa supermodels na lately ay naiissue kay Val.

Malay ko kung saan nagsimula ang issue nilang dalawa. Ang mahalaga ay sabay kaming nagbasa ng article ni Valentine na walang tigil kakareklamo sa mga dating issues n'ya.

Ewan ko sa mga paparazzi na walang tigil kakastalk sakan'ya kapag lumalabas s'ya ng bansa. Porque nagpost si Val ng babae sa Instagram ay kung sino-sinong kilalang tao na ang sinasabi nila. Like hello hi? Andito ako mga putangina ba kayo?

"This will be a long day isn't it?" Nakangiting tanong ng isang lalaking model pagkalabas ko ng dressing room.

May isang maliit na ngiti lamang ang ibinigay ko sakan'ya kasabay ng aking pagtango. Maarte na sa maarte pero ang daming rumors about sa lalaking 'yon na mahilig daw makipag-one night stand sa mga nakakatrabaho n'ya. Baka mamaya paglabas ko sa building na 'to headline na kaming dalawa.

Masyadong sensitive ang media sakan'ya kaya sinabihan na ako kanina ni Levi na medyo dumistansya.

All the time, all I did was to do what I am supposed to do. Sunod-sunod na shoots at kaunti lamang ang break time kaya ng matapos ay bangag na naglakad ako palayo sa iba.

May susunod na photoshoot pa ako, same brand and collaboration pero ibang araw na. Hindi na kakayanin kung ipupush nila 'yon ngayon tsaka nakalagay naman sa contract na ilang araw talaga 'tong gagawin. Linggo pa nga ata dapat.

Medyo nagtagal pa nga ng ilang oras dahil nagkaroon ng lighting problem tapos may isang model ding nahuli ng dating dahil sa tight schedule.

Akmang magpapalit na sana ako ng damit para makaalis na nang harangin ako ni Dylan, iyong lalaki pa ring model mula kanina.

Hindi na ako tinantanan ng shutanginang ligaw na pokemon na 'to.

"Hey, Kara," nakangiting saad niya.

I threw my head to his side and heaved a soft yet plastic smile, "yes?"

"We are going to grab an early dinner. Would you like to join?"

"Who's we?"

I acted like I was looking around because I can't find anyone he's pertaining as *'we'* dahil karamihan sa mga andito ay abala sa mga sarili nila.

"The others, of course. They're going to join us as well," his smile widen but it faded when Ida, the late model I was saying, patted his shoulder and look at him seriously.

"Get your pants straight, Dylan. You keep dragging women into your dirt," she stated in monotone before walking pass by him but she get my arm to keep me with her.

